ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MAYO 2017

# Liahona



## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

**Limang Bagong Templo ang Ibinalita**

**Tumawag ng Anim na Bagong Pitumpu at Relief Society General Presidency**

# ANG BUHAY NA CRISTO

## ANG PATOTOO NG MGA APOSTOL

### ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Habang ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo dalawang libong taon na ang nakararaan, iniaalay namin ang aming patotoo tungkol sa katotohanan ng Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo.

Siya ang Dakilang Jehova ng Lumang Tipan, at ang Mesiyas ng Bago. Sa ilalim ng pamamahala ng Kanyang Ama, Siya ang manlilikha ng daigdig. "Ang lahat ng mga bagay ay ginawa niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya" (Juan 1:3). Bagaman siya ay walang kasalanan, bininyagan siya upang gawin ang buong katuwiran. Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang mga Gawa 10:38), gayon pa man ay kinamuhian siya dahil dito. Ang Kanyang ebanghelyo ay mensahe ng kapayapaan at mabuting balita. Nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa. Binagtas niya ang mga daan sa Palestina na nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag, at nagpapabangon ng patay. Itinuro Niya ang katotohanan tungkol sa kawalang-hanggan, at ang katotohanan tungkol sa buhay natin bago tayo nabuhay sa mundo, ang layunin ng buhay natin sa mundo, at ang potensiyal ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa buhay na darating.

Pinasimulan Niya ang sakramento bilang paalaala sa Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Dinakip Siya at tinuligsa batay sa mga maling paratang, pinarusahan upang mabigyang-kasiyahan ang mga mandurumog, at hinatulan ng kamatayan sa krus ng Kalbaryo. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Siya ang dakilang kaloob para sa lahat ng mabubuhay sa ibabaw ng mundo.

Taimtim kaming nagpapatotoo na ang Kanyang buhay, na siyang tampulan ng buong kasaysayan ng sangkatauhan, ay hindi nagsimula sa Betlehem o nagtapos sa Kalbaryo. Siya ang Panganay ng Ama, ang Bugtong na Anak sa laman, ang Manunubos ng daigdig.

Nagbangon Siya sa libingan upang "maging pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Mga Taga Corinto 15:20). Bilang Nabuhay na Mag-uling Panginoon, dumalaw Siya sa mga taong minahal Niya noong nabubuhay pa Siya sa lupa. Naglingkod din Siya sa Kanyang "ibang mga tupa" (Juan 10:16) sa sinaunang Amerika. Sa makabagong daigdig, Siya at ang Kanyang Ama ay nagpakita sa batang lalaking si Joseph Smith, upang pasimulan ang matagal nang ipinangakong "kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10).

Tungkol sa Buhay na Cristo, isinulat ng Propetang Joseph: "Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:

"Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama" (Doktrina at mga Tipan 110:3–4).

Tungkol sa Kanya ay ipinahayag rin ng Propeta: "At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—


"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 76:22–24).

Ipinahahayag namin nang taimtim na ang Kanyang pagkasaserdote at Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik na sa mundo na—"itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol, at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato na panulok" (Mga Taga Efeso 2:20).

Nagpapatotoo kami na darating ang panahon na babalik Siyang muli sa mundo. "At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao" (Isaias 40:5). Mamamahala siya bilang Hari ng mga Hari at maghahari bilang Panginoon ng mga Panginoon, ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magpapahayag sa pagsamba sa Kanya. At bawat isa sa atin ay tatayo upang hatulan Niya ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating mga puso.


Nagpapatotoo kami, bilang Kanyang marapat na inordenan na mga Apostol—na si Jesus ang Buhay na Cristo, ang walang kamatayang Anak ng Diyos. Siya ang dakilang Haring Emmanuel, na ngayon ay nakatayo sa kanang kamay ng Kanyang Ama. Siya ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo. Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Salamat sa Diyos sa Kanyang walang kapantay na kaloob na Kanyang banal na Anak.


**ANG UNANG PANGULUHAN**



Ika-1 ng Enero, 2000

**ANG KORUM NG LABINDALAWA**





# Mga Nilalaman Mayo 2017

Tomo 20 • Bilang 5


## Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

6 **Tumiwala Ka sa Panginoon at Huwag Kang Manalig sa Iyong Sariling Kaunawaan**
*Bonnie H. Cordon*

9 **Ang Kagandahan ng Kabanalan**
*Carol F. McConkie*

12 **Mga Babaeng Nakatitiyak**
*Linda K. Burton*

15 **"Ang Aking Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo"**
*Pangulong Henry B. Eyring*

## Sesyon sa Sabado ng Umaga

19 **Pagtitipon sa Pamilya ng Diyos**
*Pangulong Henry B. Eyring*

23 **Ang Kanyang Kamay na Gumagabay Araw-araw**
*M. Joseph Brough*

26 **Ang Dakilang Plano ng Ating Ama**
*Elder Weatherford T. Clayton*

29 **Ang Ating Mabuting Pastol**
*Elder Dale G. Renlund*

33 **Magtiwala sa Diyos nang Walang Pag-aalinlangan**
*Elder Ulisses Soares*

36 **Lumiliwanag nang Lumiliwanag Hanggang sa Ganap na Araw**
*Elder Mark A. Bragg*

39 **Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay**
*Pangulong Russell M. Nelson*

## Sesyon sa Sabado ng Hapon

43 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

45 **Ulat ng Church Auditing Department, 2016**
*Kevin R. Jergensen*

45 **Ulat sa Estadistika, 2016**
*Brook P. Hales*

46 **Pagiging Disipulo ng Ating Panginoong Jesucristo**
*Elder Robert D. Hales*

49 **Mga Awiting Naawit at Hindi Naawit**
*Elder Jeffrey R. Holland*

52 **Magpakatatag at Gawin ang Lahat ng Makakaya**
*Elder Gary B. Sabin*

55 **Ang Wika ng Ebanghelyo**
*Elder Valeri V. Cordón*

58 **Pagdaig sa Sanlibutan**
*Elder Neil L. Andersen*

62 **Makabalik at Makatanggap**
*Elder M. Russell Ballard*

## Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

66 **Kabaitan, Pag-ibig sa Kapwa-tao, at Pagmamahal**
*Pangulong Thomas S. Monson*

67 **Tinawag sa Gawain**
*Elder David A. Bednar*

75 **Ihanda ang Daan**
*Bishop Gérald Caussé*

78 **Ang Pinakadakila sa Inyo**
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

82 **"Lumakad Kang Kasama Ko"**
*Pangulong Henry B. Eyring*

## Sesyon sa Linggo ng Umaga

86 **Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon**
*Pangulong Thomas S. Monson*

87 **Isang Henerasyong Kayang Labanan ang mga Kasalanan**
*Joy D. Jones*

90 **Huwag Magpalingun-lingon, Tumingala Ka!**
*Elder Yoon Hwan Choi*

93 **Hayaang Patnubayan ng Espiritu Santo**
*Elder Ronald A. Rasband*

97 **Gawin Ninyo ang Anomang sa Inyo'y Kaniyang Sabihin**
*Elder L. Whitney Clayton*

100 **Ang Panguluhang Diyos at ang Plano ng Kaligtasan**
*Elder Dallin H. Oaks*

104 **Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot**
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

## Sesyon sa Linggo ng Hapon

108 **Ang Tinig ng Babala**
*Elder D. Todd Christofferson*

112 **Sa mga Kaibigan at Investigator ng Simbahan**
*Elder Joaquin E. Costa*

114 **At Pagtitig sa Kaniya ni Jesus, ay Giniliw Siya**
*Elder S. Mark Palmer*

117 **Paano Kayo Tinutulungan ng Espiritu Santo?**
*Elder Gary E. Stevenson*

121 **At Ito ang Buhay na Walang Hanggan**
*Elder C. Scott Grow*

124 **Nang ang Ating Liwanag ay Maging Isang Sagisag sa mga Bansa**
*Elder Benjamín De Hoyos*

127 **Mga Pundasyon ng Pananampalataya**
*Elder Quentin L. Cook*

72 **Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

132 **Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya**

134 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**

135 **Mga Balita sa Simbahan**




# Ang Ika-187 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**Sabado ng Gabi, Marso 25, 2017, Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan**
Nangangasiwa: Bonnie L. Oscarson. Pambungad na panalangin: Robin Bonham. Pangwakas na panalangin: Elizabeth Rose. Musikang handog ng pinagsamang Relief Society choir mula sa Brigham Young University; Jean Applonie, tagakumpas; Linda Margetts, organista: "Halina, Hari ng Lahat," *Mga Himno,* blg. 32, isinaayos ni Zabriskie, inilathala ng Holy Sheet Music; "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 42–43, isinaayos ni Murphy; "Gabayan Kami, O Jehova," *Mga Himno,* blg. 45; "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 16–17, isinaayos ni Staheli.

**Sabado ng Umaga, Abril 1, 2017, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Kim B. Clark. Pangwakas na Panalangin: Elder Jorge F. Zeballos. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1; "Let Zion in Her Beauty Rise," *Hymns,* blg. 41, isinaayo sni Kasen, inilathala ng Jackman; "Gawin ang Tama," *Mga Himno,* blg. 144; "Luwalhati sa Ating Diyos," *Mga Himno,* blg. 37; "Turuang Lumakad sa Liwanag," *Mga Himno,* 192304, isinaayos ni Wilberg; "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno,* blg. 33, isinaayos ni Murphy.

**Sabado ng Hapon, Abril 1, 2017, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Von G. Keetch. Pangwakas na Panalangin: Elder Hugo Montoya. Musikang handog ng isang family choir mula sa mga stake sa Tremonton, Garland, at Fielding, Utah; Jessica Lee Gilbert, tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: "Tahana'y Isang Langit," *Mga Himno,* blg. 186, isinaayos ni Bastian; medley: "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189, at "How Will They Know?" *Aklat ng mga Awit Pambata,* 182–85, isinaayos nina Gilbert at Mohlman; "May Pananampalatayang Sumulong," *Mga Himno,* 163; "Panalangin ng Isang Bata," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 6–7, isinaayos ni Perry, inilathala ng Jackman.

**Sabado ng Gabi, Abril 1, 2017, Sesyon sa Priesthood**
Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Vern P. Stanfill. Pangwakas na Panalangin: Elder Carlos A. Godoy. Musikang handog ng isang koro ng priesthood mula sa mga young single adult stake sa Holladay at Murray, Utah; Brett Taylor, tagakumpas; Andrew Unsworth, organista: "Rise Up, O Men of God" (kalalakihan), *Mga Himno,* blg. 324, isinaayos ni Staheli, inilathala ng Jackman; "Jesus, Hamak nang Isilang," *Mga Himno,* blg. 118, isinaayos ni Ripplinger, inilathala ng Jackman; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5; "Pag-asa ng Israel," *Mga Himno,* blg. 161, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman.

**Linggo ng Umaga, Lunes, Abril 2, 2017, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Neill F. Marriott. Pangwakas na Panalangin: Elder Richard J. Maynes. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43; "Tayo'y Magalak," *Mga Himno,* blg. 3, isinaayos ni Wilberg; "Dito ay May Pag-ibig," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 102–3, isinaayos ni Cardon; "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30; "Mga Bata, Diyos ay malapit," *Mga Himno,* blg. 44, isinaayos ni Wilberg; "Sa Tuktok ng Bundok," *Mga Himno,* blg. 4.

**Linggo ng Hapon, Abril 2, 2017, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Eduardo Gavarret. Pangwakas na Panalangin: Elder Marcos A. Aidukaitis. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: "Come, Rejoice," *Hymns,* blg. 9, isinaayos ni Murphy; "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan," *Mga Himno,* blg. 80, isinaayos ni. Staheli, inilathala ng Jackman; "Ang Bakal na Gabay," *Mga Himno,* blg. 174; "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin," *Mga Himno,* blg. 191; "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47, isinaayos ni Wilberg.

**Makukuhang mga Mensahe sa Kumperensya**
Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya online sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha rin ang mga video at audio recording sa Ingles sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembrong may kapansanan ay makukuha sa disability.lds.org.

**Mga Mensahe sa Home at Visiting Teaching**
Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

**Sa Pabalat**
Harap: Larawang kuha ni Mason Coberly.
Likod: Larawang kuha ni Christina Smith.

**Mga Larawang Kuha sa Kumperensya**
Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kinunan nina Cody Bell, Janae Bingham, Mason Coberly, Randy Collier, Weston Colton, Ashlee Larsen, Leslie Nilsson, at Christina Smith.



**MAYO 2017 TOMO 20 BLG. 5**
**LIAHONA 14445 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

**Patnugot:** Joseph W. Sitati
**Mga Assistant na Patnugot:** Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Jean B. Bingham, LeGrand R. Curtis Jr., Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Cremilda Amaral
**Writing at Editing Team:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Glen Adair, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy K. Vellinga

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2017 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
May 2017 Vol. 20 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



## Indeks ng mga Tagapagsalita

Andersen, Neil L., 58
Ballard, M. Russell, 62
Bednar, David A., 67
Bragg, Mark A., 36
Brough, M. Joseph, 23
Burton, Linda K., 12
Caussé, Gérald, 75
Choi, Yoon Hwan, 90
Christofferson, D. Todd, 108
Clayton, L. Whitney, 97
Clayton, Weatherford T., 26
Cook, Quentin L., 127
Cordon, Bonnie H., 6
Cordón, Valeri V., 55
Costa, Joaquin E., 112
De Hoyos, Benjamín, 124
Eyring, Henry B., 15, 19, 82
Grow, C. Scott, 121
Hales, Brook P., 45
Hales, Robert D., 46
Holland, Jeffrey R., 49
Jergensen, Kevin R., 45
Jones, Joy D., 87
McConkie, Carol F., 9
Monson, Thomas S., 66, 86
Nelson, Russell M., 39
Oaks, Dallin H., 100
Palmer, S. Mark, 114
Rasband, Ronald A., 93
Renlund, Dale G., 29
Sabin, Gary B., 52
Soares, Ulisses, 33
Stevenson, Gary E., 117
Uchtdorf, Dieter F., 43, 78, 104

## Indeks ng mga Paksa

Aklat ni Mormon, 86, 112
aktibidad sa Simbahan, 36
Bata, mga, 87, 117
Buhay bago isinilang, Premortal na buhay, 6, 26, 100
calling sa Simbahan, mga, 78
Diyos Ama, 6, 62, 93, 100, 104, 121
Espiritu Santo, 9, 15, 19, 36, 39, 87, 93, 100, 117, 127
Family history, 19, 90, 124
Gawaing misyonero, 67, 90, 114
Gawain sa templo, 19, 36, 90, 124
Habag, 29
Halimbawa, 55, 121
Jesucristo, 6, 9, 12, 19, 23, 26, 29, 33, 36, 39, 46, 49, 58, 62, 66, 82, 90, 93, 97, 100, 104, 108, 114, 121, 124, 127
Joseph Smith, 127
Kababaihan, 12
Kabaitan, 29, 66
Kabataan, mga, 19, 23, 75
Kalayaan, 26
Kamatayan, 26
Kamunduhan, 58
Kapatawaran, Pagpapatawad, 29
Kapayapaan, 58
Kautusan, mga, 23, 26
Likas na kabanalan, Banal na katangian, 9, 87
Liwanag ni Cristo, 19, 36
Matibay na pangako, 52
Mithiin, mga, 62
Musika, 49
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 6, 23, 39, 55, 86, 121
Pag-asa, 104
Pagbabalik-loob, Pagbabagong-loob, 90, 112
Pagbabayad-sala, 6, 9, 19, 26, 29, 39, 62
Paggaling, 29
Paghahanda, 67, 75
Paghihirap, 29, 33, 39, 46, 49, 52, 90, 97, 104, 127
Pag-ibig sa kapwa-tao, 15, 46, 66
Pagiging magulang, 23, 55, 87, 108
Pagkadisipulo, 12, 39, 46, 49, 52, 58, 78, 87
Pagkakaisa, 15, 49, 75
Pagkamarapat, 67, 93, 117, 121
Paglikha, 26, 100
Paglilingkod, 6, 15, 75, 78, 82
Pagmamahal, Pag-ibig, 29, 36, 46, 49, 66, 104, 108, 114
Pagpapaaktibo, 15
Pagpapakumbaba, 15, 78
Pagsisisi, 29, 52, 87, 112, 121
Pagsunod, 46, 97, 114, 121
Pagtuturo, 87, 124
Pahiwatig, mga, 93, 117
Pamantayan, mga, 108
Pamilya, Mag-anak, 19, 36, 55, 62, 87
Pamumuno, 78
Panalangin, 6, 121
Pananagutan, 108
Pananampalataya, 33, 39, 46, 49, 90, 97, 127
Pangkalahatang kumperensya, 124
Panguluhang Diyos, 93, 100, 117
Patotoo, 86
pinuno ng Simbahan, mga, 23, 78
Plano ng kaligtasan, 19, 26, 52, 62, 100, 104
Pornograpiya, 55
Priesthood, 67, 75, 82
Propeta, mga, 108
Sabbath, 55, 58, 124
Sacrament meeting, 127
Sakramento, 9, 15, 75, 124
Sakripisyo, 12, 23
Takot, 104
Tipan, mga, 9, 12, 39, 52, 58, 62, 87
Tiwala, 6, 33, 97
Tradisyon, mga, 55



# Mga Tampok sa Ika-187 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Kada anim na buwan, nagtitipon tayo para pakinggan ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng mga buhay na propeta at inspiradong mga pinuno ng Simbahan. Milyun-milyong tao sa buong mundo ang nagtitipon sa mga tahanan o sa mga chapel, sa iba't ibang time zone at wika, gamit ang iba't ibang laki ng screen.

Ngunit ang pangkalahatang kumperensya ay higit pa sa isang kaganapan. Ito ay isang karanasan na maaaring magtagal hangga't gusto natin. Ang kumperensya ay isang bagay na ating pinag-aaralan, mayroon tayong natututuhan, at ating ipinamumuhay.

Para matulungan kayo sa inyong karanasan sa kumperensya, sinisikap naming kunin ang diwa ng mga kaganapan sa isyung ito tuwing ika-anim na buwan. Mas gusto man ninyong pag-aralan ang kumperensya sa magasin, online, o sa mobile, sana'y isang balon ito na madalas ninyong babalikan.

### Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta

**Pahina 86:** Upang mapalakas ang ating patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo, nagsumamo sa atin si Pangulong Thomas S. Monson na "pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw."

**Pahina 66:** Nanawagan din siya sa mga tao na suriin ang kanilang buhay at "sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagiging mabait, mapagmahal, at may pag-ibig sa kapwa-tao."

### Apat na Bagong Templo ang Ibinalita

**Pahina 86:** Ibinalita ni Pangulong Monson ang limang bagong templong itatayo sa Brasília, Brazil; greater Manila, Philippines, area; Nairobi, Kenya; Pocatello, Idaho, USA; at Saratoga Springs, Utah, USA. (Tingnan sa pahina 141 ang iba pang impormasyon.)

### Mga Bagong Pinuno Sinang-ayunan


**Pahina 43:** Noong Sabado, Abril 1, ibinalita ng Unang Panguluhan ang pag-release sa Relief Society General Presidency: Linda K. Burton, Carole M. Stephens at Linda S. Reeves.

**Pahina 135:** Alamin ang iba pa tungkol sa pagtawag ng 10 bagong pangkalahatang pinuno ng Simbahan, kabilang na ang bagong Relief Society General Presidency.

### Mga Pagpapahayag Muling Binasa

**Panloob na mga pabalat:** Tinukoy ng ilang tagapagsalita ang "Ang Buhay na Cristo" at "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa mundo" (tingnan sa mga pahina 26, 36, 39, 62, at 100). Maaari ninyong mahanap ang mahahalagang dokumentong ito sa panloob na mga pabalat ng isyung ito. ■







**Ni Bonnie H. Cordon**
Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

# Tumiwala Ka sa Panginoon at Huwag Kang Manalig sa Iyong Sariling Kaunawaan

*Maitutuon natin ang ating buhay sa Tagapagligtas kapag nakilala natin Siya, at gagabayan Niya ang ating landas.*

Noong maglakbay ako sa Asya, isang magiliw na sister ang lumapit sa akin. Niyakap niya ako at tinanong, "Naniniwala ka ba talaga na totoo ang ebanghelyong ito?" Mahal kong sister, alam kong ito ay totoo. May tiwala ako sa Panginoon.

Sa Mga Kawikaan 3:5–6, mababasa natin ang payong ito:

"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

"Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."

Ang talatang ito sa banal na kasulatan ay may dalawang payo, isang babala, at isang dakilang pangako. Ang dalawang payo: "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo" at "kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad." Ang babala: "Huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan." At ang dakilang pangako: "Kaniyang ituturo ang iyong mga landas."

Talakayin muna natin ang babala. Marami tayong pagninilayan sa paglalarawang ito. Ang babala ay "huwag kang manalig"—"huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan." Sa Ingles ang kahulugan ng salitang *lean* ay pisikal na pagpaling o pagkiling sa isang panig. Kapag tayo ay *pisikal* na pumaling sa isang panig o sa kabila, nawawala tayo sa gitna, nawawalan tayo ng balanse, at tumatagilid tayo. Kapag *espirituwal* tayong nakapaling sa ating sariling kaunawaan, napapalayo tayo sa ating Tagapagligtas. Kapag nakapaling tayo, wala tayo sa gitna; hindi tayo balanse; hindi tayo nakatuon kay Cristo.

Mga kapatid, sa ating premortal na buhay, pumanig tayo sa Tagapagligtas. Nagtiwala tayo sa Kanya. Ipinahayag natin ang ating suporta, kasigasigan, at galak para sa plano ng kaligayahang ipinahayag ng ating Ama sa Langit. Hindi tayo pumaling sa kabila. Ipinaglaban natin ang ating patotoo at "sumama sa puwersa ng Diyos, at nagtagumpay ang puwersang iyon."[1] Ang digmaang ito sa pagitan ng mabuti at masama ay nagpatuloy sa lupa. Nasa ating muli ang sagradong responsibilidad na maging mga saksi at magtiwala sa Panginoon.

Kailangang itanong ng bawat isa sa atin: Paano ako mananatiling nakatuon at *hindi nananalig* sa aking sariling kaunawaan? Paano ko makikilala at masusunod ang tinig ng Tagapagligtas samantalang nakatutukso ang mga tinig



ng mundo? Paano ko mapapatibay ang tiwala ko sa Tagapagligtas?

Magmumungkahi ako ng tatlong bagay na magdaragdag sa ating kaalaman at tiwala sa Tagapagligtas. Matutuklasan ninyo na hindi na bago ang mga alituntuning ito, ngunit mapagbabatayan ito. Kinakanta ito sa Primary, itinuturo sa Young Women, at sumasagot sa maraming tanong sa Relief Society. Ito ay mga alituntunin ng pagtutuon—hindi ng pagpaling.

Una, makikilala natin ang Panginoon at magtitiwala tayo sa Kanya kapag tayo ay "[nagpakabusog] sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin."[2]

Ilang buwan na ang nakararaan, pinag-aralan namin ng pamilya ko ang mga banal na kasulatan. Nakakandong sa akin ang dalawang-taong gulang kong apo habang nagbabasa kami. Masayang-masaya ako sa pagiging lola, at ninanamnam ko ang pagbisita ng pamilya ng anak kong lalaki.

Nang matapos kami sa pag-aaral ng banal na kasulatan, isinara ko ang aking aklat. Alam ng apo ko na malapit na kaming matulog. Tiningnan niya ako ng kanyang asul na mga mata at nagsabi ng isang walang-hanggang katotohanan: "Basa pa tayo ng scriptures, Lola."

Binalaan ako ng mabait at disiplinado kong anak, "Inay, huwag ninyong sundin ang gusto niya. Ayaw lang niyang matulog."

Ngunit nang sabihin ng apo ko na magbasa pa kami, nagbasa pa kami! Kapag mas marami tayong binasang banal na kasulatan, lumilinaw ang ating isipan, lumalakas ang ating espiritu, nasasagot ang ating mga tanong, lalo tayong nagtitiwala sa Panginoon, at naitutuon natin ang ating buhay sa Kanya. "Masigasig na saliksikin ang mga yaon, nang sa gayon kayo ay makinabang."[3]

Pangalawa, makikilala natin ang Panginoon at magtitiwala tayo sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin. Isang malaking pagpapala ang makapagdasal sa ating Diyos! "Manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso."[4]



May isa akong magandang panalangin na hindi ko malilimutan. Sa isa sa mga summer break sa kolehiyo, tinanggap ko ang isang trabaho sa Texas. Kinailangan kong magbiyahe nang daan-daang milya mula Idaho hanggang Texas sakay ng lumang kotse ko, na magiliw kong tinawag na Vern. Kargado si Vern hanggang bubong, at handa na ako sa bagong pakikipagsapalaran.

Nang papalabas na ako ng pintuan, niyakap ko ang mahal kong ina at sinabi niya, "Magdasal tayo bago ka umalis."

Lumuhod kami at nagsimulang magdasal si Inay. Isinamo niya sa Ama sa Langit na maging ligtas ako. Ipinagdasal niya na umandar nang maayos ang kotse kong walang air-con. Hiniling niya na bantayan ako ng mga anghel sa buong summer. Nagdasal siya nang nagdasal nang nagdasal.

Ang kapayapaang hatid ng panalanging iyon ay nagbigay sa akin ng lakas ng loob na magtiwala sa Panginoon at huwag manalig sa aking sariling kaunawaan. Pinatnubayan ako ng Panginoon sa maraming desisyong ginawa ko noong summer na iyon.

Kapag kinagawian nating lumapit sa Ama sa Langit sa panalangin, makikilala natin ang Tagapagligtas. Matututo tayong magtiwala sa Kanya. Ang ating mga naisin ay magiging tulad ng sa Kanya. Mapapasaatin at sa iba ang mga pagpapalang handang ibigay ng Ama sa Langit kung hihiling lamang tayo nang may pananampalataya.[5]

Pangatlo, makikilala natin ang Panginoon at magtitiwala tayo sa Kanya kapag naglingkod tayo sa iba. Ibabahagi ko ang sumusunod na kuwento sa pahintulot ni Amy Wright, na naunawaan ang alituntunin ng paglilingkod sa kabila ng isang nakakatakot at malalang karamdaman. Isinulat ni Amy:

"Noong Oktubre 29, 2015, nalaman ko na may kanser ako. Ang pag-asa kong makaligtas sa kanser ko ay 17 porsyento. Napakaliit ng pag-asa kong gumaling. Alam ko na haharap ako sa pinakamahirap na pagsubok sa buhay ko. Determinado akong labanan ito nang husto hindi lang para sa sarili ko kundi, higit sa lahat, para sa pamilya ko. Noong Disyembre, nagsimula ako sa chemo. Pamilyar ako sa maraming epekto ng mga gamot sa kanser, pero hindi ko alam na posibleng manatili pa ring buhay ang isang taong malala ang karamdaman.

"Minsan, sinabi ko na labag sa karapatang-pantao ang chemotherapy. Sinabi ko sa asawa ko na hindi ko na kaya. Ayoko na! Hindi na ako babalik sa ospital. Sa kanyang karunungan, matiyagang nakinig ang mahal kong asawa at saka niya sinabing, 'Kung gayon, kailangan nating maghanap ng mapaglilingkuran.' "

Ha? Nalimutan na ba niya na may kanser ang asawa niya at hindi na



makakayang tiisin pa ang pagduduwal o isa pang sandali ng napakatinding sakit?

Paliwanag pa ni Amy: "Unti-unting lumala ang mga sintomas ng sakit ko kung saan karaniwan ay may isa o dalawang araw sa isang buwan na OK ako [kung kailan] nakakakilos at nakakahinga ako nang normal. Mga araw iyon na naghahanap ang pamilya namin ng mga paraan para makapaglingkod."

Sa isa sa mga araw na iyon, namigay ng mga chemo comfort kit ang pamilya ni Amy sa ibang mga pasyente, na puno ng mga bagay na magpapasaya at makababawas ng mga sintomas. Kapag hindi makatulog si Amy, nag-iisip siya ng mga paraan para mapasaya ang araw ng iba. Ang ilang paraan ay mahirap, pero marami ang mga simpleng sulat o text message lang na nagpapalakas ng loob at naghahatid ng pagmamahal. Sa mga gabing iyon na hindi siya makatulog sa sakit, nahihiga siya sa kama habang naghahanap sa iPad niya ng mga ordenansang kailangang kumpletuhin para sa namayapa niyang mga ninuno. Himalang humuhupa ang sakit, at natitiis niya ito.

"Paglilingkod," pagpapatotoo ni Amy, "ang nagligtas ng buhay ko. Ang nagbigay sa akin ng lakas sa huli na patuloy na sumulong ay ang kaligayahang nadama ko nang sikapin kong bawasan ang paghihirap ng mga tao sa paligid ko. Inasam ko ang aming mga paglilingkod nang may galak at pananabik. Hanggang ngayon parang di-kapani-paniwala ang nangyaring ito. Maaari ninyong isipin na makatwirang isipin ng isang taong kalbo, napinsala sa gamot, at nakikipaglaban para mabuhay na 'sarili ko lang ang dapat kong isipin ngayon.' Gayunman, nang isipin ko ang sarili ko, ang sitwasyon ko, ang paghihirap at pasakit ko, nagdilim nang husto ang mundo at naging miserable ako. Nang magtuon ako sa iba, nagkaroon ng liwanag, pag-asa, lakas, tapang, at galak. Alam ko na posible ito dahil sa nagpapalakas, nagpapagaling, at nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."

Natuto si Amy na magtiwala sa Panginoon nang makilala niya Siya. Kung nanalig siya kahit kaunti sa kanyang sariling kaunawaan, baka tinanggihan niya ang ideyang maglingkod siya. Tinulungan siya ng paglilingkod na makayanan ang kanyang sakit at paghihirap at naipamuhay ang talatang ito sa banal na kasulatan: "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong

kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."[6]

Nadaig ni Jesucristo ang sanlibutan. At dahil sa Kanya, dahil sa Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala, may malaking dahilan tayong lahat para magtiwala, batid na sa huli ay magiging maayos ang lahat.

Mga kapatid, bawat isa sa atin ay maaaring magtiwala sa Panginoon at *huwag* manalig [sa ating sariling kaunawaan]. Maitutuon natin ang ating buhay sa Tagapagligtas kapag nakilala natin Siya, at gagabayan Niya ang ating landas.

Narito tayo sa lupa upang ipakita ang pananampalatayang iyon sa *Kanya* na nagtulot sa atin na pumanig kay Jesus nang ipahayag Niya, "Narito ako, isugo ako."[7]

Mahal kong mga kapatid, pinatotohanan ni Pangulong Thomas S. Monson na "ang mga pangakong pagpapala sa atin ay hindi kayang sukatin. Kahit magtipon ang mga ulap, kahit bumuhos sa atin ang mga ulan, ang ating kaalaman sa ebanghelyo at ating pagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas ay aalo at magtataguyod sa atin . . . habang lumalakad tayo nang matuwid. . . . Walang anumang bagay sa mundo na makadadaig sa atin."[8]

Idaragdag ko ang aking patotoo sa patotoo ng ating mahal na propeta. Kung magtitiwala tayo sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas at hindi tayo mananalig sa ating sariling kaunawaan, gagabayan Nila ang ating landas at kaaawaan tayo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

*Paalala: Noong Abril 1, 2017, si Sister Cordon ay ini-release bilang Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency.*

**MGA TALA**


1. Gordon B. Hinckley, "Sa Pagsikat ng Umagang Maningning," *Liahona,* Mayo 2004, 81.
2. 2 Nephi 32:3.
3. Mosias 1:7.
4. Moroni 7:48.
5. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "panalangin," scriptures.lds.org.
6. Mosias 2:17.
7. Abraham 3:27.
8. Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona,* Mayo 2009, 92.





**Ni Carol F. McConkie**
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency


# Ang Kagandahan ng Kabanalan

*Ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang lahat ng kailangan upang tayo ay maging banal tulad Niya na banal.*

Habang naghahanda ako para sa pulong na ito, naisip ko ang matatapat na kababaihang nakilala ko mula sa malalapit at malalayong lugar. Para sa akin, pinakamainam silang nailarawan sa isang awit ng pasasalamat ni Haring David: "Inyong ibigay sa Panginoon ang kaluwalhatiang marapat sa kaniyang pangalan: mangagdala kayo ng handog, at magsiparoon kayo sa harap niya: inyong sambahin ang Panginoon sa ganda ng kabanalan."[1]

Nakikita ko ang kagandahan ng kabanalan sa kababaihan na may pusong nakatuon sa lahat ng mabuti, na gustong maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Iniaalay nila ang kanilang buong kaluluwa, puso, kakayahan, isipan, at lakas sa Panginoon sa paraan ng pamumuhay nila araw-araw.[2] Ang kabanalan ay nasa pagsisikap at pagpupunyaging sundin ang mga kautusan at igalang ang mga tipang nagawa natin sa Diyos. Ang kabanalan ay ang pagpili ng mga bagay na hindi maglalayo sa



atin sa paggabay ng Espritu Santo.[3] Ang kabanalan ay pag-alis ng ating likas na pag-uugali at maging "banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon".[4] "Ang bawat sandali ng [ating buhay] ay dapat na kabanalan sa Panginoon."[5]

Iniutos ng Diyos ng langit sa mga anak ni Israel, "Sapagka't ako ang Panginoon ninyong Dios: magpakabanal nga kayo at kayo'y maging mga banal; sapagka't ako'y banal: ni huwag kayong magpakahawa."[6]

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson: "Ang ating Ama sa Langit ay isang Diyos na mataas ang inaasahan sa atin. . . . Hangad Niyang pabanalin tayo upang tayo'y '[makatigil] sa isang selestiyal na kaluwalhatian' (D at T 88:22) at '[makatahan] sa kanyang harapan' (Moises 6:57)."[7] Ipinaliwanag sa *Lectures on Faith*, "Walang nilalang na magtatamasa ng kanyang kaluwalhatian nang hindi taglay ang kanyang kasakdalan at kabanalan."[8] Kilala tayo ng Ating Ama sa Langit. Mahal Niya tayo, at ibinigay sa atin ang lahat ng kailangan upang tayo ay maging banal na katulad Niya.

Tayo ay mga anak na babae ng Ama sa Langit, at bawat isa sa atin ay may banal na pamana ng kabanalan. Ipinahayag ng Ating Ama sa Langit, "Masdan, ako ang Diyos; Taong Banal ang aking pangalan."[9] Sa premortal na daigdig, minahal at sinamba natin ang ating Ama. Ninais nating maging katulad Niya. Dahil sa perpektong pagmamahal ng isang ama, ibinigay Niya ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo upang maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Siya ang Anak ng Tao ng Kabanalan.[10] Ang Kanyang "pangalan ay Banal,"[11] "ang Banal ng Israel."[12]

Ang ating pag-asang maging banal ay nakasentro kay Cristo, sa Kanyang awa at Kanyang biyaya. Sa pagsampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, maaari tayong maging malinis, walang bahid-dungis, kapag pinagkaitan natin ang ating sarili ng lahat ng kasamaan[13] at taos-puso tayong nagsisi. Binibinyagan tayo sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang ating mga kaluluwa ay pinababanal kapag tinanggap natin ang Espiritu Santo nang may bukas na puso. Linggu-linggo, tumatanggap tayo ng ordenansa ng sakramento. Sa pagsisisi, na may taos na hangaring magpakabuti, nakikipagtipan tayo na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, alalahanin Siya, at sundin ang Kanyang mga utos nang sa tuwina ay makasama natin ang Kanyang Espiritu. Kalaunan, kapag nagsikap tayong makaisa ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, makakabahagi tayo sa Kanilang kabanalan.[14]

### Ang Kabanalan ay Pagtupad ng Ating mga Tipan

Alam natin na maraming pagsubok, tukso, at paghihirap na maaaring maglayo sa atin sa lahat ng marangal at kapuri-puri sa harapan ng Diyos. Ngunit ang ating mga karanasan sa mundo ay binibigyan tayo ng pagkakataong piliin ang kabanalan. Kadalasan, ang mga sakripisyong ginagawa natin sa pagtupad ng mga tipan ang nagpapabanal sa atin.

Nakakita ako ng kabanalan sa mukha n Evangeline, isang 13-taong-gulang na dalagita sa Ghana. Ang isa sa mga paraan ng pagtupad niya ng mga tipan ay ang pagganap sa tungkulin niya bilang Beehive class president. Mapagkumbaba niyang inilahad na pumupunta siya sa bahay ng kanyang mga kaibigang dalagita, na di-gaanong aktibo, upang makiusap sa kanilang mga magulang na payagan silang magsimba. Sinasabi sa kanya ng mga magulang na mahirap nilang payagan ang kanilang mga anak dahil kailangan silang tumulong sa mga gawaing-bahay tuwing Linggo. Kaya nagpupunta at tumutulong si Evangeline sa mga gawaing-bahay, at dahil doon ay madalas payagang magsimba ang kanyang mga kaibigan.

Kung tutuparin natin ang mga tipan na kaugnay nito, babaguhin tayo ng mga sagradong ordenansa ng priesthood, pababanalin tayo, at ihahanda tayo na pumasok sa kinaroroonan ng Panginoon.[15] Pinapasan natin ang pasanin ng isa't isa; pinalalakas natin ang isa't isa. Patuloy tayong patatawarin sa ating mga kasalanan kapag nagbigay tayo ng espirituwal at temporal na ginhawa sa mahirap, gutom, hubad, at maysakit.[16] Patuloy tayong hindi madurungisan ng sanlibutan kapag iginalang natin ang araw ng Sabbath at marapat tayong tumanggap ng sakramento sa banal na araw ng Panginoon.[17]

Pinagpapala natin ang ating pamilya at ginagawang banal ang ating tahanan. Pinipigil natin ang silakbo ng ating damdamin upang mapuspos tayo ng dalisay at walang-hanggang pagmamahal.[18] Tumutulong tayo sa iba nang may kabaitan, habag, at tumatayo bilang mga saksi ng Diyos. Tayo ay nagiging mga tao ng Sion, na may isang puso at isang isipan, dalisay na mga tao na sama-samang nananahan sa pagkakaisa at kabutihan.[19] "Sapagkat ang Sion ay kinakailangang maragdagan sa kagandahan, at sa kabanalan."[20]

Mga kapatid, magpunta sa templo. Kung nais nating maging banal na mga tao na handang tumanggap sa Tagapagligtas sa Kanyang pagparito, kailangan tayong magbangon at magsuot ng ating magagarang damit.[21] Sa lakas at karangalan, tatalikdan natin ang mga gawi ng sanlibutan at tutuparin ang ating mga tipan upang tayo ay "[mabihisan] ng kadalisayan, oo, maging ng bata ng kabutihan."[22]

### Ang Kabanalan ay ang Mapasaatin ang Espiritu Santo Bilang Gabay

Ang kabanalan ay isang kaloob ng Espiritu. Tinatanggap natin ang kaloob na ito kapag pinili nating gawin ang mga bagay na magpapaibayo sa nagpapabanal na kapangyarihan ng Espiritu Santo sa ating buhay.

Nang patuluyin ni Marta si Jesucristo sa kanyang tahanan, ninais niyang paglingkuran ang Panginoon sa abot ng kanyang makakaya. Ang kanyang kapatid na si Maria ay piniling maupo "sa mga paanan [ni Jesus]" at makinig sa Kanyang salita. Nang mahirapan si Marta sa pagsisilbi nang walang tulong, dumaing siya, "Panginoon, wala bagang anoman sa iyo, na pabayaan ako ng aking kapatid na babae na maglingkod na magisa?"

Gustung-gusto ko ang napakamahinahong pagsaway na ito na maiisip ko.

May sakdal na pagmamahal at habag, ipinayo ng Tagapagligtas:

“Marta, Marta, naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay:

“Datapuwat isang bagay ang kinakailangan: sapagkat pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kaniya.”[23]



Mga kapatid, kung nais nating maging banal, kailangan tayong matutong maupo sa paanan ng Banal ng Israel at magbigay ng oras sa kabanalan. Isinasantabi ba natin ang telepono, ang walang-katapusang listahan ng mga gagawin, ang mga alalahanin ng mundo? Ang pagdarasal, pag-aaral, at pagsunod sa salita ng Diyos ay nag-aanyaya ng Kanyang nakalilinis at nakagagaling na pagmamahal sa ating kaluluwa. Pag-ukulan natin ng panahon ang pagpapakabanal, upang mapuspos tayo ng Kanyang sagrado at nagpapabanal na Espiritu. Sa paggabay ng Espiritu Santo, magiging handa tayo na tanggapin ang Tagapagligtas sa kagandahan ng kabanalan.[24]

#### Ang Kabanalan ay Pagiging Banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Ayon sa inspiradong mga salita ni Haring Benjamin, ang mga nagiging banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay ang masunurin, maamo, mapagkumbaba, matiisin, at puspos ng pagmamahal tulad ng Tagapagligtas.[25] Ipinropesiya niya na si Jesucristo, “ang Panginoong Makapangyarihan na naghahari, kung sino noon, at ngayon, mula sa lahat ng kawalang-hanggan, hanggang sa kawalang-hanggan, ay bababa mula sa langit sa mga anak ng tao, at mananahan sa isang katawang-lupa.” Naparito Siya upang pagalingin ang maysakit, pilay, bingi, at bulag at buhayin ang mga patay. Ngunit sa kabila niyon Siya ay nagdusa “nang higit sa matitiis ng tao, maliban na yaon ay sa kamatayan.”[26]



PINAKINGGAN NI MARIA ANG KANYANG SALITA, NI WALTER RANE

*Kung nais nating maging banal, kailangan nating matutong tulad ni Maria, na maupo sa paanan ng Banal ng Israel at magbigay ng oras sa kabanalan.*

At bagama’t dumarating ang kaligtasan sa pamamagitan lamang Niya, Siya ay kinutya, hinagupit, at ipinako sa krus. Ngunit ang Anak ng Diyos ay nagbangon mula sa libingan, upang madaig nating lahat ang kamatayan. Siya ang hahatol sa sanlibutan sa kabutihan. Siya ang tutubos sa ating lahat. Siya ang Banal ng Israel. Si Jesucristo ang kagandahan ng kabanalan.

Nang marinig ng mga tao ni Haring Benjamin ang kanyang sinabi, bumagsak sila sa lupa, napakatindi ng kanilang pagpapakumbaba at pagpipitagan sa biyaya at kaluwalhatian ng ating Diyos. Natanto nila ang kanilang makamundong kalagayan. Nakikita ba natin na lubos tayong umaasa sa biyaya at awa ni Cristo na ating Panginoon? Kinikilala ba natin na bawat mabuting kaloob, temporal at espirituwal, ay napapasaatin sa pamamagitan ni Cristo? Naaalala ba natin na ayon sa walanghanggang plano ng Ama, napapasaatin ang kapayapaan sa buhay na ito at ang mga kaluwalhatian ng kawalanghanggan sa pamamagitan lamang ng Kanyang banal na Anak?

Nawa’y makiisa tayo sa mga tao ni Haring Benjamin na sumigaw nang malakas sa iisang tinig, “O maawa, at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang aming mga puso ay maging dalisay; sapagkat kami ay naniniwala


kay Jesucristo, na Anak ng Diyos, na siyang lumikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay."[27]

Pinatototohanan ko na kung lalapit tayo sa Banal ng Israel, mapapasaatin ang Kanyang Espiritu, upang tayo ay mapuspos ng galak at mapatawad sa ating mga kasalanan at matahimik ang ating budhi.

Binigyan ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin ng kakayahang maging banal. Nawa'y gawin natin ang lahat upang matupad ang ating mga tipan at magabayan tayo ng Espiritu Santo. Sa pagsampalataya kay Jesucristo, tayo ay nagiging mga banal sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, upang tumanggap tayo ng kawalang-kamatayan at magkaroon ng buhay na walang hanggan at maibigay natin sa Diyos Ama ang kaluwalhatiang nararapat sa Kanyang pangalan. Nawa'y laging maging sagradong handog ang ating buhay, upang makatayo tayo sa harapan ng Panginoon sa kagandahan ng kabanalan. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. I Mga Cronica 16:29.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:31–34.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:57.
4. Mosias 3:19.
5. Brigham Young, "Remarks," *Deseret News*, Abr. 2, 1862, 313; tingnan din sa James E. Faust, "Tumayo sa mga Banal na Lugar," *Liahona*, Mayo 2005, 62.
6. Levitico 11:44.
7. D. Todd Christofferson, "Ang Lahat Kong Iniibig, ay Aking Sinasaway at Pinarurusahan," *Liahona*, Mayo 2011, 97.
8. *Lectures on Faith* (1985), 77.
9. Moises 7:35.
10. Tingnan sa Moises 6:57.
11. Isaias 57:15.
12. 1 Nephi 22:21, 24, 26, 28.
13. Tingnan sa Moroni 10:32–33.
14. Tingnan sa II Ni Pedro 1:4.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20.
16. Tingnan sa Mosias 4:26.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:9.
18. Tingnan sa Alma 38:12.
19. Tingnan sa Moises 7:18–19.
20. Doktrina at mga Tipan 82:14.
21. Tingnan sa 2 Nephi 8:24.
22. 2 Nephi 9:14.
23. Tingnan sa Lucas 10:38–42.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:57–59.
25. Tingnan sa Mosias 3:19.
26. Mosias 3:5, 7.
27. Mosias 4:2.



**Ni Linda K. Burton**
Relief Society General President

# Mga Babaeng Nakatitiyak

*Ang mga babaeng nakatitiyak ay nakatuon sa Tagapagligtas na si Jesucristo at umaasa sa pangako ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.*

Mahal kong mga kapatid, mahal na mahal namin kayo at salamat sa inyong magiliw at masiglang pagtugon sa paanyaya ng Unang Panguluhan at sa ginawang #IWasAStranger. Patuloy sana kayong manalangin, makinig sa mga bulong ng Espiritu, at kumilos ayon sa mga pahiwatig nito sa inyo.

Naglalakbay man ako rito o sa buong daigdig, karaniwa'y may nagtatanong sa akin ng, "Natatandaan mo ba ako?" Dahil hindi ako perpekto, aaminin ko na madalas akong makalimot ng mga pangalan. Gayunman, naaalala ko ang napakatunay na pagmamahal na ipinadama sa akin ng Ama sa Langit habang kausap ko ang pinakamamahal Niyang mga anak.

Kamakailan ay nagkaroon ako ng pagkakataong bisitahin ang ilang minamahal na kababaihang nasa bilangguan. Nang taos-puso kaming magpaalam, nagsumamo ang isang magiliw na babae, "Sister Burton, huwag sana ninyo kaming kalilimutan." Sana'y madama niya iyon at ng iba pang gusto silang maalala habang nagbabahagi ako ng ilang ideya sa inyo.

### Mga Babaeng Nakatitiyak Noong Panahon ng Tagapagligtas: Nakatuon sa Tagapagligtas na si Jesucristo

Naipamalas ng matatapat na kababaihan natin sa lahat ng panahon ang tapat na huwaran ng pagkadisipulo na atin ding pinagsisikapan. "Kasama sa Bagong Tipan ang mga kuwento tungkol sa [ilang] kababaihan, na pinangalanan at hindi pinangalanan, na nanampalataya kay Jesucristo [at sa Kanyang Pagbabayad-sala], natutuhan at ipinamuhay nila ang Kanyang mga itinuro, at pinatotohanan ang Kanyang ministeryo, mga himala, at karingalan. Ang mga babaeng ito ay naging mga huwarang disipulo at mahahalagang saksi sa gawain ng kaligtasan."[1]

Isipin ang mga kuwentong ito sa aklat ni Lucas. Una, noong ministeryo ng Tagapagligtas:

"At nangyari . . . na [si Jesus ay] naglalakad sa mga bayan at mga nayon, na ipinangangaral at dinadala ang mabubuting balita ng kaharian ng Dios, at kasama niya ang labingdalawa,

"At ang *ilang babae,* . . . si Maria, na tinatawag na Magdalena, . . . at si Juana . . . , at si Susana, at iba pang marami

na ipinaglilingkod sa [kanya]."[2]

Pagkatapos, kasunod ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli:

"[At] *iba sa mga babaing* . . . nagsiparoong maaga sa libingan,

". . . Nang hindi mangasumpungan ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsabing sila . . . [ay] nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na nangagsabing siya'y buhay."[3]

Maraming beses ko nang nabasa ang mga pahayag na ito. Ngunit kamakailan lamang ako nagbigay ng sapat na atensiyon sa mga katangian ng kababaihang binanggit doon. Isaalang-alang ang mga katumbas na kahulugang ito sa isang kahulugan ng salitang *"certain"* na may kaugnayan sa matatapat na *"certain women" o ilang babae* na "kumbinsido," "positibo," "may tiwala sa sarili," "matibay," "determinado," "tiyak," at "maaasahan."[4]

Habang pinag-iisipan ko ang napakagandang mga paglalarawang iyon, naalala ko ang dalawa roon sa *ilang babae* sa Bagong Tipan na nagbigay ng positibo, may tiwala sa sarili, matibay, at tiyak na patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Bagama't sila, tulad natin, ay di-perpektong mga babae, nagbibigay-inspirasyon ang kanilang patotoo.

Naaalala ba ninyo ang di-pinangalanang babae sa tabi ng balon na inanyayahan ang iba na sumama at tingnan kung ano ang natutuhan niya tungkol sa Tagapagligtas? Ibinigay niya ang kanyang *tiyak* na patotoo sa isang tanong: "Mangyayari kayang ito ang Cristo?"[5] Mapilit ang kanyang patotoo at paanyaya kaya "marami . . . ang sa kanya'y [naniwala]."[6]

Kasunod ng pagkamatay ng kapatid niyang si Lazaro, madamdaming ipinahayag ni Marta, ang pinakamamahal na disipulo at kaibigan ng Panginoon, "Panginoon, kung ikaw sana'y narito, disin ang kapatid ko ay hindi namatay." Isipin ang kanyang katiyakan nang magpatuloy siya, "*At ngayon nama'y nalalaman ko na,* [na] anomang hingin mo sa Dios, ay ipagkakaloob sa iyo ng Dios." Sinabi pa niya, "Sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang Anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan."[7]



Nalaman natin sa kababaihang ito na ang *mga babaeng nakatitiyak* ay mga disipulong nakatuon sa Tagapagligtas na si Jesucristo at umaasa sa pangako ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

**Mga Babaeng Nakatitiyak na Tumutupad sa Tipan sa Panahon ng Panunumbalik: Handang Magsakripisyo**

Noong unang panahon, nagsakripisyo ang *mga babaeng nakatitiyak* nang patotohanan at ipamuhay nila ang mga turo ni Jesus. Ginawa rin ito ng *mga babaeng nakatitiyak* noong mga unang araw ng Panunumbalik. Kabilang si Drusilla Hendricks at ang kanyang pamilya sa mga nagdusa, bilang mga bagong binyag, sa pag-uusig sa mga Banal sa Clay County, Missouri. Tuluyang naparalisa ang kanyang asawa sa Digmaan sa Crooked River. Mag-isa niya itong inalagaan habang itinataguyod ang kanyang pamilya.

"Sa isang napakasaklap na pagkakataon, nang wala nang makain ang pamilya, naalala niya na isang tinig ang nagsabi sa kanya, 'Maghintay, sapagkat maglalaan ang Panginoon.'"

Nang pagboluntaryuhin ang kanyang anak sa Mormon Battalion, tumutol si Drusilla noong una at taimtim na nanalangin sa Ama sa Langit hanggang sa "parang may isang tinig na nagsabi sa kanya na, 'Ayaw mo ba sa pinakamataas na kaluwalhatian?' Mangyari pa sumagot siya ng, 'Gusto po,' at nagpatuloy ang tinig, 'Sa palagay mo paano mo ito matatamo kung hindi ka magsasakripisyo nang malaki?'"[8]

Nalaman natin sa *mga babaeng nakatitiyak* na ito na sa pagkadisipulong tumutupad ng mga tipan, kailangan tayong maging handang magsakripisyo.

**Ilang Kababaihang Nakatitiyak Ngayon: Pag-alaala at Paghahandang Ipagdiwang ang Kanyang Pagbabalik**

Nabanggit ko ang *mga babaeng nakatitiyak* sa panahon ng Tagapagligtas at sa mga unang araw ng Panunumbalik ng ebanghelyo, ngunit paano naman ang mga halimbawa ng pagkadisipulo at mga patotoo ng *mga babaeng nakatitiyak* sa ating panahon?

Sa bago kong tungkulin sa Asia, muli akong nagkainspirasyon sa maraming *babaeng nakatitiyak* na nakilala ko. Talagang humanga ako sa mga unang miyembro sa India, Malaysia, at Indonesia na nagsisikap na ipamuhay ang kultura ng ebanghelyo sa kanilang sariling tahanan, na kung minsan ay

malaki ang sakripisyo dahil ang pamumuhay ng ebanghelyo ay sumasalungat kadalasan sa pamilya at mga kultura ng bansa. Ang *mga babaeng nakatitiyak* na matatagal nang miyembro ng Simbahan na nakilala ko sa Hong Kong at Taiwan ay patuloy na pinagpapala ang buhay ng kanilang pamilya, mga miyembro ng Simbahan, at komunidad sa pananatiling nakatuon sa Tagapagligtas at kahandaang magsakripisyo para matupad ang mga tipan. Matatagpuan ang ganitong *mga babaeng nakatitiyak* sa buong Simbahan.

Isang *babaeng nakatitiyak* na napagpala ang buhay ko nang ilang dekada sa nakalipas na 15 taon ang nakibaka sa nakapanghihina, mahirap, at tumitinding sakit na tinatawag na inclusion body myositis. Bagama't nakatali sa kanyang wheelchair, sinisikap niyang magpasalamat at magpatuloy sa kanyang "Can Can List": isang listahan ng mga bagay na *kaya* niyang gawin, tulad ng kaya kong huminga, lumunok, manalangin, at madama ang pagmamahal ng aking Tagapagligtas. Halos araw-araw ay ibinabahagi niya sa pamilya at mga kaibigan ang kanyang *tiyak* na patotoo na nakatuon kay Cristo.

Narinig ko kamakailan ang kuwento ni Jenny. Isa siyang returned missionary na nagdiborsyo ang mga magulang habang nasa misyon siya. Ikinuwento niya kung paano "[siya] mamatay-matay sa takot" sa ideyang pauwi na siya." Ngunit sa pagtatapos ng kanyang misyon sa Italy, nang bumisita siya sa mission home pauwi sa Estados Unidos, magiliw siyang pinaglingkuran ng isang *babaeng nakatitiyak*, ang asawa ng mission president, sa pagsusuklay ng kanyang buhok.

Ilang taon pagkaraan, isa pang *babaeng nakatitiyak,* si Terry—isang stake Relief Society president at disipulo ni Jesucristo—ang naging pagpapala sa buhay ni Jenny nang tawagin siyang ward Relief Society president. Noong panahong iyon, sumusulat si Jenny ng thesis para sa kanyang doctoral degree. Hindi lamang nagsilbing guro kay Jenny si Terry bilang lider, kundi sinamahan din siya nito nang 10 oras sa ospital nang matanggap ni Jenny ang nakababahalang resulta na may leukemia siya. Bumisita si Terry sa ospital at inihatid si Jenny sa mga appointment nito. Pagtatapat ni Jenny, "Ilang beses yata akong nagsuka sa kotse niya."

Sa kabila ng sakit niya, buong tapang na patuloy na naglingkod si Jenny bilang ward Relief Society president. Kahit sa matindi niyang paghihirap, tumawag siya sa telepono at nagpadala ng mga text at email mula sa kanyang higaan, at inanyayahan niya ang kababaihan na bisitahin siya. Nagpadala siya ng mga card at sulat sa mga tao, at minahal ang kanyang mga kapatid mula sa malayo. Nang hingan siya ng ward ng retrato ng kanyang presidency para sa kanilang ward history, ito ang nakuha nila. Dahil si Jenny mismo ay isang *babaeng nakatitiyak*, hinikayat niya ang lahat na tumulong na dalhin ang pasanin ng iba, pati na ang sa kanya.


*Si Jenny (gitna), na naglilingkod bilang ward Relief Society president sa kabila ng pagkakaroon ng sakit na lukemia, kasama ang mga miyembro ng kanyang panguluhan.*

Bilang isang *babaeng nakatitiyak,* nagpatotoo si Jenny: "Narito tayo hindi lamang para iligtas ang iba kundi maging ang ating sarili. At ang kaligtasang iyan ay nagmumula sa pakikipagtulungan kay Jesucristo, mula sa pag-unawa sa Kanyang biyaya at Pagbabayad-sala at pagmamahal para sa kababaihan ng Simbahan. Nangyayari iyan sa pamamagitan ng mga bagay na kasing-simple ng pagsusuklay ng buhok ng iba; pagpapadala ng liham na may inspirado, malinaw, at naghahayag na mensahe ng pag-asa at biyaya, o pagtutulot sa kababaihan na paglingkuran tayo."[9]

Mga kapatid, kapag tayo ay nagambala, nag-alinlangan, nadismaya, nagkasala, nalungkot, o nahirapan ang ating kaluluwa, nawa'y tanggapin natin ang paanyaya ng Panginoon na uminom ng Kanyang tubig na buhay, tulad ng ginawa ng *nakatitiyak* na babae sa tabi ng balon, na inanyayahan ang iba na gawin iyon kapag nagbahagi tayo ng ating sariling *tiyak* na patotoo na: "Mangyayari kayang ito ang Cristo?"

Kapag tila hindi patas ang buhay, tulad ng akala ni Marta nang mamatay ang kapatid niyang lalaki—kapag nagdadalamhati tayo dahil tayo ay nalulungkot, hindi magkaanak, namatayan ng mahal sa buhay, nawalan ng mga pagkakataong makapag-asawa at magkapamilya, nawasak ang tahanan, nanghina sa depresyon, may sakit sa katawan o isipan, may nakakainis na problema, nabalisa, may adiksyon, gipit sa pera, o maraming iba pang mga problema—alalahanin sana natin si Marta at ipahayag ang gayunding *tiyak* na patotoo: "*Ngunit alam ko . . . [at] sumasampalataya ako* na ikaw ang Cristo ang Anak ng Dios."

Nawa'y maalaala natin ang maraming *babaeng nakatitiyak* na tumanggging talikuran ang ating mahal na Tagapagligtas noong matindi ang Kanyang pagdurusa sa krus subalit makalipas ang ilang oras ay nagkaroon


ng pribilehiyo na makasama ng *nakatitiyak* na mga saksi sa Kanyang maluwalhating Pagkabuhay na Maguli. Manatili tayong malapit sa Kanya sa panalangin at sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Lumapit tayo sa Kanya sa paghahanda at pakikibahagi sa mga sagradong simbolo ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo sa ordenansa ng sakramento linggu-linggo at pagtupad ng mga tipan sa paglilingkod sa iba sa oras ng kanilang pangangailangan. Sa gayon marahil makakasama tayo ng *mga babaeng nakatitiyak,* na mga disipulo ni Jesucristo, na magdiriwang ng Kanyang maluwalhating pagbalik kapag pumarito Siyang muli.

Mga kapatid, pinatototohanan ko ang mapagmahal na mga Magulang sa Langit, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at ang Kanyang walang-katapusang Pagbabayad-sala para sa atin. Alam ko na si Propetang Joseph Smith ay itinalaga noon pa man bilang propeta ng Panunumbalik. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo at isinalin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Nabiyayaan tayo ng isang buhay na propeta sa ating panahon, si Pangulong Thomas S. Monson. Sa mga katotohanang ito ay *nakatitiyak* ako! Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

*Paalala: Noong Abril 1, 2017, si Sister Burton ay ini-release bilang Relief Society General President.*

**MGA TALA**

1. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 3.
2. Lucas 8:1–3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Lucas 24:22–23; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Sa Ingles ang katagang *certain* ay may pangalawang kahulugan na "isang grupo ng mga," o "iba't ibang." Ngunit ang kahulugan ng katiyakan, tiwala, at katapatan ang mas gusto kong bigyang-diin ngayon.
5. Juan 4:29.
6. Juan 4:39.
7. Juan 11:21–22, 27; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. Tingnan sa Jennifer Reeder and Kate Holbrook, mga editor, *At the Pulpit: 185 Years of Discourses by Latter-day Saint Women* (2017), 51–52.
9. Ginamit nang may pahintulot ng awtor na si Jennifer Reeder, isang espesyalista sa kasaysayan ng kababaihan noong ika-19 na siglo sa Church History Department.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# "Ang Aking Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo"

*Ang Panginoon ay nangako ng kapayapaan sa Kanyang mga disipulo nang malapit na Niya silang iwan. Iyon din ang ipinangako Niya sa atin.*

Mahal kong mga kapatid, nabiyayaan tayo ng Espiritu ng Diyos ngayong gabi. Ang musika at mga mensahe ay nagpatibay sa ating pananampalataya at nagpaibayo sa ating hangaring sundin ang mga sagradong tipan na ginawa natin sa ating mapagmahal na Ama sa Langit. Nadama natin na nag-ibayo ang ating pagmamahal sa Panginoong Jesucristo at pasasalamat para sa kagila-gilalas na kaloob ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Ang mensahe ko ngayong gabi ay simple. Nakadama tayo ng kapayapaan ngayong gabi. Gusto nating lahat na madama ang kapayapaang iyan sa ating kalooban, sa ating pamilya, at sa mga tao sa ating paligid. Ang Panginoon ay nangako ng kapayapaan sa Kanyang mga disipulo nang malapit na Niya silang iwan. Iyon din





ang ipinangako Niya sa atin. Ngunit sinabi Niya na magbibigay Siya ng kapayapaan sa Kanyang paraan, hindi sa paraan ng mundo. Inilarawan niya ang Kanyang paraan sa paghahatid ng kapayapaan:

"Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.

"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:26–27).

Kinailangan ng mga anak ni Mosias ang kaloob na kapayapaang iyon nang simulan nila ang kanilang misyon sa mga Lamanita. Nakadama ng higit pa sa kaunting pag-aalala dahil sa bigat ng kanilang gawain, nanalangin sila para muling makatiyak. At "sila ay dinalaw ng Panginoon ng kanyang Espiritu, at sinabi sa kanila: Maaliw. At naaliw sila" (Alma 17:10; tingnan din sa Alma 26:27).

Paminsan-minsan, maaari ninyong asamin ang kapayapaan kapag naharap kayo sa kawalang-katiyakan at tila napipintong mga hamon. Natutuhan ng mga anak ni Mosias ang aral na itinuro ng Panginoon kay Moroni. Isa itong gabay sa ating lahat: "Kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

Sinabi ni Moroni na nang kanyang "marinig ang mga salitang ito," siya "ay naaliw" (Eter 12:29). Maaari iyang makaaliw sa ating lahat. Ang mga taong hindi nakikita ang kanilang mga kahinaan ay hindi umuunlad. Ang pagkabatid sa inyong kahinaan ay isang pagpapala, dahil pinananatili kayo nitong mapagkumbaba at ibinabaling kayo palagi sa Tagapagligtas. Hindi lamang kayo inaaliw ng Espiritu, kundi kumikilos din Siya para mabago ng Pagbabayad-sala ang inyong likas na pagkatao. Sa gayon ay nagiging malakas ang mahihinang bagay.

Kung minsa'y hahamunin ni Satanas ang inyong pananampalataya; nangyayari ito sa lahat ng disipulo ni Jesucristo. Ang inyong depensa laban sa mga pag-atakeng ito ay panatilihin ang Espiritu Santo bilang inyong gabay. Papayapain ng Espiritu ang inyong kaluluwa. Hihimukin Niya kayong sumulong nang may pananampalataya. At ibabalik Niya ang alaala ng mga panahon na nadama ninyo ang liwanag at pag-ibig ni Jesucristo.

Ang pag-alaala ay maaaring isa sa mga pinakamahalagang kaloob na maibibigay sa inyo ng Espiritu. Siya ang "magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y [sinabi ng Panginoon]" (Juan 14:26). Maaari ninyong maalaala ang isang nasagot na dalangin, isang natanggap na ordenansa ng priesthood, isang pagpapatibay ng inyong patotoo, o isang sandali na nakita ninyo ang paggabay ng Diyos sa inyong buhay. Marahil balang-araw kapag kailangan ninyo ng lakas, maaaring ipaalaala sa inyo ng Espiritu ang nadama ninyo sa pulong na ito. Nawa'y mangyari ito.

Ang isang alaala na madalas ibalik ng Espiritu sa aking isipan ay ang isang sacrament meeting sa gabi na idinaos maraming taon na ang nakaraan sa isang metal na kubol sa Innsbruck, Austria. Nasa ilalim ng riles ng tren ang kubol na iyon. Mga labindalawang tao lang ang naroon, na nakaupo sa mga silyang kahoy. Karamihan sa kanila ay kababaihan, ang ilan ay bata at ang ilan ay matanda. Nakita kong lumuha sa pasasalamat ang ilan habang ipinapasa ang sakramento sa maliit na kongregasyong iyon. Nadama ko ang pagmamahal ng Tagapagligtas para sa mga Banal na iyon, at gayon din sila. Ngunit ang himala na malinaw kong naaalala ay ang liwanag na tila pumuno sa metal na kubol na iyon, na nagpadama ng kapayapaan. Gabi noon at walang mga bintana, subalit ang liwanag sa loob ng silid ay parang katanghaliang tapat.



Maningning at sagana ang liwanag ng Banal na Espiritu noong gabing iyon. At ang mga bintanang nagpapasok sa liwanag ay ang mapagkumbabang puso ng mga Banal na iyon, na humarap sa Panginoon upang ihingi ng tawad ang kanilang mga kasalanan at mangako na sa tuwina'y aalalahanin Siya. Hindi Siya mahirap alalahanin noon, at ang aking alaala sa sagradong karanasang iyon ay nagpadali para maalaala ko Siya at ang Kanyang Pagbabayad-sala sa sumunod na mga taon. Noong araw na iyon natupad ang pangako sa panalangin sa sakramento na mapapasaatin ang Espiritu kaya nadama ang liwanag at kapayapaan.

Tulad ninyo, noon ko pa pinasasalamatan ang maraming paraan ng pagdalaw sa akin ng Panginoon sa pamamagitan ng Mang-aaliw kapag kailangan ko ng kapayapaan. Subalit ang inaalala ng ating Ama sa Langit ay hindi lamang ang ating kapanatagan kundi higit pa rito ay ang ating pag-unlad. Ang "Mang-aaliw" ay isa lamang sa mga paglalarawan sa Espiritu Santo sa mga banal na kasulatan. Narito pa ang isa: "At ngayon, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng mabuti" (D at T 11:12). Kadalasan, ang ipagagawa Niyang kabutihan sa inyo ay pagtulong sa iba na makatanggap ng aliw mula sa Diyos.

Sa Kanyang karunungan, pinagsama-sama kayo ng Panginoon sa mga organisasyon at klase sa Kanyang Simbahan. Ginawa Niya ito para maragdagan ang kakayahan ninyong gumawa ng kabutihan. Sa mga organisasyong ito, partikular ang mga utos sa inyo na paglingkuran ang iba para sa Kanya. Halimbawa, kung isa kang dalagita, maaari kang hilingan ng iyong bishop o Young Women leader na tulungan ang isang Laurel na naging kung minsa'y tinatawag nating "di-gaanong aktibo." Maaari mo siyang makilala nang higit kaysa sa bishop o sa Young Women leader. Maaari mong malaman na namomroblema siya sa bahay o sa paaralan o baka sa dalawang ito. Maaaring hindi alam ng mga lider mo kung bakit sila nagkaroon ng inspirasyon na hilingan kang tulungan siya, ngunit alam ng Panginoon, at pinamamahalaan Niya ang gawaing ito sa pamamagitan ng inspirasyon ng Kanyang Espiritu.

Kailangan ang himala ng pagbabago kapwa sa iyong puso at sa puso ng dalagitang pinasasagip sa iyo—at kailangan diyan ang patnubay ng Espiritu Santo. Tutulutan ka ng Espiritu na tingnan ang di-gaanong aktibong Laurel na tulad ng pagtingin sa kanya ng Panginoon. Alam ng Panginoon ang nilalaman ng puso ninyong dalawa, at ang mga posibilidad na mababago ang mga puso. Madadalaw Niya kayong dalawa ng Kanyang Espiritu upang bigyan kayo ng inspirasyon na magpakumbaba, magpatawad, at magmahal.

Ang Espiritu ay makahihikayat ng mga salita, gawa, at tiyaga na kailangan para mapabalik mo ang isang tupa sa kawan. At maaantig Niya ang puso ng mga nasa Laurel class na mahalin at tanggapin ang nawawalang tupa para pagbalik niya, madama niya na nakauwi na siya.

Ang kakayahan ninyong gumawa ng kabutihan bilang isang grupo ng mga anak na babae ng Diyos ay nakasalalay, nang malaki, sa inyong pagkakaisa at pagmamahalan. Ito ay isa pang kaloob ng kapayapaan na nagmumula sa Espiritu Santo.

Naunawaan ito ni Alma. Kaya nga nakiusap siya sa kanyang mga tao "na hindi nararapat na magkaroon ng pakikipag-alitan sa isa't isa, sa halip sila ay tumingin sa iisang layunin, na may iisang pananampalataya at iisang binyag, na ang kanilang mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa" (Mosias 18:21).

Kailangan tayong magkaisa upang mapasaatin ang Espiritu sa ating klase at sa ating pamilya. Ngunit alam ninyo mula sa karanasan, katulad ko, na mahirap mapanatili ang mapagmahal na pagkakaisang iyon. Kailangan nating makasama ang Espiritu Santo para mamulat at makapagtimpi tayo.

Naaalala ko na minsa'y nagtatalon nang husto sa kama ang pito- o walong-taong-gulang na anak naming lalaki kaya naisip ko na baka bumagsak ang kama. Nag-init ako sa inis, at agad akong kumilos para ayusin ang bahay ko. Sinunggaban ko ang maliliit na balikat ng anak ko at iniangat siya hanggang sa magpantay ang aming mga mata.

Ipinaalam sa akin ng Espiritu ang sasabihin. Tila mahina ang tinig na iyon, ngunit tumimo iyon sa puso ko: "Dakila ang taong hawak-hawak mo." Dahan-dahan ko siyang ibinaba sa kama at humingi ako ng tawad.

Ngayon ay dakila na ang lalaking ipinakita sa akin ng Espiritu Santo 40 taon na ang nakararaan. Lubos akong nagpapasalamat na sinagip ako ng Panginoon mula sa aking pagkainis sa




pagsusugo ng Espiritu Santo para makita ko ang isang anak ng Diyos ayon sa pagtingin Niya rito.

Ang pagkakaisang hangad natin sa ating pamilya at sa Simbahan ay darating kapag tinulutan nating impluwensyahan ng Espiritu Santo ang ating paningin kapag tumingin tayo sa isa't isa—at kahit kapag iniisip natin ang isa't isa. Ang pagtingin ng Espiritu ay may dalisay na pag-ibig ni Cristo. Pakinggan ang mga salitang ginamit ni Mormon sa paglalarawan ng pag-ibig sa kapwa. Isipin ang mga panahon na nadama ninyo ito:

"Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait, at hindi naiinggit, at hindi palalo, hindi naghahangad para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit, hindi nag-iisip ng masama, at hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan, binabata ang lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay.

"Kaya nga, mga minamahal kong [kalalakihan at idaragdag ko ang kababaihan], kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

"Datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.


"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay" (Moroni 7:45–48).

Ito ang mithiin ng inyong Ama sa Langit para sa inyo, na Kanyang natatanging mga anak na babae. Maaaring tila malayong makamtan ninyo ang mithiing ito, ngunit sa tingin Niya, hindi kayo gayon kalayo. Kaya dinadalaw Niya kayo ng Kanyang Espiritu upang kayo ay aliwin, hikayatin, at bigyang-inspirasyon na magpatuloy.

Iniiwan ko sa inyo ang aking tiyak na patotoo na kilala kayo ng Ama, mahal Niya kayo, at naririnig Niya ang inyong mga dalangin. Pinalalapit kayo ng Kanyang Pinakamamahal na Anak sa Kanya. At isinusugo Nila ang Espiritu Santo para tulungan kayo sa inyong mga pagsisikap na paglingkuran ang iba para sa Kanila.

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mapapabanal at mapapadalisay ng patuloy na patnubay ng Espiritu Santo ang inyong espiritu. Madarama ninyo ang kapayapaan na ipinangakong iwan ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo. Kasabay ng kapayapaang iyan ang maningning na pag-asa at damdamin ng liwanag at pag-ibig ng Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na namumuno sa Kanyang kaharian sa lupa sa pamamagitan ng paghahayag sa Kanyang buhay na propeta. Pinatototohanan ko ito sa banal na pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■





Sesyon sa Sabado ng Umaga | Abril 1, 2017

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagtitipon sa Pamilya ng Diyos

*Nais ng Diyos Ama na makauwing muli ang Kanyang mga anak, sa mga pamilya at sa kaluwalhatian.*

Mahal kong mga kapatid, nagagalak ako sa pagkakataong makasama kayo sa pagsisimula ng sesyong ito ng pangkalahatang kumperensya. Malugod ko kayong binabati.

Ang pangkalahatang kumperensya ay lagi nang isang panahon ng pagtitipon para sa mga Banal sa Huling Araw. Hindi na natin kayang pisikal na magtipon sa isang lugar, ngunit naglaan ng mga paraan ang Panginoon upang makarating ang mga pagpapala ng pangkalahatang kumperensya saanman kayo naroon. Kahanga-hanga mang tingnan ang pagtitipon ng mga Banal sa malaking Conference Center na ito, kami na nakatayo sa pulpitong ito ay palaging naiisip ang milyun-milyong taong nakikipagtipon sa atin sa buong mundo upang manood at makinig sa kumperensya. Marami sa inyo ang katipon ang inyong mga pamilya; ang ilan ay maaaring katipon ang mga kaibigan at kapwa-miyembro ng Simbahan.

Saanman kayo naroroon at paano man ninyo naririnig ang aking tinig, nais kong malaman ninyo na kahit hindi namin kayo kasama nang personal, nadarama namin na kasama namin kayo sa espiritu. Umaasa kami na madarama ninyong lahat na kaisa namin kayo—na madarama ninyo ang pagdating ng espirituwal na lakas tuwing nagtitipon ang mga nananalig sa pangalan ni Jesucristo.

Nahikayat akong magsalita sa inyo ngayon tungkol sa isa pang uri ng pagtitipon. Hindi ito tuwing ikaanim na buwan lamang nangyayari, na tulad ng pangkalahatang kumperensya. Sa halip, patuloy na itong nangyayari simula pa noong mga unang araw ng Pagpapanumbalik ng Simbahan, at bumibilis na ito nitong mga huling taon. Ang tinutukoy ko ay ang pagtitipon sa pamilya ng Diyos.

Para mailarawan ang pagtitipong ito, pinakamainam na magsimula noong bago pa tayo isinilang, bago sumapit ang tinatawag sa Biblia na "pasimula" (Genesis 1:1). Sa panahong iyon, kapiling natin ang Ama sa Langit bilang Kanyang mga espiritung anak. Totoo ito sa bawat taong nabuhay sa daigdig.

Alam ninyo, ang pagtawag ng "brother" at "sister" ay hindi lamang magiliw na pagbati o pagpapadama ng pagmamahal para sa atin. Ito ay pagpapahayag ng isang walang-hanggang katotohanan: ang Diyos ay literal na Ama ng buong sangkatauhan; bawat isa sa atin ay bahagi ng Kanyang



walang-hanggang pamilya. Dahil mahal Niya tayo na tulad ng pagmamahal ng isang perpektong Ama, nais Niya tayong lumago at sumulong at maging katulad Niya. Gumawa Siya ng isang plano kung saan paparito tayo sa mundo, sa mga pamilya, at magkakaroon ng mga karanasan na maghahanda sa atin upang makabalik sa Kanya at mabuhay na tulad Niya.

Ang pinakamahalagang bahagi ng planong ito ay ang pangako na iaalay ni Jesucristo ang Kanyang buhay bilang isang sakripisyo, upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Ang tungkulin natin sa planong iyon ay tanggapin ang sakripisyo ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo. Tinanggap ko at ninyo ang planong ito. Katunayan, nagalak tayo rito, kahit mangahulugan pa ito na lilisanin natin ang presenya ng ating Ama at malilimutan natin ang mga naranasan natin doon sa piling Niya.

Ngunit hindi tayo ipinadala rito na walang kaalam-alam. Bawat isa sa atin ay binigyan ng kaunting liwanag ng Diyos, na tinatawag na "Liwanag ni Cristo," upang tulungan tayong matukoy ang mabuti sa masama, ang tama sa mali. Kaya nga kahit yaong mga nabubuhay na may kakaunti o walang kaalaman sa plano ng Ama ay nadarama pa rin, sa kanilang puso, na ang ilang gawain ay makatarungan at mabuti samantalang ang iba ay hindi.

Mas matindi ang pag-unawa natin sa tama at mali lalo na sa pagpapalaki sa ating mga anak. Likas sa halos lahat ng magulang ang pagnanais na turuan ng mabubuting asal ang kanyang mga anak. Bahagi ito ng himala ng plano ng Ama sa Langit. Nais Niyang pumarito sa mundo ang Kanyang mga anak, na sinusunod ang walang-hanggang huwaran ng mga pamilya na umiiral sa langit. Ang mga pamilya ang pangunahing unit ng organisasyon sa kawalang-hanggan, kaya nga layon Niyang maging pangunahing unit din sila sa mundo. Kahit malayo sa pagiging perpekto ang mga pamilya sa mundo, binibigyan nila ang mga anak ng Diyos ng pinakamagandang pagkakataon na



malugod na tanggapin sa mundo na may pagmamahal na halos katulad ng nadama natin sa langit—ang pagmamahal ng magulang. Ang mga pamilya rin ang pinakamabuting paraan upang maipreserba at maipasa ang mabubuting asal at mga tunay na alituntunin na malamang na umakay sa atin pabalik sa kinaroroonan ng Diyos.

Kakaunti lamang sa mga anak ng Diyos ang nagtatamo sa buhay na ito ng lubos na pang-unawa sa plano ng Diyos, kabilang na ang pagkakataong makinabang sa mga ordenansa at tipan ng priesthood na ginagawang lubos na epektibo ang kapangyarihan ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating buhay. Kahit yaong mga may napakababait na magulang ay maaaring mamuhay nang tapat ayon sa liwanag na taglay nila ngunit hindi kailanman makarinig tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala o maanyayahang magpabinyag sa Kanyang pangalan. Totoo ito para sa milyun-milyon sa ating mga kapatid sa buong kasaysayan ng mundo.

Maaaring isipin ng iba na hindi ito patas. Maaari pa nga nila itong gawing ebidensya na walang plano, walang partikular na mga kinakailangan para maligtas—nadaramang ang isang makatarungan at mapagmahal na Diyos ay hindi lilikha ng isang plano na para lamang sa kakaunti sa Kanyang mga anak. Maaaring ipalagay ng iba na naipasiya na ng Diyos kung sinu-sino sa Kanyang mga anak ang Kanyang ililigtas at ibinigay ang ebanghelyo sa kanila, samantalang yaong mga hindi nakarinig sa ebanghelyo kailanman ay talagang hindi "pinili."

Ngunit alam ko at ninyo, dahil sa ipinanumbalik na mga katotohanan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, na ang plano ng Diyos ay mas mapagmahal at makatarungan kaysa riyan. Nasasabik ang ating Ama sa Langit na tipunin at pagpalain ang Kanyang buong pamilya. Kahit alam Niya na hindi lahat sa kanila ay pipiliing matipon, binibigyan ng Kanyang plano ang bawat anak Niya ng pagkakataong tanggapin o tanggihan ang Kanyang paanyaya. At ang mga pamilya ang pinakamahalaga sa planong ito.

Ilan daang taon na ang nakalipas, sinabi ng propetang si Malakias na darating ang araw, isusugo ng Diyos si Elijah upang "papagbalikingloob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang" (Malakias 4:6).

Napakahalaga ng propesiyang ito kaya binanggit ito ng Tagapagligtas nang bumisita Siya sa mga lupain ng Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa 3 Nephi 25:5–6). At nang dalawin ng anghel na si Moroni si Propetang Joseph Smith, binanggit din niya ang propesiya tungkol kay Elijah at sa mga puso, mga ama, at mga anak (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39).

Ngayon ay Abril 1. Dalawang araw mula ngayon, Abril 3, ang ika-181 taon mula sa araw na natupad ang propesiya ni Malakias. Sa araw na iyon, dumating nga si Elijah, at ibinigay niya kay Joseph Smith ang kapangyarihan ng priesthood na ibuklod ang mga pamilya magpakailanman (tingnan sa D at T 110:13–16).

Mula sa araw na iyon hanggang ngayon, labis na lumago ang interes na magsaliksik ng family history. Sa patuloy na pagdami ng mga taong interesado, tila hindi lamang pag-uusisa ang nakaengganyo sa kanila na saliksikin

ang kanilang mga ninuno. Lumitaw ang mga genealogical library, samahan, at teknolohiya sa buong mundo upang suportahan ang interes na ito. Ang kapangyarihan ng internet na mapahusay ang mga komunikasyon ay nagbigay ng kakayahan sa mga pamilya na magtulungan sa paggawa ng family history sa bilis at pagkadetalyado na hindi naging posible noon.

Bakit nangyayari ang lahat ng ito? Dahil walang ibang mas magandang kataga, tinatawag natin itong "diwa ni Elijah." Matatawag din natin itong "katuparan ng propesiya." Nagpapatotoo ako na dumating nga si Elijah. Ang puso ng mga anak—sa inyo at sa akin—ay bumaling na sa ating mga ama, sa ating mga ninuno. Ang pagmamahal na nadarama ninyo para sa inyong mga ninuno ay bahagi ng katuparan ng propesiyang iyon. Nakabatay itong masyado sa inyong pag-unawa kung sino kayo. Ngunit hindi lang ito tungkol sa namanang DNA.

Halimbawa, kapag sinunod ninyo ang mga pahiwatig na magsaliksik tungkol sa inyong family history, maaari ninyong matuklasan na ang isang malayong kamag-anak ay kamukha ninyo o mahilig ding magbasa ng aklat o may talento rin sa pag-awit na katulad ninyo. Maaari itong maging kawili-wili at makapagbigay pa ng pang-unawa. Ngunit kung hanggang doon lang ang ginagawa ninyo, madarama ninyo na may kulang pa. Ito ay dahil sa ang pagtitipon at pagkakaisa ng pamilya ng Diyos ay nangangailangan ng higit pa sa mainit na pakiramdam.Nangangailangan ito ng mga sagradong tipan na ginagawa sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood.

Marami sa inyong mga ninuno ang hindi nakatanggap ng mga ordenansang iyon. Ngunit sa awa ng Diyos, natanggap ninyo ang mga iyon. At alam ng Diyos na mapapalapit ang damdamin ninyo sa inyong mga ninuno nang may pagmamahal at na magkakaroon kayo ng teknolohiyang kailangan para matukoy sila. Alam din Niya na mabubuhay kayo sa isang panahon na mas malaki ang pagkakataon na makapasok kayo sa mga banal



na templo, kung saan maisasagawa ang mga ordenansa, kaysa sa anumang panahon sa kasaysayan.At alam Niya na maaari Siyang magtiwala na isasagawa ninyo ang gawaing ito para sa inyong mga ninuno.

Siyempre, lahat tayo ay maraming kailangan at mahalagang responsibilidad na kailangan nating asikasuhin at harapin. Lahat tayo ay nakakakita ng mga bahagi ng inaasahan ng Panginoon na gagawin natin na hindi natin kaya. Mabuti na lang, naglaan ng paraan ang Panginoon para magkaroon ng tiwala at kasiyahan ang bawat isa sa atin sa lahat ng ating paglilingkod, kabilang na ang paglilingkod sa family history. Nagtatamo tayo ng lakas na gawin ang Kanyang ipinagagawa sa pamamagitan ng ating pananampalataya na ang Panginoon ay hindi nagbibigay ng anumang kautusan "maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa [atin] upang [ating] maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos" (1 Nephi 3:7).

Alam kong totoo ito dahil naranasan ko ito. Maraming taon na ang nakalipas, noong estudyante ako sa unibersidad, nakilala ko ang isang lalaki na nagtatrabaho sa pinakamalaking computer company sa mundo. Bagubago pa lang noon ang computer, at nagkataon lang na pinagbenta siya ng kanyang kompanya ng mga computer sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang masasabi ko, walang relihiyon ang salesman na ito. Subalit sinabi niya nang may pagkamangha at pagkayamot, "Sa simbahang ito ginagawa nila ang tinatawag nilang 'genealogy,' naghahanap ng mga pangalan ng mga taong patay na, at sinisikap na matukoy ang kanilang mga ninuno. Palipat-lipat ng filing cabinet ang mga tao, na karamihan ay mga babae, sa paghahanap ng impormasyon sa maliliit na card." Kung tama ang pagkaalala ko, sinabi niya na ang mga babae ay nakasuot ng tennis shoes para mas mabilis silang makatakbo. Sabi pa ng lalaki, "Nang makita ko ang lawak ng sinisikap nilang gawin, natanto ko na alam ko na kung bakit naimbento ang mga computer."

At, medyo tama siya. Magiging mahalagang bahagi ng kinabukasan ng gawain sa family history ang mga computer—hindi nga lang ang mga computer na ibinebenta niya. Ipinasiya ng isang inspiradong pinuno ng Simbahan na hindi bilhin ang mga computer niya. Hihintayin pa ng Simbahan ang teknolohiya na sa panahong iyon ay wala pang nakakaisip. Ngunit nalaman ko sa maraming taon simula noon na kahit ang pinakamahusay na teknolohiya ay hinding-hindi mapapalitan ang



paghahayag mula sa langit, tulad ng paghahayag na natanggap ng pinunong iyon ng Simbahan. Ito ay isang espirituwal na gawain, at pinamamahalaan ito ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu.

Ilang linggo na ang nakararaan, ginagawa ko ang aking family history na katabi ang isang consultant at isa pang tumutulong na nasa telepono. Nasa computer screen sa harap ko ang isang problemang hindi kayang lutasin ng aking mortal na kaalaman. Nakakita ako ng dalawang pangalan, na ipinadala sa akin ng mga hiwaga ng teknolohiya, ng mga tao na maaaring naghihintay na magawan ng isang ordenansa sa templo. Ngunit ang problema ay magkaiba ang mga pangalan, ngunit may dahilan para paniwalaan na iisang tao lang sila. Ang trabaho ko ay alamin kung ano ang totoo.

Pinakiusapan ko ang mga consultant ko na sabihin sa akin. Sabi nila, "Hindi, kailangan mong pumili." At sigurадung-sigurado sila na matutuklasan ko ang katotohanan. Nabiyayaan ako ng computer, taglay ang lahat ng kapangyarihan at impormasyon, na matitigan ang mga pangalang iyon sa screen, masuri ang ibinigay na impormasyon, magsaliksik pa, manalangin nang tahimik, at matuklasan kung ano ang totoo. Habang nagdarasal ako, nalaman ko nang may katiyakan kung ano ang gagawin—tulad ng nangyari sa ibang mga sitwasyon na kinailangan kong umasa sa tulong ng langit para lutasin ang isang problema.

Hindi natin alam kung anong mga hiwaga ng Diyos ang magbibigay-inspirasyon sa mga tao na lumikha upang makatulong sa Kanyang gawain na tipunin ang Kanyang pamilya. Ngunit anumang kagila-gilalas na mga imbensyon ang dumating, ang paggamit dito ay mangangailangan ng Espiritu na iimpluwensya sa mga taong katulad ko at ninyo. Hindi na tayo dapat masorpresa rito. Tutal, minamahal na mga anak ng Diyos naman sila. Ipadadala Niya ang anumang inspirasyong kailangan upang bigyan sila ng pagkakataong makabalik sa Kanya.

Nitong mga nagdaang taon, tumugon na ang mga kabataan ng Simbahan sa diwa ni Elijah sa isang nakasisiglang paraan. Marami na ngayon ang mayhawak ng sarili nilang limited-use temple recommend at madalas nila itong gamitin. Mas abala na ngayon ang mga bautismuhan sa templo nang higit kailanman; kinailangan pa nga ng ilang templo na i-adjust ang kanilang mga iskedyul para mabigyang-daan ang dumaraming bilang ng mga kabataang dumadalo sa templo.

Bihira noon ngunit nakasisiyang eksepsyon para sa mga kabataan na magdala ng mga pangalan ng kanilang sariling mga ninuno sa templo. Ngayon ay karaniwan na ito, at napakadalas na ang mga kabataan mismo ang nakahanap sa mga ninunong ito.

Bukod pa rito, maraming kabataan ang nakatuklas na ang pagbibigay ng panahon sa paggawa ng family history at gawain sa templo ay nagpalalim sa kanilang patotoo sa plano ng kaligtasan. Napalakas nito ang impluwensya ng Espiritu sa kanilang buhay at napahina ang impluwensya ng kaaway. Natulungan sila nito na mas mapalapit sa kanilang pamilya at sa Panginoong Jesucristo. Natutuhan nila na hindi lamang ang mga pumanaw ang ililigtas ng gawaing ito; lahat tayo ay ililigtas nito (tingnan sa D at T 128:18).

Kahanga-hanga na naunawaan ng mga kabataan ang pananaw na ito; ngayon ay kailangan namang humabol ang kanilang mga magulang. Marami nang tao ang nabinyagan ngayon sa daigdig ng mga espiritu dahil sa ginawa ng mga kabataan, at hinihintay nila ang iba pang mga ordenansa na tanging mga nakatatanda ang makagagawa sa templo sa daigdig na ito. Ang gawain ng pagtitipon sa pamilya ng Ama sa Langit ay hindi lamang para sa mga kabataan, at hindi lamang ito para sa mga lolo't lola. Ito'y para sa lahat. Lahat tayo ay tagapagtipon.

Ito ang gawain ng ating henerasyon, na tinawag ni Apostol Pablo na "[dispensasyon ng] kaganapan ng mga panahon," kung kailan sinabi niya na "[titipunin ng Diyos] ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa" (Mga Taga Efeso 1:10). Naging posible ito sa pamamagitan ng nagbabayad-salang gawain ng Pinakamamahal na Anak ng Diyos na si Jesucristo. Dahil sa Kanya, ang mga miyembro ng ating pamilya, "na noong panahon ay nalalayo ay inilapit sa dugo ni Cristo. Sapagka't siya ang ating kapayapaan, na kaniyang pinagisa ang dalawa, at iginiba ang pader na nasa gitna na nagpapahiwalay [sa atin]" (Mga Taga Efeso 2:13–14). Nadama na ninyo ito, tulad ko, nang maranasan ninyo ang paglago ng pagmamahal nang tingnan ninyo ang larawan ng isang ninuno. Nadama na ninyo ito sa templo nang tila hindi lang isang pangalan ang pangalang nakasulat sa kard, at hindi ninyo napigilang madama na kilala kayo ng taong ito at nadama niya ang inyong pagmamahal.

Pinatototohanan ko na nais ng Diyos Ama na makauwing muli ang Kanyang mga anak, sa mga pamilya at sa kaluwalhatian. Ang Tagapagligtas ay buhay. Pinamamahalaan at pinagpapala Niya ang gawaing ito, at binabantayan at ginagabayan Niya tayo. Nagpapasalamat Siya sa inyo dahil sa inyong matapat na paglilingkod sa pagtitipon sa pamilya ng Kanyang Ama, at nangangako sa inyo ng inspiradong tulong na hinahangad at kailangan ninyo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni M. Joseph Brough**
Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# Ang Kanyang Kamay na Gumagabay Araw-araw

*Alam ng Ama sa Langit kung ano ang inyo at aking kailangan nang higit kaninuman.*

Isa sa pinakagustong mga kasangkapan ng Ama sa Langit sa paggabay sa Kanyang mga anak ang matwid na mga lolo't lola. Ganyan ang ina ng tatay ko. Minsan noong masyado pa akong bata para makaalala, dinisiplina ako ng tatay ko. Nang makita ang pagtatamang ito, sabi ng lola ko, "Monte, sa tingin ko masyadong mabagsik kang magsalita sa kanya."

Tugon ng tatay ko, "Didisiplinahin ko ang mga anak ko sa paraang gusto ko."

At mahinang sinabi ng matalino kong lola, "At ako rin."

Sigurado ako na narinig ng tatay ko ang matalinong paggabay ng kanyang ina noong araw na iyon.

Kapag inisip natin ang paggabay, maaari nating maisip ang isang himnong alam at gustung-gusto nating lahat—"Ako ay Anak ng Diyos." Sa koro makikita natin ang mga titik na "Akayin at patnubayan sa tamang daan."[1]

Kamakailan ko lang naunawaan na ang korong iyon ay banal na patnubay sa mga magulang. Habang pinagninilayan ko ang mga salitang ito, natanto ko na kahit naroon ang patnubay na iyon, may mas malalim pa itong kahulugan. Bawat isa sa atin ay nagsusumamo araw-araw na gabayan, akayin, at tabihan tayo ng Ama sa Langit sa ating paglakad.

Ipinaliwanag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: "Alam ng ating Ama sa Langit ang mga pangangailangan ng Kanyang mga anak nang higit kaninuman. Gawain at kaluwalhatian Niya na patuloy tayong tulungan, na bigyan tayo ng kahanga-hangang temporal at espirituwal na mga tulong sa ating landas pabalik sa Kanya."[2]

Pakinggan ang mga salitang iyon: Alam ng Ama sa Langit kung ano ang inyo at aking kailangan nang higit kaninuman. Dahil dito, gumawa Siya ng isang personal care package na akma sa bawat isa sa atin. Marami itong bahagi. Kabilang dito ang Kanyang Anak at ang Pagbabayad-sala, ang Espiritu Santo, mga kautusan, banal na kasulatan, panalangin, propeta, apostol, magulang, lolo't lola, lokal na mga lider ng Simbahan, at marami pang iba—lahat upang tulungan tayong makabalik sa Kanyang piling balang araw.

Maaari ko bang ibahagi ngayon ang ilan sa mga bahagi ng care package na nagpakita sa akin na isang mapagmahal na Ama ang umaakay, gumagabay, at tumatabi sa amin ng aking pamilya sa paglakad? Dalangin ko na makita ng bawat isa sa inyo sa inyong mga karanasan na inaakay, ginagabayan, at tinatabihan kayo ng Ama sa Langit sa paglakad at, sa kaalamang iyan, na magpapatuloy kayo nang may tiwala, batid na hindi kayo talaga nag-iisa kailanman.

Ang mga kautusan ng Ama sa Langit ay mahahalagang bahagi ng care package. Ipinahayag ni Alma, "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan."[3] Ang pagkunsinti sa hindi tamang pag-uugali nang walang mapagmahal





na pagtatama ay maling pagkahabag at nagpapatibay sa karaniwang ideya na ang kasamaan ay maaari ngang magdulot ng kaligayahan. Malinaw na pinasinungalingan ni Samuel na Lamanita ang ideyang ito: "Kayo ay naghangad ng kaligayahan sa paggawa ng kasamaan, kung aling bagay ay salungat sa kalikasan ng yaong kabutihan na nasa ating dakila at Walang Hanggang Pinuno."[4]

Sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, palaging ipinaaalala sa atin ng Ama sa Langit na ang maging matwid ay kaligayahan. Halimbawa, itinuro ni Haring Banjamin na "hinihingi [ng Ama sa Langit] na inyong gawin ang kanyang pinag-uutos sa inyo; sapagkat kung ito ay gagawin ninyo, kayo ay kaagad niyang pagpapalain."[5] Gayon din ang paalaala sa isa pang himno:

*Ang mga utos sa t'wina'y sundin!*
*Dito ay ligtas tayo at payapa.*
*Mga biyaya'y ibibigay N'ya.*[6]

Noong malapit na ang ika-14 na kaarawan ko, nalaman ko ang ilan sa mga biyayang ito. Napansin ko ang kakaibang pag-uugali ng mga magulang ko. Sa naobserbahan ko, itinanong ko, "Magmimisyon po ba tayo?" Napagtibay ng pagkagulat sa mukha ng nanay ko ang aking hinala. Kalaunan, sa isang family council, nalaman naming magkakapatid na natawag ang aming mga magulang na mamuno sa isang misyon.

Tumira kami sa isang magandang rantso sa Wyoming. Sa aking pananaw, perpekto ang buhay. Nakakauwi ako ng bahay mula sa eskuwela, natatapos ko ang mga gawain ko, at nakakapangaso, nakakapangisda, o nakakagala ako kasama ang aso ko.

Hindi nagtagal matapos kong malaman ang tawag sa misyon, natanto ko na kailangan kong iwanan ang aso kong si Blue. Hinarap ko ang tatay ko, at tinanong kung ano ang dapat kong gawin kay Blue. Gusto kong bigyang-diin na hindi patas ang ipinagagawa ng Diyos. Hinding-hindi ko malilimutan ang tugon na ito. Sabi niya, "Hindi ako sigurado. Siguro hindi siya puwedeng sumama sa atin, kaya tanungin mo na ang Ama sa Langit." Hindi iyon ang inaasahan kong sagot.

Sinimulan kong basahin ang Aklat ni Mormon. Taimtim kong ipinagdasal na malaman kung kailangan kong ipamigay ang aso ko. Hindi dumating ang sagot sa akin sa isang sandali; sa halip, isang natatanging ideya ang patuloy na pumasok sa aking isipan: "Huwag kang maging pabigat sa mga magulang mo. Huwag kang maging pabigat. Ako ang tumawag sa mga magulang mo."

Alam ko kung ano ang ipinagagawa ng Ama sa Langit. Hindi binawasan ng kaalamang iyan ang sakit ng ipamigay ang aso ko. Gayunman, sa pamamagitan ng munting sakripisyong iyon, lumambot ang puso ko at napayapa ako sa paghahangad sa kalooban ng Ama sa Langit.

Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit para sa mga pagpapala at kaligayahang natagpuan ko sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, panalangin, Espiritu Santo, at ng isang karapat-dapat na ama sa lupa na tumanggap sa kanyang tungkulin bilang pangunahing tagapagturo ng ebanghelyo sa kanyang mga anak. Inaakay, ginagabayan, at tinatabihan pa nila ako sa aking paglakad upang tulungan akong mahanap ang daan—lalo na kapag kailangan kong gumawa ng isang mahirap na bagay.

Dagdag pa sa mga bahagi ng care package na nabanggit ko, bawat isa sa atin ay biniyayaan ng isang priesthood leader upang akayin at gabayan tayo.

Sabi ni Pangulong Boyd K. Packer: "Inspirado ang mga bishop! Bawat isa sa atin ay may kalayaang tanggapin o tanggihan ang payo mula sa ating mga pinuno, ngunit huwag isantabi kailanman ang payo ng inyong bishop, ibinigay man ito mula sa pulpito o sa bawat indibiduwal."[7]

Nagsisikap ang kalalakihang ito na kumatawan sa Panginoon. Matanda man tayo o bata, kapag gusto ni Satanas na isipin natin na nawala na ang lahat, nariyan ang mga bishop para gabayan tayo. Sa pakikipag-usap sa mga bishop, may natuklasan akong karaniwang tema hinggil sa mga pagtatapat ng paglabag o walang-malay na pagdurusa dahil sa malalaking pagkakamali. Gustong ipahayag kaagad ng mga bishop ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa indibiduwal at ang hangaring tabihan ito sa paglakad sa paghahanap ng daan pauwi.

Marahil ang pinakadakilang bahagi ng care package ng Ama sa Langit ay inilarawan sa mga salitang ito: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanlibutan, na ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak."[8]

Para maituro sa atin ang lahat ng kailangan nating gawin, ipinakita ni Jesucristo ang daan sa pamamagitan ng pagbibigay ng perpektong halimbawa na kailangan nating subukang tularan. Nagsusumamo Siya sa atin nang nakaunat ang mga bisig na lumapit at sundan Siya.[9] At kapag nabigo tayo, na nangyayari sa ating lahat, ipinapaalala Niya sa

atin, “Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi.”[10]

Kamangha-manghang regalo! Ang pagsisisi ay hindi isang parusa; ito ay isang pribilehiyo. Ito ay isang pribilehiyo na umaakay at gumagabay sa atin. Hindi kataka-taka na ipinapahayag ng mga banal na kasulatan na wala tayong dapat iturong anuman maliban sa pagsisisi.[11]

Maraming magagamit ang Ama sa Langit, ngunit kadalasa’y gumagamit Siya ng isa pang tao para tulungan Siya. Araw-araw Niya tayong binibigyan ng mga pagkakataong akayin, gabayan, at tabihan sa paglakad ang isang taong nangangailangan. Kailangan nating tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas. Kailangan din nating gawin ang gawain ng Ama sa Langit.

Bilang Young Men General Presidency, alam namin na pinagpapala ang mga kabataan kapag may mga magulang at lider sila na kumikilos para sa Ama sa Langit sa pag-akay, paggabay, at pagtabi sa kanilang paglakad. Ang tatlong alituntunin[12] na tumutulong sa atin upang maging bahagi ng care package ng Ama sa Langit para sa iba ay:

Una, samahan ang mga kabataan. Binigyang-diin ni Pangulong Henry B. Eyring ang puntong ito: “May ilang bagay tayong magagawa na maaaring napakahalaga. Mas mabisa pa kaysa paggamit ng mga salita sa pagtuturo natin ng doktrina ang ating mga halimbawa ng pamumuhay ng doktrina.”[13] Upang maakay ang mga kabataan, kailangan ninyo silang samahan. Ang paglalaan ng oras ay pagpapahayag ng pagmamahal na nagtutulot sa atin na magturo sa pamamagitan ng salita at halimbawa.

Pangalawa, upang tunay na magabayan ang mga kabataan, kailangan natin silang ikonekta sa langit. Laging dumarating ang oras na bawat isa ay kailangang tumayong mag-isa. Ang Ama sa Langit lamang ang maaaring nariyan upang gumabay sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Kailangang malaman ng ating mga kabataan kung paano maghangad ng patnubay ng Ama sa Langit.

Pangatlo, kailangan nating hayaang mamuno ang mga kabataan. Tulad ng



mapagmahal na magulang na hawak sa kamay ang isang maliit na batang nag-aaral maglakad, kailangan nating bumitaw upang matuto ang mga kabataan. Kailangan ng pasensya at pagmamahal para mahayaang mamuno ang mga kabataan. Mas mahirap ito at mas maraming oras ang kailangan kaysa kung tayo mismo ang gagawa. Maaari silang madapa sa daan, ngunit katabi nila tayo sa paglalakad.

Mga kapatid, magkakaroon ng mga pagkakataon sa ating buhay na tila malayo o kulang ang mga pagpapala ng patnubay. Sa gayong mga panahon ng kabagabagan, nangako si Elder D. Todd Christofferson: “Pahalagahan sa lahat ang inyong mga tipan at hustuhin ang inyong pagsunod. Sa gayo’y makahihiling kayo nang may pananampalataya, walang pag-aalinlangan, ayon sa inyong pangangailangan, at ang Diyos ay sasagot. Susuportahan niya kayo sa inyong paggawa at pagbabantay. Sa Kanyang sariling panahon at paraan Kanyang iaabot sa inyo ang Kanyang kamay at sasabihing, ‘Narito ako.’”[14]

Minsan na gayon ang pagkakataon, hinangad ko ang payo ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng patuloy at taos-pusong panalangin nang mahigit isang taon upang makahanap ng solusyon sa isang mahirap na sitwasyon. Nalaman ko na makatwirang sagutin ng Ama sa Langit ang lahat ng taos na panalangin. Gayunpaman naging masyado akong desperado isang araw kaya nagpunta ako sa templo na may isang katanungan: “Ama sa Langit, talaga po bang nagmamalasakit Kayo?”

Nakaupo ako malapit sa likuran ng Logan Utah Temple waiting room nang, sa gulat ko, pumasok sa silid noong araw na iyon ang temple president na si Vaughn J. Featherstone, isang malapit

na kaibigan ng pamilya. Tumayo siya sa harap ng kongregasyon at binati kaming lahat. Nang mapansin niya na kasama ako sa mga temple patron, huminto siya sa pagsasalita, tinitigan ako sa mga mata, at saka sinabing, "Brother Brough, natutuwa akong makita ka sa templo ngayon."

Hinding-hindi ko malilimutan ang nadama ko sa simpleng sandaling iyon. Para bang—sa pagbating iyon—iniunat ng Ama sa Langit ang Kanyang kamay at sinabing, "Narito Ako."

Talagang nagmamalasakit at nakikinig at sumasagot ang Ama sa Langit sa panalangin ng bawat bata.[15] Bilang isa sa Kanyang mga anak, alam ko na dumating ang sagot sa aking mga dalangin sa takdang panahon ng Panginoon. At sa karanasang iyon, naunawaan ko nang higit kailanman na tayo ay mga anak ng Diyos at na isinugo Niya tayo rito upang madama natin ang Kanyang presensya ngayon at makabalik upang mamuhay sa piling Niya balang araw.

Pinatototohanan ko na talagang inaakay, ginagabayan, at tinatabihan tayo ng Ama sa Langit sa ating paglakad. Kapag sinundan natin ang Kanyang Anak at nakinig tayo sa Kanyang mga lingkod, na mga apostol at propeta, matatagpuan natin ang daan tungo sa buhay na walang hanggan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Ating Ama, Ating Guro," *Liahona,* Hunyo 2016, 5.
3. Alma 41:10.
4. Helaman 13:38.
5. Mosias 2:24.
6. "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin," *Mga Himno,* blg. 191.
7. Boyd K. Packer, "The Bishop and His Counselors," *Liahona,* Hulyo 1999, 72.
8. Juan 3:16.
9. Tingnan sa Lucas 18:22.
10. Doktrina at mga Tipan 19:16.
11. Tingnan sa Mosias 18:20.
12. Tingnan sa "Young Men Auxiliary Training," lds.org/callings/aaronic-priesthood/auxiliary-training.
13. Henry B. Eyring, "Ang Panimulang Priesthood," *Liahona,* Nob. 2014, 61.
14. D.Todd Christofferson, "Ang Kapangyarihan ng mga Tipan," *Liahona,* Mayo 2009, 22.
15. Tingnan sa "Panalangin ng Isang Bata," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 6–7.



**Ni Elder Weatherford T. Clayton**
Ng Pitumpu

# Ang Dakilang Plano ng Ating Ama

*Dahil sa banal na plano ng Diyos, alam natin na ang pagsilang at kamatayan ay mahahalagang pangyayari lamang sa ating paglalakbay tungo sa buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.*

Sa simula ng training ko noon bilang doktor, nagkaroon ako ng pribilehiyong tulungan ang isang bata-bata pang ina na ipanganak ang kanyang panganay. Kalmado siya, nakapokus, at masaya. Nang mailuwal na ang sanggol, iniabot ko ito sa kanya. Na may luha ng kaligayahan na dumadaloy sa kanyang mukha, kinarga niya ang bagong silang na sanggol at sinuri ito mula ulo hanggang paa. Niyakap niya ito at minahal sa paraang tanging isang ina lamang ang makagagawa. Pribilehiyo kong makasama siya sa silid na iyon.

Ganyan ang simula ng buhay para sa bawat isa sa atin. Subalit sa pagsilang ba natin talaga ang simula? Ang tingin ng mundo sa pagsilang at kamatayan ay simula at katapusan. Ngunit dahil sa banal na plano ng Diyos, alam natin na ang pagsilang at kamatayan ay mahahalagang pangyayari lamang sa ating paglalakbay tungo sa buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.[1] Mahahalagang bahagi ito ng plano ng ating Ama—mga sagradong sandali kung kailan ang mortalidad at kalangitan ay nagtatagpo. Ngayon, nang mapagnilayan ko ang natutuhan



ko sa pagmamasid sa pagsilang at kamatayan sa mga taon ng pagiging doktor at paglilingkod ko sa Simbahan, nais kong patotohanan ang dakilang plano ng ating Ama.

"Bago tayo isinilang, nabuhay tayo sa piling ng Diyos, ang Ama ng ating mga espiritu. Lahat [tayo] na nasa mundo ay literal na magkakapatid" sa Kanyang pamilya,[2] at bawat isa sa atin ay mahalaga sa Kanya. Nakapiling natin Siya nang napakatagal bago tayo isinilang sa mundo—na natututo, pumipili, at naghahanda.

Dahil mahal tayo ng Ama sa Langit, nais Niyang mapasaatin ang pinakadakilang kaloob na maibibigay Niya, ang kaloob na buhay na walang hanggan.[3] Hindi Niya basta maibibigay sa atin ang kaloob na ito; kailangan natin itong tanggapin sa pamamagitan ng pagpili sa Kanya at sa Kanyang mga paraan. Kinailangan nating lisanin ang Kanyang piling at simulan ang napakaganda at puno ng hamon na paglalakbay ng pananampalataya, paglago, at pagbabago. Ang paglalakbay na inihanda ng Ama para sa atin ay tinatawag na plano ng kaligtasan o plano ng kaligayahan.[4]

Sa isang malaking kapulungan sa langit bago tayo isinilang, ipinaalam sa atin ng ating Ama ang Kanyang plano.[5] Nang maunawaan natin ito, napakasaya natin kaya naghiyawan tayo sa galak, at "[n]agsiawit na magkakasama ang mga bituin[g] pang-umaga."[6]

Ang planong iyon ay nakasalig sa tatlong dakilang doktrina: mga doktrina ng kawalang-hanggan.[7]

Ang unang doktrina ay ang Paglikha ng daigdig, ang paggaganapan ng ating mortal na paglalakbay.[8]

Ang pangalawang doktrina ay ang Pagkahulog ng una nating mga magulang sa lupa, sina Eva at Adan. Dahil sa Pagkahulog, ilang kagila-gilalas na bagay ang ibinigay sa atin. Naisilang tayo at nakatanggap ng pisikal na katawan.[9] Pasasalamatan ko ang aking ina magpakailanman sa pagluluwal sa aming magkakapatid sa mundo at pagtuturo sa amin tungkol sa Diyos.

Binigyan din tayo ng Diyos ng moral na kalayaan—ang kakayahan at pribilehiyong pumili at kumilos para sa



ating sarili.[10] Para matulungan tayong pumili ng tama, binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan. Bawat araw, sa pagsunod natin sa Kanyang mga utos, ipinapakita natin sa Diyos na mahal natin Siya, at pinagpapala Niya ang ating buhay.[11]

Batid na hindi natin palaging pipiliin ang tama—o sa madaling salita, magkakasala tayo—binigyan tayo ng Ama ng pangatlong doktrina: ang Tagapagligtas na si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala. Sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa, tinubos tayo ni Cristo kapwa mula sa pisikal na kamatayan at sa kasalanan.[12] Itinuro Niya, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."[13]

Namuhay nang perpekto si Jesucristo, na laging sinusunod ang mga kautusan ng Kanyang Ama. "Binagtas Niya ang mga daan sa Palestina," na itinuturo ang mga katotohanan ng walang hanggan, "nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag, at nagpapabangon ng patay."[14] Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti"[15] at "nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa."[16]

Sa huling bahagi ng Kanyang buhay sa lupa, lumuhod Siya at nagdasal, na nagsasabing:

"Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo. . . .

"At nang siya'y nanglulumo ay nanalangin siya ng lalong maningas; at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa."[17]

Tinulungan tayo ni Cristo na mas maunawaan ang tindi ng Kanyang pagdurusa nang sabihin Niya kay Propetang Joseph Smith:

"Masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu."[18]

Doon sa Halamanan ng Getsemani, sinimulan Niyang pagbayaran ang ating mga kasalanan at karamdaman, ang ating mga pasakit at kapansanan.[19] Dahil ginawa Niya ito, hindi tayo kailanman mag-iisa sa mga kapansanang iyon kung pipiliin nating sumunod sa Kanya. "Dinakip Siya at tinuligsa batay sa mga maling paratang, pinarusahan upang mabigyang-kasiyahan ang mga mandurumog, at hinatulan ng kamatayan sa krus ng Kalbaryo." Sa krus "inialay Niya ang Kanyang buhay



para sa kasalanan ng lahat ng sangkatauhan [sa] dakilang kaloob para sa lahat ng mabubuhay sa ibabaw ng mundo."[20]

Sinabi Niya:

"Masdan, ako si Jesucristo, na siyang pinatotohanan ng mga propeta na paparito sa daigdig.

"At masdan, ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan; at ako ay uminom sa mapait na sarong ibinigay ng Ama sa akin, at niluwalhati ang Ama sa pagdadala ko ng mga kasalanan ng sanlibutan."[21]

Pagkatapos, sa unang araw ng linggo,[22] nagbangon Siya mula sa libingan na may perpektong nabuhay na maguling katawan, upang hindi na muling mamatay. At dahil ginawa Niya iyon, gagawin din natin iyon.

Nagpapatotoo ako na si Cristo ay totoong nagbangon mula sa libingan. Ngunit para makabangon mula sa libingang iyon, kinailangan muna Siyang mamatay. At gayon din tayo.

Ang isa pa sa malalaking pagpapala sa buhay ko ay ang madama na malapit ang langit noong mga sandali na nakaupo ako sa tabi ng kama ng mga tao sa pagpanaw nila. Isang madaling araw ilang taon na ang nakalipas, pumasok ako sa silid sa ospital ng isang matapat na biyudang Banal sa mga Huling Araw na may kanser. Nakaupo sa tabi niya ang dalawa sa kanyang mga anak na babae. Paglapit ko sa tabi ng kama niya, agad kong natuklasan na hindi na siya nahihirapan, dahil kamamatay lang niya.

Sa sandaling iyon ng kamatayan, puno ng kapayapaan ang silid. Matamis na kalungkutan ang nadama ng kanyang mga anak, ngunit puspos ng pananampalataya ang kanilang puso. Alam nila na hindi nawala ang nanay nila kundi nakauwi na.[23] Kahit sa mga sandali ng ating matinding pighati, sa mga sandali na tumitigil ang oras at tila hindi patas ang buhay, makasusumpong tayo ng kapanatagan sa ating Tagapagligtas dahil Siya man ay nagdusa.[24] Isang pribilehiyo para sa akin na naroon ako sa silid na iyon.

Kapag namatay tayo, lilisanin ng ating espiritu ang ating katawan, at pupunta tayo sa sumunod na yugto ng ating paglalakbay, sa daigdig ng mga espiritu. Ito ay lugar ng pagkatuto, pagsisisi, pagpapatawad, at pagbabago[25] kung saan hihintayin natin ang Pagkabuhay na Mag-uli.[26]

Pagdating ng dakilang araw, lahat ng naisilang ay muling magbabangon mula sa libingan. Ang ating espiritu at katawan ay muling magsasama sa kanilang perpektong anyo. Lahat ay mabubuhay na mag-uli, "kapwa matanda at bata, . . . kapwa lalaki at babae, kapwa masama at mabuti," at "bawat bagay ay manunumbalik sa kanyang ganap na kabuuan."[27]

Pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli mapapasaatin ang sukdulang pagpapala na mahatulan ng ating Tagapagligtas, na nagsabing:

"Hihikayatin ko ang lahat ng tao sa akin, upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.

"At ito ay mangyayari, na sinuman ang magsisisi at mabibinyagan sa aking pangalan ay mapupuspos; at kung siya ay magtitiis hanggang wakas, masdan, siya ay pawawalan ko ng sala sa harapan ng aking Ama sa araw na yaon kung kailan ako tatayo upang hatulan ang sanlibutan."[28]

Pagkatapos, sa pamamagitan ni Cristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala, lahat ng pipili na sumunod sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap sa Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas,[29] ay matutuklasan na ang katapusan ng kanilang paglalakbay ay ang makamtan "ang kanilang banal na tadhana bilang mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan."[30] Babalik sila sa kinaroroonan ng kanilang Ama upang makapiling Siya magpakailanman. Nawa'y piliin natin ang tama.

Marami pang nangyayari sa ating buhay bukod pa sa nangyayari sa pagitan ng pagsilang at kamatayan. Inaanyayahan ko kayong lumapit at sumunod kay Cristo.[31]

Inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na, bawat araw, "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan, . . . [na] sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo ni Cristo, . . . kayo [ay] maging banal, na walang bahid-dungis."[32]


Inaanyayahan ko ang mga hindi pa miyembro ng Simbahang ito na pumarito at basahin ang Aklat ni Mormon at pakinggan ang mga missionary. Halina't manampalataya at magsisisi sa inyong mga kasalanan. Halina't magpabinyag at tanggapin ang Espiritu Santo. Halina't mabuhay nang maligaya at puno ng mga bagay ukol kay Cristo. Kapag lumapit kayo sa Kanya at sumunod sa Kanyang mga kautusan,

ipinapangako ko na makasusumpong kayo ng kapayapaan at layunin sa madalas ay napakagulong buhay na ito sa mundo at ng "buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."[33]

Para sa mga nakaalam na sa mga katotohanang ito at sa anumang kadahilanan ay napalayo, inaanyayahan ko kayong magbalik. Magbalik na ngayon. Mahal kayo ng ating Ama at ng Tagapagligtas. Pinatototohanan ko na si Cristo ay may kapangyarihang sagutin ang inyong mga tanong, pagalingin ang inyong mga pasakit at dalamhati, at patawarin ang inyong mga kasalanan. Alam ko na ito ay totoo. Alam ko na lahat ng bagay na ito ay totoo. Si Cristo ay buhay! Ito ang Kanyang Simbahan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. Tingnan sa 2 Nephi 31:18.
2. "Plan of Salvation," Gospel Topics, topics.lds.org.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7; Moises 7:37.
4. Tingnan sa Alma 42:8.
5. Tingnan sa Abraham 3:24–28.
6. Job 38:7.
7. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Standards of the Lord's Standard Bearers," *Ensign,* Ago. 1991, 5–6.
8. Tingnan sa 3 Nephi 9:15.
9. Tingnan sa 2 Nephi 2:22–25.
10. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Mga Pagpili," *Liahona,* Mayo 2016, 86; "Agency," Gospel Topics, topics.lds.org.
11. Tingnan sa Juan 14:15, 23; tingnan din sa Alma 38:1.
12. Tingnan sa Alma 34:8–16.
13. Juan 3:16; tingnan din sa Juan 3:17.
14. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2.
15. Mga Gawa 10:38.
16. "Ang Buhay na Cristo," 2.
17. Lucas 22:42, 44.
18. Doktrina at mga Tipan 19:16–18.
19. Tingnan sa Isaias 53:4–6; Alma 7:11–13.
20. "Ang Buhay na Cristo," 2.
21. 3 Nephi 11:10–11.
22. Tingnan sa Juan 20:1.
23. Tingnan sa Alma 40:11.
24. Tingnan sa I Ni Pedro 2:21–25.
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:57–59.
26. Tingnan sa Alma 40:2–12.
27. Alma 11:44.
28. 3 Nephi 27:15–16.
29. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Isang Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 1.
30. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
31. Tingnan sa 2 Nephi 9:50–51; 31:13.
32. Moroni 10:32–33.
33. Doktrina at mga Tipan 59:23.


**Ni Elder Dale G. Renlund**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol


# Ang Ating Mabuting Pastol

*Si Jesucristo, ang ating Mabuting Pastol, ay nagagalak na makitang gumagaling ang Kanyang mga tupang maysakit.*

Nagkakaroon tayo ng ideya ukol sa pagkatao ng ating Ama sa Langit kapag natatanto natin ang matinding awa Niya sa mga makasalanan at habang pinasasalamatan natin ang magkaibang pakikitungo Niya sa kasalanan at sa mga taong nagkakasala. Tinutulungan tayo ng ideyang ito na magkaroon ng mas "wastong [pagkaunawa sa] Kanyang pagkatao, pagiging perpekto, at mga katangian"[1] at mahalaga ito sa pagsampalataya sa Kanya at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang pagkahabag ng Tagapagligtas, anuman ang ating mga kakulangan, ay naglalapit sa atin sa Kanya at hinihikayat tayo nito sa paulit-ulit nating pagsisikap na magsisi at tularan Siya. Habang nagiging mas katulad Niya tayo, natututuhan nating pakitunguhan ang iba na gaya ng ginagawa Niya, anuman ang kanilang panlabas na katangian o ugali.

Ang epekto ng pagkilala sa pagitan ng panlabas na mga katangian ng tao at ng tao mismo ay sentro sa nobelang *Les Misérables,* ng French author





na si Victor Hugo.[2] Sa pagsisimula ng nobela, ipinakilala ng narrator si Bienvenue Myriel, ang obispo ng Digne, at tinalakay ang problemang kinakaharap ng obispo. Dapat ba niyang dalawin ang isang lalaki na deklaradong ateista at kinaiinisan ng komunidad dahil sa ugali nito noong French Revolution?[3]

Sinabi ng narrator na natural na labis na ayawan ng obispo ang lalaki. At may simpleng tanong ang narrator: “Komo ba may langib ang tupa, lalayo na ang pastol?”[4] Nang sumagot para sa obispo, nagbigay ng tiyak na sagot ang narrator, “Hindi”—at saka nagdagdag ng nakakatawang komento: “Ang tindi ng langib ng tupang ito!”[5]

Sa talatang ito, ikinumpara ni Hugo ang “kasamaan” ng lalaki sa sakit sa balat ng mga tupa at ang obispo sa isang pastol na hindi lumalayo kapag naharap sa isang tupang maysakit. Maawain ang obispo at kalaunan sa nobela ay nagpakita ng gayon ding habag sa isa pang lalaki, ang pangunahing tauhan sa nobela, isang hamak na dating bilanggo, si Jean Valjean. Ang awa at pagdamay ng obispo ay nakahikayat kay Jean Valjean na baguhin ang takbo ng kanyang buhay.

Yamang ginamit ng Diyos ang sakit bilang isang metapora para sa kasalanan sa buong banal na kasulatan, makatwirang itanong, “Ano ang reaksyon ni Jesucristo kapag nakikita Niya ang ating metaporikong mga sakit—ang ating mga kasalanan?” Sinabi naman ng Tagapagligtas na Siya ay “hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang”;[6] kaya paano Siya makatitingin sa atin, gayong hindi tayo perpekto, nang hindi nasisindak at namumuhi?

Ang sagot ay simple at malinaw. Bilang Mabuting Pastol,[7] ang tingin ni Jesucristo sa sakit ng Kanyang mga tupa ay isang kundisyong kailangang gamutin, pangalagaan, at kahabagan. Ang pastol na ito, na ating Mabuting Pastol, ay nagagalak na makitang gumagaling ang Kanyang mga tupang maysakit.

Ipinropesiya ng Tagapagligtas na Kanyang “papastulin ang kanyang kawan na gaya ng pastor,”[8] “hahanapin ang nawala, . . . ibabalik ang iniligaw, . . . tatalian ang nabalian, at palalakasin ang may sakit.”[9] Bagama’t ang nag-apostasiyang Israel ay inilarawan na puno ng makasalanang “mga sugat, at mga pasa, at nangagnananang sugat,”[10] ang Tagapagligtas ay naghikayat, nagpayo, at nangako ng paggaling.[11]

Ang mortal na ministeryo ng Tagapagligtas ay talagang puno ng pagmamahal, habag, at pagdamay. Hindi Siya nainis na lumakad sa maalikabok na mga lansangan ng Galilea at Judea, ni napaurong nang makakita ng mga makasalanan. Hindi Niya sila iniwasan sa pagkasuklam. Hindi, kumain Siya na kasama nila.[12] Tumulong Siya at nagbasbas, nagpasigla at nagpalakas, at pinalitan Niya ng pag-asa at galak ang takot at lungkot. Dahil isa Siyang tunay na pastol, hinahanap at natatagpuan Niya tayo upang alukin ng kapanatagan at pag-asa.[13] Ang pag-unawa sa Kanyang habag at pagmamahal ay tinutulungan tayong manampalataya sa Kanya—na magsisi at mapagaling.

Nakatala sa Ebanghelyo ni Juan ang epekto ng pagdamay ng Tagapagligtas sa isang makasalanan. Dinala ng mga escriba at Fariseo sa Tagapagligtas ang isang babae na nahuling nangangalunya. Ipinahiwatig ng mga nagpaparatang na dapat siyang batuhin, bilang pagsunod sa batas ni Moises. Sa huli’y sinabi ni Jesus sa kanila, bilang sagot sa mapilit na pagtatanong, “Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kanya.”

Nagsialis ang mga nagpaparatang, “at iniwang magisa si Jesus at ang babae, sa kinaroroonan nito, sa gitna.

“Nang makita ni Jesus . . . na ang babae na lang ang naroon, [sinabi] ni Jesus [sa kanya] . . . Babae, saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo?

“At sinabi niya, Wala sinoman, Panginoon. At sinabi ni Jesus, Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala.”[14]

Walang alinlangang hindi kinunsinti ni Jesus ang pangangalunya. Ngunit hindi rin Niya isinumpa ang babae. Hinikayat Niya itong magbagumbuhay. Nahikayat itong magbago dahil sa Kanyang habag at awa. Ang Joseph Smith Translation ng Biblia ay nagpapatunay na naging disipulo ito: “At niluwalhati ng babae ang Diyos mula nang oras na iyon, at naniwala sa kanyang pangalan.”[15]

Bagama’t maunawain ang Diyos, hindi tayo dapat magkamaling maniwala na tanggap at bukas ang isipan Niya tungkol sa kasalanan. Hindi Siya gayon. Naparito sa lupa ang Tagapagligtas para iligtas tayo *mula sa* ating mga kasalanan at, ang pinakamahalaga, hindi Niya tayo ililigtas *sa* ating mga kasalanan.[16] Bihasang magtanong, minsa’y tinangkang hulihin ni Zisrom si Amulek sa pagtatanong ng: “Ililigtas ba [ng paparitong Mesiyas] ang kanyang mga tao sa kanilang mga kasalanan? At sinagot siya ni Amulek at sinabi sa kanya: Sinasabi ko sa iyo, hindi niya ito gagawin, sapagkat hindi maaaring ikaila niya ang kanyang salita. . . . Hindi niya sila maililigtas sa kanilang mga kasalanan.”[17] Bumanggit si Amulek ng isang mahalagang katotohanan na para maligtas tayo mula sa ating mga kasalanan, kailangan nating sundin “ang mga kundisyon ng pagsisisi,” na nagbibigay-daan sa kapangyarihan ng Manunubos na iligtas ang ating kaluluwa.[18]

Ang habag, pagmamahal, at awa ng Tagapagligtas ay naglalapit sa atin sa Kanya.[19] Sa pamamagitan ng

Kanyang Pagbabayad-sala, hindi na tayo masisiyahan pa sa ating makasalanang kalagayan.[20] Malinaw na sinabi ng Diyos kung ano ang tama at katanggap-tanggap sa Kanya at kung ano ang mali at makasalanan. Hindi ito dahil sa nais Niyang sumunodang Kanyang mga alagad nang hindi nag-iisip. Hindi, nais ng ating Ama sa Langit na kusa at maluwag sa loob na piliin ng Kanyang mga anak na maging katulad Niya[21] at maging marapat sa uri ng buhay na tinatamasa Niya.[22] Sa paggawa nito, natutupad ng Kanyang mga anak ang kanilang banal na tadhana at nagiging mga tagapagmana ng lahat ng mayroon Siya.[23] Dahil dito, hindi maaaring baguhin ng mga pinuno ng Simbahan ang mga utos o doktrina ng Diyos nang labag sa Kanyang kalooban, para maging maginhawa sa kanila o maging popular sila.




Gayunman, sa ating habambuhay na pagsunod kay Jesucristo, lalong natututo sa Kanyang halimbawa ng kabaitan ang mga nagkakasala. Tayo, na mga makasalanan, tulad ng Tagapagligtas, ay kailangang tumulong sa iba nang may habag at pagmamahal. Tungkulin din nating tumulong at magpala, magpasigla at magpalakas, at palitan ng pag-asa at galak ang takot at lungkot.

Pinagsabihan ng Tagapagligtas ang mga taong lumayo sa iba na sa tingin nila ay marumi at nagmamalinis na naghusga na mas makasalanan ang iba kaysa sa kanila.[24] Iyan ang aral na itinuro ng Tagapagligtas sa mga taong "nagsisiasa sa kanilang sarili, na nangagpapanggap na sila'y matutuwid, at pinawawalang halaga ang lahat ng mga iba." Ibinahagi Niya ang talinghagang ito:

"May dalawang lalaking nagsipanhik sa templo upang magsipanalangin; ang isa'y Fariseo, at ang isa'y maniningil ng buwis.

"Ang Fariseo ay nakatayo at nanalangin sa kaniyang sarili ng ganito, Dios, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito.

"Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan.

"Datapuwa't ang maniningil ng buwis, na nakatayo sa malayo, ay ayaw na itingin man lamang ang kaniyang mga mata sa langit, kundi dinadagukan ang kaniyang dibdib, na sinasabi, Dios, ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan."

At nagtapos si Jesus, "Sinasabi ko sa inyo, nanaog at umuwi sa kaniyang bahay ang taong ito [ang maniningil ng buwis] na inaaring ganap kay sa isa [ang Fariseo]: sapagka't ang bawa't nagmamataas sa kaniyang sarili ay mabababa; datapuwa't ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas."[25]

Malinaw ang mensahe sa atin: ang nagsisising makasalanan ay mas napapalapit sa Diyos kaysa sa taong nagmamalinis na lumalait sa makasalanan.

May mga tao ring mahilig magmalinis at manghusga noong panahon niAlma. Nang simulan ng mga tao "na itatag ang simbahan nang lubusan . . . [ang] simbahan ay nagsimulang maging palalo, . . . ang mga tao ng simbahan ay nagsimulang iangat sa kapalaluan ng kanilang mga paningin, . . . sila ay nagsimulang maging mapanlibak sa isa't isa, at sinimulan nilang usigin yaong hindi naniniwala alinsunod sa kanilang sariling kagustuhan at kasiyahan."[26]

Ang pang-uusig na ito ay ipinagbawal: "Ngayon may isang mahigpit na batas sa mga tao ng simbahan, na walang sino mang tao, na nabibilang sa simbahan, ang magpapasimuno at uusig sa mga yaong hindi nabibilang sa simbahan, at nararapat na walang pag-uusig sa kanila."[27] Iyon din ang alituntuning gumagabay sa mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi tayo dapat magkasala ng pang-uusig sa sinuman sa loob o sa labas ng Simbahan.

Alam ng mga nausig sa anumang kadahilanan ang pakiramdam ng kawalan ng hustisya at pagpakanatiko. Bilang isang tinedyer na naninirahan sa Europa noong 1960s, nadama ko na paulit-ulit akong pinulaan at tinakot dahil Amerikano ako at dahil miyembro ako ng Simbahan. Pinakitunguhan ako ng ilan sa mga kaeskuwela ko na para bang ako ang mananagot sa pagiging di-popular ng mga patakaran sa pakikitungo ng U.S. sa mga bansang dayuhan. Pinakitunguhan ako na para bang insulto ang relihiyon ko sa mga bansang tinirhan ko dahil kaiba ito sa relihiyong tinatangkilik ng estado. Kalaunan, sa iba't ibang bansa sa buong mundo, nasulyapan ko ang kalupitan ng maling palagay at diskriminasyong dinanas ng mga biktima nito dahil sa kanilang lahi o lipi.

Maraming uri ng pang-uusig: panlilibak, panliligalig, pananakot, pagpapalayas o pagbubukod, o pagkamuhi sa isa't isa. Kailangan tayong mag-ingat laban sa pagkapanatiko na nagpapakita ng kalupitan sa mga taong iba't iba ang opinyon. Ang pagkapanatiko ay nakikita, kahit paano, sa pagtangging magbigay ng pantay na kalayaan sa pagpapahayag.[28]



Lahat, pati na ang mga taong may relihiyon, ay may karapatang magpahayag ng kanilang mga opinyon sa publiko. Ngunit walang karapatan ang sinuman na mamuhi sa ibang tao kapag nagpahayag sila ng kanilang opinyon.

Ang kasaysayan ng Simbahan ay may sapat na ebidensya ng ating mga miyembro na pinakitunguhan nang may pagkamuhi at pagkapanatiko. Nakalulungkot kung pakikitunguhan natin ang iba ayon sa pakikitungo ng iba sa atin. Itinuro ng Tagapagligtas, "Lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila."[29] Para igalang tayo, kailangan tayong gumalang. Bukod pa riyan, ang ating tapat na pakikipag-usap ay naghahatid ng "kaamuan, at mapagpakumbabang puso," na nag-aanyaya sa "Banal na Espiritu [at pinupuspos tayo ng] ganap na pag-ibig,"[30] isang "pagibig na hindi pakunwari"[31] para sa iba.

Ang ating Mabuting Pastol ay hindi nagbabago at gayon pa rin ang damdamin ukol sa kasalanan at mga makasalanan tulad noong narito Siya sa lupa. Hindi Siya lumalayo sa atin nang dahil sa nagkakasala tayo, kahit iniisip Niya kung minsan na, "Ang tindi ng langib ng tupang ito!" Mahal na mahal Niya tayo kaya naglaan Siya ng paraan para tayo makapagsisi at maging malinis para makabalik tayo sa Kanya at sa ating Ama sa Langit.[32] Sa paggawa nito, nagpakita rin si Jesucristo ng halimbawang susundan natin—igalang ang lahat at huwag kamuhian ang sinuman.


Bilang Kanyang mga disipulo, lubos nating tularan ang Kanyang pagmamahal at mahalin natin ang isa't isa nang hayagan at lubusan upang hindi madama ninuman na siya'y pinabayaan, nag-iisa, o walang pag-asa. Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating Mabuting Pastol, na nagmamahal at nagmamalasakit sa atin. Kilala Niya tayo at ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa.[33] Nabubuhay rin Siya para sa atin at nais Niyang makilala natin siya at manampalataya tayo sa Kanya. Minamahal at sinasamba ko Siya, at labis-labis ang pasasalamat ko sa Kanya, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Lectures on Faith* (1985), 38.
2. Ang nobelang *Les Misérables,* ni Victor Hugo (1802–85), ay kuwento tungkol kay Jean Valjean, na nakagawa ng munting krimen nang magnakaw siya ng isang buong tinapay para ipakain sa pamilya ng kanyang kapatid na babae. Nahatulan ng 5 taong pagkabilanggo, 19 na taong isinabak sa mahirap na trabaho si Valjean dahil sa apat na bigong pagtatangkang tumakas. Lumabas siya sa bilangguan na matigas ang puso at may matinding poot.

   Dahil sa kanyang criminal record, hindi nakahanap si Valjean ng trabaho, pagkain, at matutuluyan. Pagod na pagod at walang pag-asa, sa wakas ay pinatuloy siya ng obispo ng Digne, na nagpakita ng kabaitan at awa kay Valjean. Kinagabihan, bumigay si Valjean sa kawalan ng pag-asa at ninakaw niya ang mga kubyertos na pilak ng obispo at tumakas.

   Nahuli si Valjean at ibinalik sa obispo. Sa di-maipaliwanag na dahilan at salungat sa inaasahan ni Valjean, sinabi ng obispo sa mga pulis na ibinigay na niya kay Valjean ang mga kubyertos na pilak at pilit na ipinakuha rin kay Valjean ang dalawang kandelaryong pilak. (Tingnan sa Hugo, *Les Misérables* [1987], aklat 2, mga kabanata 10–12.)
3. Tingnan sa Hugo, *Les Misérables* [1987], aklat 1, kabanata 10.
4. Nagtanong ang narrator, *Toutefois, la gale de la brebis doit-elle faire reculer le pasteur?* (Hugo, *Les Misérables* [1985], aklat 1, kabanata 10, pahina 67). Ang *Gale*, sa veterinary pathology, ay tumutukoy sa anuman sa iba-ibang sakit sa balat na sanhi ng mga parasitikong insekto at makikilala sa paglalagas ng balahibo at paglalangib ("mange" sa Ingles). Ang pariralang ito ay isinalin na sa iba-ibang paraan sa Ingles.
5. Ang nakakatawang komento ng narrator tungkol sa miyembro ng Convention [noong 1793 sa France] ay *Mais quelle brebis!* Isinalin na ito kung minsan na "Napakasama ng tupang ito."
6. Doktrina at mga Tipan 1:31.
7. Tingnan sa Juan 10:11, 14; Alma 5:38; Doktrina at mga Tipan 50:44.
8. Isaias 40:11.
9. Ezekiel 34:16.
10. Isaias 1:6.
11. Tingnan sa Isaias 1:18.
12. Tingnan sa Lucas 15:1–2.
13. Tingnan sa Mateo 18:11.
14. Tingnan sa Juan 8:3–11.
15. Joseph Smith Translation, John 8:11 (sa John 8:11, footnote*c*).
16. Tingnan sa D.Todd Christofferson, "Magsipanahan sa Aking Pag-ibig," *Liahona,* Nob. 2016, 48.
17. Alma 11:34, 37.
18. Tingnan sa Helaman 5:10–11.
19. Tingnan sa 3 Nephi 27:14–15.
20. Nilinaw ng Tagapagligtas sa makabagong panahon: "Yaong lumalabag sa batas, at hindi sumusunod sa batas, sa halip ay naghahangad na maging isang batas sa sarili nito, at nakahandang manatili sa kasalanan, at sa kalahatan ay nananatili sa kasalanan, ay hindi mapababanal ng batas, ni ng awa, katarungan, o paghuhukom. Kaya nga, sila ay kailangang manatiling marumi pa rin" (Doktrina at mga Tipan 88:35).
21. Tingnan sa 2 Nephi 2:26–27.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7; 132:19–20, 24, 55.
23. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17; Doktrina at mga Tipan 84:38.
24. Tingnan sa Mateo 23:13.
25. Lucas 18:9–14.
26. Alma 4:4, 6, 8.
27. Alma 1:21.
28. Tingnan sa *Oxford English Dictionary,* "bigotry" at "intolerance," oed.com.
29. Mateo 7:12.
30. Moroni 8:26.
31. I Ni Pedro 1:22.
32. Tingnan sa Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
33. Tingnan sa Juan 10:11–15.



**Ni Elder Ulisses Soares**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Magtiwala sa Diyos nang Walang Pag-aalinlangan

*Kung matatag at walang pag-aalinlangan ang ating pananampalataya, pag-iibayuhin ng Panginoon ang ating kakayahang maiangat ang ating sarili sa mga hamon ng buhay.*

Mahal na mga kapatid, gusto kong simulan ang mensahe ko ngayon sa pagpapatooo na alam ko na si Pangulong Thomas S. Monson ang propeta ng Diyos sa ating panahon. Ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol ay totoo ring mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Sila ang kumakatawan sa Panginoong Jesucristo at may karapatang ipahayag ang Kanyang isipan at kalooban kapag inihayag ito sa kanila. Nagpapatotoo ako na maliligtas tayo kapag sinunod natin ang kanilang payo. Binibigyan sila ng inspirasyon ng Panginoon na bigyang-diin ang pagpapalakas ng ating pananampalataya sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Kanyang Pagbabayad-sala upang hindi tayo mag-alinlangan sa pagharap natin sa mga problema sa ating panahon.

Sa Aklat ni Mormon, mababasa natin ang tungkol sa isang lalaking nagngangalang Ammon na isinugo mula sa lupain ng Zarahemla patungo sa lupain ng Lehi-Nephi para alamin ang nangyari sa kanyang mga kapatid. Doon ay natagpuan niya si Haring Limhi at ang mga tao nito, na nasa pagkaalipin ng mga Lamanita. Lumakas ang loob ni Haring Limhi sa mga bagay na sinabi ni Ammon sa kanya tungkol sa kanyang mga tao sa Zarahemla. Napuspos ng malaking pag-asa at kagalakan ang kanyang puso kaya't tinipon niya ang kanyang mga tao sa templo at sinabi:


"Kaya nga, itaas ang inyong mga ulo, at magsaya, at ibigay ang inyong tiwala sa Diyos. . . .

". . . Kung kayo ay babaling sa Panginoon nang may buong layunin ng puso, . . . at paglilingkuran siya nang buong pagsusumigasig ng pag-iisip, . . . siya, alinsunod sa kanyang sariling kalooban at kagalakan, ay palalayain kayo mula sa pagkaalipin."[1]

Ang pananampalataya ng mga tao ni Haring Limhi ay matinding naimpluwensyahan ng mga sinabi ni Ammon kaya't sila ay nakipagtipan sa Diyos na paglilingkuran Siya at susundin ang Kanyang mga kautusan, kahit nasa mahirap silang kalagayan. Dahil sa kanilang pananampalataya, nakagawa sila ng plano para makatakas mula sa mga kamay ng mga Lamanita.[2]

Mga kapatid, isipin sana ninyo ang kahalagahan ng paanyayang ibinigay ni Haring Limhi sa kanyang mga tao at ang kahalagahan nito sa atin. Sabi niya, "Itaas ang inyong mga ulo, at magsaya, at ibigay ang inyong tiwala sa Diyos." Sa mga salitang ito, inanyayahan ni Limhi ang kanyang mga tao na tumingin sa hinaharap nang may mga matang nananampalataya; palitan ang kanilang mga pangamba ng pag-asa na bunga ng pananampalataya; at huwag mag-alinlangan sa pagtitiwala sa Diyos anuman ang mangyari.

Ang mortalidad ay panahon ng pagsubok kung saan susubukin tayo upang makita kung gagawin natin ang lahat ng bagay na iuutos sa atin ng Panginoon nating Diyos.[3] Kailangan dito ang walang pag-aalinlangang



pananampalataya kay Cristo kahit sa napakahirap na kalagayan. Kailangan dito ang patuloy na paglalakad natin nang may matatag na pananampalataya kay Cristo, na ginagabayan ng Espiritu at nagtitiwala na ilalaan ng Diyos ang ating mga pangangailangan.[4]

Sa pagtatapos ng Kanyang mortal na ministeryo sa lupa, bago Siya ibilanggo, itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."[5]

Sandali nating isipin—Si Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Ama, ay namuhay nang walang bahid ng anumang kasalanan at nadaig ang lahat ng tukso, pasakit, pagsubok, at paghihirap sa daigdig. Pumatak ang Kanyang mga dugo sa Getsemani; nagdanas Siya ng napakatinding sakit na hindi mailalarawan ng sinuman. Pinasan Niya ang lahat ng ating mga pasakit at karamdaman. Handa Siyang tumulong—tulungan ang bawat isa sa atin—sa lahat ng ating pasanin. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay, pagdurusa, kamatayan, at Pagkabuhay na Mag-uli, inalis Niya ang lahat ng hadlang sa ating kagalakan at sa paghahanap natin ng kapayapaan sa mundong ito. Ang mga ibinunga ng Kanyang pagbabayad-salang sakripisyo ay ibinibigay sa lahat ng tatanggap sa Kanya at itatatwa ang kanilang sarili at sa lahat ng magpapasan ng Kanyang krus at susunod sa Kanya bilang Kanyang mga tunay na disipulo.[6] Kaya nga, kapag nanampalataya tayo kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, tayo ay lalakas, gagaan ang ating mga pasanin, at sa pamamagitan Niya ay madaraig natin ang sanlibutan.

Mga kapatid, kapag pinag-isipan natin ang lakas at pag-asang matatanggap natin mula sa Tagapagligtas, may dahilan tayo para itaas ang ating ulo, magsaya, at magpatuloy sa paglakad nang walang pag-aalinlangan, "sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad. . . . Ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad."[7]

Hinikayat din ni Haring Limhi ang kanyang mga tao, "[Bumaling] sa Panginoon nang may buong layunin ng puso, . . . [paglingkuran] siya nang *buong* pagsusumigasig ng pag-iisip, kung gagawin ninyo ito, siya, alinsunod sa kanyang sariling kalooban at kagalakan, ay palalayain kayo mula sa pagkaalipin."[8]



Pakinggan ang mga salita ng Tagapagligtas nang sabihin Niya sa atin na:

"Huwag magulumihanan ang inyong puso: magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin. . . .

"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. . . .

"Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya."[9]

Pinagpapala tayo ng Diyos ayon sa ating pananampalataya.[10] Ang pananampalataya ay pinagmumulan ng pamumuhay nang may banal na layunin at walang-hanggang pananaw. Ang pananampalataya ay isang praktikal na alituntunin na naghihikayat ng pagsusumigasig. Ito ay mahalaga at buhay na puwersa na makikita sa ating positibong pag-uugali at hangarin na handa nating gawin ang lahat ng ipinagagawa ng Diyos at ni Jesucristo. Ito ang naghihikayat sa atin na lumuhod at magsumamo sa Panginoon na gabayan tayo at tumayo at kumilos nang may tiwala na matatamo ang mga bagay na naaayon sa Kanyang kalooban.

Maraming taon na ang nakakaraan noong naglilingkod ako bilang mission president, nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa mga magulang ng isa sa mga mahal naming missionary na ipinaaalam sa akin ang tungkol sa pagkamatay ng kanyang kapatid na babae. Naaalala ko, sa sandaling iyon ng kapighatian, pinag-usapan namin ng missionary na iyon ang napakagandang plano ng kaligtasan ng Diyos para sa Kanyang mga anak at kung paano siya mapapanatag ng kaalamang ito.

Bagama't nabigla at nalungkot sa masamang balitang iyon, ang missionary na ito—na lumuluha at may pananampalataya sa Diyos—ay nagalak sa naging buhay ng kanyang kapatid. Nagpahayag siya ng walang pag-aalinlangang tiwala sa magiliw na mga awa ng Panginoon.

Buong katatagan niyang sinabi sa akin na patuloy siyang maglilingkod sa misyon nang may buong katapatan at sigasig upang maging karapat-dapat sa mga pangakong ibinigay ng Diyos sa kanya at sa kanyang pamilya. Sa panahong ito ng pangangailangan, ibinaling ng matapat na missionary na iyon ang kanyang puso sa Diyos, nagtiwala siya nang lubos sa Kanya, at nagpanibago ng kanyang pangako na paglilingkuran Siya nang buong sigasig.



Mga kapatid, kung hindi tayo nakatuon sa matatag na pagtitiwala sa Diyos at sa hangaring paglingkuran Siya, ang mapapait na karanasan sa mortalidad ay magpapadama sa atin na parang mabigat ang ating pasanin; at mawawalan tayo ng dahilan para ipamuhay nang lubusan ang ebanghelyo. Kung walang pananampalataya, mawawala sa atin ang kakayahang pahalagahan ang mga plano ng ating Diyos hinggil sa mga bagay na mangyayari kalaunan sa ating buhay.[11]

Sa mga sandaling ito ng pagsubok, ang kaaway—na laging nakabantay—ay tinatangkang gamitin ang ating lohika at pangangatwiran laban sa atin. Sinisikap niyang kumbinsihin tayo na walang kabuluhan ang ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Mangyaring tandaan na ang lohika o katwiran ng likas na tao ay "hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya."[12] Tandaan na si Satanas ay "kaaway ng Diyos, at patuloy [siyang] nakikipaglaban sa kanya, at nag-aanyaya at nang-aakit [sa atin] na magkasala, at patuloy na gawin ang yaong bagay na masama."[13] Hindi natin siya dapat hayaang linlangin tayo; dahil kapag hinayaan natin siya, manghihina ang ating pananampalataya at mawawala ang ating kakayahan na matamo ang mga pagpapala ng Diyos.

Kung matatag at walang pag-aalinlangan ang ating pananampalataya, daragdagan ng Panginoon ang ating kakayahan na maiangat ang ating sarili sa mga hamon ng buhay. Madaraig natin ang mga negatibong damdamin, at magkakaroon tayo ng kakayahang madaig maging ang mukhang napakahihirap na balakid. Ito ang dahilan kung kaya't kamangha-manghang nakatakas ang mga tao ni Haring Limhi sa pagkabihag mula sa mga Lamanita.

Mga kapatid, hinihikayat ko kayong lubos na magtiwala sa Diyos at sa mga turo ng Kanyang mga propeta. Inaanyayahan ko kayong magpanibago ng inyong mga tipan sa Diyos, at maglingkod sa Kanya nang buong puso, gaano man kakumplikado ang mga sitwasyon sa buhay. Pinatototohanan ko na sa kapangyarihan ng walang pag-aalinlangan ninyong pananampalataya kay Cristo, magiging malaya kayo mula sa pagkabihag sa kasalanan, sa pag-aalinlangan, sa kawalang-paniniwala, sa kalungkutan, sa pagdurusa; at tatanggapin ninyo ang lahat ng ipinangakong pagpapala mula sa ating mapagmahal na Ama.

Pinatototohanan ko na ang Diyos ay totoo. Siya ay buhay. Mahal Niya tayo. Nakikinig Siya sa ating mga dalangin sa mga sandaling tayo ay masaya at sa mga sandaling tayo ay nag-aalinlangan, nalulungkot, at nawawalan ng pag-asa. Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng mundo. Siya ang Manunubos.

Tatapusin ko ang mensahe ko sa araw na ito sa mga titik ng himnong "Not Now But in the Coming Years," na matatagpuan sa himno ng Portuguese:

*Kapag mga ulap ay lumambong sa ating puso,*
*Kapag naroon ang mga pasakit, huwag mabahala; Siya'y makikilala natin.*
*Si Jesus ang ating gabay, at Kanyang ipababatid sa atin;*
*Kapag pinakinggan natin ang Kanyang tinig, dagli Niya itong ihahayag sa atin.*
*Magtiwala sa Diyos nang walang pag-aalinlangan, at Kanya tayong tutulungan;*
*Patuloy na awitin ang Kanyang kaluwalhatian, at magpapaliwanag Siya kalaunan.*[14]

Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mosias 7:19, 33.
2. Tingnan sa Mosias 21:32; 22:1–14.
3. Tingnan sa Abraham 3:25.
4. Tingnan sa 1 Nephi 4:6–7; 2 Nephi 31:20.
5. Juan 16:33.
6. Tingnan sa Lucas 9:23.
7. Santiago 1:6, 8.
8. Mosias 7:33; idinagdag ang pagbibigay-diin.
9. Juan 14:1, 15, 21.
10. Tingnan sa 2 Nephi 27:23; Alma 37:40; Eter 12:29.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:3.
12. I Mga Taga Corinto 2:14.
13. Moroni 7:12.
14. "Not Now but in the Coming Years," isinalin mula sa "Agora não, mas logo Mais," *Hymns* (Portuguese), blg. 156.



**Ni Elder Mark A. Bragg**
Ng Pitumpu

# Lumiliwanag nang Lumiliwanag Hanggang sa Ganap na Araw

*Maging sa pinakamahihirap at pinakamadidilim na sandali, may liwanag at kabutihan sa buong paligid natin.*

Nagbahagi si Pablo ng isang magandang mensahe ng pag-asa sa mga taga-Corinto:

"Sa magkabikabila ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pag-asa.

"Pinag-uusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira."[1]

Ano ang pinagmulan ng pag-asa ni Pablo? Pakinggan ang kanyang sagot: "Yamang ang Dios, ang nagsabi, Magniningning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesucristo."[2]

Maging sa pinakamahihirap at pinakamadidilim na sandali, may liwanag at kabutihan sa buong paligid natin. Noong Oktubre, nagpaalala sa atin si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, "Napalilibutan tayo ng napakaraming kaalaman at katotohanan at dahil diyan iniisip ko kung talaga bang pinasasalamatan natin ang mga bagay na mayroon tayo."[3]

Gayunman, mas gusto ng kaaway na magtuon tayo sa "abu-abo ng kadiliman . . . na bumubulag sa mga mata, . . . nagpapatigas sa mga puso . . . [at] umaakay . . . palayo."[4]

Gayon pa man, dahil lubos na nauunawaan ng Panginoon ang mga hamon sa ating panahon, nangako Siya, "Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw."[5]

Tayo ay mga anak ng Diyos. Nilikha tayo upang tumanggap ng liwanag, magpatuloy sa Diyos, at tumanggap ng marami pang liwanag. Sa simula pa lamang, sinunod natin ang liwanag; sinunod natin ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang plano. Ang paghahanap ng liwanag ay nasa ating espiritual na DNA.

Narinig kong itinuro nang napakahusay ang walang-hanggang katotohanang ito sa isang di-inaasahang lugar. Habang nagtatrabaho ako sa isang malaking bangko, naimbita akong dumalo sa isang executive program sa University of Michigan. Sa oras ng program, itinuro ni Propesor Kim Cameron ang konsepto ng mabuting pamumuno at ang heliotropic na epekto nito. Ipinaliwanag niya: "Ito ay tumutukoy sa tendensiya ng lahat ng may-buhay na lumapit sa positibong enerhiya [ang liwanag] at lumayo sa negatibong enerhiya [ang kadiliman]. Mula sa single-cell organism hanggang sa kumplikadong human system, lahat ng may-buhay ay may likas na inklinasyon na lumapit sa positibo at lumayo sa negatibo."[6]

Batay sa kanyang maraming pagsasaliksik, nagtuon din siya sa tatlong mahahalagang ugali na kailangan sa matagumpay na pagtatrabaho: pagkahabag, pagpapatawad, at pasasalamat.[7]



Lubos na makatuturan na kapag bumaling ang mga tao sa positibo (liwanag), ang mga katangiang lubos na naipakita ng Ilaw ng Sanlibutan na si Jesucristo ay naroroon!

Mga kapatid, mapanatag na may liwanag na nariyan para sa atin. Magmumungkahi ako ng tatlong lugar kung saan tayo *laging* makasusumpong ng liwanag:

**1. Ang Liwanag ng Simbahan**

Ang Simbahan ay isang parola ng liwanag sa mundong patuloy na nagdidilim. Napakagandang panahon nito upang maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw! Ang Simbahan ay mas matatag kaysa noon[8] at literal na mas tumatatag bawat araw habang may mga bagong miyembrong sumasapi sa atin, nabubuo ang mga bagong kongregasyon, tumatawag ng mga bagong missionary, at nabubuksan ang mga bagong teritoryo sa ebanghelyo. Nakikita natin ang matagal-tagal nang hindi aktibo sa Simbahan na bumabalik bunga ng araw-araw na mga himalang dulot ng pagsagip na nakinita noon ni Pangulong Thomas S. Monson.

Kinausap ko kamakailan ang mga kabataan sa Paraguay, Uruguay, Chile, at Argentina sa kanilang mga For the Strength of Youth conference. Gumugol ang libu-libong kabataang lalaki at babae ng isang buong linggo sa pagpapalakas ng kanilang pagmamahal sa Tagapagligtas at saka sila nagsiuwi sa kanilang pamilya at mga kaibigan, na nagpapalaganap ng liwanag at pagmamahal ni Cristo.

Talagang laging may mga mamimintas sa Simbahan. Ganito na sa simula pa lang at magpapatuloy ito hanggang wakas. Ngunit hindi natin maaaring hayaang pahinain ng gayong pamimintas ang pagiging sensitibo natin sa liwanag na nariyan para sa atin. Ang pagkilala sa liwanag at paghahanap dito ay magpapagindapat sa atin para sa mas marami pang liwanag.

Sa isang mundong nagdidilim, ang *liwanag ng Simbahan* ay liliwanag nang liliwanag hanggang sa ganap na araw.



**2. Ang Liwanag ng Ebanghelyo**

Ang liwanag ng ebanghelyo ang landas na "lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw,"[9] at pinakamaningning ang liwanag nito sa ating pamilya at sa mga templo sa buong mundo.

Nakasaad sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*: "Sa pamamagitan ng liwanag ng ebanghelyo, malulutas ng mga pamilya ang mga di-pagkakaunawaan, pagtatalo, at mga hamon. Ang mga pamilyang nahati dahil sa di-pagkakasundo ay mapagkakaisa sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapatawad, at pananampalataya sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."[10] Ngayon higit kailanman, ang ating pamilya ay kailangang pagmulan ng malaking liwanag sa lahat ng nasa paligid atin. Nadaragdagan ang liwanag ng mga pamilya habang nagiibayo ang kanilang pagmamahal at kabaitan. Kapag nagtatag tayo ng mga pamilyang may "pananampalataya, . . . pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, [at] awa,"[11] lalo nating mamahalin ang Tagapagligtas at ang isa't isa. Mas titibay ang pamilya, at ang liwanag na nasa bawat isa sa atin ay mas magniningning.

Mababasa natin sa Bible Dictionary na "ang tahanan lamang ang maihahalintulad sa templo sa kasagraduhan."[12] Ngayon ay mayroon na tayong 155 templong gumagana at marami pa ang itatayo. Dumarami ang mga pamilyang ibinubuklod para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Nagsusumite ang mga miyembro ng mas maraming pangalan ng kanilang mga ninuno sa templo para maisagawa ang nakapagliligtas na mga ordenansa para sa kanila. Tunay na nadarama natin ang malaking kagalakan at pagdiriwang sa magkabilang panig ng tabing!

Sa mundong patuloy na nagdidilim, ang *liwanag ng ebanghelyo* ay liliwanag nang liliwanag hanggang sa ganap na araw.

### 3. Ang Liwanag ni Cristo

Hindi ninyo maaaring banggitin ang liwanag *sa* sanlibutan nang hindi binabanggit ang Ilaw *ng* Sanlibutan na si Jesucristo. Ang katibayan na may mapagmahal na Ama sa Langit ay na lahat ng isinisilang sa buhay na ito ay nabiyayaan ng Liwanag ni Cristo para tulungan silang makauwi [pabalik sa Ama sa Langit]. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ang Espiritu ni Cristo ay laging nariyan. . . . Ang Liwanag ni Cristo ay pandaigdigan tulad ng sikat ng araw mismo. Saanman naroon ang tao, naroon ang Espiritu ni Cristo."[13] Ang Liwanag ni Cristo ay "nag-aanyaya at nang-aakit na patuloy na gumawa ng mabuti"[14] at inihahanda ang lahat ng naghahangad ng kabutihan at katotohanan na matanggap ang Espiritu Santo.

Itinuro ng Tagapagligtas na Siya ang liwanag na "nagbibigay-liwanag sa inyong mga mata," "nagpapabilis ng inyong mga pang-unawa," at "nagbibigay ng buhay sa lahat ng bagay."[15] Ang Liwanag ni Cristo ay tutulungan tayong makita ang ibang tao ayon sa pagtingin ng Tagapagligtas. Maging mas mapagmahal at maunawain tayo sa mga paghihirap ng iba. Tutulungan tayo nitong maging mas mapagpasensya sa mga taong hindi natin katulad sumamba o maglingkod. Tutulungan tayo nitong mas lubos na maunawaan ang dakilang plano ng kaligayahan at makita kung paano tayo nagiging bahaging lahat sa dakila at mapagmahal na planong iyan. Nagbibigay ito ng buhay, kahulugan, at layunin sa lahat ng ginagawa natin. Ngayon, sa lahat ng kaligayahang darating sa atin habang mas lubos nating nauunawaan ang Liwanag ni Cristo, hindi nito mapapantayan ang kagalakang nadarama natin kapag nakikita natin na nagkakaroon ng epekto ang Liwanag ni Cristo sa iba: sa pamilya, mga kaibigan, at kahit sa mga hindi natin kilala.

Nadama ko ang kagalakang iyan nang mabalitaan ko ang mga pagsisikap ng isang grupo ng matatapang na bumbero na nagsikap na iligtas ang nasusunog na stake center sa Southern California noong Hulyo 2015. Nang maglagabgab ang apoy, tinawagan ng battalion commander ang isang kaibigan niyang LDS para tanungin kung saan nakatago ang sagradong relics at mga sacrament cup para maisalba nila ang mga ito. Tiniyak sa kanya ng kaibigan niya na walang sagradong relics at na ang totoo ay napakadaling palitan ang mga sacrament cup. Ngunit nadama ng commander na may dapat pa siyang gawin, kaya pinabalik niya ang mga bumbero sa nasusunog na gusali para kunin ang lahat ng painting ni Cristo sa mga dingding upang maisalba ang mga ito. Inilagay pa nga nila ang isa nito sa trak ng bumbero sa pag-asang mabantayan nito ang mga bumbero. Talagang naantig ako sa kabaitan, kabutihan, at pagiging sensitibo ng commander sa Liwanag sa isang mapanganib at mahirap na sandali.

Sa mundong patuloy na nagdidilim, ang *Liwanag ni Cristo* ay liliwanag nang liliwanag hanggang sa ganap na araw!

Inuulit ko ang sinabi ni Pablo: "Ating isakbat ang mga sandata ng kaliwanagan."[16] Pinatototohanan ko si Cristo. Siya ang Ilaw ng Sanlibutan. Nawa'y mapalakas tayo ng liwanag na nariyan para sa atin sa pamamagitan ng higit na pakikibahagi sa simbahan at higit na pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa ating pamilya. Nawa'y palagi nating makita ang Liwanag ni Cristo sa iba at matulungan natin silang makita ito sa kanilang sarili. Kapag natanggap natin ang liwanag na iyon, bibiyayaan tayo ng mas maraming liwanag, maging hanggang sa ganap na araw na muli nating makikita "ang Ama ng mga liwanag,"[17] ang ating Ama sa Langit. Pinatototohanan ko ito sa banal na pangalan ng Ilaw ng Sanlibutan, maging si Jesucristo, amen. ■




*Iniligtas ng isang bumbero ang ipinintang larawan ng Tagapagligtas mula sa isang nasusunog na stake center sa California, USA.*

#### MGA TALA


1. II Mga Taga Corinto 4:8–9.
2. II Mga Taga Corinto 4:6.
3. Dieter F. Uchtdorf, "O Kaydakila ng Plano ng Ating Diyos!" *Liahona,* Nob. 2016, 20.
4. 1 Nephi 12:17.
5. Doktrina at mga Tipan 50:24.
6. Kim Cameron, *Positive Leadership: Strategies for Extraordinary Performance,* pangalawang edisyon (2012), xii; tingnan din sa Kim S. Cameron, "Leading with Energy," Wheatley Institution Fellow Notes, Peb. 17, 2017, wheatley.byu.edu.
7. Tingnan sa Kim Cameron, *Positive Leadership,* 33, 36, 39.
8. Tingnan sa Quentin L. Cook, "Tanglaw Ko ang Diyos," *Liahona,* Mayo 2015, 65.
9. Mga Kawikaan 4:18.
10. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 3.
11. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
12. Bible Dictionary, "Temple."
13. Boyd K. Packer, "Ang Liwanag ni Cristo," o *Liahona,* Abr. 2005, 13.
14. Moroni 7:13.
15. Doktrina at mga Tipan 88:11, 13.
16. Mga Taga Roma 13:12.
17. Santiago 1:17; Doktrina at mga Tipan 67:9.


*ULO NI CRISTO,* NI WARNER SALLMAN ©1941, 1968 NG WARNER PRESS, INC., ANDERSON, INDIANA, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT



**Ni Pangulong Russell M. Nelson**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay

*Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay puno ng Kanyang lakas, na laan sa lahat ng anak ng Diyos na masigasig na naghahangad nito.*

Mahal kong mga kapatid, nabubuhay tayo sa napakahirap na dispensasyon. Naliligiran tayo ng mga hamon, kontrobersiya, at kaguluhan. Ang napakagulong panahong ito ay nakinita ng Tagapagligtas. Binalaan Niya tayo na sa ating panahon ay pupukawin ng kaaway ang galit sa puso ng mga tao at ililigaw sila ng landas.[1] Subalit hindi intensyon kailanman ng ating Ama sa Langit na mag-isa tayong humarap sa nakalilitong personal na mga problema at isyu sa lipunan.

Mahal na mahal tayo ng Diyos kaya isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak[2] upang tulungan tayo.[3] At ibinuwis ng Kanyang Anak na si Jesucristo ang Kanyang buhay para sa atin. Ginawa Nila ang lahat ng iyon para makahugot tayo ng lakas sa Diyos—lakas na sapat sa pagharap sa mga pasanin, balakid, at tukso sa ating panahon.[4] Ngayong araw na ito gusto kong magsalita tungkol sa *kung paano* tayo makakahugot ng lakas sa ating Panginoon at Maestro na si Jesucristo sa ating buhay.

Magsisimula tayo sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa Kanya.[5] "Hindi maaari para sa [atin] na maligtas dahil sa kamangmangan."[6] Kapag mas marami tayong alam tungkol sa ministeryo at misyon ng Tagapagligtas[7]—mas nauunawaan natin ang Kanyang doktrina[8] at ang ginawa Niya para sa atin—mas nalalaman natin na maibibigay Niya ang lakas na kailangan natin sa buhay.

Sa unang bahagi ng taong ito, hiniling ko sa mga young adult ng Simbahan na maglaan ng kaunting oras nila kada linggo sa pag-aaral ng *lahat* ng sinabi at ginawa ni Jesucristo na nasusulat sa ating pamantayang mga banal na kasulatan.[9] Hinikayat ko sila na gawing personal na pangunahing kurikulum nila ang mga binanggit sa mga banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo sa Topical Guide.[10]

Ibinigay ko ang hamong iyon dahil tinanggap ko na mismo ang hamong ito. Binasa at ginuhitan ko ang *bawat* talatang bumabanggit kay Jesucristo, na nakalista sa ilalim ng main heading at ng 57 subtitle sa Topical Guide.[11] Nang matapos ko ang nakatutuwang gawaing iyon, tinanong ako ng asawa ko kung ano ang naging epekto niyon sa akin. Sabi ko sa kanya, "Nagbago ako!"

Nanariwa ang katapatan ko sa Kanya nang mabasa kong muli sa Aklat ni Mormon ang sariling pahayag ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang misyon sa mortalidad. Sabi Niya:

"Ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.



“At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus.”[12]

Tinutukoy nating mga Banal sa mga Huling Araw ang Kanyang misyon bilang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kaya naging totoo ang pagkabuhay na mag-uli para sa lahat at naging posible ang buhay na walang hanggan para sa mga nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at tumatanggap at tumutupad ng mga kinakailangang ordenansa at tipan.

Sa doktrinal na pananalita, hindi sapat ang mga pinaikling pahayag sa pagtukoy sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon, gaya ng “Pagbabayad-sala” o “nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad sala” o “paggamit ng Pagbabayad-sala sa ating buhay” o “pinalalakas ng Pagbabayad-sala.” Nanganganib na iligaw ng mga salitang ito ang ating pananampalataya kung ituturing ang *pangyayari* na parang *ito* ay may sariling buhay at mga kakayahan na hiwalay sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Sa dakilang plano ng ating Ama sa Langit, ang Tagapagligtas ang nagdusa. Ang Tagapagligtas ang nagkalag ng mga gapos ng kamatayan. Ang Tagapagligtas ang tumubos sa ating mga kasalanan at paglabag at bumubura sa mga ito kapag nagsisi tayo. Ang Tagapagligtas ang nagpapalaya sa atin sa pisikal at espirituwal na kamatayan.

Walang entidad na walang hugis na tinatawag na “Pagbabayad-sala” na maaari nating hingan ng tulong, pagpapagaling, kapatawaran, o kapangyarihan. Si Jesucristo ang pinagmumulan nito. Ang mga sagradong salitang tulad ng *Pagbabayad-sala* at *Pagkabuhay na Mag-uli* ay naglalarawan sa ginawa ng Tagapagligtas, alinsunod sa plano ng Ama, upang mabuhay tayo nang may pag-asa sa buhay na ito at magtamo ng buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas—ang pinakatampok na kaganapan sa kasaysayan ng buong sangkatauhan—ay higit na mauunawaan at mapapahalagahan kapag tuwiran at malinaw natin itong iniugnay sa Kanya.



Ang kahalagahan ng misyon ng Tagapagligtas ay binigyang-diin ni Propetang Joseph Smith, na matatag na nagsabi na “ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya’y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito.”[13]

Ang mismong pahayag na ito ng Propeta ang nagganyak sa 15 propeta, tagakita, at tagapaghayag na ilathala at lagdaan ang kanilang patotoo bilang paggunita sa ika-2,000 taong anibersaryo ng pagsilang ng Panginoon. Ang makasaysayang patotoong ito ay pinamagatang “Ang Buhay na Cristo.”[14] Maraming miyembro na ang nakapagsaulo ng mga katotohanang nakapaloob dito. Ang iba naman ay halos walang alam tungkol dito. Habang nagsisikap kayo na higit pang makaalam tungkol kay Jesucristo, hinihimok ko kayong pag-aralan ang “Ang Buhay na Cristo.”

Kapag naglaan tayo ng oras sa pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, mahihikayat tayong makilahok sa isa pang mahalagang sangkap sa paghugot ng lakas sa Kanya: pinipili nating sumampalataya sa Kanya at tularan Siya.

Ang tunay na mga disipulo ni Jesucristo ay handang lumantad, magsalita, at maiba sa mga tao sa mundo. Sila ay walang takot, tapat, at matapang. Nalaman ko na may ganitong mga disipulo nang papuntahin ako kamakailan sa Mexico, kung saan nakausap ko ang mga opisyal ng pamahalaan at maging ang mga pinuno ng iba’t ibang relihiyon. Bawat isa ay pinasalamatan ako sa kagitingan at

matagumpay na pagsisikap ng ating mga miyembro na protektahan at ipreserba ang matatag na pagsasama ng mga mag-asawa at pamilya sa kanilang bansa.

Hindi madali o otomatiko ang maging gayon kalakas na mga disipulo. Kailangan tayong magtuon sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Kailangang mag-isip nang husto sa pagsisikap na magtuon sa Kanya sa *bawat* pag-iisip.[15] Nguni't kapag ginawa natin ito, mawawala ang ating mga pagdududa at takot.[16]

Nalaman ko kamakailan ang tungkol sa isang walang-takot na batang Laurel. Inanyayahan siyang lumahok sa isang statewide competition para sa kanyang high school sa gabi na nakapangako rin siyang sumama sa isang stake Relief Society meeting. Nang matanto niya ang gusot na ito at maipaliwanag sa mga opisyal ng kumpetisyon na kailangan niyang lisanin nang maaga ang kumpetisyon para dumalo sa isang mahalagang pulong, sinabihan siya na aalisin siya sa paligsahan.

Ano ang ginawa ng latter-day Laurel na ito? Tinupad niya ang kanyang pangakong makilahok sa Relief Society meeting. Tulad ng ipinangako, inalis siya sa statewide competition. Nang tanungin siya tungkol sa kanyang desisyon, simple lang ang isinagot niya, "Mas mahalaga ang Simbahan, 'di po ba?"

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay nagtutulak sa atin na gawin ang mga bagay na kung tutuusin ay hindi natin gagawin. Ang pananampalatayang naggaganyak sa atin na kumilos ay nagbibigay-daan upang higit tayong makahugot ng lakas sa Kanya.

Pinalalakas din natin ang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay kapag gumagawa tayo ng mga sagradong tipan at ganap na tinutupad ang mga tipang ito. Ang ating mga tipan ang nagbubuklod sa atin sa Kanya at nagbibigay sa atin ng lakas mula sa Diyos. Bilang matatapat na disipulo, tayo ay nagsisisi at sumusunod sa Kanya sa mga tubig ng binyag. Tinatahak natin ang landas ng pakikipagtipan tungo sa pagtanggap ng iba pang mga kinakailangang ordenansa.[17] At kay



laking pasasalamat, na ayon sa plano ng Diyos ang mga pagpapalang iyon ay makararating sa ating mga ninuno na nangamatay na hindi ito natanggap sa buhay na ito.[18]

Ang mga lalaki at babaeng tumutupad sa tipan ay naghahanap ng mga paraan para mapanatiling walang bahid-dungis ang kanilang sarili mula sa sanlibutan para walang makahadlang sa paghugot nila ng lakas sa Tagapagligtas. Kailan lamang, isang tapat na asawa at ina ang sumulat nito: "Maligalig at mapanganib ang panahon ngayon. Napakapalad natin na higit tayong may kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan at may inspiradong patnubay mula sa mga mapagmahal na propeta, apostol, at lider na tumutulong sa ating paglalayag sa maunos na karagatang ito nang ligtas. Itinigil na natin ang nakaugaliang pagbubukas ng radyo sa umaga. Sa halip, nakakapakinig na tayo ngayon ng mensahe sa pangkalahatang kumperensiya sa ating mga mobile phone tuwing umaga habang inihahanda ang ating sarili para sa susunod na araw."

Isa pang sangkap sa paghugot ng lakas sa Tagapagligtas sa ating buhay ang lumapit sa Kanya nang may pananampalataya. Ang ganitong uri ng paglapit ay nangangailangan ng masigasig at nakatuong pagsusumikap.

Natatandaan pa ba ninyo ang kuwento sa biblia tungkol sa isang babaing 12 taong nagdusa sa isang nakapanghihinang problema?[19] Nagpakita siya ng malaking pananampalataya sa Tagapagligtas, na bumubulalas, "Kung mahipo ko man lamang ang kanyang damit, ay gagaling ako."[20]

Kinailangan nitong matapat at nakatuong babae na lumapit sa abot ng kanyang makakaya upang makahugot ng lakas sa Kanya. Ang pisikal na paglapit niya ay simbolo ng kanyang espirituwal na paglapit.

Marami sa atin ang nanawagan mula sa kaibuturan ng ating puso gamit ang ibang pananalitang katumbas ng sinabi ng babaeng ito: "Kung espirituwal lang akong makakalapit nang sapat upang makahugot ng lakas sa Tagapagligtas sa buhay ko, malalaman ko kung paano harapin ang nakapanghihinang sitwasyon ko. Malalaman ko kung ano ang gagawin. At magkakaroon ako ng lakas na gawin ito."

Kung huhugot kayo ng lakas sa Panginoon sa inyong buhay na kasingtindi ng isang taong nalulunod na nagpupumilit at nangangapos ang hininga, sasainyo ang lakas mula kay



Jesucristo. Kapag alam ng Tagapagligtas na talagang gusto ninyong lumapit sa Kanya—kapag nadama Niya na pinakamimithi ng inyong puso na humugot ng lakas sa Kanya sa inyong buhay—gagabayan kayo ng Espiritu Santo na malaman kung ano mismo ang dapat ninyong gawin.[21]

Kapag nagsikap kayo na espirituwal na lumapit sa Kanya nang higit pa sa dati ninyong nagawa, dadaloy ang Kanyang lakas sa inyo.[22] At doon ninyo mauunawaan ang malalim na kahulugan ng mga salita sa kinakanta natin sa himno "Ang Espiritu ng Diyos":


*Ating pang-unawa'y pinalalawak*
*ng Diyos. . . .*
*Lumalaganap ang dunong at lakas*
*ng Diyos;*
*Ang tabing sa mundo'y nahahawing*
*unti-unti.*[23]

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay puno ng Kanyang lakas, na laan sa lahat ng anak ng Diyos na masigasig na naghahangad nito. Pinatototohanan ko na kapag humugot tayo ng lakas sa Kanya sa ating buhay, Siya at tayo man ay magagalak.[24]

Bilang isa sa Kanyang mga natatanging saksi, pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay! Si Jesus ang Cristo! Ang Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik na sa lupa! Ang buhay na propeta ng Diyos ngayon sa lupa ay si Pangulong Thomas S. Monson, na buong puso kong sinasang-ayunan. Pinatototohanan ko ito, nang may pagmamahal at basbas para sa bawat isa sa inyo, sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa 2 Nephi 28:19–30.
2. Tingnan sa Juan 3:16.
3. Si Jesucristo ang Hinirang—hinirang ng Ama sa Langit na maging Kanyang personal na kinatawan sa lahat ng bagay na nauukol sa kaligtasan ng sangkatauhan. Si Jesus ang hinirang na maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Bago nilikha ang mundo, hinirang si Jesucristo upang gawing posible ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan para sa lahat ng anak ng Diyos (tingnan sa Juan 17:24; I Ni Pedro 1:20). Kaya nga, may dalawang kakaibang tawag kay Jesus: *ang Mesiyas* (Hebreo) at *ang Cristo* (Griyego)—na ang kahulugan ng bawat isa ay "hinirang." (Tingnan sa Bible Dictionary,"Anointed One.")
4. Mapoprotektahan natin ang ating sarili sa pamamagitan ng pag-alam at pamumuhay ayon sa salita ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:17–18; Doktrina at mga Tipan 27:18).
5. Sa utos ng Kanyang Ama, si Jesus ang Lumikha sa daigdig (tingnan sa Juan 1:2–3) at sa iba pang mga daigdig na hindi mabilang (tingnan sa Moises 1:33). Bago Siya isinilang sa mundo, si Jesus ang dakilang Jehova—ang Diyos ng Lumang Tipan. Si Jehova ang nakipag-ugnayan kay Moises sa Bundok Sinai. Si Jehova ang nakipagtipan kay Abraham na lahat ng bansa sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan ng lahi ni Abraham. At si Jehova ang nakipagtipan sa mga mag-anak ng sambahayan ni Israel. Si Jesus din ang ipinangakong Emmanuel, ayon sa propesiya ni Isaias (tingnan sa Isaias 7:14).
6. Doktrina at mga Tipan 131:6.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:40–41.
8. Tingnan sa 2 Nephi 31:2–21.
9. Banal na Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.
10. Tingnan sa Topical Guide, "Jesus Christ." Bukod pa sa teksto sa ilalim ng major heading na iyon, may 57 pang subtitle tungkol sa Kanya. Para sa mga edisyong hindi nasusulat sa Ingles, gamitin ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan.
11. Mahigit 2,200 ang nabanggit sa 18 pahinang iyon ng Topical Guide.
12. 3 Nephi 27:13–14.
13. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.
14. Tingnan sa "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona*, Abr. 2000, 2–3.
15. Tingnan sa Helaman 8:15.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:36.
17. Itinuro sa atin ni Jesucristo ang kahalagahan ng mga sagradong ordenansa, gaya ng binyag o bautismo (tingnan sa Juan 3:5), sakramento (tingnan sa Doktrina at mga tipan 59:9), at mga ordenansa ng endowment at pagbubuklod sa templo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:39–42).
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:29–32.
19. Tingnan sa Lucas 8:43–44.
20. Marcos 5:28.
21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:63.
22. Nang hipuin ng matapat na babae ang damit ng Tagapagligtas, agad Siyang nagsabi, "Naramdaman ko na may umalis na *bisa* [mula sa salitang Griyegong *dunamis,* na ibig sabihin ay "lakas o kapangyarihan"] sa akin" (Lucas 8:46; idinagdag ang pagbibigay-diin).
23. "Espiritu ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 2.
24. Tingnan sa 3 Nephi 17:20.



Sesyon sa Sabado ng Hapon | Abril 1, 2017

**Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Mga kapatid, hiniling ni Pangulong Monson na ilahad ko ngayon sa inyo ang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency ng Simbahan para sa inyong pagsang-ayon.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Russell M. Nelson bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, at Dale G. Renlund.

Ang mga sang-ayon, ipakita lamang.

Sinumang di-sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang di-sang-ayon, kung mayroon man, ay ipakita rin.

Pinasasalamatan namin ang paglilingkod ni Elder Bruce D. Porter, na aming kaibigan at kasamahan, na pumanaw noong Disyembre 28, 2016. Ipinapahayag namin ang aming pagmamahal at taos-pusong pakikidalamhati kay Sister Susan Porter at sa kanilang mga anak at apo. Nagpapasalamat kami na nakasama namin sa paglilingkod ang mabuting taong ito.

Iminumungkahi na i-release natin sina Taylor G. Godoy at John C. Pingree Jr. bilang mga Area Seventy. Ang mga nais makiisa sa amin sa





pasasalamat sa kalalakihang ito sa kanilang paglilingkod, ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release natin nang may taos-pusong pasasalamat sina Sister Linda K. Burton, Carole M. Stephens, at Linda S. Reeves bilang Relief Society General Presidency. Inire-release din natin ang mga miyembro ng Relief Society general board.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga kapatid na ito sa kanilang pambihirang paglilingkod at katapatan, ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release natin si Sister Jean B. Bingham bilang Unang Tagapayo sa Primary General Presidency at si Sister Bonnie H. Cordon bilang Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency.

Ang mga nais magpasalamat sa mga sister na ito ay magtaas ng kamay.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang mga sumusunod bilang bagong mga General Authority Seventy: Taylor G. Godoy, Joni L. Koch, Adilson de Paula Parrella, John C. Pingree, Brian K. Taylor, at Taniela B. Wakolo.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Jean B. Bingham para maglingkod bilang Relief Society General President kasama sina Sharon L. Eubank bilang Unang Tagapayo, at Reyna I. Aburto bilang Pangalawang Tagapayo.

Iminumungkahi rin na sang-ayunan natin si Bonnie H. Cordon para maglingkod ngayon bilang Unang Tagapayo sa Primary General Presidency at si Cristina B. Franco para maglingkod bilang Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Sinumang di-sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang mga sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Luis R. Arbizú, David A. Benalcázar, Berne S. Broadbent, David L. Buckner, L. Todd Budge, Luciano Cascardi, Ting Tsung Chang, Pablo H. Chavez, Raymond A. Cutler, Fernando P. Del Carpio, José Luiz Del Guerso, Aleksandr A. Drachyov, I. Raymond Egbo, Carlos R. Fusco Jr., Jorge A. García, Gary F. Gessel, Guillermo I. Guardia, Marcel Guei, José Hernández, Karl D. Hirst, Ren S. Johnson, Jay B. Jones, Anthony M. Kaku, Paul N. Lekias, John A. McCune, Tomas S. Merdegia, Artur J. Miranda, Elie K. Monga, Juan C. Pozo, Anthony Quaisie, James R. Rasband, Carlos G. Revillo Jr., Martin C. Rios, Johnny F. Ruiz, K. Roy Tunnicliffe, at Moisés Villanueva.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Sinumang di-sang-ayon ay ipakita ito.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon.

Ang pagboto ay naitala na. Ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi ay dapat kontakin ang kanilang stake president.

Mga kapatid, salamat sa inyong patuloy na pananampalataya at panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan.

Inaanyayahan namin ngayon ang mga bagong General Authority Seventy at ang bagong Relief Society General Presidency na maupo sa kanilang upuan sa itaas. Palaging sinasabi ni Pangulong Monson na, "Mahabang paglalakad ito." Salamat, sisters. Salamat, mga kapatid. Para sa inyong kaalaman, si Sister Franco ay kasalukuyang naglilingkod sa mission kasama ang kanyang asawa sa Argentina. Katatapos lamang siyang sang-ayunan, tulad ng alam ninyo, at opisyal na magsisimula sa kanyang paglilingkod pagbalik nila sa Hulyo. ■

# Ulat ng Church Auditing Department, 2016

**Inilahad ni Kevin R. Jergensen**
Managing Director, Church Auditing Department

*Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Mahal kong mga Kapatid: Ayon sa patnubay ng paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric—ang nagbibigay ng awtoridad sa paggastos ng pondo ng Simbahan. Ang mga entidad ng Simbahan ay namamahagi ng pondo alinsunod sa inaprubahang mga budget, patakaran, at pamamaraan.

Ang Church Auditing Department, na binubuo ng mga sertipikadong propesyonal at hindi sakop ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ay may responsibilidad na magsagawa ng mga audit para makapaglaan ng makatwirang katiyakan tungkol sa mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at pangangalaga sa mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, ang opinyon ng Church Auditing Department ay na, sa lahat ng mahahalagang bagay, ang mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at mga ari-arian ng Simbahan para sa taong 2016 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa mga budget, patakaran, at pamamaraan sa accounting na inaprubahan ng Simbahan. Sinusunod ng Simbahan ang mga pamamaraang itinuro sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa budget, umiwas sa utang, at mag-ipon para sa oras ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Kevin R. Jergensen
Managing Director ■



# Ulat sa Estadistika, 2016

**Inilahad ni Brook P. Hales**
Secretary sa Unang Panguluhan

Inilabas ng Unang Panguluhan ang sumusunod na ulat sa estadistika tungkol sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2016.

**Mga Unit ng Simbahan**

| | |
|---|---|
| Mga Stake | 3,266 |
| Mga Mission | 421 |
| Mga District | 556 |
| Mga Ward at Branch | 30,304 |

**Mga Miyembro ng Simbahan**


| | |
|---|---|
| Kabuuang Bilang ng mga Miyembro | 15,882,417 |
| Mga Bagong Children of Record | 109,246 |
| Mga Convert na Nabinyagan | 240,131 |

**Mga Missionary**

| | |
|---|---|
| Mga Full-Time Missionary | 70,946 |
| Mga Church-Service Missionary | 33,695 |

**Mga Templo**

| | |
|---|---|
| Mga Templong Inilaan Noong 2016 (Provo City Center, Sapporo Japan, Philadelphia Pennsylvania, Fort Collins Colorado, Star Valley Wyoming, at Hartford Connecticut) | 6 |
| Mga Templong Muling Inilaan (Suva Fiji at Freiberg Germany) | 2 |
| Mga Templong Ginagamit sa Katapusan ng Taon | 155 |



**Ni Elder Robert D. Hales**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pagiging Disipulo ng Ating Panginoong Jesucristo

*Ang iba't ibang katangiang nagmumula sa pananampalataya kay Cristo ay pawang kailangan sa ating pagiging tapat sa mga huling araw na ito.*

Ano ang ibig sabihin ng maging disipulo ng ating Panginoong Jesucristo? Ang disipulo ay isang taong nabinyagan at handang taglayin ang pangalan ng Tagapagligtas at sundin Siya. Sinisikap ng isang disipulo na maging katulad Niya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan sa buhay na ito, tulad ng isang apprentice na nagsisikap na tularan ang kanyang amo.

Naririnig ng maraming tao ang salitang *disipulo* at iniisip na ang ibig sabihin lang nito ay "alagad." Ngunit ang tunay na pagkadisipulo ay isang kalagayan. Ang ipinahihiwatig nito ay higit pa sa pag-aaral at pagkakaroon ng maraming katangian. Ang mga disipulo ay namumuhay sa paraang ang mga katangian ni Cristo ay nagiging bahagi ng kanilang pagkatao, na parang espirituwal na tapestry o tapiserya.



Pakinggan ang paanyaya ni Apostol Pedro na maging disipulo ng Tagapagligtas:

"Sa ganang inyo ng buong sikap, ay [idagdag] sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman;

"At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan;

"At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig."[1]

Tulad ng nakikita ninyo, hindi lang iisang katangian ang kailangang taglayin para maging disipulo na matatag ang espirituwalidad. Noong panahon ng Tagapagligtas, maraming nagsabing matwid sila sa isa o mahigit pang aspeto ng kanilang buhay. Sila ang tinatawag kong mga taong pumipili ng susundin. Halimbawa, sinunod nila ang utos na huwag magtrabaho sa araw ng Sabbath ngunit binatikos ang Tagapagligtas nang magpagaling Siya sa banal na araw na iyon.[2] Nagbigay sila ng limos sa mga maralita ngunit ang ibinigay lang ay ang labis sa kanila—ang hindi na nila kailangan.[3] Nag-ayuno sila ngunit mapanglaw ang mukha nila.[4] Nanalangin sila para lamang makita ng mga tao.[5] Sinabi ni Jesus, "Lumalapit sila sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang mga puso ay malayo sa akin."[6] Ang gayong kalalakihan at kababaihan ay maaaring magtuon sa pagpapakahusay sa isang katangian o gawa ngunit hindi nagiging katulad Niya sa kanilang puso.

Tungkol dito, ipinahayag ni Jesus:

"Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?

"At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan."[7]

Ang mga katangian ng Tagapagligtas, sa pagkaunawa natin sa mga ito, ay

hindi isang iskrip na susundan o listahan ng mga gagawin. Ang mga ito ay mahahalagang katangian, na nadagdag sa bawat isa, na magkakaugnay na nalilinang sa atin. Sa madaling salita, hindi natin matataglay ang isang katangian ni Cristo nang hindi rin napapasaatin at napapalakas ang iba pang mga katangian. Kapag lumakas ang isang katangian, lumalakas din ang iba pa.

Sa II Ni Pedro at sa Doktrina at mga Tipan bahagi 4, nalaman natin na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang pundasyon. Sinusukat natin ang ating pananampalataya sa ipinagagawa nito sa atin—sa ating pagsunod. "Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin," pangako ng Panginoon, "magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin."[8] Pananampalataya ang naghihikayat sa ating kumilos. Kung walang mga gawa, kung walang marangal na pamumuhay, ang ating pananampalataya ay walang kapangyarihan na magpapakilos sa atin bilang mga disipulo. Tunay ngang ang pananampalataya ay patay.[9]

Kaya nga, ipinaliwanag ni Pedro, "[idagdag] sa inyong pananampalataya ang kagalingan." Ang kagalingang ito ay higit pa sa kadalisayan ng puri. Ito ay kalinisan at kabanalan ng isipan at katawan. Ang kagalingan ay kapangyarihan din. Kapag tapat nating ipinamumuhay ang ebanghelyo, makakaya nating magkaroon ng kagalingan sa bawat iniisip, nadarama, at ginagawa natin. Mas madali nating madarama sa ating isipan ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo at ang Liwanag ni Cristo.[10] Kumakatawan tayo kay Cristo hindi lamang sa ating pananalita at gawa maging sa pagkatao rin natin.

Nagpatuloy si Pedro, "[Idagdag sa inyong] kagalingan ang kaalaman." Kapag namuhay tayo nang may kagalingan, nakikilala natin ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak sa espesyal na paraan. "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kalooban [ng Ama], ay makikilala niya ang turo."[11] Ang kaalamang ito ay personal na patotoo, nagmula sa personal na karanasan. Kaalaman ito na nagpapabago sa atin, upang ang ating "liwanag ay kumukunyapit sa [Kanyang] liwanag" at ang ating "karangalan ay nagmamahal sa [Kanyang] karangalan."[12] Sa ating marangal na pamumuhay, sumusulong tayo, kung noon ay sinasabi natin na "naniniwala ako," ngayon ay sinasabi na natin na "alam ko."

Pinayuhan tayo ni Pedro na idagdag sa "kaalaman ang pagpipigil; at sa pagpipigil ang pagtitiis." Bilang mapagpigil na mga disipulo, ipinamumuhay natin ang ebanghelyo sa balanse at matatag na paraan. Hindi tayo "tuma[ta]kbo nang higit na mabilis kaysa sa [ating] lakas."[13] Araw-araw ay sumusulong tayo, nang hindi nahahadlangan ng mga pagsubok at hamon na dumadalisay sa atin sa buhay na ito.

Dahil mapagpigil tayo sa ganitong paraan, nagtitiis tayo at nagtitiwala sa Panginoon. Nagtitiwala tayo sa Kanyang plano para sa ating buhay, kahit hindi ito nakikita ng ating likas na mga mata.[14] Kaya nga, tayo ay "mapanatag at malaman na [Siya] ang Diyos."[15] Kapag dumaranas tayo ng matitinding unos, nagtatanong tayo, "Ano po ang nais Ninyong matutuhan ko sa karanasang ito?" Dahil nasa puso natin ang Kanyang plano at mga layunin, sumusulong tayo nang hindi lamang tinitiis ang lahat ng bagay kundi tinitiis ang mga ito nang mabuti at nang buong tiyaga.[16]

Ang pagtitiyagang ito, na itinuro ni Pedro, ay inaakay tayo sa kabanalan. Dahil matiyaga ang Ama sa atin, na Kanyang mga anak, nagiging matiyaga tayo sa isa't isa at sa ating sarili. Nalulugod tayo sa kalayaan ng iba at sa pagkakataong ibinibigay nito sa kanila na umunlad nang "taludtod sa taludtod,"[17] "lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw."[18]





Mula sa pagpipigil tungo sa pagtitiyaga, at mula sa pagtitiis tungo sa kabanalan, nagbabago ang ating likas na pagkatao. Nagiging mabait tayo sa iba na palatandaan ng lahat ng tunay na disipulo. Gaya ng Mabuting Samaritano, tinatawid natin ang daan upang maglingkod sa sinumang nangangailangan, kahit hindi natin sila kaibigan.[19] Pinagpapala natin sila na sumusumpa sa atin. Ginagawan natin ng mabuti ang mga nanglalait sa atin.[20] May iba pa bang katangiang mas banal o katulad ng kay Cristo?

Pinatototohanan ko na ang mga pagsisikap natin na maging mga disipulo ng ating Tagapagligtas ay tunay na nadaragdagan hanggang sa "magkaroon" tayo ng Kanyang pag-ibig.[21] Ang pag-ibig na ito ang katangiang makikita sa isang disipulo ni Cristo:

"Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pagibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw.

"At kung magkaroon ako ng kaloob na [magpropesiya], at maalaman ko ang lahat ng mga hiwaga, at ang lahat ng mga kaalaman; at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pagibig, ay wala akong kabuluhan."[22]

Pananampalataya, pag-asa, at pagibig sa kapwa ang nagpapamarapat sa atin para sa gawain ng Diyos.[23] "Datapuwa't ngayo'y nanatili ang tatlong ito; . . . nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig."[24]

Mga kapatid, ngayon higit kailanman, hindi tayo maaaring maging "part-time na disipulo"! Hindi tayo maaaring maging disipulo sa iisang bahagi lamang ng doktrina o sa iba pang bahagi nito. Ang iba't ibang katangiang nagmumula sa pananampalataya kay Cristo—kabilang na ang mga tinalakay natin ngayon—ay pawang kailangan sa ating pagiging tapat sa mga huling araw na ito.

Kapag masigasig tayong nagsikap na maging tunay na disipulo ni Jesucristo, ang mga katangiang ito ay magkakaugnay-ugnay, madaragdagan, at magpapalakas sa atin. Walang magiging pagkakaiba sa kabaitang ipinapakita natin sa ating mga kaaway at sa kabaitang ipinapakita natin sa ating mga kaibigan. Magiging tapat tayo kahit walang nakatingin tulad ng katapatang ipinapakita natin kapag may nagmamasid. Magiging tapat tayo sa Diyos sa harap ng mga tao gayon din kapag nag-iisa tayo.

Pinatototohanan ko na lahat ng tao ay maaaring maging disipulo ng Tagapagligtas. Ang pagiging disipulo ay hindi nalilimitahan ng edad, kasarian, lahi, o tungkulin. Sa pamamagitan ng ating pagkadisipulo, bumubuo tayo, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ng pinagsama-samang puwersa upang pagpalain ang ating mga kapatid sa buong mundo. Panahon na para muling mangako sa ating sarili na maging Kanyang mga disipulo nang buong sigasig.

Mga kapatid, lahat tayo ay tinawag na maging disipulo ng ating Tagapagligtas. Gawing pagkakataon ang kumperensyang ito upang "magsimula katulad noong unang panahon, at lumapit sa [Kanya] nang buong puso ninyo."[25] Ito ang Kanyang Simbahan. Ibinabahagi ko ang aking natatanging patotoo na Siya ay buhay. Nawa'y pagpalain Niya tayo sa ating walang-hanggang pagsisikap na maging matatapat at magigiting na disipulo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. II Ni Pedro 1:5–7.
2. Tingnan sa Lucas 13:14.
3. Tingnan sa Lucas 21:4.
4. Tingnan sa Mateo 6:16.
5. Tingnan sa Mateo 6:5; tingnan din sa Alma 38:13.
6. Joseph Smith—Kasaysayan 1:19; tingnan din sa Isaias 29:13; Lucas 6:46.
7. Mateo 7:22–23.
8. Moroni 7:33.
9. Tingnan sa Santiago 2:20.
10. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:16.
11. Juan 7:17.
12. Doktrina at mga Tipan 88:40.
13. Mosias 4:27.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:3.
15. Doktrina at mga Tipan 101:16.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:8.
17. Doktrina at mga Tipan 98:12.
18. Doktrina at mga Tipan 50:24.
19. Tingnan sa Lucas 10:33.
20. Tingnan sa Mateo 5:44.
21. Moroni 7:47.
22. I Mga Taga Corinto 13:1–2.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 4:5.
24. I Mga Taga Corinto 13:13.
25. Mormon 9:27.



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Awiting Naawit at Hindi Naawit

*Nakikiusap ako sa bawat isa sa atin na mamalagi at manatiling tapat sa koro.*

"May liwanag sa 'king kalul'-wa," isinulat ni Eliza Hewitt, "tila sinag ng araw; kay Jesus tanging nagmumula, ningning na dalisay."[1] May sigla sa bawat nota, tunay na hindi maaaring awitin ang lumang himnong ito ng mga Kristiyano nang hindi napapangiti. Subalit ngayon ay nais kong hanguin mula sa konteksto ang isang linya mula rito na makatutulong sa mga araw na maaaring nahihirapan tayong umawit *o* ngumiti at sa mga sandali na tila *hindi* "payapa't masaya." Kung may pagkakataong hindi kayo makasabay sa nakagagalak na himig na naririnig ninyo mula sa iba, hinihiling ko sa inyong kumapit nang mahigpit sa linya ng awiting ito na muling tumitiyak na, "si Cristong Diyos, Kanyang dinig, tahimik kong himig."[2]

Kabilang sa mga katotohanang hinaharap natin bilang mga anak ng Diyos na naninirahan sa masamang mundong ito ay may mga araw na mahirap, mga araw kung kailan sinusubukan ang ating pananampalataya at ang ating katatagan. Maaaring nanggagaling ang mga problema o hamong ito sa ating kakulangan, sa kakulangan ng iba, o kahit na sa kakulangan sa buhay, subalit anuman ang mga dahilan, malalaman nating inaagaw ng mga ito mula sa atin ang mga awit na gustung-gusto nating awitin at pinadidilim ang pangako ng "tagsibol na [nasa] kalul'wa"[3] na masayang inilarawan ni Eliza Hewitt sa isa sa kanyang mga taludtod.

Ano ang gagawin natin sa ganitong mga panahon? Una, tanggapin natin ang payo ni Apostol Pablo at "[mag] siasa . . . sa hindi natin nakikita . . . [at mag]hintay . . . [nang] may pagtitiis."[4] Sa mga pagkakataong iyon kung kailan humihina ang himig ng ating kagalakan hanggang sa puntong hindi na natin ito madama, maaaring sandali tayong tumayo nang tahimik at makinig muna sa iba, tumatanggap ng lakas sa kariktan ng musikang nakapalibot sa atin. Marami sa atin na "nahihirapan sa pag-awit" ang napalakas ang tiwala sa ating sarili at humusay sa pag-awit sa pamamagitan ng pagtabi natin sa isang taong may mas malakas at nasa tono ang tinig. At sa pagkanta rin ng mga awit ng kawalang-hanggan, nararapat tayong tumayo nang malapit hangga't maaari sa Tagapagligtas at Manunubos ng mundo—na may perpektong tono. Pagkatapos nito'y makakakuha tayo ng lakas-ng-loob mula sa Kanyang kapangyarihang marinig ang ating katahimikan at magtiwala sa Kanyang magandang himig ng pamamagitan bilang ating Mesiyas. Tunay ngang "t'wing kapiling ko ang Diyos, may kapayapaan sa puso [ko] at biyaya n'ya'y lubos."[5]

Sa mga araw na iyon na nadarama nating nawawala tayo nang kaunti sa tono, kulang nang kaunti sa kung ano ang nakikita o naririnig natin sa iba, hinihiling ko, lalo na sa mga kabataan ng Simbahan, na tandaan nating pinlano ng kalangitan na hindi magkapare-pareho ang lahat ng mga tinig sa koro ng Diyos. Kailangan ng



pagkakaiba-iba—mga soprano at mga alto, mga baritone at mga bass—upang makagawa ng magandang musika. Mula sa isang hiniram na linya na hango sa magandang liham ng dalawang kahanga-hangang kababaihang Banal sa mga Huling Araw, "May lugar sa koro ang lahat ng nilikha ng Diyos."[6] Kapag hinahamak natin ang ating pagiging kakaiba o sinusubukang umayon sa mga gawa-gawang pagkategorya sa mga tao o bagay—mga pagkategoryang bunsod ng walang-kabusugang kultura ng mga gumagamit o tumatangkilik at ginagawang huwaran na hindi kailanman maabot sa pamamagitan ng social media—nawawala sa atin ang kagandahan ng tono at timbreng nilayon ng Diyos noong nilikha Niya ang isang mundo na may pagkakaiba-iba.

Ngayon, hindi ibig sabihin nito na maaaring isigaw na lang ng lahat ang kani-kanyang oratoryo sa sagradong koro na ito! Ang pagkakaiba-iba ay hindi pagiging sintunado, at ang mga miyembro ng koro ay nangangailangan ng disiplina—para sa layunin natin ngayon, Elder Hales, sasabihin kong pagiging disipulo—subalit matapos nating matanggap mula sa langit ang ipinahayag na liriko at katugmang orkestrasyon na binuo bago ang daigdig na ito, ikalulugod ng ating Ama sa Langit na umawit tayo gamit ang ating sariling tinig, at hindi ang sa iba. Maniwala sa inyong sarili, at maniwala sa Kanya. Huwag maliitin ang halaga ninyo o hamakin ang inyong nagawa. Higit sa lahat, huwag lisanin ang inyong tungkulin sa koro. Bakit? Sapagkat katangi-tangi kayo; hindi kayo mapapalitan. Pinahihina ng pagkawala ng kahit isang tinig ang bawat iba pang mang-aawit sa dakilang koro ng buhay natin, kabilang ang pagkawala ng mga yaong nakadarama na tila hindi sila tanggap ng lipunan o ng Simbahan.

Subalit kahit na hinihikayat ko *kayong* lahat na maniwala na maaawit ninyo ang mga awit na maaaring mahirap awitin, kinikilala ko na dahil sa iba't ibang dahilan ay nahihirapan *ako* sa iba pang mga uri ng awit na nararapat awitin—ngunit hindi pa—inaawit.

Kapag nakikita ko ang nakagugulat na di-pagkakapantay-pantay ng ekonomiya sa daigdig, nakadarama ako ng hiya sa pagkanta kasama ni Gng. Hewitt tungkol sa mga "biyayang aking nakamit [mula sa Diyos] at pag-asang langit."[7] Ang linyang iyan ay hindi makakanta nang lubos at nang may katapatan hangga't hindi natin napangangalagaan nang mabuti ang mga maralita. Ang kakulungan ng sapat na perang pantustos sa mga pangunahing pangangailangan ay isang patuloy na sumpa, taon-taon at sa bawat henerasyon. Sinisira nito ang mga katawan, niluluray ang mga espiritu, pinipinsala ang mga pamilya, at winawasak ang mga pangarap. Kung may mas magagawa pa tayo upang mabawasan ang kahirapan, tulad ng paulit-ulit na iniuutos ni Jesus na gawin natin, siguro'y maihihimig ng ilan sa mga kapus-palad sa mundo ang ilang nota ng "May Liwanag sa 'King Kaluluwa," marahil sa unang pagkakataon sa kanilang buhay.



Nahihirapan din akong umawit ng masasaya at masisiglang liriko kapag napakaraming nakapalibot sa atin ang nagdurusa sa karamdaman sa pag-iisip at emosyon o iba pang mga nakapanlulupaypay na pisikal na karamdamam o kapansanan. Ang nakalulungkot, nananatili ang mga pasaning ito sa kabila ng matitinding pagsisikap ng maraming uri ng mga tagapangalaga, kabilang na ang mga miyembro ng pamilya. Dalangin kong hindi natin hahayaang magdusa nang tahimik ang mga anak na ito ng Diyos at pagkalooban tayo ng Kanyang kakayahang marinig ang mga awit na hindi nila maawit sa ngayon.

At umaasa ako na isang araw ay magkakaisa sa pag-awit ang isang magandang koro na para sa buong mundo na binubuo ng lahat ng uri ng mga lipi ng lahi at etniko, ipinapahayag na ang mga baril, pang-iinsulto, at pamimintas ay *hindi* paraan para malutas ang di-pagkakasundo ng sangkatauhan. Isinasamo sa atin ng mga paghahayag ng langit na ang tanging paraan upang kasiya-siyang malutas ang masalimuot na mga problema ng lipunan ay sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos at pagsunod sa Kanyang mga kautusan, sa gayo'y binubuksan ang pinto sa tanging walang-hanggan at nakapagliligtas na paraan upang mahalin ang bawat isa bilang magkakapitbahay. Itinuro ng propetang si Eter na dapat tayong "umasa . . . para sa isang daigdig na higit na mainam." Habang binabasa ang pahayag na iyan makalipas ang isang libong taon, ipinahayag ng pagod na sa digmaan at karahasan na si Moroni na ang "higit na mabuting paraan" sa mundong iyon ay palaging ang ebanghelyo ni Jesucristo.[8]

Napakalaki ng ating pasasalamat na sa gitna ng ganitong uri ng mga pagsubok o problema, may manakanakang dumarating, isa pang uri ng awit na natutuklasan nating hindi natin maaawit, ngunit sa ibang kadahilanan. Ito ay kapag napakalalim at napakapersonal ng mga damdamin, maging napakasagrado, na hindi maipahahayag

ni nararapat na ipahayag—tulad ng pagmamahal ni Cordelia sa kanyang ama, nang sabihin niyang, "Ang aking pagmamahal . . . ay hindi maipahahayag ng aking dila. . . . Hindi mabigkas ng aking bibig ang nilalaman ng puso ko."[9] Dumarating sa atin bilang isang bagay na sagrado, ang mga damdaming ito ay tiyak na hindi mabibigkas—napakaespirituwal kaya't hindi masasambit—tulad ng panalanging inialay ni Jesus para sa mga batang Nephita. Itinala ng mga taong nakasaksi sa pangyayaring iyon:

"Kailanman ay hindi pa nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ang gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay na aming nakita at narinig na winika ni Jesus sa Ama;

". . . *At walang dilang maaaring bumigkas, ni maaaring isulat ng sinumang tao, ni maaaring maunawaan ng puso ng mga tao ang gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay kagaya ng kapwa namin nakita at narinig na winika ni Jesus.*"[10]

Ang ganitong uri ng mga sagradong sandali ay nananatiling hindi nabibigkas dahil ang pagbanggit, kahit na posible itong gawin, ay tila kalapastanganan.

Mga kapatid, namumuhay tayo sa isang mortal na mundo na may maraming awit na hindi natin maaawit o hindi pa natin naaawit. At nakikiusap ako sa bawat isa sa atin na mamalagi at manatiling tapat sa koro, kung saan malalasap natin magpakailanman ang pinakamahalagang awit sa lahat—"ang awit ng mapagtubos na pag-ibig."[11] Sa kabutihang-palad, walang katapusan ang bilang ng mga upuan sa ganitong partikular na palabas. May puwang para sa kanila na nagsasalita ng ibang mga wika, nagdiriwang ng iba't ibang kultura, at namumuhay sa maraming lugar. May puwang para sa walang asawa, sa may asawa, sa malalaking pamilya, at sa walang anak. May puwang para sa kanila na dating may mga pag-aalinlangan hinggil sa kanilang pananampalataya at may puwang para sa kanila na nag-aalinlangan pa rin. May puwang para sa mga yaong naakit sa kapareho nila ng kasarian. Sa madaling salita, may lugar



para sa lahat ng taong nagmamahal sa Diyos at gumagalang sa Kanyang mga kautusan bilang di-mababale-walang pamantayan para sa sariling pag-uugali, sapagkat kung ang pagmamahal ng Diyos ang himig ng awiting kinakanta nating lahat, tiyak na ang kailangang-kailangang tono nito ay ang ating pagsunod sa Kanya. Sa pamamagitan ng mga kautusan ng langit na magmahal at manampalataya, magsisi at mahabag, maging matapat at magpatawad, may puwang sa koro na ito para sa lahat ng nagnanais na maging bahagi nito.[12] "Pumarito ka bilang ikaw," ang sabi ng mapagmahal na Ama sa bawat isa sa atin, subalit idinagdag niya, "Huwag kang manatiling ganyan." Ngumingiti tayo at naaalala na determinado ang Diyos na gawin tayong higit pa sa inaakala natin na kahihinatnan natin.

Sa dakilang oratoryong ito na siyang Kanyang plano para sa ating kadakilaan, nawa'y mapagpakumbaba nating sundan ang Kanyang baton at patuloy na sikaping awitin ang hindi natin maaawit, hanggang sa maihandog natin ang "[mga] alay sa [ating] Hari."[13] At isang araw, tulad ng nakasaad sa paborito nating himno:

*Tayo'y aawit, sisigaw sampu ng hukbo*
*ng langit,*
*Hosana sa Kordero't ating Ama!* . . .
. . . *Sa pagdating ni Cristo buhat sa*
*kalangitan!*"[14]

Nagpapatotoo ako na darating ang oras, na muling isusugo ng Diyos na ating Amang Walang Hanggan ang Kanyang Bugtong na Anak sa daigdig, sa pagkakataong ito ay upang mamahala at maghari bilang Hari ng mga Hari magpakailanman. Nagpapatotoo ako na ito ang Kanyang ipinanumbalik na Simbahan at ito ang paraan para ihatid sa buong sangkatauhan ang mga turo at mga nakapagliligtas na ordenansa ng Kanyang ebanghelyo. Kapag ang Kanyang mensahe ay "[nakapasok sa] bawat lupalop, [n]akadalaw sa bawat klima,"[15] si Jesus ay tunay na "[maka]kasama."[16] Magkakaroon ng napakaraming walang hanggang liwanag para sa kaluluwa sa araw na iyon. Para sa ipinangakong oras na ito na darating, ang dalangin ko nang may pag-asam, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "May Liwanag sa 'King Kaluluwa," *Mga Himno*, blg. 141.
2. *Mga Himno,* blg. 141.
3. *Mga Himno,* blg. 141.
4. Mga Taga Roma 8:25.
5. *Mga Himno,* blg. 141.
6. Bill Staines, "All God's Critters Got a Place in the Choir," sa Laurel Thatcher Ulrich at Emma Lou Thayne, *All God's Critters Got a Place in the Choir* (1995), 4.
7. *Mga Himno,* blg. 141.
8. Tingnan sa Eter 12:4, 11.
9. William Shakespeare, *King Lear,* act 1, scene 1, lines 79–80, 93–94.
10. 3 Nephi 17:16–17; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Alma 5:26; tingnan din sa Alma 26:13.
12. Tingnan sa 2 Nephi 26:33.
13. *Mga Himno,* blg. 141.
14. "Espiritu ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 2.
15. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.
16. *Mga Himno,* blg. 141.



**Ni Elder Gary B. Sabin**
Ng Pitumpu

# Magpakatatag at Gawin ang Lahat ng Makakaya

*Nawa'y itama natin ang anumang kailangang itama sa ating landasin at tingnan ang hinaharap nang may malaking pag-asa at pananampalataya. Nawa'y "magpakatatag" tayo sa pamamagitan ng pagiging masigasig na "gawin ang lahat ng makakaya" natin.*

Ilang taon na ang nakararaan tuwang-tuwang ibinalita sa akin ng apo kong babae, "Lolo, naka-iskor po ako ng tatlong goal sa soccer ngayon!"

Masigla akong sumagot, "Ang galing mo, Sarah!"

Tumingin sa akin ang kanyang ina at pakindat na sinabi, "Two to one ang iskor."

Hindi ko na tinanong kung sino ang nanalo!

Ang kumperensya ay panahon ng pagmumuni-muni, paghahayag, at kung minsan ay *pagbabago ng direksyon*.

May kumpanyang nagpaparenta ng sasakyan na may GPS system na ang tawag ay NeverLost. Kapag nagkamali ka ng liko sa gusto mong puntahan, hindi sasabihin ng tinig na nagtuturo ng direksyon na, "Hangal ka!" Sa halip, sasabihin nito sa mahinahong tinig na, "Mag-iba ng ruta—mag-U–turn kung puwede."

Sa Ezekiel mababasa natin ang magandang pangakong ito:

"Nguni't kung ang masama ay humiwalay sa kaniyang lahat na kasalanan na kaniyang nagawa, at ingatan ang lahat na aking mga palatuntunan, at gumawa ng tapat at matuwid, siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi mamamatay.

"Wala sa kaniyang mga pagsalangsang na nagawa niya na aalalahanin laban sa kaniya."[1]

Napakagandang pangako, kailangan munang gawin ang dalawang *lahat* para matanggap ang pangako. Humiwalay sa lahat; ingatan ang lahat; sa gayon ang lahat ay napatawad. Kailangan dito na "gawin ang lahat ng makakaya"!

Hindi tayo dapat matulad sa taong iniulat sa *Wall Street Journal*, na nagpadala ng isang sobre na puno ng pera sa Internal Revenue Service at may kalakip na sulat na walang nakalagay na pangalan niya. Sabi sa sulat, "Mahal kong IRS, kalakip dito ang perang pambayad sa hindi ko nabayarang buwis. P.S. Kung matapos nito ay bagabagin pa rin ako ng kunsensya ko, ipapadala ko sa inyo ang kulang."[2]

Hindi ganyan ang dapat nating gawin! Hindi tayo dapat nag-aalangang ibigay ang lahat ng nararapat para lang makaligtas sa responsibilidad. Hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan.[3] Ang buong puso natin! Noong binyagan tayo, inilubog tayo bilang simbolo ng ating pangako na lubos na susunod sa Tagapagligtas, nang walang pag-aalangan. Kapag tayo ay lubos na masigasig at handang "ibigay ang lahat ng kaya nating gawin," yayanig ang kalangitan para sa ating ikabubuti.[4] Kapag tayo ay nag-aalangan o hindi lubos na masigasig, nawawala sa atin ang ilan sa mga natatanging pagpapala ng langit.[5]

Maraming taon na ang nakalilipas, isinama ko ang ilang Boy Scout para magkamping sa disyerto. Natulog ang mga bata sa tabi ng malaking siga na ginawa nila, at tulad ng karaniwang mabait na Scout leader, natulog ako sa likod ng aking sasakyan. Kinaumagahan nang bisitahin ko ang campsite, nakita ko ang isang Boy Scout, na tatawagin kong Paul, na parang kulang sa tulog. Tinanong ko kung nakatulog ba siya, at ang sagot niya, "Hindi po masyado."

Nang itanong ko kung bakit, sabi niya, "Gininaw po kasi ako; namatay ang apoy."

Sagot ko ay, "Mamamatay talaga ang apoy. Hindi ba sapat ang init na dulot ng sleeping bag mo?"

Walang sagot.

At isang Boy Scout ang malakas na sumagot, "Hindi po niya ginamit ang sleeping bag niya."

Nagtataka akong nagtanong, "Bakit hindi mo ginamit, Paul?"

Hindi siya kumibo—maya-maya nahihiya siyang sumagot: "Kasi, kapag naglatag po ako ng sleeping bag, kailangan ko pang irolyo ulit."

Ang nangyari: pinili niyang manigas sa lamig nang ilang oras kaysa magrolyo nang limang minuto. Maaaring isipin natin: "Kahangalan! Sino ba naman ang gagawa ng ganyan?" Ang totoo, ginagawa natin palagi iyan sa mas mapanganib na paraan. Para na rin tayong tumatangging ilatag ang ating espirituwal na sleeping bag kapag hindi tayo nag-uukol ng oras na magdasal nang taimtim, mag-aral, at matapat na ipamuhay ang ebanghelyo bawat araw;

hindi lang mamamatay ang apoy, kundi mawawalan tayo ng proteksyon at espirituwal na manlalamig.

Kapag hindi natin sineseryoso ang ating mga tipan, mananagot tayo sa mga kahihinatnan nito. Ipinayo sa atin ng Panginooon "mag-ingat hinggil sa inyong sarili, na makinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan."[6] At ipinahayag pa Niya, "Ang aking dugo ay hindi makalilinis sa kanila kung hindi nila ako pakikinggan."[7]

Ang totoo, mas madaling "gawin ang lahat ng makakaya" natin kaysa mag-alangan. Kapag nag-aalangan tayo o talagang wala nang gagawin, ayon nga sa bernakular ng *Star Wars*, nagkakaroon ng "kaguluhan sa puwersa ng sansinukob." Hindi tayo tumutugma sa kalooban ng Diyos at dahil diyan hindi rin tayo tumutugma sa tunay na kahulugan ng kaligayahan.[8] Sinabi ni Isaias:

"Ang masama ay parang maunos na dagat; sapagka't hindi maaaring humusay, at ang kaniyang tubig ay umaalimbukay ng burak at dumi.

"Walang kapayapaan, sabi ng aking Dios, sa mga masama."[9]

Mapalad tayo dahil nasaan man tayo o saan man tayo nagmula, tutulungan pa rin tayo ng Tagapagligtas, na nagsabi: "Anupa't sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos. Masdan, sapagkat sa kanila ko inialay ang aking buhay, at muling kinuha ito."[10]

Kapag patuloy tayong nagsisisi at nagtitiwala sa Panginoon, nagkakaroon tayo ng lakas na taglaying muli ang kapakumbabaan at pananampalataya ng isang maliit na bata,[11] na pinagyaman ng karunungan mula sa mga karanasan sa buhay. Sinabi ni Job, "Gayon ma'y magpapatuloy ang matuwid ng kaniyang lakad, at ang may malinis na mga kamay ay lalakas ng lalakas."[12] Isinulat ni Tennyson, "Ang lakas ko ay katulad ng lakas ng sampung tao, dahil dalisay ang puso ko."[13] Ipinayo ng Tagapagligtas, "Tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag."[14]

Ang aming anak na si Justin ay pumanaw sa edad na 19 matapos ang matagal na pagkakasakit. Nang



magsalita siya sa sacrament meeting bago niya kami iniwan, nagbahagi siya ng kuwento na mahalaga sa kanya tungkol sa mag-ama na nagpunta sa tindahan ng laruan kung saan may inflatable punching bag na korteng tao. Sinuntok ng batang lalaki ang punching bag na tumumba pero kaagad na tumayo. Sa bawat pagtumba, tumatayong muli ang punching bag. Tinanong ng ama ang anak kung bakit tumatayo ulit ang punching bag. Nag-isip sandali ang bata at pagkatapos ay sinabing, "Ewan ko po. Siguro po matatag na nakatayo iyong tao sa loob." Para magawa nating "gawin ang lahat ng makakaya" natin, kailangan nating "magpakatatag," "anuman ang mangyari."[15]

Nagpapakatatag tayo kapag matiyaga nating hinihintay na alisin ng Panginoon ang tinik sa ating laman o bigyan tayo ng lakas na matiis ito.[16] Ang mga tinik na iyon ay maaaring karamdaman, kapansanan, karamdaman sa pag-iisip, pagkamatay ng minamahal, at marami pang ibang bagay.

Nagpapakatatag tayo kapag itinataas natin ang mga kamay na nakababa. Nagpapakatatag tayo kapag ipinagtatanggol natin ang katotohanan laban sa kasamaan ng mundo na patuloy na lumalayo sa liwanag, tinatawag na masama ang mabuti at mabuti ang masama[17] at "pinarurusahan ang mabubuti dahil sa kanilang kabutihan."[18]

Ang pagiging matatag sa kabila ng paghihirap ay posible dahil sa malinis na konsiyensya, sa nakapagpapalakas at nakapapanatag na katiyakan mula sa Espiritu Santo, at sa walang hanggang pananaw na hindi masayod ng pag-iisip ng tao.[19] Sa premortal na buhay humiyaw tayo sa kagalakan dahil sa oportunidad na mabuhay sa mundo.[20] Lahat tayo ay gustong "gawin ang lahat ng makakaya" natin nang ating ipasiya na maging magigiting na tagapagtanggol ng plano ng ating Ama sa Langit. Panahon na para manindigan at ipagtanggol muli ang Kanyang plano!

Kamakailan ay pumanaw ang aking ama sa edad na 97-taong gulang. Kapag kinukumusta siya noon, ang lagi niyang sagot ay "Sa scale na 1–10, nasa 25 ako!" Kahit noong panahong hindi na makatayo o makaupo si itay at hirap nang magsalita, ganoon pa rin ang sagot niya. Nanatili pa ring matatag ang kanyang kalooban.

Noong 90 anyos ang tatay ko, minsan ay nasa isang airport kami at itinanong ko kung gusto niyang ikuha ko siya ng wheelchair. Sabi niya, "Huwag na, Gary—siguro kapag matanda na ako." At sabi pa niya, "Saka kung mapagod man ako sa paglalakad, puwede naman akong tumakbo." Kung



hindi natin "nagagawa ang lahat ng makakaya" natin sa paglalakad ngayon, siguro kailangan nating tumakbo; siguro kailangan nating magbago ng ruta. Baka nga kailangan pa tayong mag-U-turn. Baka kailangan pa nating mag-aral nang mas mabuti, manalangin nang mas taimtim, o kalimutan ang mga bagay na walang gaanong kabuluhan para mapag-ukulan natin ang mga bagay na talagang mahalaga. Baka kailangan nating bitawan ang mundo para makakapit tayo sa bagay na pangwalang-hanggan. Alam na alam ito ng aking ama.

Nang siya ay nasa navy pa noong World War II, may mga tao na nasa malaki at maluwang na gusali[21] na pinagtatawanan ang kanyang mga prinsipyo; dalawa sa kanyang kasamahan sa barko, sina Dale Maddox at Don Davidson, ang nagmasid sa kanya ngunit hindi siya pinagtawanan. Itinanong nila, "Sabin, bakit naiiba ka? Mataas ang moralidad mo at hindi ka umiinom ng alak, hindi ka naninigarilyo, o nagmumura, pero mukhang panatag at masaya ka."

Ang magandang impresyon nila tungkol sa aking ama ay malayo sa mga narinig nila tungkol sa mga Mormon. Naturuan at nabinyagan ng tatay ko ang dalawang kasamahan niyang iyon sa barko. Galit na galit ang mga magulang ni Dale at binalaan siya na kung sasapi siya sa Simbahan mawawalan siya ng kasintahan, si Mary Olive, pero ipinakilala niya kay Mary Olive ang mga missionary at nabinyagan din ito.

Pagkatapos ng digmaan, tumawag si Pangulong Heber J. Grant ng mga maglilingkod bilang missionary, kabilang na ang ilang lalaking may-asawa. Noong 1946, nagpasiya si Dale at ang kanyang asawang si Mary Olive na maglilingkod si Dale kahit na malapit nang isilang ang kanilang unang anak. Kalaunan ay nagkaroon sila ng siyam na anak—tatlong lalaki at anim na babae. Nagmisyon lahat ang siyam na anak, kasunod sina Dale at Mary Olive na tatlong beses naglingkod sa misyon. Napakarami ring mga apo ang nagmisyon. Dalawa sa kanilang mga anak, sina John at Matthew Maddox, ay kasalukuyang mga miyembro ng Tabernacle Choir, tulad din ng manugang ni Matthew na si Ryan. Sa ngayon 144 na ang miyembro sa pamilya Maddox at napakagandang halimbawa ng "paggawa ng lahat ng makakaya."

Noong inaayos namin ang mga papeles ni Itay, nakita namin ang isang sulat mula kay Jennifer Richards, isa sa limang anak ng isa pang kasamahan ni Itay sa barko, si Don Davidson. Isinulat niya: "Nagbago ang buhay namin dahil sa kabutihan mo. Hindi ko alam kung ano ang naging buhay namin kung wala kami sa Simbahan. Namatay si Itay na minamahal ang ebanghelyo at sinisikap itong ipamuhay hanggang sa huling sandali."[22]

Mahirap masukat ang mabuting epekto sa bawat indibiduwal ng pagiging matatag at may paninindigan. Ang aking ama at ang kanyang dalawang kasamahan sa barko ay hindi nakinig sa mga taong nasa malaki at maluwang na gusali na itinuturo ang kanilang mga mapanlibak na daliri.[23] Alam nila na mas mabuting sumunod sa Tagapaglikha kaysa sa mapang-udyok na mga tao.

Marahil ang panahon natin ang inilalarawan ni Apostol Pablo nang sabihin niya kay Timoteo na ang "iba sa mga bagay na ito ay nagsibaling sa walang kabuluhang pananalita."[24] Maraming "walang kabuluhang pananalita" na sinasambit sa mundo ngayon. Ito ang pinag-uusapan ng mga taong nasa malaki at maluwang na gusali.[25] Kadalasan naipapahayag ito kapag binibigyan ng katwiran ang kasamaan o nakikita kapag nalilihis ng landas at mabilis na naliligaw ang mga tao. Kung minsan nangyayari ito sa mga taong hindi handang "gawin ang lahat ng makakaya" nila at mas pinipiling tularan ang likas na tao sa halip na sundin ang propeta.

Mapalad tayo dahil alam natin ang mangyayari sa matatapat sa bandang huli. Kapag handa tayong "gawin ang lahat ng makakaya" natin, makatitiyak tayo na "lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios."[26] Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, "Huwag matakot, mamuhay lamang nang tama."[27]

Ang biyenan kong lalaki ay nagturo sa BYU at paborito niya ang BYU football pero hindi niya kayang panoorin ang mga laro nila dahil natatakot siyang malaman ang kalalabasan ng laro. Kalaunan ay may magandang nangyari, naimbento ang VCR, at dahil diyan nairekord na niya ang mga laro. Kapag nanalo ang BYU, papanoorin niya ang nakarekord na laro nang walang kaba dahil alam na niya ang mangyayari sa katapusan! Kung magkapenalty sila, nasaktan, o nangulelat sa fourth quarter, hindi siya nag-aalala dahil alam niya na makakahabol sila! Masasabi ninyo na siya ay "may ganap na kaliwanagan ng pag-asa"![28]


Gayundin tayo. Kung tayo ay matapat, makatitiyak din tayo na magiging maayos ang lahat sa huli. Ang mga pangako ng Panginoon ay tiyak. Hindi ibig sabihin nito na wala nang paghihirap o kalungkutan sa unibersidad na ito ng buhay, ngunit tulad ng isinulat

ni Pablo, "Hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, ang anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya."[29]

Mga kapatid, walang nagkasala bukas. Nawa'y itama natin ang anumang kailangang itama sa ating landasin at tingnan ang hinaharap nang may malaking pag-asa at pananampalataya. Nawa'y "magpakatatag" tayo sa pamamagitan ng pagiging masigasig na "gawin ang lahat ng makakaya" natin. Nawa maging dalisay at matapang tayo sa pagtatanggol sa plano ng ating Ama sa Langit at sa misyon ng Kanyang Anak, ang ating Tagapagligtas. Pinatototohanan ko na buhay ang ating Ama, na si Jesus ang Cristo, at totoo ang dakilang plano ng kaligayahan. Dalangin kong mapasainyo ang mga piling pagpapala ng Panginoon, at idinadalangin ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Ezekiel 18:21–22.
2. Tingnan, halimbawa, sa Roy B. Zuck, comp., *The Speaker's Quote Book: Over 5,000 Illustrations and Quotations for All Occasions* (2009), 107–8.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 64:34.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 21:6.
5. Tingnan sa Apocalipsis 3:15–16.
6. Doktrina at mga Tipan 84:43.
7. Doktrina at mga Tipan 29:17.
8. Tingnan sa Alma 41:11.
9. Isaias 57:20–21.
10. 3 Nephi 9:22.
11. Tingnan sa 3 Nephi 11:37–38.
12. Job 17:9.
13. Alfred Tennyson, "Sir Galahad," sa *Poems of the English Race,* sel. Raymond MacDonald Alden (1921), 296.
14. Doktrina at mga Tipan 87:8.
15. Tingnan sa Joseph B. Wirthlin, "Anuman ang Mangyari, Gustuhin Ito," *Liahona,* Nob. 2008, 26–28.
16. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:7.
17. Tingnan sa Isaias 5:20.
18. Helaman 7:5.
19. Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:7.
20. Tingnan sa Job 38:7.
21. Tingnan sa 1 Nephi 8:26.
22. Jennifer Richards, liham para kay Marvin Sabin, Hulyo 5, 2009.
23. Tingnan sa 1 Nephi 8:27, 33.
24. I Kay Timoteo 1:6.
25. Tingnan sa 1 Nephi 8:26–28.
26. Mga Taga Roma 8:28.
27. Tingnan sa Bangambiki Habyarinmana, *Inspirational Quotes for All Occasions* (2013).
28. 2 Nephi 31:20.
29. I Mga Taga Corinto 2:9.



**Ni Elder Valeri V. Cordón**
Ng Pitumpu

# Ang Wika ng Ebanghelyo

*Ang epektibong pagtuturo ay napakahalaga upang mapanatili ang ebanghelyo sa ating pamilya, at ito ay nangangailangan ng sigasig at pagsisikap.*

Matapos tawagin bilang General Authority, lumipat kami ng pamilya ko sa Salt Lake City mula Costa Rica para sa aking unang tungkulin. Dito sa Estados Unidos, mapalad akong mabisita ang mabubuting tao na iba't iba ang pinagmulang etniko at kultura. Karamihan sa kanila ay katulad ko rin na isinilang sa mga bansa ng Latin America.

Napansin ko na marami sa mga unang henerasyon ng mga Hispanic dito ay nagsasalita ng Espanyol bilang pangunahing wika nila at kaunting Ingles para makipag-usap sa iba. Ang ikalawang henerasyon, na isinilang sa Estados Unidos o kaya naman ay nagpunta rito sa batang edad pa lang at dito na nag-aral, ay mahusay magsalita ng Ingles at marunong ng kaunting Espanyol. At kadalasan pagdating sa ikatlong henerasyon, ang Espanyol, na katutubong wika ng kanilang mga ninuno, ay hindi na ginagamit.[1]

Sa lingguwistika, ang simpleng tawag dito ay "pagkawala ng wika." Maaaring mawala ang wika kapag lumipat sa ibang bansa ang pamilya kung saan hindi gaanong ginagamit ang kanilang wika. Hindi lamang ito nangyayari sa mga Hispanic o Kastila kundi sa mga tao sa buong mundo kung saan napalitan ng bagong wika ang katutubong wika.[2] Maging si Nephi, isang propeta sa Aklat ni Mormon, ay nag-alala na baka mawala ang katutubong wika ng kanyang mga ninuno noong naghahanda na siyang lumipat sa lupang pangako. Isinulat ni Nephi, "Masdan, iyon ay karunungan sa Diyos na nararapat nating makuha ang mga talaang ito, upang *mapanatili natin para sa ating mga anak ang wika ng ating mga ama*."[3]

At nag-alala rin si Nephi tungkol sa pagkawala ng isa pang uri ng wika. Sa sumunod na talata, ipinagpatuloy niya, "At upang *atin ding mapanatili sa kanila ang mga salitang ipinahayag ng bibig ng lahat ng banal na propeta,* na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos, magmula pa noong simula ng daigdig, maging hanggang dito sa kasalukuyang panahon."[4]

Napansin ko na may pagkakatulad ang pagpapanatili ng ating katutubong wika at ang pagpapanatili ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating buhay.

Ngayon, sa aking analohiya, hindi ako magpopokus sa anumang wika sa mundo kundi sa wika ng kawalang-hanggan na dapat panatilihin sa ating pamilya at hindi mawala kailanman. Ang tinutukoy ko ay ang wika[5] ng



ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ibig kong sabihin sa "wika ng ebanghelyo," ay ang lahat ng mga turo ng ating mga propeta, ang pagsunod natin sa mga turong iyon, at ang pagsunod natin sa mabubuting tradisyon.

Tatalakayin ko ang tatlong paraan na mapapanatili ang wikang ito.

#### Una: Maging Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan

Sa Doktrina at mga Tipan, hinikayat ng Panginoon ang maraming kilalang miyembro ng Simbahan, kabilang na si Newel K. Whitney, na isaayos ang kanilang mga tahanan. Sabi ng Panginoon: "Ang aking tagapaglingkod na si Newel K. Whitney . . . ay kinakailangang parusahan, at ayusin ang kanyang mag-anak, at tiyaking *sila ay maging higit na masigasig at mapagmalasakit sa tahanan*, at manalangin tuwina, o sila ay aalisin sa kanilang kinalalagyan."[6]

Isang bagay na nakakaapekto sa pagkawala ng wika ay ang hindi pag-uukol ng mga magulang ng oras para turuan ang kanilang mga anak ng katutubong wika. Hindi sapat na *sinasalita* lamang ang wika sa tahanan. Kung nais ng mga magulang na patuloy na mapanatili ang wika, dapat itong *ituro*. Natuklasan sa pagsasaliksik na ang mga magulang na sadyang nagsisikap na panatilihin ang kanilang katutubong wika ay malamang na magtagumpay sa paggawa nito.[7] Ano kung gayon ang dapat pagsikapang gawin para mapanatili ang wika ng ebanghelyo?

Nagbabala si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na "ang hindi masigasig na pagtuturo ng ebanghelyo at pagpapakita ng mabuting halimbawa sa tahanan" ay isang malaking dahilan para hindi na patuloy na maging miyembro ng Simbahan ang mga susunod na henerasyon ng isang pamilya.[8]

Masasabi natin kung gayon na ang epektibong pagtuturo ay napakahalaga upang mapanatili ang ebanghelyo sa ating pamilya, at ito ay nangangailangan ng sigasig at pagsisikap.

Maraming beses tayong hinihikyat na ugaliing pag-aralan ang mga banal na kasulatan nang sarilinan at nang kasama ang pamilya araw-araw.[9] Ang maraming pamilya na gumagawa nito ay higit na nagkakaisa at mas napapalapit sa Panginoon.

Kailan mangyayari ang araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Mangyayari ito kapag hinawakan ng mga magulang ang mga banal na kasulatan at buong pagmamahal na aanyayahan ang pamilya na magtipon para mag-aral. Mahirap mangyari ang ganitong pag-aaral sa ibang paraan.

Mga ama at ina, huwag ninyong palampasin ang ganitong magagandang pagpapala. Huwag hintayin na maging huli ang lahat!

#### Ikalawa: Pagpapakita ng Mabuting Halimbawa sa Tahanan

Isinulat ng isang dalubhasa sa wika na para mapanatili ang katutubong wika, "kailangan ninyong *panatilihing buhay ang wika* para sa inyong mga anak."[10] Nagagawa nating "panatilihing buhay ang wika" kapag nagtutugma ang ating itinuturo at ipinapakitang halimbawa.

Noong bata pa ako, nagtatrabaho ako sa pabrika ni Itay tuwing bakasyon. Ang unang itinatanong lagi sa akin ni itay kapag sumusuweldo ako ay "Ano ang gagawin mo sa pera mo?"

Alam ko na ang isasagot, "Magbabayad po ng ikapu at mag-iipon para sa aking misyon."

Matapos magtrabaho nang mga walong taon na kasama siya at pagsagot sa paulit-ulit niyang itinatanong, inisip ni Itay na naturuan niya ako kung paano magbayad ng ikapu. Ang hindi niya alam, natutuhan ko na ang mahalagang alituntuning ito noon pa, sa isang araw ng Linggo. Sasabihin ko sa inyo kung paano ko natutuhan ang alituntuning iyan.

Dahil sa ilang pangyayaring idinulot ng digmaang sibil sa Central America, nalugi ang negosyo ni Itay. Mula sa 200 empleyado, halos lima na lang ang operator niya ng makina na nagtatrabaho kapag kailangan lang sa garahe ng bahay namin. Isang araw, sa panahong iyon ng taghirap, narinig kong pinag-uusapan ng aking mga magulang kung magbabayad ba sila ng ikapu o bibili ng pagkain para sa kanilang mga anak.

Pagsapit ng Linggo, sinundan ko si Itay para makita kung ano ang gagawin niya. Pagkatapos ng mga miting ng Simbahan, nakita kong kumuha siya ng sobre at inilagay dito ang kanyang ikapu. Isang bahagi lang iyan ng aral. Ang isa pang tanong na nasa isip ko ay kung ano ang kakainin namin.

Kinabukasan ng Lunes ng umaga, may mga taong kumatok sa pintuan namin. Nang buksan ko ang pinto, hinahanap nila ang tatay ko. Tinawag ko siya, at pagdating niya sinabi ng mga bisita na may ipapatahi sila na kailangang matapos kaagad hangga't maaari. Sinabi nila na dahil apurahan ang pagpapatahi ay babayaran na nila ito. Natutuhan ko sa araw na iyon ang mga alituntunin ng pagbabayad ng ikapu at ang mga pagpapalang idinudulot nito.

Sa Bagong Tipan, nagsalita ang Panginoon tungkol sa pagpapakita ng

mabuting halimbawa. Sabi Niya, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka't ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan."[11]

Hindi sapat na *sabihin* lang sa ating mga anak ang kahalagahan ng pagpapakasal sa templo, pag-aayuno, at pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Dapat makita nila na naglalaan tayo ng oras para pumunta sa templo nang madalas hangga't maaari. Kailangang makita nila na masigasig tayong nag-aayuno nang regular[12] at pinapanatiling banal ang Sabbath sa buong araw. Kung hindi kaya ng ating mga kabataan na mag-ayuno nang dalawang kainan, hindi makapag-aral ng banal na kasulatan nang regular, at hindi maisara ang telebisyon kapag may malaking laro sa araw ng Linggo, magkakaroon ba sila ng espirituwal na disiplina sa sarili na labanan ang matitinding tukso sa mundo sa panahong ito, kabilang na ang tukso ng pornograpiya?

#### Ikatlo: Mga Tradisyon

Ang isa pang paraan na mababago o mawawala ang wika ay kapag naihalo sa ibang mga wika at tradisyon ang katutubong wika.[13]

Sa mga unang taon ng ipinanumbalik na Simbahan, hinikayat ng Panginoon ang marami sa mga kilalang miyembro ng Simbahan na isaayos ang kanilang mga tahanan. Sinimulan Niya ang Kanyang paghihikayat sa pagbanggit ng dalawang paraan na maaaring mawala ang liwanag at katotohanan sa ating tahanan: "Yaong masama ay dumating at *kinuha ang liwanag at katotohanan*, sa pamamagitan ng pagsuway, mula sa mga anak ng tao at *dahil sa kaugalian ng kanilang mga ama*."[14]

Bilang mga pamilya, kailangan nating iwasan ang anumang tradisyon na hahadlang sa atin na mapanatiling banal ang araw ng Sabbath o mag-aral ng mga banal na kasulatan at magdasal sa tahanan araw-araw. Kailangan nating ingatan na huwag makapasok sa ating tahanan ang pornograpiya at iba pang masasamang impluwensyang nakukuha sa internet. Upang mapaglabanan ang masasamang kaugalian o tradisyon sa ating panahon, kailangan nating gamitin ang mga banal na kasulatan at ang tinig ng ating mga propeta upang maituro natin sa ating mga anak ang kanilang banal na pagkatao, ang kanilang layunin sa buhay, at ang banal na misyon ni Jesucristo.



#### Katapusan

Sa mga banal na kasulatan, makakakita tayo ng ilang halimbawa ng "pagkawala ng wika."[15] Halimbawa:

"Ngayon ito ay nangyari na, na marami sa mga bagong salinlahi na *hindi nakauunawa sa mga salita* ni haring Benjamin, na maliliit na bata pa noong panahong siya ay nangusap sa kanyang mga tao; at hindi sila naniwala sa kaugalian ng kanilang mga ama. . . .

"At ngayon, dahil sa kanilang kawalang-paniniwala ay *hindi nila maunawaan ang salita ng Diyos*; at ang kanilang mga puso ay matitigas."[16]

Sa sumunod na henerasyon, ang ebanghelyo ay tila naging wikang hindi nila maunawaan. At bagama't kung minsan ay pinagtatalunan kung makabuluhan bang panatilihin pa ang katutubong wika, sa konteksto ng plano ng kaligtasan, *hindi na pinagtatalunan pa* na may epekto sa kawalang-hanggan kapag nawala ang wika ng ebanghelyo sa ating tahanan.


Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay mga di-perpektong tao na nagsisikap matuto ng perpektong wika.[17] Tulad ng isang ina na mahabagin sa kanyang maliliit na anak, ang ating Ama sa Langit ay mapagpasensya sa ating mga kakulangan at pagkakamali. Pinapahalagahan at nauunawaan Niya ang ating mga simpleng panalangin, na inusal nang taimtim, na para bang ito ay isang magandang tula. Nagagalak Siya sa mga unang kataga ng ebanghelyo na binibigkas natin. Nagtuturo Siya sa atin nang may sakdal na pagmamahal.

Anumang tagumpay ang makamit natin sa buhay na ito, gaano man ito kahalaga, ay walang kabuluhan kung wala ang wika ng ebanghelyo sa ating pamilya.[18] Pinatototohanan ko na pagpapalain tayo ng Ama sa Langit sa ating mga pagsisikap na gamitin ang Kanyang wika, hanggang sa humusay tayo sa mas mataas na uring ito ng pakikipag-usap, na siyang wika na natin noon pa man. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Sa mga Hispanic, sa ikatlong henerasyon "ang lebel ng English monolingualism ay . . . 72 porsyento" (Richard Alba, "Bilingua-

lism Persists, but English Still Dominates," Migration Policy Institute, Feb. 1, 2005, migrationpolicy.org/article/bilingualism-persists-english-still-dominates).
2. "Ang wikang Ingles lamang ang karaniwang ginagamit ng ikatlong henerasyon" (Alba, "Bilingualism Persists, but English Still Dominates").
3. 1 Nephi 3:19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. 1 Nephi 3:20; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Ang wika ay inilarawan bilang "isang sistema ng komunikasyon na ginagamit ng isang partikular na bansa o komunidad" (Oxford Living Dictionaries, "language," oxforddictionaries.com).
6. Doktrina at mga Tipan 93:50; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. "[Ang pagpapanatili ng katutubong wika] ay posible, ngunit kailangan dito ang dedikasyon at pagpaplano" (Eowyn Crisfield, "Heritage Languages: Fighting a Losing Battle?"onraisingbilingualchildren.com/2013/03/25/heritage-languages-fighting-a-losing-battle). "Halimbawa, ang mga nagsasalita ng wikang German sa Midwest ay napananatili ang kanilang katutubong wika sa paglipas ng mga henerasyon" (Alba, "Bilingualism Persists, but English Still Dominates").
8. David A. Bednar, "Multigenerational Families," sa General Conference Leadership Meetings, Abr. 2015, broadcasts.lds.org.
9. Isang napapanahong halimbawa ay ang tagubilin mula sa Unang Panguluhan: "Ipinapayo namin sa mga magulang at mga anak na gawing pinakamataas na prayoridad ang panalangin ng pamilya, family home evening, pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo, at makabuluhang mga gawaing pampamilya" (First Presidency letter, Peb. 11, 1999).
10. "Kailangan ninyong *panatilihing buhay ang wika* para sa inyong mga anak, upang kanilang maunawaan at maipabatid at madama ang mga taong kinakatawan ng wika" (Crisfield, "Heritage Languages: Fighting a Losing Battle?" idinagdag ang pagbibigay-diin).
11. Juan 5:19.
12. "Ang wastong pagsunod sa araw ng pag-aayuno ay ang hindi pagkain at pag-inom sa dalawang magkasunod na kainan sa loob ng 24-oras, pagdalo sa fast at testimony meeting, at pagbibigay ng handog-ayuno nang bukas-palad upang makatulong sa pangangalaga sa mga nangangailangan" (*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 21.1.17).
13. Tingnan sa Omni 1:17.
14. Doktrina at mga Tipan 93:39; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. Sa konteksto ng mensaheng ito, ang "pagkawala ng wika" ay tumutukoy sa kung paano nawawala ang ebanghelyo (tingnan sa Mga Hukom 2:10; Omni 1:17; 3 Nephi 1:30).
16. Mosias 26:1, 3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48.
18. Tingnan sa Mateo 16:24–26.



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pagdaig sa Sanlibutan

*Ang pagdaig sa sanlibutan ay hindi nangyayari sa isang mahalagang sandali sa buhay, kundi sa maraming sandali na nagtatakda ng inyong walang hanggang tadhana.*

Maraming taon na ang nakararaan, ikinuwento ni Pangulong David O. McKay ang magandang karanasan niya habang sakay ng isang yate patungong Samoa. Nang makatulog siya, "nakita [niya] sa pangitain ang isang bagay na ubod [ng] banal. Sa di kalayuan," wika niya, "ay nakakita ako ng magandang puting lungsod. . . . Nagkalat doon ang mga punong-kahoy na may masasarap na bunga . . . at mga bulaklak na ubod [ng] gaganda. . . . [M]araming tao [ang] palapit sa lungsod. Bawat isa'y nadaramitan ng maluwag na puting bata. . . . Walang anu-ano'y natuon ang pansin ko sa kanilang lider, at bagama't naaaninag ko lamang ang kanyang anyo . . . , nalaman ko agad na siya ang aking Tagapagligtas! Ang . . . liwanag ng kanyang anyo ay maluwalhating pagmasdan. . . . [A]ng kapayapaang nakapalibot sa kanya . . . ay banal!"

Sabi pa ni Pangulong McKay, "Ang lungsod ay sa kanya . . . ang Walang Hanggang Lungsod; at ang mga taong sumusunod sa kanya ay mamumuhay doon sa kapayapaan at walang hanggang kaligayahan."

Naisip ni Pangulong McKay, "Sino sila? [Sino ang mga taong ito?]



Ipinaliwanag niya ang sumunod na nangyari:

"Tila nabasa ng Tagapagligtas ang nasa isip ko, sumagot siya at itinuro ang [mga salita sa] hating-bilog na lumitaw sa . . . uluhan [ng mga tao], . . . [na] nasusulat sa ginto . . . :

*" 'Sila ang mga Taong [Dumaig sa Sanlibutan]—*

*"Na Tunay na Isinilang na Muli!' "*[1]

Sa loob ng maraming taon, naalala ko ang mga salitang: "Sila ang mga taong [dumaig sa sanlibutan]."

Ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa mga taong dumaig sa sanlibutan ay kahanga-hanga. Sila ay "daramtang gayon ng mga mapuputing damit . . . at [malalagay ang] pangalan sa aklat ng buhay." "Ipapahayag [ng Panginoon] ang [kanilang] pangalan sa harapan [ng] Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel."[2] Bawat isa ay magkakaroon ng "bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli,"[3] tatanggap ng buhay na walang hanggan,[4] at "hindi na lalabas pa"[5] mula sa kinaroroonan ng Diyos.

Posible bang madaig ang sanlibutan at matanggap ang mga pagpapalang ito? Oo naman.

#### Pagmamahal para sa Tagapagligtas


Yaong mga dumaig sa sanlibutan ay nagkakaroon ng lubos na pagmamahal sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.

Tiniyak ng Kanyang banal na pagsilang, Kanyang perpektong buhay, Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala sa Getsemani at sa Golgota ang Pagkabuhay na Mag-uli ng bawat isa sa atin. At sa taos-puso nating pagsisisi, Siya lamang ang may kakayahang linisin tayo mula sa ating mga kasalanan, para makabalik tayo sa kinaroroonan ng Diyos. "Tayo'y nagsisiibig, sapagka't siya'y unang umibig sa atin."[6]

Sinabi ni Jesus, "Laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."[7]

Kalauna'y idinagdag Niya, "Aking kalooban na madaig ninyo ang sanlibutan."[8]

Ang pagdaig sa sanlibutan ay hindi nangyayari sa isang mahalagang sandali sa buhay, kundi sa maraming sandali



na nagtatakda ng inyong walang hanggang tadhana.

Maaari itong magsimula kapag natutong magdasal ang isang bata at mapitagang inaawit ang, "Sinisikap kong tularan si Jesus."[9] Nagpapatuloy ito kapag pinag-aralan ng isang tao ang buhay ng Tagapagligtas sa Bagong Tipan at pinagninilayan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa Aklat ni Mormon.

Sa pagdarasal, pagsisisi, pagsunod sa Tagapagligtas, at pagtanggap ng Kanyang biyaya, mas nauunawaan natin kung bakit tayo narito at ano ang kahihinatnan natin.

Inilarawan ito ni Alma nang ganito: "[Isang] malaking pagbabago ang nangyari sa kanilang mga puso, at sila ay nagpakumbaba ng kanilang sarili at ibinigay ang kanilang pagtitiwala sa totoo at buhay na Diyos . . . [at nanatiling] matatapat hanggang wakas."[10]

Alam ng mga dumadaig sa sanlibutan na mananagot sila sa kanilang Ama sa Langit. Ang taos-pusong pagbabago at pagsisisi sa mga kasalanan ay hindi na nakakapigil kundi nagpapalaya, dahil ang "mga kasalanan [na] mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe."[11]

#### Pananagutan sa Diyos

Ang mga makamundo ay nahihirapang managot sa Diyos—gaya ng isang anak na nagpa-party sa bahay habang wala ang kanyang mga magulang, masaya sa pag-iingay, at ayaw isipin ang mangyayari kapag umuwi ang mga magulang pagkaraan ng 24 oras.

Ang mundo ay mas interesadong bigyang-kasiyahan ang likas na tao kaysa supilin ito.

Ang pagdaig sa sanlibutan ay hindi paglaban sa buong daigdig kundi isang pribado at personal na laban, na nangangailangan ng personal na pakikipaglaban sa tukso at sa ating sarili.

Ang pagdaig sa sanlibutan ay pagpapahalaga sa pinakadakilang utos: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo."[12]

Ganito ang paliwanag ng Kristiyanong manunulat na si C. S. Lewis: "Sinabi ni Cristo na 'Ibigay ninyo sa akin ang Lahat. Hindi ko hinihingi ang lahat ng inyong panahon at pera at pagsisikap: Kayo ang gusto ko.' "[13]

Ang pagdaig sa sanlibutan ay pagtupad sa ating mga pangako sa Diyos—sa ating mga tipan sa binyag at sa templo at sa sumpa na magiging tapat tayo sa ating walang-hanggang kabiyak. Ang pagdaig sa sanlibutan ay inaakay tayong magpakumbaba sa hapag ng sakramento bawat linggo, humingi ng kapatawaran at mangakong "aalalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan" upang "sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu."[14]

Ang pagmamahal natin para sa araw ng Sabbath ay hindi nagwawakas sa pagsasara ng mga pintuan ng chapel kundi nagbubukas ito ng mga pintuan para sa isang magandang araw ng pahinga mula sa araw-araw na gawain, pag-aaral, pagdarasal, at pagtulong sa pamilya at sa ibang nangangailangan ng ating pansin. Sa halip na huminga nang maluwag kapag tapos na ang pagsisimba at magmadaling manood sa telebisyon bago magsimula ang football game, ituon pa rin natin ang ating isipan sa Tagapagligtas at sa Kanyang banal na araw.



Ang mundo ay patuloy na ini-impluwensyahan ng napakarami at laganap na tinig na nang-uudyok at nang-aakit.[15]

Ang pagdaig sa sanlibutan ay pagtitiwala sa isang tinig na nagbibigay ng babala, kapanatagan, kalinawan, at naghahatid ng kapayapaan "hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan."[16]

#### Pagiging Di-makasarili

Ang pagdaig sa sanlibutan ay pagtutuon sa iba sa halip na sa ating sarili, na inaalaala ang pangalawang utos[17]: "Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo."[18] Ang kaligayahan ng ating asawa ay mas mahalaga kaysa ating sariling kasiyahan. Ang pagtulong sa ating mga anak na mahalin ang Diyos at sundin ang Kanyang mga kautusan ay pangunahing prayoridad natin. Kusa nating ibinabahagi ang ating mga materyal na biyaya sa pamamagitan ng ikapu, mga handog-ayuno, at pagbibigay sa mga nangangailangan. At kapag patuloy nating hinangad at sinunod ang patnubay ng langit, gagabayan tayo ng Panginoon sa mga maaari nating tulungan.

Ang makamundong tao ay iniisip lamang ang kanyang sarili, na sinasabi nang may pagmamalaki: "Iba ako sa kapitbahay ko! Tingnan mo ang narating ko! Tingnan mo kung gaano ako kaimportante!"

Ang sanlibutan ay madaling mainis, walang pakialam, at utos nang utos, at gusto ang paghanga ng madla, samantalang ang pagdaig sa sanlibutan ay naghihikayat ng pagpapakumbaba, pagdamay, pagtitiis, at pagkahabag para sa mga taong naiiba sa inyo.

#### Kaligtasan sa Pagsunod sa mga Propeta

Ang pagdaig sa sanlibutan ay laging mangangahulugan na magkakaroon tayo ng ilang paniniwala na nililibak ng mundo. Sinabi ng Tagapagligtas:

"Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo.

"Kung kayo'y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili."[19]

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson kaninang umaga, "Ang tunay na mga disipulo ni Jesucristo ay handang mamukod-tangi, magsalita, at maging kaiba sa mga tao sa mundo."[20]

Ang disipulo ni Cristo ay hindi nababahala kung hindi umabot sa 1,000 likes o kahit ilang emoji ang isang post niya tungkol sa kanyang pananampalataya.

Ang pagdaig sa sanlibutan ay di-gaanong pag-aalala sa pakikipag-ugnayan natin sa mga tao online kundi higit na pag-aalala sa pakikipag-ugnayan natin sa Diyos.

Ililigtas tayo ng Panginoon kapag pinakikinggan natin ang payo ng Kanyang mga buhay na propeta at apostol.

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang mundo ay puno ng hamon. . . . [Kapag nagpupunta tayo sa templo], . . . mas makakaya nating tiisin ang bawat pagsubok at daigin ang bawat tukso. . . . Mapapanibago ang ating lakas at titibay [tayo]."[21]

Sa dumaraming mga tukso, panggagambala, at kasinungalingan, tinatangkang hikayatin ng mundo ang matatapat na balewalain ang magagandang espirituwal na karanasan ng kanilang nakaraan, at kinukumbinsi sila na kalokohan ang mga ito.

Ang pagdaig sa sanlibutan ay pag-alaala, kahit dismayado tayo, sa mga pagkakataon na nadama natin ang pag-ibig at liwanag ng Tagapagligtas. Ganito ipinaliwanag ni Elder Neal A. Maxwell ang isa sa mga karanasang ito: "Napagpala ako, at alam ko na alam ng Diyos na alam ko na napagpala ako."[22] Bagama't maaaring kung minsan ay nadarama nating nalimutan tayo, hindi tayo nakakalimot.

Ang pagdaig sa sanlibutan ay hindi nangangahulugan na nabubuhay tayo nang patago, nang protektado mula sa kawalang-katarungan at hirap ng buhay sa mundo. Sa halip, nagbubukas ito ng mas malawak na pananaw tungkol sa pananampalataya, na naglalapit sa atin sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga pangako.

Bagama't hindi lubos ang pagiging perpekto sa buhay na ito, ang pagdaig sa sanlibutan ay patuloy na pinagniningas ang ating pag-asa na balang-araw ay "tatayo [tayo] sa harapan [ng ating Manunubos]; [at] makikita [natin] ang kanyang mukha nang may katuwaan,"[23] at maririnig ang Kanyang tinig: "Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kaharian ang nakahanda sa inyo."[24]

#### Ang Halimbawa ni Elder Bruce D. Porter

Noong Disyembre 28 nitong nakaraang taon, pumanaw ang kaibigan at minamahal nating General Authority na si Elder Bruce D. Porter. Siya ay 64 na taong gulang.

Una kong nakilala si Bruce noong estudyante kami sa Brigham Young

University. Isa siya sa pinakamagagaling at pinakamatatalino. Matapos matanggap ang kanyang doctoral degree mula sa Harvard University, na ang pokus ng pag-aaral ay tungkol sa pulitika at kasaysayan ng mga taga Russia, ang katalinuhan at husay sa pagsulat ni Bruce ay naghatid ng katanyagan sa kanya na maaari sanang maglihis sa kanya, ngunit hindi nakahadlang ang yaman at papuri ng mundo sa kanyang pananaw.[25] Ang kanyang katapatan ay nasa kanyang Tagapagligtas na si Jesucristo; sa kanyang walang-hanggang kabiyak na si Susan; sa kanyang mga anak at mga apo.


Si Bruce ay ipinanganak na may sakit sa bato o kidney. Naoperahan siya, ngunit sa paglipas ng panahon ay patuloy na lumala ang kanyang sakit.

Di-nagtagal matapos matawag si Bruce bilang General Authority noong 1995, naglingkod kami na kasama ang aming mga pamilya sa Frankfurt, Germany, kung saan nakasentro ang kanyang gawain sa Russia at Eastern Europe.

Lubos na nagbago ang buhay ni Elder Porter noong 1997 nang lumala ang sakit niya sa bato at bumagsak ang kanyang kalusugan. Bumalik ang pamilya Porter sa Salt Lake City.



Sina Elder at Sister Porter kasama ang kanilang maliliit na anak.



Ang mga Porter, habang magkasamang naglilingkod sa Russia.



Sa halos 22 taon ng kanyang paglilingkod bilang miyembro ng Pitumpu, ilang beses naospital si Bruce, kasama na ang 10 operasyon. Sinabi ng mga doktor kay Susan sa dalawang okasyon na hindi aabutin ng magdamag ang buhay ni Bruce, ngunit nabuhay siya.

Sa loob ng mahigit 12 taon ng kanyang paglilingkod bilang General Authority, si Bruce ay nagda-dialysis para linisin ang kanyang dugo. Karaniwan, bawat dialysis ay inaabot noon nang limang gabi sa isang linggo sa loob ng apat na oras para makapaglingkod siya sa kanyang tungkulin sa maghapon at tumanggap ng mga conference assignment sa katapusan ng linggo. Nang hindi gumanda ang kanyang kalusugan matapos ang ilang pagbabasbas ng priesthood, nagtaka si Bruce, ngunit alam niya kung kanino siya nagtitiwala.[26]

Noong 2010, tumanggap ng isang bato si Bruce mula sa kanyang anak na si David. Sa pagkakataong ito ay tinanggap ng kanyang katawan ang transplant. Himala iyon, na naghatid ng panibagong kalusugan, at kalaunan ay nakabalik siya sa Russia, kasama si Susan para maglingkod sa Area Presidency.

Disyembre 26 noong isang taon, matapos ang patuloy na paglaban sa mga impeksyon sa isang ospital sa Salt Lake City, hiniling niya sa mga doktor na lumabas ang mga ito ng silid. Sinabi ni Bruce kay Susan "na nalaman niya sa pamamagitan ng Espiritu na wala nang magagawa ang mga doktor para iligtas ang buhay niya. Alam niya . . . na iuuwi na siya ng Ama sa Langit. Napuspos siya ng kapayapaan."[27]

Noong Disyembre 28, umuwi si Bruce sa tahanan ng kanyang pamilya. Pagkaraan ng ilang oras, habang nakapaligid ang kanyang mga mahal sa buhay, payapa siyang nagbalik sa kanyang tahanan sa langit.

Ilang taon na ang nakararaan, isinulat ni Bruce Porter ang mga salitang ito sa kanyang mga anak:

"Ang patotoo ko tungkol sa katotohanan at pag-ibig ni Jesucristo ang naging gabay ko sa buhay. . . . Ito [ay] isang dalisay at nag-aalab na patotoo ng Espiritu na Siya ay buhay, na Siya ang aking Manunubos at Kaibigan sa bawat oras ng pangangailangan."[28]

"Ang hamon sa atin . . . ay kilalanin [ang Tagapagligtas] . . . at, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, daigin ang mga pagsubok at tukso sa mundong ito."[29]

"Maging tapat tayo at totoo, na nagtitiwala sa Kanya."[30]

Nadaig ni Bruce Douglas Porter ang sanlibutan.

Nawa'y lalo pang magsumigasig ang bawat isa sa atin sa ating mga

pagsisikap na daigin ang sanlibutan, nang hindi pinangangatwiranan ang mabibigat na kasalanan subalit nagpapaumanhin sa kaunting pagkakamali, sabik na pinabibilis ang espirituwal na pag-unlad at bukas-palad na tinutulungan ang iba. Kapag mas lubos kayong nagtitiwala sa Tagapagligtas, nangangako ako na mabibiyayaan kayo ng higit na kapayapaan sa buhay na ito at higit na katiyakan sa inyong walang-hanggang tadhana, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (2004), 2.
2. Apocalipsis 3:5.
3. Doktrina at mga Tipan 76:64.
4. Tingnan sa Apocalipsis 2.
5. Apocalipsis 3:12.
6. I Ni Juan 4:19.
7. Juan 16:33.
8. Doktrina at mga Tipan 64:2.
9. "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41.
10. Alma 5:13.
11. Isaias 1:18.
12. Marcos 12:30.
13. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (1960), 153.
14. Doktrina at mga Tipan 20:77.
15. Tingnan sa James E. Faust, "The Voice of the Spirit" (Brigham Young University fireside, Set. 5, 1993), speeches.byu.edu.
16. Juan 14:27.
17. Tingnan sa Marcos 12:31.
18. Mateo 23:11.
19. Juan 15:18–19.
20. Russell M. Nelson, "Drawing the Power of Jesus Christ into Our Lives," *Liahona,* Mayo 2017, 40.
21. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.
22. Personal na pakikipag-usap kay Elder Neal A. Maxwell na tumutukoy sa kuwentong ibinahagi sa kanyang mensahe sa kumperensya noong Abril 2004, "Alalahanin Kung Paano Naging Maawain ang Panginoon" (tingnan sa *Liahona*, Mayo 2004, 44–46).
23. Enos 1:27.
24. Mateo 25:34.
25. Ang isang halimbawa ng katalinuhan ni Elder Porter ay ang kanyang 400-pahinang aklat na *War and the Rise of the State,* na isinulat 23 taon na ang nakararaan. Mabibili pa rin ito at madalas itong basahin ng mga nag-aaral ng tungkol sa pulitika.
26. Personal na liham mula kay Susan Porter, na may petsang Mar. 6, 2017.
27. Personal na liham mula kay Susan Porter, na may petsang Mar. 6, 2017.
28. Bruce D. Porter, *The King of Kings* (2000), 14, 15.
29. Bruce D. Porter, *The King of Kings,* 7.
30. Bruce D. Porter, *The King of Kings,* 18.



**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Makabalik at Makatanggap

*Ang makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at makatanggap ng walang-hanggang mga pagpapala na nagmumula sa paggawa at pagtupad ng mga tipan ang pinakamahahalagang mithiing maitatakda natin.*

Mga kapatid, tungkulin kong magsalita ngayon sa inyo at tungkulin ninyong makinig. Sana matapos muna akong magsalita bago kayo tumigil sa pakikinig. Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko.

Sa paglipas ng mga taon, napuna ko na ang mga taong may pinakaraming nagagawa sa mundong ito ay ang mga taong may pangarap sa buhay, may mga mithiing nakatuon sa kanilang pangarap at mga plano kung paano makakamit ang mga ito. Kapag alam ninyo kung saan kayo patungo at paano ninyo inaasahang makarating doon, magkakaroon kayo ng kahulugan, layunin, at tagumpay sa buhay.

Ang ilan ay nahihirapang makita ang pagkakaiba ng mithiin at ng plano hanggang sa matutuhan nila na ang mithiin ay isang destinasyon o *patutunguhan,* samantalang ang plano ay ang ruta kung paano kayo makakarating doon. Halimbawa, maaari nating mithiing magmaneho papunta sa isang di-pamilyar na lugar, at tulad ng alam



ng ilan sa inyo, mahal na kababaihan, madalas naming isiping mga lalaki na alam namin kung paano makarating doon—kaya madalas naming sabihing, "Alam ko—diyan lang yata iyon sa kabilang kanto." Tiyak na nakangiti ang asawa ko. Malinaw ang mithiin, pero walang magandang plano para makarating sa destinasyon.

Ang pagtatakda ng mithiin ay pag-alam kung ano talaga ang gusto ninyong mangyari. At ang pagpaplano ay pag-iisip ng paraan para makamtan ang mithiing iyon. Ang susi sa kaligayahan ay nakasalalay sa pag-unawa kung anong mga destinasyon ang tunay na mahalaga—at pagkatapos ay pag-ukulan ng panahon, pagsisikap, at atensyon ang mga bagay na bumubuo ng isang tiyak na paraan para makarating doon.

Binigyan na tayo ng Diyos, ang ating Ama sa Langit, ng perpektong halimbawa ng pagtatakda at pagpaplano ng mithiin. Ang Kanyang mithiin ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng [kalalakihan at kababaihan],"[1] at ang plano ng kaligtasan ang Kanyang paraan para makamtan ito.

Kabilang sa plano ng ating minamahal na Ama sa Langit ang pagbibigay ng mortal na buhay na ito upang lumago, umunlad, at matuto tayo para maging higit na katulad Niya. Sa pagkakaroon ng katawan ng ating walang-hanggang espiritu; sa pagsunod natin sa mga itinuro at kautusan ng Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo; at sa pagbuo ng mga walang-hanggang pamilya ay natutupad, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ang mithiin ng Diyos na kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan para sa Kanyang mga anak sa piling Niya sa Kanyang kahariang selestiyal.

Kabilang sa pagtatakda ng mithiin ang pag-unawa na ang mga panandaliang mithiin ay epektibo lamang kung humahantong ang mga ito sa mga pangmatagalang mithiin na malinaw na nauunawaan. Naniniwala ako na ang mahalagang susi sa kaligayahan ay ang matuto kung paano magtakda ng sarili nating mga mithiin at plano ayon sa balangkas ng walang-hanggang plano



ng ating Ama sa Langit. Kung magtutuon tayo sa landas ng kawalang-hanggan, tiyak na magiging karapat-dapat tayong makabalik sa Kanyang piling.

Makabubuting magkaroon ng mga mithiin at plano para sa ating propesyon, sa ating pag-aaral, maging sa paglalaro natin ng golf. Mahalaga ring magkaroon ng mga mithiin para sa ating pag-aasawa, sa ating pamilya, at sa ating mga council at katungkulan sa Simbahan; totoo ito lalo na para sa mga missionary. Ngunit dapat umakma ang ating pinakadakila at pinakamahahalagang mithiin sa walang-hanggang plano ng Ama sa Langit. Sinabi ni Jesus, "Ngunit hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang kanyang kabutihan, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo."[2]

Sinasabi sa atin ng mga eksperto sa pagtatakda ng mithiin na kapag mas simple at mas tuwiran ang mithiin, magiging mas epektibo ito. Kapag ibinuod natin ang isang mithiin nang malinaw o sa isa o dalawang mabisa at simbolikong salita, ang mithiing iyan ay nagiging bahagi na ng buhay natin at halos gumagabay sa lahat ng iniisip at ginagawa natin. Naniniwala ako na may dalawang salita, sa kontekstong ito, na sumasagisag sa mga mithiin ng Diyos para sa atin at sa ating pinakamahahalagang mithiin para sa ating sarili. Ang mga salita ay *makabalik* at *makatanggap.*

Ang *makabalik* sa Kanyang kinaroroonan at *makatanggap* ng walang-hanggang mga pagpapala na nagmumula sa paggawa at pagtupad ng mga tipan ang pinakamahahalagang mithiing maitatakda natin.

Tayo ay *makababalik* at *makatatanggap* sa pamamagitan ng pagkakaroon ng "hindi matitinag na pananampalataya sa [Panginoong Jesucristo], na umaasa nang lubos sa" Kanyang mga gantimpala, na nagpapatuloy "sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng [kalalakihan at kababaihan] . . . , nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at [n]agtitiis hanggang wakas."[3]

Hindi tinanggap ni Lucifer ang plano ng ating Ama na nagtulot sa atin na *makabalik* sa Kanyang kinaroroonan at *makatanggap* ng Kanyang mga pagpapala. Katunayan, siya ay naghimagsik at lubos na nagsikap na baguhin ang plano ng ating Ama, sa hangaring agawin ang kaluwalhatian, karangalan, at kapangyarihan ng Diyos. Dahil dito, pinalayas siya kasama ang kanyang mga kampon mula sa kinaroroonan ng Diyos at "naging si Satanas, oo,

maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa [tinig ng Panginoon]."[4]

Dahil sa kanyang mga pasiya sa premortal na buhay, si Satanas ay hindi maaaring *makabalik* ni *makatanggap*. Ang tanging magagawa niya ay salungatin ang plano ng Ama sa paggamit ng lahat ng posibleng pang-aakit at panunukso para gawin tayong kaaba-abang katulad niya.[5] Ang plano ni Satanas na isakatuparan ang kanyang napakasamang mithiin ay para sa lahat ng tao, henerasyon, kultura, at lipunan. Gumagamit siya ng malalakas na tinig—mga tinig na hangad na mangibabaw sa marahan at banayad na tinig ng Banal na Espiritu na maaaring magpakita sa atin ng "lahat ng bagay" na dapat nating gawin para *makabalik* at *makatanggap*.[6]

Mga tinig ito ng mga tao na binabalewala ang katotohanan ng ebanghelyo at gumagamit ng internet, social at print media, radyo, telebisyon, at pelikula para magpakita sa kaakit-akit na paraan ng imoralidad, karahasan, masamang pananalita, kalaswaan, at kahalayan para gambalain tayo mula sa ating mga mithiin at plano para sa kawalang-hanggan.

Maaari ding kasama sa mga tinig na ito ang mga taong may malasakit na nabulag ng mga pilosopiya ng tao at hangad na sirain ang pananampalataya at ilihis ang walang-hanggang tuon ng mga taong nagsisikap lamang na *makabalik* sa kinaroroonan ng Diyos at *makatanggap* ng "lahat na mayroon ang [ating] Ama."[7]

Nalaman ko na para manatiling nakatuon sa *pagbalik* at *pagtanggap* ng ipinangakong mga pagpapala, kailangan kong itanong palagi sa sarili ko, "Kumusta na ako?"

Para itong personal at pribadong pag-interbyu sa sarili ninyo. At kung kakaiba iyan sa inyo, pag-isipan ninyo ito: sino sa mundong ito ang mas nakakakilala sa inyo kaysa sa sarili ninyo? Alam ninyo ang inyong mga iniisip; ginagawa; hangarin; at inyong mga pangarap, mithiin, at plano. At mas alam ninyo kaysa sinuman kung sumusulong kayo sa landas tungo sa *pagbalik* at *pagtanggap*.

Para magabayan ako sa pribado at personal na pagsusuring ito, gusto kong basahin at pagnilayan ang mga salita na sumusuri sa sarili nating buhay sa ikalimang kabanata ng Alma, kung saan nagtanong si Alma: "Kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha? Inyo bang naranasan ang malaking pagbabagong ito sa inyong mga puso?"[8] Ang mga tanong ni Alma ay paalaala kung ano ang dapat isama sa ating mga mithiin at plano upang *makabalik* at *makatanggap*.



Alalahanin ang paanyaya ng Tagapagligtas na "magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa."[9]

Kapag higit tayong nanampalataya na bibigyan tayo ng Panginoong Jesucristo ng kapahingahan sa ating kaluluwa sa pamamagitan ng pagpapatawad ng mga kasalanan, pagsagip sa mga di-perpektong relasyon, pagpapagaling sa mga espirituwal na sugat na pumipigil sa pag-unlad, at pagpapalakas at pagtulong sa atin na magtaglay ng mga katangian ni Cristo, mas pahahalagahan natin ang kadakilaan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo.[10]

Sa mga darating na linggo, mag-ukol ng oras na repasuhin ang inyong mga mithiin sa buhay at mga plano, at tiyaking nakaayon ang mga ito sa dakilang plano ng ating Ama sa Langit para sa ating kaligayahan. Kung kailangan ninyong magsisi at magbago, isiping gawin ito ngayon. Mag-ukol ng oras na pag-isipan nang may panalangin kung anong mga pagbabago ang kailangan ninyong gawin para mapanatili ninyo ang inyong "matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos."[11]

Kailangan nating panatilihing nakasentro sa doktrina at ebanghelyo ni Jesucristo ang ating mga mithiin at plano. Kung wala Siya, hindi posible ang walang-hanggang mithiin, at tiyak na mabibigo ang mga plano nating makamtan ang ating mga walang-hanggang mithiin.

Ang isang dagdag na tulong ay "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,"[12] na inilahad sa Simbahan noong Enero 1, 2000. Maglagay ng

kopya kung saan ninyo ito makikita, at mag-ukol ng oras na repasuhin ang bawat pahayag na nasa inspiradong patotoo na ito tungkol kay Cristo na ibinigay ng Kanyang mga natatanging saksi na lumagda rito.

Hinihikayat ko kayong pag-aralan ito na kasabay ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Madalas kong banggitin ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak, ngunit tandaan sana ninyong basahin ito sa konteksto ng nakapagliligtas na kapangyarihan ng buhay na Cristo. Kung hindi dahil sa buhay na Cristo, hindi matutupad ang pinakagusto nating mga mithiin. Gaya ng nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak: "Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang-buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan."[13]

Maaari lamang itong mangyari dahil ang buhay na Cristo ang nagbabayad-salang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan.

Tungkol dito, maaari din ninyong saliksikin ang mga banal na kasulatan upang palawakin ang inyong pang-unawa sa mga partikular na katotohanang matatagpuan sa "Ang Buhay na Cristo."

Ang pagbabasa ng "Ang Buhay na Cristo" nang may panalangin ay parang pagbabasa ng mga patotoo nina Mateo, Marcos, Lucas, Juan, at ng mga propeta sa Aklat ni Mormon. Palalakasin nito ang inyong pananampalataya sa Tagapagligtas at tutulungan kayong manatiling nakatuon sa Kanya habang sinusunod ninyo ang inyong mga plano na makamtan ang inyong mga walang-hanggang mithiin.

Sa kabila ng ating mga pagkakamali, pagkukulang, paglihis, at kasalanan, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay tinutulutan tayong magsisi, at maging handang *makabalik* at *makatanggap* ng walang-kapantay na mga pagpapalang ipinangako ng Diyos—na



mabuhay magpasawalang-hanggan sa piling ng Ama at ng Anak sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal.[14]

Ngayon tulad ng alam ninyong lahat, lahat ay mamamatay; samakatwid, dapat nating gawing pangmatagalang mithiin at plano na kapag *nagbalik* tayo sa ating Ama sa Langit, *matatanggap* natin ang lahat ng plano Niya para sa bawat isa sa atin.[15]

Pinatototohanan ko na wala nang mas mataas na mithiin sa buhay na ito kaysa mabuhay nang walang hanggan sa piling ng ating mga Magulang sa Langit at ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo. Ngunit hindi lang *atin* ang mithiing iyan—ito rin ang *Kanilang* mithiin. Sakdal ang Kanilang pagmamahal sa atin, na mas makapangyarihan kaysa kaya nating unawain. Lubos, ganap, at walang hanggan ang Kanilang pagtulong sa atin. Tayo ang Kanilang gawain. Ang ating kaluwalhatian ay Kanilang kaluwalhatian. Higit sa anupaman, nais Nila tayong makauwi—*makabalik* at *makatanggap* ng walang-hanggang kaligayahan sa piling Nila.

Mahal kong mga kapatid, sa loob ng isang linggo, ipagdiriwang natin ang Linggo ng Palaspas—na gumugunita sa matagumpay na pagpasok ni Cristo sa Jerusalem. Sa loob ng dalawang linggo, ipagdiriwang natin ang Linggo ng Pagkabuhay—na gumugunita sa tagumpay ng Tagapagligtas sa kamatayan.

Habang nakatuon tayo sa Tagapagligtas sa dalawang espesyal na Linggong ito, alalahanin natin Siya at panibaguhin ang ating habambuhay na pangakong sundin ang Kanyang mga kautusan. Tingnan nating maigi ang ating sariling buhay, itakda ang sarili nating mga mithiin at iayon ang ating mga plano sa plano ng Diyos sa paraan na sa huli ay hahantong sa ating mahalagang pribilehiyo na *makabalik* at *makatanggap*—ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moises 1:39.
2. 3 Nephi 13:33.
3. 2 Nephi 31:19–20.
4. Moises 4:4.
5. Tingnan sa 2 Nephi 2:18.
6. Tingnan sa 2 Nephi 32:5.
7. Doktrina at mga Tipan 84:38.
8. Alma 5:14.
9. Mateo 11:28–29.
10. Tingnan sa "Becoming Like God," Gospel Topics, topics.lds.org.
11. Doktrina at mga Tipan 4:5.
12. Tingnan sa "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2–3.
13. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 62; 70.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:38.



Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood | Abril 1, 2017

Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Kabaitan, Pag-ibig sa Kapwa-tao, at Pagmamahal

*Suriin natin ang ating buhay at magpasyang sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagiging mabait, mapagmahal, at may pag-ibig sa kapwa-tao.*

Mahal kong mga kapatid, ikinararangal ko ang pribilehiyong magsalita sa inyo sa pandaigdigang pagpupulong na ito ng matatapat na maytaglay ng priesthood ng Diyos. Ngayong gabi, babalikan ko ang paksa na naging talumpati ko na noon.

Inilarawan ni propetang Mormon ang isa sa mahahalagang katangian ng Tagapagligtas na dapat tularan ng Kanyang mga disipulo. Sabi niya:

"Kung ang isang tao ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at kinikilala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, kailangang magkaroon siya ng pag-ibig sa kapwa-tao; sapagkat kung wala siyang pag-ibig sa kapwa-tao ay wala siyang kabuluhan; anupa't kailangan niyang magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao.

"At ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait, at hindi naiinggit, at hindi palalo, hindi naghahangad para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit. . . .

"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

"Datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya."[1]

Mga kapatid, hindi natin iginagalang ang priesthood ng Diyos kung hindi tayo mabait sa iba.

Ang mahal kong kaibigan at kasamahang si Elder Joseph B. Wirthlin ay totoong isang mabait na tao. Sabi niya:

"Ang kabaitan ang pinakadiwa ng selestiyal na buhay. Mabait makitungo sa kapwa ang taong may katangiang tulad ng kay Cristo. Dapat makita ang kabaitan sa ating salita at kilos, sa trabaho, sa simbahan, at lalo na sa ating mga tahanan.

"Si Jesus, na ating Tagapagligtas, ang pinakamagandang halimbawa ng kabaitan at awa."[2]



Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na ang matwid na paggamit ng priesthood ay nakasalalay sa pamumuhay natin ng mga alituntunin ng kabaitan, pag-ibig sa kapwa-tao, at pagmamahal. Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan:

"Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, . . . ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

"Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya."[3]

Mga kapatid, suriin natin ang ating buhay at magpasyang sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagiging mabait, mapagmahal, at may pag-ibig sa kapwa-tao. Sa paggawa natin nito, mas makakapanawagan tayo sa mga kapangyarihan ng kalangitan para sa ating sarili, para sa ating mga pamilya, at para sa mga kasama nating manlalakbay sa kung minsan ay mahirap na paglalakbay pabalik sa ating tahanan sa langit. Ito ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moroni 7:44–47.
2. Joseph B. Wirthlin, "Ang Kahalagahan ng Kabaitan," *Liahona,* Mayo 2005, 26.
3. Doktrina at mga Tipan 121:41–42.





**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Tinawag sa Gawain

*Ang pagkakatalaga na maglingkod sa isang partikular na lugar ay kinakailangan at mahalaga subalit pangalawa lamang sa tawag sa gawain.*

Pangulong Monson, kaming lahat ay natutuwa na marinig ang inyong tinig at makatanggap ng inyong tagubilin. Mahal ka namin at sinasang-ayunan, at lagi ka naming ipinagdarasal.

Dalangin ko ang tulong ng Espiritu Santo habang sama-sama nating pinag-iisipan ang mga alintuntunin na may kinalaman sa dakilang gawain ng pangangaral ng ebanghelyo sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao.[1]

### Tinawag na Maglingkod at Itinalagang Maglingkod


Bawat taon, pinananabikan ng sampu-sampung libong kabataang lalaki at babae, at maraming senior couple, ang pagtanggap ng espesyal na sulat mula sa Salt Lake City. Ang laman ng sulat ay makakaapekto magpakailanman sa taong tatanggap nito, gayundin sa mga miyembro ng pamilya at sa iba pang tao. Sa pagdating nito, maaaring buksan ang sulat nang maayos at matiyaga o di kaya ay punitin ito dahil sa kasabikan at pagmamadali. Ang pagbasa sa espesyal na sulat na ito ay isang karanasang hindi malilimutan kailanman.

Ang sulat ay nilagdaan ng Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ang dalawang unang pangungusap ay ganito ang sinasabi: "Ikaw ay tinatawag na maglingkod bilang isang missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ikaw ay itinalagang maglingkod sa ______ Mission."

Alalahanin na ang unang pangungusap ay isang tawag na maglingkod bilang isang full-time missionary sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon. Ang pangalawang pangungusap ay nagsasaad ng pagkakatalaga na maglingkod sa isang partikular na lugar at misyon. Importanteng maunawaan nating lahat ang mahalagang pagkakaiba sa mga inihayag sa dalawang pangungusap na ito.

Sa kultura ng Simbahan, madalas nating pag-usapan ang tawag na maglingkod sa isang bansang tulad ng Argentina, Poland, Korea, o Estados Unidos. Subalit ang isang missionary ay hindi tinawag sa isang lugar; bagkus, siya ay tinawag na maglingkod. Tulad ng ipinahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith noong 1829, "Kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain."[2]

Ang bawat tawag at pagkakatalaga o isa pang pagkakatalaga kalaunan sa



misyon, ay dahil sa paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ng mga tagapaglingkod ng Panginoon. Ang tawag na maglingkod ay nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ng Pangulo ng Simbahan. Ang pagkakatalaga sa isa sa mahigit 400 misyon na mayroon ngayon sa buong mundo ay nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ng isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, na kumikilos nang may awtorisasyon ng buhay na propeta ng Panginoon. Lahat ng mga tawag at pagkakatalaga sa misyon ay dulot ng mga espirituwal na kaloob na propesiya at paghahayag.

Nakatala sa Bahagi 80 ng Doktrina at mga Tipan ang tawag sa misyon ni Stephen Burnett na ibinigay ni Propetang Joseph Smith noong 1832. Ang pag-aaral sa tawag na ito kay Brother Burnett ay makatutulong sa atin na (1) mas malinaw na maunawaan ang pagkakaiba ng "tinawag na maglingkod" bilang missionary sa "itinalagang maglingkod" sa isang partikular na lugar at (2) mas lubos na pahalagahan ang ating indibidwal at itinalaga ng Diyos na tungkulin na magpahayag ng ebanghelyo.

Ang talata 1 ng bahaging ito ay isang tawag na maglingkod: "Katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon sa iyo na aking tagapaglingkod na si Stephen Burnett: Humayo ka, humayo ka sa sanlibutan at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilalang na lumalapit sa ilalim ng tunog ng iyong tinig."[3]

Nakakatuwang malaman na ipinaaalam kay Brother Burnett sa talata 2 ang tungkol sa kanyang itinalagang kompanyon sa misyon: "[At dahil] ninanais mo ang isang kasama, ibibigay ko sa iyo ang aking tagapaglingkod na si Eden Smith."[4]

Isinasaad sa talata 3 kung saan maglilingkod ang dalawang ito: "Dahil dito, magsihayo kayo at ipangaral ang aking ebanghelyo, maging sa hilaga o sa timog, sa silangan o sa kanluran, hindi ito mahalaga, sapagkat kayo ay hindi maaaring malihis."[5]

Hindi ako naniniwalang ang pariralang "hindi ito mahalaga," gaya ng pagkakagamit ng Panginoon sa banal na kasulatang ito ay nagsasabing hindi Siya nag-aalala kung saan man maglilingkod ang Kanyang mga tagapaglingkod. Katunayan, lubos Niya itong inaalala. Subalit dahil ang gawain ng pangangaral ng ebanghelyo ay gawain ng Panginoon, binibigyang-inspirasyon, ginagabayan, at pinapatnubayan Niya ang Kanyang mga awtorisadong tagapaglingkod. Kapag nagsisikap ang mga missionary na maging mas marapat at may kakayahang kasangkapan sa Kanyang mga kamay at ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya para matapat na matupad ang kanilang mga tungkulin, kung ganoon, sa tulong Niya ay "hindi [sila] maaaring malihis"—saanman sila naglilingkod. Marahil ang isa sa mga itinuturo sa atin ng Tagapagligtas sa paghahayag na ito ay ang aral na ang pagkakatalaga na maglingkod sa isang partikular na lugar ay kinakailangan at mahalaga subalit pangalawa lamang sa tawag sa gawain.

Binibigyang-diin sa susunod na talata ang mahahalagang kwalipikasyon para sa lahat ng mga missionary: "Kaya nga, ipahayag ang inyong mga *narinig,* at tunay na *pinaniniwalaan*, at *alam na totoo*."[6]

Ipinaaalala ng huling talata kay Brother Burnett at sa ating lahat kung kanino tunay na nanggagaling ang isang tawag, "Masdan, ito ang kalooban niya na tumawag sa inyo, ang inyong Manunubos, maging si Jesucristo. Amen."[7]

#### Paano Itama ang Maling Pagkaunawa

Marahil ang ilan sa inyo ay nagtatanong sa inyong mga sarili kung bakit ko piniling talakayin sa priesthood session ng pangkalahatang kumperensya ang kitang-kita namang pagkakaiba ng tinawag na maglingkod sa itinalagang maglingkod [sa isang partikular na lugar]. Lubos na tuwiran ang sagot ko sa tanong ninyo: natutuhan ko sa aking karanasan na ang mga alituntuning ito ay hindi lubusang nauunawaan ng maraming miyembro ng Simbahan.

Ang pinakamalaking dahilan kung bakit ako nagsasalita tungkol sa bagay na ito ay ang nalaman ko sa paglipas ng panahon tungkol sa problema, alalahanin, at maging sa pagkabagabag na nararamdaman ng maraming missionary na sa iba't ibang kadahilanan ay itinalaga sa ibang lugar sa panahon ng kanilang paglilingkod. Ang panibagong pagkakatalagang ito ay kinakailangan kung minsan dahil sa mga kaganapan at pangyayaring tulad ng pisikal na mga aksidente at pinsala, mga pagkaantala at problema sa pagkuha ng mga visa, kaguluhang politikal, paglikha at paglalagay ng mga tauhan sa mga bagong misyon, o ang nagiging mas komplikado at patuloy na nagbabagong mga pangangailangan sa buong mundo ng gawain sa pangangaral ng ebanghelyo.[8]

Kapag ang isang missionary ay inilipat sa ibang lugar na paglilingkuran, ang proseso ay katulad na katulad ng unang pagtatalaga. Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa ay humihingi ng inspirasyon at patnubay sa paggawa ng mga panibagong pagkakatalagang ito.

Kamakailan ay nakausap ko ang isang matapat na lalaki na nagbahagi sa akin ng kanyang saloobin. Sa isang pulong, ipinaliwanag ko ang kaibahan ng tinawag na maglingkod sa itinalagang maglingkod. Kinamayan ako ng mabuting kapatid na ito at sinabi niya

sa akin nang may luha sa kanyang mga mata, "Ang mga bagay na tinulungan ninyo akong matutuhan ngayon ay nag-alis ng pasan sa aking mga balikat na dinala ko nang mahigit 30 taon. Bilang isang batang missionary, una akong itinalagang maglingkod sa Timog Amerika. Pero hindi ako nakakuha ng visa, kaya binago at naging Estados Unidos ang assignment ko. Sa paglipas ng mga taon, iniisip ko kung bakit hindi ako nakapaglingkod sa lugar kung saan ako tinawag. Ngayon ay alam ko na na tinawag ako sa gawain at hindi sa isang lugar. Hindi ko masasabi kung gaano nakatulong sa akin ang pagkaunawang ito."

Talagang nalungkot ako para sa mabuting lalaking ito. Sa pagtuturo ko ng mga pangunahing alituntuning ito sa buong mundo, di-mabilang na mga indibidwal ang pribadong nagpahayag sa akin ng katulad na damdamin na kakalarawan ko lamang. Nagsasalita ako tungkol sa paksang ito ngayon dahil wala ni isang miyembro ng Simbahan ang dapat magdala ng pasanin dahil sa maling pagkaunawa, kawalang-katiyakan, o pagkabagabag tungkol sa itinalagang lugar na paglilingkuran.

"Dahil dito, magsihayo kayo at ipangaral ang aking ebanghelyo, maging sa hilaga o sa timog, sa silangan o sa kanluran, hindi ito mahalaga, sapagkat kayo ay hindi maaaring malihis."[9] Habang pinag-iisipan ninyo ang mga salita sa banal na kasulatang ito at binubuksan ang inyong mga puso, umaasa at nananalangin ako na aanyayahan ninyo ang Espiritu Santo na dalhin sa kaibuturan ng inyong mga puso ang pang-unawa, kagalingan, at paggaling na maaaring kailangan ninyo.

Ang isa pang dahilan kung bakit ako ginabayang talakayin ang paksang ito ay dahil sa aking personal na karanasan sa pagtatalaga ng mga missionary sa maraming taon. Para sa Labindalawa, wala nang mas makapagpapatunay ng katotohanan ng patuloy na paghahayag sa mga huling araw kaysa sa paghahangad na malaman ang kalooban ng Panginoon habang tinutupad namin ang tungkulin na magtalaga ng lugar kung saan maglilingkod ang mga missionary. Pinatototohanan ko na nakikilala at inaalala tayo ng Tagapagligtas at alam Niya ang ating pangalan.

#### Paghahanda sa Tawag na Maglingkod

Ngayon, gusto kong talakayin nang bahagya ang isang mahalaga subalit kadalasan ay hindi napapansing aspeto ng paghahanda para sa tawag sa gawain.

Tatlong magkakaugnay na salita ang nagdedetermina ng paghahanda at pag-unlad ng mga anak na lalaki ng Diyos: *priesthood, templo, misyon*. Kung minsan, bilang mga magulang, kaibigan, at mga miyembro ng Simbahan, masyado tayong nakatuon sa paghahanda sa misyon ng mga kabataang lalaki kaya maaaring nakakalimutan natin ang ibang mahahalagang hakbang sa landas ng pakikipagtipan na dapat tuparin bago magsimula sa paglilingkod ng full-time mission. Ang paglilingkod bilang isang missionary ay tiyak na isa, subalit hindi nag-iisang batong-tuntungan sa proseso ng paglikha ng isang matatag na pundasyon para sa patuloy na espirituwal na pag-unlad at paglilingkod. Ang mga basbas ng priesthood at templo, na natatanggap bago pa dumating sa lugar na itinalagang maglingkod, ay kinakailangan din upang patibayin at palakasin ang ating espirituwalidad sa buong buhay natin.

Mga kabataang lalaki, habang tinutupad ninyo ang inyong tungkulin sa priesthood at iginagalang ang inyong Aaronic o nakabababang priesthood, kayo ay naghahandang tumanggap at tuparin nang mabuti ang inyong sumpa at tipan sa Melchizedek Priesthood o nakatataas na priesthood.[10] Ang personal na pagkamarapat ay ang pinakamahalagang kailangan upang makatanggap ang nakatataas na priesthood. Ang patuloy na di-makasariling paglilingkod ng priesthood ay nasa inyong hinaharap. Maghanda ngayon sa pamamagitan ng madalas na pagbibigay ng makabuluhang paglilingkod. Nakikiusap ako na matutuhan ninyo na maging marapat at patuloy na maging gayon. Maging marapat. Manatiling marapat.

Matapos matanggap ang Melchizedek Priesthood at ang tawag na maglingkod, ang isang kabataang lalaki ay maaaring masakbitan ng kapangyarihan[11] sa pamamagitan ng mga tipan





at ordenansa ng banal na templo. Ang pagpunta sa templo at ang pagtaglay ng diwa ng templo ay kinakailangan upang epektibong makapaglingkod bilang isang full-time missionary. Ang pagiging marapat ang pinakamahalagang kailangan upang matanggap ang mga pagpapala ng templo para sa inyo na mga kabataang lalaki at sa lahat ng miyembro ng Simbahan. Kapag kayo ay namumuhay nang naaayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo, makakapasok kayo sa tahanan ng Panginoon at makakabahagi sa mga banal na ordenansa sa buong panahon ng inyong kabataan. Ang pagmamahal at pang-unawa ninyo sa mga ordenansa sa templo ang magpapalakas at magpapala sa inyo habambuhay. Nakikiusap ako na matutuhan ninyo na maging marapat at patuloy na maging gayon. Maging marapat. Manatiling marapat.

Maraming kabataang lalaki at babae ang mayroon nang current limited-use temple recommend. Bilang mga maytaglay ng Aaronic Priesthood, naghahanap kayo ng mga pangalan ng mga kapamilya at nagsasagawa ng mga binyag at kumpirmasyon sa templo para sa mga miyembro ng inyong pamilya. Ang pagpapanatili ng inyong temple recommend ay nagpapakita ng inyong pagkamarapat, at ang paglilingkod sa iba sa templo ay isang mahalagang bahagi ng paghahanda para sa Melchizedek Priesthood.

Mga kabataan, ang bawat isa sa inyo ay isang missionary ngayon. Nasa buong paligid ninyo, bawat araw, ang mga kaibigan at kapwa-tao na "napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan."[12] Sa paggabay ng Espiritu, makapagbabahagi kayo ng mensahe, paanyaya, text o tweet na magiging daan para malaman ng mga kaibigan ninyo ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Hindi ninyo kailangang hintayin ang opisyal na tawag para maging masigasig sa gawaing misyonero.

Kapag ang mga pagpapala ng priesthood, templo, at misyon ay tinipong "lahat . . . kay Cristo"[13] at mabisang nagtulung-tulong sa puso, isip, at kaluluwa ng isang batang missionary, magagawa niyang maging marapat para sa gawain.[14] Uunlad ang kanyang kakayahan para matupad ang tungkulin na maging awtorisadong kinatawan ng Panginoong Jesucristo. Ang espirituwal na makapangyarihang kombinasyon ng paggalang sa priesthood at mga tipan sa templo, ang pagtanggap ng "kapangyarihan ng kabanalan"[15] sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood,[16] ang di-makasariling paglilingkod, at ang paghahayag ng walang hanggang ebanghelyo sa mga anak ng Diyos ang nagbibigay-kakayahan sa isang kabataang lalaki na maging "matibay at matatag sa pananampalataya"[17] at "nangauugat at nangatatayo [kay Cristo]."[18]

Sa ating mga tahanan at sa simbahan, dapat nating bigyang-diin ang lahat ng tatlong elemento ng huwaran ng Panginoon sa paghahanda at pagunlad para sa matatapat na anak na lalaki ng Diyos: *priesthood, templo, misyon*. Hinihingi sa atin ng tatlong ito na matututuhan natin na maging marapat at patuloy na maging gayon. Maging marapat. Manatiling marapat.

**Pangako at Patotoo**

Mga minamahal na kapatid, ipinapangako ko ang impluwensiya ng espirituwal na kaloob ng paghahayag ay mapapasainyo sa pangangaral ninyo ng ebanghelyo at sa lugar na itinalaga kayong maglingkod. Kapag masigasig kayong naghahanda ngayon sa pamamagitan ng di-makasariling paglilingkod ng priesthood at sa templo, ang inyong patotoo na buhay ang Panginoon ay mapalalakas. Mapupuno ang inyong puso ng pagmamahal para sa Kanya at sa Kanyang gawain. Kapag natutuhan ninyong maging marapat, kayo ay magiging makapangyarihang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon upang pagpalain at paglingkuran ang maraming tao.

Pinatototohanan ko nang may kagalakan na buhay ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo. Ang makibahagi sa paglilingkod sa Kanila ay isa sa mga pinakadakilang pagpapala na maaari nating matanggap. Pinatototohanan ko ito sa banal na pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:37.
2. Doktrina at mga Tipan 4:3.
3. Doktrina at mga Tipan 80:1.
4. Doktrina at mga Tipan 80:2.
5. Doktrina at mga Tipan 80:3.
6. Doktrina at mga Tipan 80:4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. Doktrina at mga Tipan 80:5.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:49.
9. Doktrina at mga Tipan 80:3.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–44.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:22.
12. Doktrina at mga Tipan 123:12.
13. Mga Taga Efeso 1:10.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 4:5.
15. Doktrina at mga Tipan 84:20.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
17. Helaman 15:8.
18. Mga Taga Colosas 2:7.



# Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw


## ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring
Unang Tagapayo


Thomas S. Monson
Pangulo


Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Russell M. Nelson


Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard


Robert D. Hales


Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook


D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen



Ronald A. Rasband


Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund


## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU


L. Whitney Clayton


Donald L. Hallstrom


Richard J. Maynes


Craig C. Christensen



Ulisses Soares


Lynn G. Robbins



Gerrit W. Gong

# MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY


(ayon sa alpabeto)



Marcos A. Aidukaitis, Jose L. Alonso, Wilford W. Andersen, Ian S. Ardern, Mervyn B. Arnold, W. Mark Bassett, David S. Baxter, Randall K. Bennett, Shayne M. Bowen, Mark A. Bragg, Craig A. Cardon, Yoon Hwan Choi, Kim B. Clark, Weatherford T. Clayton, Carl B. Cook, Lawrence E. Corbridge




Valeri V. Cordón, J. Devn Cornish, Claudio R. M. Costa, Joaquin E. Costa, LeGrand R. Curtis Jr., Massimo De Feo, Benjamín De Hoyos, Edward Dube, Kevin R. Duncan, Timothy J. Dyches, Larry J. Echo Hawk, Stanley G. Ellis, David F. Evans, Enrique R. Falabella, Bradley D. Foster, Randy D. Funk




Eduardo Gavarret, Robert C. Gay, Carlos A. Godoy, Taylor G. Godoy, Christoffel Golden, Walter F. González, C. Scott Grow, O. Vincent Haleck, Kevin S. Hamilton, James J. Hamula, Allen D. Haynie, Paul V. Johnson, Larry S. Kacher, Patrick Kearon, Von G. Keetch, Jörg Klebingat



Joni L. Koch, Erich W. Kopischke, Larry R. Lawrence, Hugo E. Martinez, James B. Martino, Peter F. Meurs, Hugo Montoya, Marcus B. Nash, K. Brett Nattress, S. Gifford Nielsen, Brent H. Nielson, Adrián Ochoa, Allan F. Packer, S. Mark Palmer, Adilson de Paula Parrella, Kevin W. Pearson




Anthony D. Perkins, Paul B. Pieper, John C. Pingree Jr., Rafael E. Pino, Michael T. Ringwood, Gary B. Sabin, Evan A. Schmutz, Gregory A. Schwitzer, Joseph W. Sitati, Steven E. Snow, Vern P. Stanfill, Brian K. Taylor, Michael John U. Teh, José A. Teixeira, Juan A. Uceda, Arnulfo Valenzuela



Terence M. Vinson, Taniela B. Wakolo, Scott D. Whiting, Larry Y. Wilson, Chi Hong (Sam) Wong, Kazuhiko Yamashita, Jorge F. Zeballos, Claudio D. Zivic, W. Craig Zwick

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies
Unang Tagapayo

Gérald Caussé
Presiding Bishop

W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo

# MGA PANGKALAHATANG OPISYAL



### SUNDAY SCHOOL

Devin G. Durrant
Unang Tagapayo

Tad R. Callister
Pangulo

Brian K. Ashton
Unang Tagapayo

### YOUNG WOMEN

Carol F. McConkie
Unang Tagapayo

Bonnie L. Oscarson
Pangulo

Neill F. Marriott
Pangalawang Tagapayo

### RELIEF SOCIETY

Sharon Eubank
Unang Tagapayo

Jean B. Bingham
Pangulo

Reyna I. Aburto
Pangalawang Tagapayo

### PRIMARY

Bonnie H. Cordon
Unang Tagapayo

Joy D. Jones
Pangulo

Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo

### YOUNG MEN

Douglas D. Holmes
Unang Tagapayo

Stephen W. Owen
Pangulo

M. Joseph Brough
Pangalawang Tagapayo





**Ni Bishop Gérald Caussé**
Presiding Bishop

# Ihanda ang Daan

*Bagaman pinagkalooban ng magkaibang misyon at awtoridad, ang Aaronic Priesthood at Melchizedek Priesthood ay di mapaghihiwalay na magkatuwang sa gawain ng kaligtasan.*

Noong 30 taong gulang ako, nagsimula akong magtrabaho sa isang retail group sa France. Isang araw, pinapunta ako ng presidente ng kumpanya namin, na isang mabuting tao at miyembro ng ibang simbahan, sa kanyang opisina. Nagulat ako sa tanong niya: "Nalaman ko ngayon lang na isa ka palang pari sa simbahan ninyo. Totoo ba ito?"

Sumagot ako ng, "Opo, totoo po iyan. Taglay ko po ang priesthood."

Halatang naintriga siya sa sagot ko, kaya nagtanong siya, "Nag-aral ka ba ng theological seminary?"

"Siyempre po," sagot ko, "sa pagitan ng 14 at 18 taong-gulang, at nag-aral po ako ng mga lesson sa seminary nang halos araw-araw!" Halos mahulog siya sa kanyang upuan.

Nagulat ako talaga nang makalipas ang ilang linggo ay ipinatawag niya akong muli sa kanyang opisina para ialok sa akin ang posisyon ng managing director sa isa sa mga grupo ng kumpanya. Nabigla ako at sinabi ko na masyadong bata pa ako at walang karanasan para humawak ng gayon kalaking responsibilidad. Sa magiliw na ngiti, sinabi niyang, "Maaaring totoo iyan, pero hindi na mahalaga iyan. Alam ko ang mga prinsipyo mo, at alam ko ang natutuhan mo sa inyong simbahan. Kailangan kita."

Tama siya tungkol sa natutuhan ko sa Simbahan. Ang sumunod na mga taon ay puno ng hamon, at siguro hindi ako nagtagumpay kung hindi dahil sa mga naging karanasan ko sa Simbahan simula noong binatilyo pa ako.

Mapalad akong lumaki sa isang maliit na branch. Dahil kakaunti lang kami, tinawag ang mga kabataan na aktibong makibahagi sa lahat ng gawain ng branch. Talagang naging abala ako at gustung-gusto ko na kapaki-pakinabang ako. Sa araw ng Linggo nangasiwa ako sa sacrament table, naglingkod sa aking priesthood quorum, at gumanap ng iba't ibang tungkulin. Sa buong linggo madalas akong kasama ng tatay ko at ng iba pang matatandang priesthood holder sa pag-home teach sa mga miyembro, pagpanatag sa maysakit at may karamdaman, at pagtulong sa mga nangangailangan. Tila walang nakaisip na masyado pa akong bata para maglingkod o para mamuno. Para sa akin, lahat ng ito ay tila normal at natural lamang.

Ang paglilingkod na ibinigay ko noong binatilyo pa ako ay nakatulong para magkaroon ako ng patotoo at matatag na iayon ang buhay ko sa ebanghelyo. Napaligiran ako ng mabubuti at maawaing kalalakihan na nangakong gagamitin ang kanilang priesthood para pagpalain ang buhay ng iba. Nais ko silang tularan. Sa paglilingkod na kasama nila, higit sa natanto ko noong panahong iyon, natutuhan kong maging lider sa Simbahan at gayundin sa daigdig.

Marami tayong kabataang lalaki na dumadalo o nakikinig sa miting na ito ngayong gabi na nagtataglay ng Aaronic Priesthood. Habang tinitingnan ko kayong mga nagsidalo, nakikita ko ang marami sa inyo na may katabing matatanda na siguro ay mga tatay, lolo, kuya, o mga priesthood leader ninyo—lahat ay maytaglay ng Melchizedek Priesthood. Mahal nila kayo, at naparito






sila ngayong gabi para makasama kayo.

Ang pagtitipon na ito ng mga henerasyon ay nagbibigay ng kagila-gilalas na pananaw ukol sa pagkakaisa at pagkakapatiran na umiiral sa pagitan ng dalawang priesthood ng Diyos. Bagaman pinagkalooban ng magkaibang misyon at awtoridad, ang Aaronic Priesthood at Melchizedek Priesthood ay di mapaghihiwalay na magkatuwang sa gawain ng kaligtasan. Magkatuwang ang mga ito at kailangang-kailangan nila ang bawat isa.

Ang perpektong huwaran ng malapit na ugnayan sa pagitan ng dalawang priesthood ay makikita sa ugnayan nina Jesus at Juan Bautista. Maiisip ba ng isang tao si Juan Bautista nang hindi iniisip si Jesus? Ano kaya ang nangyari sa misyon ng Tagapagligtas kung wala ang ginawang paghahanda ni Juan?

Ibinigay kay Juan Bautista ang isa sa mga pinakamaringal na misyon: "[maghanda] ng daan para sa Panginoon,"[1] binyagan Siya sa pamamagitan ng tubig, at ihanda ang mga tao na tanggapin Siya. Itong "lalaking matuwid at banal,"[2] na inorden sa nakabababang priesthood, ay lubusang batid ang kahalagahan at limitasyon ng kanyang misyon at kanyang awtoridad.

Nagdagsaan ang mga tao kay Juan para pakinggan siya at magpabinyag sa kanya. Siya ay iginalang at pinagpitaganan bilang tao ng Diyos. Ngunit nang dumating si Jesus, nagpaubaya si Juan kay Jesus na mas dakila sa kanya at nagsabing, "Ako'y bumabautismo sa tubig: datapuwa't sa gitna ninyo'y may isang nakatayo, . . . ang pumaparitong sumusunod sa akin, na sa kaniya'y hindi ako karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak."[3]

Sa Kanyang panig, si Jesus na Cristo, ang Bugtong na Anak ng Ama, na nagtaglay ng nakatataas na priesthood, ay buong pagpapakumbabang kinilala ang awtoridad ni Juan. Sinabi sa kanya ng Tagapagligtas, "Sa gitna ng mga ipinanganganak ng mga babae ay walang lumitaw na isang dakila kay sa kay Juan Bautista."[4]

Isipin na lamang ang mangyayari sa ating mga priesthood quorum kung ang ugnayan sa pagitan ng mga maytaglay ng dalawang priesthood ay inspirado ng huwarang itinatag ni Jesus at ni Juan Bautista. Mga bata kong kapatid ng Aaronic Priesthood, tulad ni Juan, ang papel ninyo ay "ihanda ang daan"[5] para sa dakilang gawain ng Melchizedek Priesthood. Ginagawa ninyo ito sa iba't ibang paraan. Kayo ang nangangasiwa sa mga ordenansa ng binyag at ng sakramento. Inihahanda ninyo ang mga tao para sa Panginoon sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, sa "[pagdalaw] sa bahay ng bawat kasapi,"[6] at sa "[pangangalaga] sa simbahan."[7] Naglalaan kayo ng tulong sa mahihirap at nangangailangan sa pagkolekta ng mga handog-ayuno, at nakikibahagi kayo sa pangangalaga ng mga meetinghouse ng Simbahan at ng iba pang temporal na bagay. Ang inyong papel ay mahalaga, kailangan, at sagrado.

Mga kapatid kong nakatatanda, kayo man ay mga ama, bishop, mga Young Men adviser, o basta maytaglay ng Melchizedek Priesthood, matutularan ninyo ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pag-iisip sa inyong mga kapatid na maytaglay ng nakabababang priesthood at pag-anyaya sa kanila na makipagtulungan sa inyo. Sa katunayan, ang paanyayang ito ay mula sa Panginoon mismo. Sinabi Niya, "Kaya nga, isama ninyo yaong inordenan sa nakabababang pagkasaserdote, at isugo sila sa harapan ninyo upang gumawa ng mga tipanan at upang ihanda ang daan, at upang gampanan ang



mga tipanan, na hindi ninyo kayang gampanan."[8]

Sa pag-anyaya ninyo sa mas mga batang kapatid na "ihanda ang daan," tinutulungan ninyo silang makilala at igalang ang sagradong awtoridad na hawak nila. Sa paggawa nito, tinutulungan ninyo silang ihanda ang sarili nilang daan sa paghahanda nila sa araw ng pagtanggap nila at paggamit ng nakatataas na priesthood.

Hayaang ibahagi ko sa inyo ang totoong kuwento ni Alex, isang tahimik, maalalahanin, at matalinong batang priest. Isang araw ng linggo nakita si Alex ng kanyang bishop na nag-iisa sa isang classroom na balisang-balisa. Ipinaliwanag ng binatilyo kung gaano kasakit at kahirap sa kanya na magsimba nang hindi kasama ang kanyang ama, na hindi miyembro. At umiiyak na sinabi niya na makabubuti siguro na umalis na siya sa Simbahan.

Dahil tunay ang pagmamalasakit sa binatilyong ito, kaagad pinakilos ng bishop ang ward council para tulungan si Alex. Simple lang ang plano niya: para mapanatiling aktibo si Alex at tulungan siyang magkaroon ng matinding patotoo sa ebanghelyo, kailangan nilang "palibutan siya ng mabubuting tao at bigyan siya ng mahahalagang bagay na gagawin."

Kaagad nagtulung-tulong ang mga kapatid sa priesthood at lahat ng miyembro ng ward para tulungan si Alex at ipinakita ang kanilang pagmamahal at suporta. Ang high priests group leader, isang taong malaki ang pananampalataya at mapagmahal, ang napiling maging kompanyon niya sa home teaching. Personal siyang sinuportahan ng mga miyembro ng bishopric at naging napakalapit sa kanila.

Sinabi ng bishop: "Ginawa naming abala si Alex. Siya ang naging usher sa mga kasalan, sa mga libing, tinulungan ako sa paglalaan ng libingan, nagbinyag sa ilang bagong miyembro, nag-ordena ng mga kabataang lalaki sa mga katungkulan sa Aaronic Priesthood, nagturo ng mga lesson sa kabataan, nagturong kasama ng mga missionary, nagbukas ng gusali para sa mga kumperensya, at nagsasara ng gusali nang gabing-gabi na pagkatapos ng mga kumperensya. Gumawa siya ng mga service project, sinamahan ako sa mga pagbisita sa nakatatandang mga miyembro na nasa mga hospisyo, nagsalita sa sacrament meeting, nangasiwa ng sakramento sa maysakit na nasa hospital o sa kanilang mga tahanan, at naging isa sa mga taong lubusan kong maaasahan bilang bishop."

Unti-unti, nagbago si Alex. Ang pananampalataya niya sa Panginoon ay nadagdagan. Nagkaroon siya ng tiwala sa kanyang sarili at sa kapangyarihan ng priesthood na taglay niya. Sa huli sinabi ng bishop: "Si Alex ay naging at palaging magiging isa sa mga pinakamalaking biyaya sa akin bilang bishop. Isang malaking pribilehiyo ang makasama siya. Talagang naniniwala ako na walang binatang nagmisyon na mas naihanda ng paglilingkod niya sa priesthood."[9]

Mahal kong mga bishop, kasama sa inyong ordenasyon at pagka-set apart bilang bishop ng inyong ward, ang sagradong tungkulin na maglingkod bilang pangulo ng Aaronic Priesthood at ng priests quorum. Alam kong mabigat ang pasaning dinadala ninyo, ngunit dapat ninyong unahin ang iyong tungkulin sa mga kabataang ito. Hindi ninyo ito maaaring kaligtaan o ipagawa sa iba ang responsibilidad ninyong ito.

Inaanyayahan ko kayong pakaisipin ang bawat isa sa mga batang Aaronic Priesthood holder sa inyong ward. Hindi dapat madama ng sinuman sa kanila na hindi siya kasali o walang silbi. Mayroon bang isang binatilyong maaaring tulungan ninyo at ng iba pang mga kapatid sa priesthood? Anyayahan siyang maglingkod na kasama ninyo. Kadalasan sinisikap nating aliwin ang ating mga kabataan at ginagawa silang tagamasid lang, samantalang ang kanilang pananampalataya at pagmamahal


sa ebanghelyo ay maaaring mapalakas pa sa paggamit nila ng kanilang priesthood. Sa aktibong pakikibahagi sa gawain ng kaligtasan, sila ay magkakaroon ng koneksyon sa langit at malalaman nila ang kanilang banal na potensiyal.

Ang Aaronic Priesthood ay hindi lamang grupo ng magkakaedad, isang programa ng pagtuturo o aktibidad, o katagang tumutukoy sa mga kabataang lalaki ng Simbahan. Ito ay kapangyarihan at awtoridad na makibahagi sa dakilang gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa—kapwa ang kaluluwa ng mga kabataang maytaglay nito at ang kaluluwa ng mga taong pinaglilingkuran nila. Dapat nating ilagay ang Aaronic Priesthood sa dapat nitong kalagyan, isang piling kalagayan— isang kalagayan ng paglilingkod, paghahanda, at pagkakamit para sa lahat ng kabataang lalaki ng Simbahan.

Mahal kong mga kapatid sa Melchizedek Priesthood, inaanyayahan ko kayong palakasin ang napakahalagang ugnayan na dahilan ng pagkakaisa ng dalawang priesthood ng Diyos. Bigyan ng kapangyarihan ang inyong mga kabataan sa Aaronic Priesthood para maihanda ang daan para sa inyo. Sabihin sa kanila nang may kumpiyansa na, "Kailangan ko kayo." Sa inyong mga batang maytaglay ng Aaronic Priesthood, dalangin ko na sa paglilingkod ninyo sa nakatatanda ninyong mga kapatid sa simbahan ay marinig ninyo ang tinig ng Panginoon na nagsasabi sa inyong: "Ikaw ay pinagpala, sapagkat ikaw ay gagawa ng mahahalagang bagay. Masdan ikaw ay isinugo, maging katulad ni Juan, upang ihanda ang daan sa pagparito ko."[10] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. 1 Nephi 10:7.
2. Marcos 6:20.
3. Juan 1:26–27.
4. Mateo 11:11.
5. Doktrina at mga Tipan 35:4.
6. Doktrina at mga Tipan 20:51.
7. Doktrina at mga Tipan 20:53.
8. Doktrina at mga Tipan 84:107.
9. Personal na sulat.
10. Doktrina at mga Tipan 35:4.



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pinakadakila sa Inyo

*Ang pinakamalaking gantimpala ng Diyos ay mapupunta sa mga naglilingkod nang hindi naghihintay ng kapalit o gantimpala.*

Mahal kong mga kapatid, mga kaibigan, nagpapasalamat ako na nakasama ko kayo sa nagbibigay-inspirasyong pandaigdigang miting na ito ng priesthood. Pangulong Monson, salamat sa iyong mensahe at basbas. Lagi naming isasapuso ang iyong mga tagubilin, payo, at karunungan. Mahal ka namin at sinasang-ayunan, at lagi ka naming ipinagdarasal. Ikaw ay isang tunay na propeta ng Panginoon. Ikaw ang aming Pangulo. Sinasang-ayunan ka namin at minamahal.

Halos dalawang dekada na ang nakalipas, ang Madrid Spain Temple ay inilaan at nagsimulang gamitin bilang sagradong bahay ng Panginoon. Tandang-tanda namin ito ni Harriet dahil naglilingkod ako noon sa Europe Area Presidency. Kasama ng iba pa, nag-ukol kami ng mga oras sa pagtutuon sa mga detalye ng pagpaplano at pag-organisa ng mga pangyayaring hahantong sa dedikasyon o paglalaan.

Habang papalapit ang petsa ng paglalaan, napansin ko na hindi pa ako nakakatanggap ng imbitasyon para dumalo. Medyo hindi ko inasahan ito. Dahil sa responsibilidad ko bilang Area President, talagang nakasama ako sa proyektong ito ng pagtatayo ng templo at dama ko kahit paano na may bahagi ako rito.

Tinanong ko si Harriet kung may nakita siyang imbitasyon. Wala raw.

Lumipas ang mga araw at lalo akong nabalisa. Naisip ko na baka nawala ang aming imbitasyon—baka naipit sa pagitan ng kutson ng aming sopa. Baka napahalo ito sa mga sulat na itinapon na. May pusang mausisa ang aming kapitbahay, at pati iyon ay sinimulan ko na ring pagdudahan.

Sa huli napilitan akong tanggapin ang katotohanan: Hindi ako inimbita.

Pero paano nangyari iyon? May ginawa ba ako na hindi nila nagustuhan? Inisip ba ng sinuman na napakalayo nito para magbiyahe kami? Nalimutan ba ako?



Sa huli, natanto ko na ang ganitong uri ng pag-iisip ay maaaring maging ugali ko na at hindi ko iyon gusto.

Pinaalalahanan namin ni Harriet ang aming sarili na ang paglalaan ng templo ay hindi tungkol sa *amin*. Hindi ito tungkol sa kung sino ang dapat na maimbita o hindi. At hindi ito tungkol sa aming damdamin o ideya na may karapatan kaming dumalo sa paglalaan ng templo.

Ito ay tungkol sa paglalaan ng sagradong gusali, isang templo ng Kataas-taasang Diyos. Ito ay araw ng pagdiriwang para sa mga miyembro ng Simbahan sa Spain.

Kung inimbita akong dumalo, maligaya akong dadalo doon. Ngunit kung hindi ako inimbita, hindi mababawasan ang aking kagalakan. Magdiriwang kami ni Harriet kasama ang aming mga kaibigan, ang mga mahal naming kapatid, na nasa malayo. Pupurihin namin ang Diyos sa napakagandang pagpapalang ito nang buong sigla mula sa aming tahanan sa Frankfurt at gayundin sa Madrid.

#### Mga Anak ng Kulog

Kasama sa Labindalawa na tinawag at inorden ni Jesus ay ang magkapatid na sina Santiago at Juan. Naaalala ba ninyo ang palayaw na ibinigay Niya sa kanila?

Mga Anak ng Kulog (Boanerges).[1]

Hindi ka bibigyan ng ganyang palayaw kung walang espesyal na dahilan. Nakakahinayang na walang masyadong ibinigay na paliwanag ang banal na kasulatan tungkol sa pinagmulan ng palayaw. Gayunman, may ibinigay na kaunting impormasyon ang banal na kasulatan tungkol sa pagkatao nina Santiago at Juan. Ito rin ang magkapatid na nagmungkahi na magpadala ng apoy mula sa langit sa isang nayon sa Samaria dahil hindi sila inimbitang pumasok sa bayan.[2]

Sina Santiago at Juan ay mga mangingisda—siguro medyo brusko sila—pero palagay ko marami silang alam tungkol sa kalikasan. Tiyak na sila ay kalalakihan na palaging kumikilos.

Minsan, habang naghahanda ang Tagapagligtas para sa Kanyang huling



paglalakbay papuntang Jerusalem, sina Santiago at Juan ay lumapit sa Kanya na may espesyal na kahilingan—na marahil ay may kinalaman sa palayaw nila.

"Ibig naming iyong gawin sa amin ang anomang aming hingin sa iyo," sabi nila.

Para ko nang nakikita na nakangiti si Jesus sa kanila nang sumagot Siya na, "Ano ang ibig ninyong sa inyo'y aking gawin?"

"Ipagkaloob mo sa amin na mangakaupo kami, ang isa'y sa iyong kanan, at ang isa'y sa iyong kaliwa, sa iyong kaluwalhatian."

Sinabihan sila ng Tagapagligtas na laliman ang pag-iisip tungkol sa kanilang hiling at nagsabing, "Ang maupo sa aking kanan o sa aking kaliwa ay hindi ako ang magbibigay, datapuwa't yaon ay para sa kanila na mga pinaghahandaan."[3]

Sa madaling salita, hindi ka makatatanggap ng karangalan sa kaharian ng langit sa pangangampanya ukol dito. Ni hindi ka magkakamit ng walanghanggang kaluwalhatian dahil lang sa "malapit ka sa boss mo".

Nang marinig ng sampung Apostol ang kahilingang ito mula sa Mga Anak ng Kulog, nainis sila. Alam ni Jesus na sandali na lang ang Kanyang panahon, at ang nakita Niyang pagtatalo sa mga magdadala ng Kanyang gawain ay maaaring ikinabahala Niya.

Kinausap Niya ang Labindalawa tungkol sa nagagawa ng kapangyarihan at paano ang epekto nito sa mga naghahangad at nagtataglay nito. "Ang mga taong maimpluwensya sa daigdig," sabi Niya, "ay ginagamit ang kanilang posisyon o awtoridad upang magkaroon ng kapangyarihan sa iba."

Halos nakikita ko ang Tagapagligtas na nakatingin nang may walanghanggang pagmamahal sa mukha ng matatapat at naniniwalang mga disipulo. Halos naririnig ko ang Kanyang tinig na nagmamakaawa: "Datapuwa't sa inyo ay hindi gayon. Kundi, ang sinomang ibig na dumakila sa inyo, ay magiging lingkod ninyo: At ang sinoman sa inyo ang magibig manguna, ay magiging alipin ng lahat."[4]

Sa kaharian ng Diyos, ang kadakilaan at pamumuno ay nangangahulugan ng pagtingin sa iba kung sino sila talaga—gaya ng pagtingin ng Diyos sa kanila—at pagtulong at paglilingkod sa kanila. Ibig sabihin nito ay magalak na kasama ng mga taong maligaya, lumuhang kasama ng nagdadalamhati, pasiglahin ang mga nababalisa, at mahalin ang ating kapwa gaya ng pagmamahal sa atin ni Cristo. Mahal ng Tagapagligtas ang lahat ng anak ng Diyos anuman ang kanilang katayuan sa lipunan, lahi, wika, paniniwala sa pulitika, nasyonalidad, o anupamang grupo. At dapat gayon din tayo!

Ang pinakamalaking gantimpala ng Diyos ay mapupunta sa mga naglilingkod nang walang iniisip na kapalit o gantimpala. Ito ay makakamit ng mga taong naglilingkod nang walang



pagkilala ng publiko; ng mga tahimik na naghahanap ng paraan para tulungan ang iba; ng mga naglilingkod sa iba dahil lamang sa mahal nila ang Diyos at ang mga anak ng Diyos.[5]

#### Hindi Ka Dapat Paapekto

Noong matawag ako bilang General Authority, nagkaroon ako ng pagkakataon na samahan si Pangulong James E. Faust sa isang stake conference. Habang nagmamaneho ako papunta sa aming assignment sa magandang Southern Utah, nag-ukol ng oras si Pangulong Faust na turuan ako. Isang aral ang hindi ko malilimutan kailan man. Sabi niya, "[Mababait] ang mga miyembro ng Simbahan, lalo na sa mga General Authority. Pakikitunguhan ka nila nang mabuti at magsasabi sila ng magagandang bagay tungkol sa iyo." Tumigil siya sandali at nagsabing, "Dieter, *[lagi]* kang magpasalamat para dito, pero huwag na huwag kang paaapekto rito."

Ang mahalagang aral na ito tungkol sa paglilingkod sa Simbahan ay angkop sa bawat korum ng Simbahan. Angkop ito sa ating lahat na nasa Simbahan.

Kapag nagpapayo noon si Pangulong J. Reuben Clark sa mga tinawag sa mga posisyon sa Simbahan, sinasabi niya sa kanila na huwag kalimutan ang pang-anim na patakaran.

Hindi maiiwasang magtanong ang tao ng, "Ano po ang pang-anim na patakaran?"

"Huwag mong masyadong isipin ang iniisip ng ibang tao tungkol sa inyo," sabi niya.

Siyempre, may kasunod na tanong ito: "Ano po ang lima pang patakaran?"

Na may natatawang mukha, sasabihin ni Pangulong Clark na, "Wala."[6]

Para maging epektibong mga lider ng Simbahan, kailangang matutuhan natin ang mahalagang aral na ito: ang pamumuno sa Simbahan ay hindi lahat tungkol sa paggabay sa iba kundi tungkol din ito sa ating kahandaang gabayan ng Diyos.

#### Mga Tungkulin Bilang mga Pagkakataon na Maglingkod

Bilang mga Banal ng Kataas-taasang Diyos, dapat nating "alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap, sapagkat siya na hindi gumagawa ng mga bagay na ito, siya rin ay hindi ko disipulo."[7] Ang mga oportunidad para gumawa ng mabuti at maglingkod sa iba ay walang katapusan. Matatagpuan natin ang mga ito sa ating mga komunidad, sa ating mga ward at branch, at sa ating mga tahanan.

Bukod pa rito, bawat miyembro ng Simbahan ay binibigyan ng partikular na mga oportunidad na maglingkod. Ang tawag natin sa mga oportunidad na ito ay "mga calling"—isang kataga na dapat magpaalala sa atin kung sino ang tumatawag sa atin na maglingkod. Kung ituturing natin ang ating mga calling bilang oportunidad na maglingkod sa Diyos at maglingkod sa iba nang may pananampalataya at pagpapakumbaba, bawat paglilingkod ay magiging hakbang tungo sa landas ng pagkadisipulo. Sa ganitong paraan, hindi lamang pinalalakas ng Diyos ang Kanyang Simbahan kundi pati na rin ang Kanyang mga tagapaglingkod. Layunin ng Simbahan na tulungan tayong maging tunay at matatapat na disipulo ni Cristo, mabubuti at magigiting na anak ng Diyos. Nangyayari ito hindi lamang kapag dumadalo tayo sa mga miting at nakikinig sa mga mensahe kundi kapag iniisip natin ang ibang tao at naglilingkod. Sa ganitong paraan tayo nagiging "dakila" sa kaharian ng Diyos.

Tinatanggap natin ang mga calling nang may dignidad, kababaang-loob, at pasasalamat. Kapag na-release na tayo sa mga calling na ito, tinatanggap natin ang pagbabago nang mayroon ding dignidad, kababaang-loob, at pasasalamat.

Sa mga mata ng Diyos walang calling sa kaharian na mas mahalaga kaysa sa isa. Ang ating paglilingkod—malaki man o maliit—ay nagpapadalisay sa ating espiritu, nagbubukas ng mga dungawan ng langit, at nagkakaloob ng mga pagpapala ng Diyos hindi lamang sa mga naglilingkod kundi sa atin din naman. Kapag tumutulong tayo sa iba, malalaman natin nang may mapagpakumbabang pagtitiwala na kinikilala ng Diyos ang ating paglilingkod nang buong kasiyahan. Nakangiti Siya sa atin habang iniaalay natin ang ganitong mga taos-pusong pagkahabag, lalo na ang mga gawa na hindi nakikita at napapansin ng iba.[8]

Sa tuwing naglilingkod tayo sa iba, napapalapit tayo sa pagiging mabuti at tunay na mga disipulo ng Isang nagbigay ng lahat para sa atin: ang ating Tagapagligtas.

#### Mula sa Pagiging Pinuno Hanggang sa Pagiging Tagapaglinis

Sa ika-150 anibersaryo ng pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley, si Brother Myron Richins ay naglilingkod bilang stake president sa Henefer, Utah. Kasama sa pagdiriwang ang pagsasadula ng pagdaan ng mga pioneer sa kanyang bayan.

Si President Richins ay kasama sa mga plano para sa pagdiriwang, at marami siyang dinaluhan na mga miting kasama ang mga General Authority at ang iba pa para pag-usapan ang mga kaganapan. Kasama siya sa lahat ng paghahanda.

Bago sumapit ang aktuwal na pagdiriwang, ang stake ni President Richins ay na-reorganize, at na-release siya bilang president. Nang sumunod na Linggo, nasa kanyang ward priesthood meeting siya nang magtanong ang mga lider kung sino ang gustong magboluntaryo para tumulong sa pagdiriwang. Si President Richins, kasama ang iba



pa, ay nagtaas ng kamay at sinabihan siyang magbihis ng pangtrabaho at dalhin ang kanyang trak at pala.

Sa wakas, sumapit ang umaga ng malaking pagdiriwang, at naroon si President Richins para magboluntaryo.

Ilang linggo lamang bago iyon, siya ay nag-ambag nang malaki sa pagpaplano at pamamahala sa malaking pagdiriwang na ito. Gayunman, nang araw na iyon, ang kanyang trabaho ay sundan ang mga kabayo sa parada at linisin ang kalat ng mga ito.

Ginawa ito ni President Richins nang maluwag sa kalooban.

Naunawaan niya na ang isang uri ng paglilingkod ay hindi nakahihigit sa isa pa.

Alam niya at isinagawa niya ang mga salita ng Tagapagligtas na: "Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo."[9]

#### Pagiging Disipulo sa Tamang Paraan

Kung minsan, tulad ng Mga Anak ng Kulog, hangad natin ang mataas na katungkulan. Nagsisikap tayo para makilala tayo. Hangad nating mamuno at gumawa ng di malilimutang kontribusyon.

Walang masama sa hangaring paglingkuran ang Panginoon, ngunit kapag hinangad nating magkaroon ng impluwensya sa Simbahan para sa sarili nating kapakanan—para matanggap ang papuri at paghanga ng mga tao—nakamit na natin ang ating gantimpala. Kapag "naapektuhan" tayo ng papuri ng ibang tao, ang papuring iyon ang ating kabayaran.

Ano ang pinakamahalagang calling sa Simbahan? Ito ay ang kasalukuyang calling mo. Gaano man kababa o katanyag ito, ang calling mo ngayon ang magtutulot para hindi lamang maiangat mo ang iba kundi para maging uri ka ng taong nilikha ng Diyos na kahinatnan mo.

Mahal kong mga kaibigan at mga kapatid sa priesthood, gampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin!

Itinuro ni Pablo sa mga Taga Filipos na, "Sa halip na maganyak ng makasariling ambisyon o banidad, dapat ang bawat isa sa inyo, sa pagpapakumbaba, ay maganyak na ituring ang bawat isa na mas mahalaga kaysa sa inyong sarili."[10]

#### Paglilingkod nang may Dangal

Ang paghahangad ng dangal at pagkilala sa Simbahan bilang kapalit ng tunay at mapagpakumbabang paglilingkod sa iba ay gawain ni Esau.[11] Maaari tayong tumanggap ng gantimpala sa lupa, pero malaki ang kapalit nito—ang pagkawala ng pagsang-ayon ng Diyos.


Tularan natin ang halimbawa ng ating Tagapagligtas, na maamo at mababa ang loob, na hindi naghangad ng papuri ng mga tao kundi gawin ang kalooban ng Kanyang Ama.[12]

Paglingkuran natin ang iba nang buong pagpapakumbaba—nang buong sigla, pasasalamat, at dangal. Bagaman ang ating paglilingkod ay tila hamak, simple, o kaunti ang halaga, ang mga taong tumutulong nang buong kabaitan at pagkahabag sa iba ay malalaman balang-araw ang kahalagahan ng kanilang paglilingkod sa pamamagitan ng walang-hanggan at puno ng biyaya ng Makapangyarihang Diyos.[13]

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, nawa pagnilayan natin, unawain, at ipamuhay ang napakahalagang aral na ito ng pamumuno sa Simbahan at pamamahala ng priesthood: "Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo." Ito ang aking dalangin at basbas sa sagradong pangalan ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Marcos 3:17.
2. Tingnan sa Lucas 9:54.
3. Tingnan sa Mark 10:35–40, New International Version (2011) at King James Version.
4. Tingnan sa Marcos 10:43–44.
5. Tingnan sa Mateo 6:4.
6. Tingnan sa John E. Lewis, "Insights: The Gospel and a Sense of Humor, Too," *Ensign*, Hunyo 1974, 24.
7. Doktrina at mga Tipan 52:40.
8. Tingnan sa Mateo 6:1–2.
9. Mateo 23:11.
10. Philippians 2:3, New English Translation (2005).
11. Tingnan sa Genesis 25:33.
12. Tingnan sa Juan 5:41; 6:38.
13. Tingnan sa Mateo 25:31–46.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# "Lumakad Kang Kasama Ko"

*Ang ating ordenasyon sa priesthood ay isang paanyaya mula sa Panginoon na lumakad kasama Niya, gawin ang ginawa Niya, maglingkod ng tulad sa Kanyang paglilingkod.*

Mahal kong mga kapatid sa priesthood, ang layunin ko ngayon ay panatagin at pasiglahin kayo sa inyong paglilingkod bilang maytaglay ng priesthood. Sa ilang kaparaanan, ito ay katulad sa layuning naisip ko na mayroon ang Tagapagligtas nang makatagpo Niya ang isang mayamang binata na nagtanong, "Ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan?" (Mateo 19:16). Marahil dumalo kayo sa kumperensyang ito, tulad ng paglapit ng binatang ito sa Tagapagligtas, na iniisip kung naging katanggap-tanggap ang inyong paglilingkod. At maaaring nadama rin ninyo na marami pang gagawin—marahil mas marami pa! Dalangin ko na maiparating ko sa inyo ang magiliw na pagsang-ayon ng Panginoon para sa nagawa na ninyo, at kasabay nito ay maipasulyap sa inyo ang maaari pa ninyong magawa, sa tulong Niya, bilang maytaglay ng Kanyang banal na priesthood.

Ang mayamang binata ay inutusang ipagbili ang lahat ng tinatangkilik niya at sumunod sa Tagapagligtas; maaaring hindi iyan iutos sa inyo sa pagsulong ninyo sa hinaharap, ngunit maaaring kailanganin ang ibang uri ng pagsasakripisyo. Alinman dito, umaasa ako na ang aking mensahe ay hindi magiging dahilan upang "yumaon [kayong] namamanglaw" tulad ng binata. (Tingnan sa Mateo 19:20–22.) Sa halip ay tiwala ako na "[hahayo] kayong nagagalak" (D at T 84:105) dahil nais ninyong mas umunlad at iniisip na kaya ninyo ito.

Gayunpaman, normal lang na makadama ng ilang kakulangan kapag inisip natin ang tungkuling iniatas sa atin ng Panginoon. Sa katunayan, kung sasabihin ninyo sa akin na kayang-kaya ninyong gampanan ang inyong mga tungkulin sa priesthood, maaaring mag-alala ako na hindi ninyo nauunawaan ang mga ito. Sa kabilang banda, kung sasabihin ninyo sa akin na parang gusto na ninyong sumuko dahil hindi ninyo ito kaya, sa gayon ay gusto ko kayong tulungan na maunawaan kung paano mas pinatatatag at pinalalakas ng Panginoon ang mga maytaglay ng Kanyang priesthood para magawa ang mga bagay na hindi nila magagawa nang mag-isa.

Totoo rin ito sa akin sa aking tungkulin pati na rin sa inyo sa inyong tungkulin. Walang sinuman sa atin ang makagagawa ng gawain ng priesthood, at magagawa ito nang mahusay, na umaasa lamang sa sarili nating karunungan at mga talento. Iyan ay sa kadahilanang hindi natin ito gawain—ito ay gawain ng Panginoon. Kaya't ang tanging paraan para magtagumpay ay umasa sa Kanya, ikaw man ay bagong tawag na deacon na binigyan ng gawain na magdala ng kaunting espirituwal na lakas sa ordenansa ng sakramento; o isang home teacher na inatasan ng Panginoon na mahalin at paglingkuran ang pamilya na hindi mo kilala at tila ayaw tanggapin ang iyong pagmamahal at paglilingkod; o isang ama na nakaaalam na kailangan mong pamunuan ang iyong tahanan sa kabutihan, ngunit marahil ay hindi nakatitiyak kung paano ito gawin, at ang oras ay tila napakabilis, dahil ang mga anak ay mabilis na naglalakihan at ang mundo ay tila napakalupit at napakasama.

Kaya't kung tila nadarama ninyong nahihirapan kayo, isipin na iyan ay isang magandang palatandaan. Ipinapakita nito na nadarama ninyo ang malaking pagtitiwala na ibinigay sa inyo ng Diyos. Ibig sabihin nito ay nauunawaan ninyo nang kaunti kung ano talaga ang priesthood.

Kakaunting tao sa mundo ang lubos na nakauunawa nito. Kahit ang mga taong alam ang kahulugan nito ay maaaring hindi ito tunay na nauunawaan.





May ilang banal na kasulatan na, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu na dala nito, ay makapagpapalalim ng ating pagpapahalaga sa banal na priesthood. Narito ang ilan sa mga banal na kasulatang iyon:

"Ang kapangyarihan at karapatan ng . . . Pagkasaserdoteng Melquisedec, ay humawak ng mga susi ng lahat ng pagpapalang espirituwal ng simbahan—

"Upang magkaroon ng pribilehiyong makatanggap ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, upang mabuksan ang langit sa kanila, upang makipag-usap sa pangkalahatang pagpupulong at simbahan ng Panganay, at upang ikalugod ang pakikipag-usap at pagharap ng Diyos Ama, at ni Jesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan.

"Ang kapangyarihan at karapatan ng . . . Pagkasaserdoteng Aaron, ay hawakan ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel" (D at T 107:18–20).

"Sa mga ordenansa [ng priesthood], ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita. . . .

"Sapagkat kung wala nito walang tao ang makakikita sa mukha ng Diyos, maging ng Ama, at mabubuhay" (D at T 84:20, 22).

"Itong mataas na pagkasaserdote [ay] alinsunod sa orden ng kanyang Anak [ng Diyos], kung aling orden ay mula pa sa pagkakatatag ng daigdig; o sa ibang salita, walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon, na inihanda mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, alinsunod sa kanyang kaalaman sa mula't mula pa ng lahat ng bagay" (Alma 13:7).

"Bawat taong maordenan alinsunod sa ordeng ito at tungkulin ay magkakaroon ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng pananampalataya, na guhuin ang mga bundok, hatiin ang mga karagatan, patuyuin ang mga tubig, na iliko ang mga ito mula sa kanilang mga pinagdadaluyan;

"Na mapaglabanan ang mga hukbo ng mga bansa, hatiin ang lupa, pagwatak-watakin ang bawat pangkat, na makatindig sa harapan ng Diyos; na maisagawa ang lahat ng bagay alinsunod sa kanyang kalooban, alinsunod sa kanyang utos, na supilin ang mga pamunuan at kapangyarihan; at ito ay alinsunod sa kalooban ng Anak ng Diyos na naroroon na bago pa man ang pagkakatatag ng daigdig" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:30–31 [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan]).

Ang isang paraan ng pagtugon sa gayong napakagandang paglalarawan ng kapangyarihan ng priesthood ay ang isipin na hindi ito angkop sa atin. Ang isa pang paraan ng pagtugon ay sa pamamagitan ng mga tanong na sumusuri sa kaibuturan ng kaluluwa, na itinanong sa ating sariling puso, tulad nito: Nadama ko ba na nabuksan ang kalangitan sa akin? Gagamit ba ang sinuman ng pariralang "paglilingkod ng mga anghel" para ilarawan ang paglilingkod ko bilang maytaglay ng priesthood? Nadala ko ba ang "kapangyarihan ng kabanalan" sa buhay ng mga pinaglilingkuran ko? Nakapagpaguho na ba ako ng isang bundok, nalabanan ko na ba ang isang hukbo, napagwatak-watak ko na ba ang mga pangkat ng tao, o nasupil ang mga kapangyarihan sa mundo—kahit sa patalinghagang paraan lang—upang maisakatuparan ang kalooban ng Diyos?

Ang gayong pagsusuri sa sarili ay palaging nagdudulot ng pakiramdam na marami pa tayong magagawa sa paglilingkod sa Panginoon. Umaasa ako na magdudulot din ito sa inyo ng pakiramdam na *gusto* ninyong marami pang magawa—pag-asam na lubos na makibahagi sa mahimalang gawain ng Panginoon. Ang gayong pakiramdam ay unang hakbang sa pagiging uri ng mga kalalakihan na siyang layunin ng paglilingkod bilang maytaglay ng priesthood.

Ang susunod na hakbang ay inilarawan sa pag-uusap ni Jehova at ni Enoc. Alam natin na si Enoc ay isang makapangyarihang propeta na nagtayo ng Sion sa gitna ng matinding kasamaan. Ngunit bago siya naging isang makapangyarihang propeta, nakita ni Enoc ang kanyang sarili bilang "isang bata lamang, . . . mabagal sa pagsasalita," at kinamuhian ng lahat ng tao (Moises 6:31). Pakinggan ang mga salitang ginamit ng Panginoon para palakasin



ang loob ni Enoc. Ito rin ang mga salita Niya sa inyo na mga tinawag upang maglingkod sa iba bilang mga maytaglay ng priesthood:

"At sinabi ng Panginoon kay Enoc: Humayo at gawin mo gaya ng aking ipinag-utos sa iyo, at walang taong mananakit sa iyo. Ibuka mo ang iyong bibig, at ito ay mapupuno, at akin kitang bibigyan ng sasabihin, sapagkat ang lahat ng laman ay nasa aking mga kamay, at aking gagawin ang inaakala kong makabubuti. . . .

"Masdan, ang aking Espiritu ay nasa iyo, dahil dito ang lahat ng iyong salita ay pangangatwiranan ko; at ang mga bundok ay maglalaho sa harapan mo, at ang mga ilog ay liliko mula sa pinagaagusan nito; at ikaw ay mananahan sa akin, at ako sa iyo; kaya nga, lumakad kang kasama ko" (Moises 6:32, 34).

Mga kapatid, ang ating ordenasyon sa priesthood ay isang paanyaya mula sa Panginoon na lumakad kasama Niya. At ano ang ibig sabihin ng lumakad kasama ng Panginoon? Ibig sabihin nito ay gawin ang ginawa Niya, maglingkod tulad sa paraan ng Kanyang paglilingkod. Isinakripisyo Niya ang sarili Niyang kaginhawahan para pagpalain ang mga nangangailangan, at iyan ang pinagsisikapan nating gawin. Tila partikular Niyang pinagtuunan ng pansin ang mga taong nakaligtaan at itinakwil ng lipunan, at iyan din ang dapat pagsikapan nating gawin. Nagpatotoo Siya nang buong tapang subalit nang may pagmamahal tungkol sa totoong doktrinang natanggap Niya mula sa Kanyang Ama, bagama't hindi ito gusto ng maraming tao, at dapat ganyan din ang gawin natin. Sinabi Niya sa lahat, "Magsiparito sa akin" (Mateo 11:28), at sinasabi natin sa lahat, "Magsilapit sa Kanya." Bilang mga maytaglay ng priesthood, tayo ay Kanyang mga kinatawan. Hindi tayo kumikilos para sa ating sarili kundi para sa Kanya. Hindi natin sinasalita ang ating mga salita kundi ang Kanyang mga salita. Mas nakikilala Siya ng mga taong pinaglilingkuran natin dahil sa ating paglilingkod.

Kapag tinanggap natin ang paanyaya ng Panginoon na "Lumakad kang kasama ko," nagbabago ang uri ng paglilingkod natin bilang mga maytaglay ng priesthood. Ito ay nagiging mas mataas at dakila ngunit mas kayang magawa, dahil alam nating hindi tayo nag-iisa. Tumimo ito nang matindi sa akin nang ipatong ni Pangulong Thomas S. Monson ang kanyang mga kamay sa aking ulo siyam na taon na ang nakararaan at binasbasan ako sa pagsisimula ng aking paglilingkod sa kasalukuyan kong tungkulin. Sa basbas na iyan, binanggit niya ang mga salitang ito ng Tagapagligtas: "At sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88).

Nagtiwala ako sa pangakong iyan nang maraming beses, at nakita kong natupad ito sa maraming paraan sa buong 72 taong paglilingkod ko bilang maytagaly ng priesthood. Nangyari ito noong ako ay isang bagong Aaronic Priesthood holder na may tungkuling magpasa ng sakramento. Takot na baka magkamali ako, lumabas ako ng chapel bago magsimula ang sacrament meeting at nanalangin nang husto na tulungan ako ng Diyos. Dumating ang sagot. Nadama ko na kasama ko ang Panginoon. Nadama ko ang Kanyang pagtitiwala sa akin, kaya't nagtiwala ako na bahagi ako ng Kanyang gawain.

Nangyari itong muli noong naglilingkod ako bilang bishop. Nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa isang babae na nakagawa ng mabigat na kasalanan at ngayon ay nahaharap sa mahirap na desisyon. Nang kausapin ko siya, nadama ko na alam ko na ang sagot sa kanyang problema, ngunit nadama ko rin na hindi *ko* dapat ibigay ang sagot na iyon sa kanya—kailangang siya mismo ang maghanap nito. Ang sinabi ko sa kanya ay "Naniniwala ako na sasabihin sa iyo ng Diyos kung ano ang dapat gawin kung tatanungin mo Siya." Kalaunan ay ibinalita niya sa akin na tinanong niya ang Diyos, at sinagot siya.


Sa isa pang pangyayari, isang pang tawag sa telepono ang dumating noong bishop ako—at sa pagkakataong ito mula sa pulis. Ikinuwento sa akin na isang lasing na drayber ang ibinunggo ang kanyang sasakyan sa lobby ng isang bangko. Nang makita ng natarantang drayber na nakaumang sa kanya ang baril ng guwardya, humiyaw siya ng, "Huwag po kayong magpaputok! Mormon ako!"

Napag-alamang ang lasing na drayber ay miyembro ng aming ward, na kamakailan lang nabinyagan. Habang naghihintay ako na makausap siya sa opisina ng bishop, binalak kong pagsabihan siya para makadama siya ng pagsisisi dahil hindi niya tinupad ang kanyang mga tipan at ipinahiya ang Simbahan. Ngunit habang nakaupo ako at nakatingin sa kanya, narinig ko ang isang tinig sa aking isipan na nagsabing, "Ipapakita ko sa iyo ang nakikita ko sa kanya." At pagkatapos, sa maikling sandali, nagbago ang buong kaanyuan niya. Hindi ko nakita ang isang tulirong binata kundi isang malinis, masaya, at marangal na anak ng Diyos. Bigla kong nadama ang pagmamahal ng Panginoon para sa kanya. Binago ng nakita kong iyon ang aming pag-uusap. Binago rin ako nito.

Natuto ako ng mahahalagang aral mula sa karanasang ito sa paglakad kasama ng Panginoon sa paggawa ng Kanyang gawain. Nais kong ibahagi sa inyo ang tatlo sa mga ito. Ang una ay pinapansin at tutulungan ng Diyos maging ang pinakabago at pinakabatang deacon. Hindi ninyo kailangang madama na napakaliit ninyo o hindi kayo mahalaga para sa Kanya para hindi Niya kayo pansinin at ang paglilingkod na ibinibigay ninyo sa Kanyang pangalan.

Ang pangalawang aral ay ang gawain ng Panginoon ay hindi lamang upang lumutas ng mga problema; kundi upang palakasin at patatagin ang mga tao. Kaya kapag lumalakad kayo kasama Niya sa paglilingkod bilang maytaglay ng priesthood, malalaman ninyo na kung minsan ang tila pinakamahusay na solusyon ay hindi ang gustong solusyon ng Panginoon dahil hindi ito nagdudulot ng pag-unlad sa mga tao. Kung makikinig kayo, ituturo Niya ang Kanyang mga paraan. Tandaan na ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay hindi lang ang pamahalaan nang epektibo ang organisasyon; ito ay "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Kaya nga, ito ang dahilan kung bakit Niya ibinigay ang Kanyang priesthood sa mga mortal na may kahinaan tulad ko at ninyo at inaanyayahan tayo na makibahagi sa Kanyang gawain. Ang ating pag-unlad *ay* Kanyang gawain!

Ngayon ang pangatlong aral: Ang paglakad kasama ng Tagapagligtas sa paglilingkod bilang maytaglay ng priesthood ay magpapabago sa paraan ng pagtingin ninyo sa iba. Tuturuan Niya kayo na makita sila sa pamamagitan ng Kanyang mga mata, ibig sabihin hindi tumitingin sa panlabas na anyo kundi sa puso (tingnan sa I Samuel 16:7). Ganito tiningnan ng Tagapagligtas si Simon, hindi bilang isang pabiglabiglang mangingisda kundi bilang si Pedro, ang matapat na lider ng Kanyang Simbahan sa hinaharap (tingnan sa Lucas 5:1–11). Ganito Niya tiningnan si Zaqueo hindi bilang tiwaling maniningil ng buwis tulad ng inisip ng iba kundi isang matapat, matwid na anak



ni Abraham (tingnan sa Lucas 19:1–9). Kung matagal na kayong lumalakad kasama ng Tagapagligtas, matututuhan ninyong tingnan ang lahat bilang anak ng Diyos na may walang hanggang potensyal, anuman ang naging nakaraan niya. At kung patuloy kayong lalakad kasama ng Tagapagligtas, magkakaroon kayo ng isa pang kaloob na taglay Niya—ang kakayahang tulungan ang mga tao na makita ang potensyal na iyan sa kanilang sarili at magsisi.

Mga kapatid sa priesthood, sa maraming paraan, para tayong tulad ng dalawang disipulong naglakad sa daan patungo sa Emaus sa unang Linggo ng Pagkabuhay. Umaga iyon ng Pagkabuhay na Mag-uli, ngunit hindi pa nila tiyak kung nangyari nga ang pagkabuhay na mag-uli o kung ano ang kahulugan ng pagkabuhay na mag-uli. "Hinihintay [nila si Jesus ng Nazaret na] tutubos sa Israel," ngunit "makukupad ang mga pusong magsisampalataya" sa lahat ng bagay na itinuro ng mga banal na kasulatan tungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Habang naglalakad sila at nag-uusap, "si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila. Datapuwa't sa mga mata nila'y may nakatatakip upang siya'y huwag nilang makilala." (Tingnan sa Lucas 24:13-32.)

Nagpapatotoo ako na kapag tinahak natin ang landas ng paglilingkod bilang mga maytaglay ng priesthood, sumasama sa atin si Jesucristo, dahil ito ang Kanyang landas, ang Kanyang daan. Ginagabayan tayo ng Kanyang liwanag, at nakapaligid sa atin ang Kanyang mga anghel. Maaaring hindi natin lubos na nauunawaan kung ano ang priesthood o kung paano ito gamitin tulad ng paggamit Niya nito. Ngunit kung titingnan nating mabuti ang mga sandaling iyon noong ang ating mga puso ay "nagaalab sa loob natin" (Lucas 24:32), mabubuksan ang ating mga mata, at makikita natin ang Kanyang kamay sa ating buhay at sa ating paglilingkod. Nagpapatotoo ako na makikilala natin Siya nang lubusan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Kanya at paglilingkod sa Kanya sa dakilang gawain na pagdadala ng kaligtasan sa mga anak ng Diyos. "Sapagkat paano makikilala ng isang tao ang panginoon na hindi niya pinaglingkuran, at kung sino ay dayuhan sa kanya, at malayo sa pagiisip at mga hangarin ng kanyang puso?" (Mosias 5:13). Si Jesucristo ang ating Panginoon. Ito ang Kanyang Simbahan. Sa Kanya ang priesthood na taglay natin. Nawa'y piliin ng bawat isa sa atin na lumakad kasama Niya at malaman kung paano Siya lumalakad kasama natin.

Taimtim akong nagpapatotoo sa inyo na si Jesus ang Cristo, ang ating nabuhay na mag-uling Panginoon. Pinatototohanan ko sa inyo na ang priesthood na ipinagkatiwala Niya sa atin ay ang kapangyarihan na mangusap at kumilos sa Kanyang pangalan. Tayo ay mga anak ng mapagmahal na Ama sa Langit na sumasagot sa ating mga panalangin at nagsusugo ng Espiritu Santo upang palakasin tayo sa lahat ng ating mga responsibilidad sa priesthood na mapalad nating natanggap. Nakita ni Joseph Smith ang Ama at ang Anak. Natanggap niya ang mga susi ng priesthood na ipinasa at ipinagkaloob hanggang kay Pangulong Thomas S. Monson, na gumagamit nito ngayon. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Sesyon sa Linggo ng Umaga | Abril 2, 2017

Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon


*Hinihikayat ko ang bawat isa sa atin na pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw.*

Mahal kong mga kapatid, malugod ko kayong binabati sa pagtitipon nating muli sa magandang pangkalahatang kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bago ko simulan ang aking mensahe sa araw na ito, gusto kong ibalita ang bagong limang templo na itatayo sa mga sumusunod na lugar: Brasília, Brazil; greater Manila, Philippines, area; Nairobi, Kenya; Pocatello, Idaho, USA; at Saratoga Springs, Utah, USA.

Ngayong umaga magsasalita ako tungkol sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon at sa pangangailangang basahin, pagnilayan, at ipamuhay ng mga miyembro ng Simbahan ang mga turo nito. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matatag at matibay na patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon ay nararapat lamang na bigyang-diin.

Nabubuhay tayo sa panahong puno ng matinding kaguluhan at kasamaan. Ano ang poprotekta sa atin mula sa kasalanan at kasamaan na laganap na sa mundo ngayon? Inihahayag ko na ang matibay na patotoo tungkol sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at sa Kanyang ebanghelyo ang tutulong sa paggabay sa atin patungo sa kaligtasan. Kung hindi ninyo binabasa ang Aklat ni Mormon araw-araw, mangyaring gawin ninyo ito. Kung babasahin ninyo ito nang may panalangin at nang may tapat na hangaring malaman ang katotohanan, ipapakita ng Espiritu Santo ang katotohanan nito sa inyo. Kung ito ay totoo—at taos-puso kong pinatototohanan na *totoo ito*—ibig sabihin si Joseph Smith ay isang propeta na nakita ang Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo.

Dahil ang Aklat ni Mormon ay totoo, Ang Simbahan ni Jesucristo ng



mga Banal sa mga Huling Araw ay Simbahan ng Panginoon dito sa lupa, at ang banal na priesthood ng Diyos ay naipanumbalik para sa kapakinabangan at pagpapala ng Kanyang mga anak.

Kung wala pa kayong matibay na patotoo sa mga bagay na ito, gawin ninyo ang kailangan para matamo ito. Mahalagang magkaroon kayo ng sariling patotoo sa mahihirap na panahong ito, dahil hindi kayo lubos na matutulungan ng patotoo ng ibang tao. Gayunpaman, kapag nagkaroon na kayo ng patotoo, kailangan itong manatiling masigla at buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos at araw-araw na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Mahal kong mga kasama sa gawain ng Panginoon, hinihikayat ko ang bawat isa sa atin na pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Kapag ginawa natin ito, maririnig natin ang tinig ng Espiritu, mapaglalabanan ang tukso, madaraig ang pag-aalinlangan at pangamba, at tatanggap ng tulong ng langit sa ating buhay. Pinatototohanan ko ito nang buong puso, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Joy D. Jones**
Primary General President

# Isang Henerasyong Kayang Labanan ang mga Kasalanan

*Habang tinuturuan, pinamumunuan, at minamahal ninyo ang mga bata, makatatanggap kayo ng personal na paghahayag na tutulong sa inyo sa paghubog at paghahanda sa mga batang magigiting at kayang labanan ang mga kasalanan.*



Isa't kalahating taon na ang nakararaan nang magsalita si Pangulong Russell M. Nelson tungkol sa pangangailangan "sa pagtuturo at pagtulong sa pagpapalaki ng isang henerasyong kayang labanan ang mga kasalanan."[1] Ang pariralang iyan—"isang henerasyong kayang labanan ang mga kasalanan"—ay may malalim na espirituwal na kahulugan para sa akin.

Ipinagkakapuri natin ang mga batang nagsisikap na mamuhay nang malinis at masunurin. Nasaksihan ko ang katatagan ng maraming bata sa buong mundo. Naiaangkop nila ang kanilang sarili, "matatag at di natitinag"[2] sa iba't ibang mahihirap na sitwasyon at kapaligiran. Nauunawaan ng mga batang ito ang kanilang banal na pinagmulan, nadarama ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa kanila, at nagsisikap na sundin ang Kanyang kalooban.

Gayunman, may mga bata na nahihirapang maging "matatag at di natitinag" at ang kanilang mga murang isip ay nasusugatan.[3] Tinutudla sila sa lahat ng dako ng "nag-aapoy na sibat ng kaaway"[4] at nangangailangan ng karagdagang lakas at suporta. Sila ang naghihikayat nang lubos sa atin na lumaban at makidigma sa kasalanan sa pagsisikap nating dalhin sila kay Cristo.

Pakinggan natin ang mga salita ni Elder Bruce R. McConkie halos 43 taon na ang nakararaan:

"Bilang mga miyembro ng Simbahan, tayo ay kasali sa isang malaking labanan. Tayo ay nasa digmaan. Kasama tayo sa layunin ni Cristo na makipaglaban kay Lucifer. . . .

"Ang nagaganap na matinding digmaan sa lahat ng dako at sa kasamaang-palad ay maraming sugatan, at ang ilan ay nasasawi, ay hindi na bago. . . .

"Hindi nangyayari ni hindi maaaring mangyari na walang papanigan ang sinuman sa digmaang ito."[5]

Patuloy na tumitindi ang digmaan ngayon. Damay tayong lahat sa digmaang ito, at ang ating mga anak ay nasa unang hanay na lumalaban sa mga puwersa ng kalaban. Kaya nga, kailangan nating palakasin nang husto ang ating espirituwal na pamamaraan sa pakikipaglaban.

Ang patatagin ang mga bata upang makaya nilang labanan ang kasalanan ay isang tungkulin at pagpapala para sa mga magulang, lolo't lola, mga kapamilya, guro at lider. May responsibilidad ang bawat isa sa atin na tumulong. Gayunman, partikular na inatasan ng Panginoon ang mga *magulang* na turuan ang kanilang mga anak "na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo" at "manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon."[6]

Kung paano "palakihin ang [inyong] mga anak sa liwanag at katotohanan"[7] ay isang mahirap na tanong dahil ibaiba ito para sa bawat pamilya at bata, magkagayunman, nagbigay ang ating Ama sa Langit ng mga tuntunin para sa lahat na tutulong sa atin. Bibigyan tayo ng Espiritu ng inspirasyon sa pinakaepektibong pamamaraan kung paano natin espirituwal na ihahanda at palalakasin ang ating mga anak.

Upang masimulan ito, mahalagang maunawaan natin ang kahalagahan ng responsibilidad na ito. Dapat maunawaan natin ang atin—at kanilang—banal na pinagmulan at layunin bago natin matulungan ang ating mga anak na maunawaan kung *sino* sila at *bakit* sila narito. Kailangang matulungan natin silang malaman nang walang pagdududa na sila ay mga anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit at dakila ang Kanyang mga inaasahan mula sa kanila.

Pangalawa, ang maunawaan ang doktrina ng pagsisisi ay kinakailangan upang makayang labanan ang kasalanan. Hindi ibig sabihin ng kayang labanan ang kasalanan ay walang nang kasalanan, sa halip, ipinahihiwatig lamang nito na patuloy na magsisi, maging mapagbantay, at karapatdapat. Marahil ang pagkakaroon ng kakayahang labanan ang kasalanan ay pagpapalang bunga ng patuloy na pagiwas sa kasalanan. Gaya ng sinabi ni Santiago, "Datapuwa't magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo."[8]

Ang mga kabataang mandirigma "ay napakagigiting . . . ; subalit masdan, hindi lamang ito—sila'y . . . matatapat sa lahat ng panahon sa anumang bagay na ipinagkakatiwala sa kanila. Oo, . . . sila ay naturuang sumunod sa mga kautusan ng Diyos at lumakad nang matwid sa kanyang harapan."[9] Ang mga kabataang ito ay nakipaglaban taglay ang mga katangiang katulad ng kay Cristo bilang sandata laban sa kanilang mga kaaway. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na, "ang panawagang magpakatapang ay palaging ibinibigay sa atin. Bawat araw ng ating buhay ay kailangan ng tapang—hindi lang sa mahahalagang sandali, kundi madalas sa pagpapasiya o pagtugon natin sa mga sitwasyon sa ating paligid."[10]

Isinusuot ng ating mga anak ang espirituwal na baluti habang bumubuo sila ng mga pansariling huwaran sa araw-araw na pamumuhay bilang mga disipulo. Marahil ay minamaliit natin ang kakayahan ng mga bata na maunawaan ang konsepto ng araw-araw na pamumuhay bilang mga disipulo. Pinayuhan tayo ni Pangulong Henry B. Eyring na "[magsimula] nang maaga at magpatuloy."[11] Kaya ang pangatlong susi sa pagtulong sa mga bata upang makaya nilang labanan ang kasalanan ay simulang ituro nang buong pagmamahal sa kanilang murang edad ang mga pangunahing doktrina at alituntunin ng ebanghelyo—mula sa mga banal na kasulatan, Ang mga Saligan ng Pananampalataya, sa buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, mga awit sa Primary, himno, at sarili nating patotoo—na aakay sa mga bata palapit sa Tagapagligtas.

Ang araw-araw na pagdarasal, pagaaral ng mga banal na kasulatan, family home evening, at pagsamba tuwing Linggo ay hahantong sa kabutihan, matatag na kalooban, at malakas na moralidad—sa madaling salita, malakas



na espirituwalidad. Sa mundo ngayon, na halos wala nang natitirang integridad, karapatan ng ating mga anak na maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng tunay na integridad at bakit ito mahalaga—lalo na't inihahanda natin sila na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa araw ng binyag at sa pagpasok sa templo. Gaya ng itinuturo sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* "Ang pagtupad sa mga pangako ay naghahanda sa mga tao [kabilang na ang mga kabataan] na gumawa at tumupad [ng] mga sagradong tipan."[12]

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland, "Kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa pagtupad ng tipan, pinag-uusapan natin ang puso at pinakadiwa ng ating layunin sa mortalidad."[13] May kakaibang lakas sa paggawa at pagtupad ng ating mga tipan sa Ama sa Langit. Alam ito ng kaaway, kaya nga nililito niya ang isipan ng tao tungkol sa konsepto ng paggawa ng tipan.[14] Ang pagtulong sa mga bata na makaunawa, gumawa, at tumupad ng mga sagradong tipan ay isa pang susi sa paghubog ng isang henerasyong kayang labanan ang kasalanan.

Paano natin inihahanda ang ating mga anak na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan habang pumapasok at sumusulong sila sa landas ng pakikipagtipan? Ang pagtuturo sa mga bata na tumupad sa mga simpleng pangako habang maliliit pa sila ang magbibigay sa kanila ng lakas na tumupad sa mga banal na tipan na gagawin nila kalaunan sa kanilang buhay.

Magbibigay ako ng isang simpleng halimbawa: Sa isang family home evening, isang ama ang nagtanong, "Kumusta na tayo bilang isang pamilya?" Nagsumbong ang limang taong gulang na si Lizzie na madalas siyang tinutukso ng kanyang kuyang si Kevin at nasasaktan nito ang damdamin niya. Atubiling inamin ni Kevin na totoo ang sinabi ni Lizzie. Tinanong si Kevin ng kanyang ina kung ano ang maaari niyang gawin upang maging maayos ang samahan nilang magkapatid. Nag-isip si Kevin at nagpasiyang mangako kay Lizzie na hindi niya ito tutuksuhin sa loob ng isang araw.

Kinabukasan, bago matapos ang araw na iyon, habang magkakasama ang pamilya para manalangin, tinanong si Kevin ng kanyang ama kung ano ang ginawa niya. Sumagot si Kevin ng "Dad, natupad ko ang pangako ko!" Masayang sumang-ayon si Lizzie, at binati ng pamilya si Kevin.

Pagkatapos noon, iminungkahi ng ina ni Kevin na kung kaya niya itong gawin sa loob ng isang araw, bakit hindi niya gawin ito sa loob ng dalawang araw? Sumang-ayon si Kevin na gagawin itong muli. Dalawang araw ang lumipas, matagumpay na natupad ni Kevin ang kanyang pangako, at lalong nagpasalamat si Lizzie! Nang tanungin ng kanyang ama kung bakit mahusay niyang natutupad ang kanyang mga pangako, sinabi ni Kevin, "Tinupad ko ang aking pangako dahil iyon ang sinabi ko."

Ang sunud-sunod na maliliit at matagumpay na pagtupad sa mga pangako ay nagbubunga ng integridad. Ang patuloy na pagtupad sa pangako ay espirituwal na paghahanda para sa mga bata sa pagtanggap sa una nilang tipan sa binyag at kaloob na Espiritu Santo, kung saan nakikipagtipan sila na paglilingkuran ang Diyos at susundin ang Kanyang mga kautusan.[15] Ang mga pangako at tipan ay hindi mapaghihiwalay.

Sa aklat ni Daniel, nalaman natin ang tungkol kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego na tumangging sumamba sa mga diyus-diyusan ni Haring Nabucodonosor.[16] Binalaan sila ng hari na ihahagis sila sa hurnong nagniningas kung hindi sila susunod. Sila ay tumanggi at nagsabing:

"Narito, ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas. . . .

"Ngunit kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios."[17]

"Ngunit kung hindi." Pag-isipan ang kahulugan ng tatlong salitang ito at kung paano ito nauugnay sa pagtupad sa mga tipan. Ang pagsunod ng tatlong kabataang ito ay hindi nakabatay sa kanilang ikaliligtas. Kahit hindi



sila mailigtas, tutupad sila sa kanilang pangako sa Panginoon dahil iyon ang sinabi nila na gagawin nila. Ang pagtupad sa ating mga tipan ay hindi nakasalalay kailanman sa ating sitwasyon. Ang tatlong kabataang ito, gaya ng mga kabataang mandirigma, ay mabubuting halimbawa para sa ating mga anak sa paglaban sa kasalanan.

Paano maisasabuhay ang mga halimbawang ito sa ating mga tahanan at pamilya? "Taludtod sa taludtod, alituntunin sa alituntunin,"[18] tinutulungan natin ang mga bata na malasap ang tagumpay nang paunti-unti. Kapag tinutupad nila ang kanilang mga pangako, madarama nila ang Espiritu sa kanilang buhay. Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin na "ang pinakamagandang gantimpala na bunga ng integridad ay ang patuloy na paggabay ng Espiritu Santo."[19] Sa gayon ang pagtitiwala ng ating mga anak "ay lalakas sa harapan ng Diyos."[20] Mula sa balon ng integridad ay bubukal ang isang malakas na henerasyon na kayang labanan ang kasalanan.

Mga kapatid, ilapit nang husto ang inyong mga anak sa inyo—napakalapit upang makita nila ang katapatan ninyo sa araw-araw at mamasdan kayong tumutupad sa inyong mga pangako at tipan. "Ang mga bata ay mahusay sa panggagaya, kaya't bigyan sila ng magandang tutularan."[21] Tunay na tumutulong tayo sa pagtuturo at

pagpapalaki sa isang henerasyon sa Panginoon na kayang labanan ang kasalanan nang pangako sa pangako at tipan sa tipan.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang namumuno sa Simbahang ito. Habang tinuturuan, pinamumunuan, at minamahal ninyo ang mga bata ayon sa paraan ng Tagapagligtas, makatatanggap kayo ng personal na paghahayag na tutulong sa inyo sa paghubog at pagpapalakas sa mga batang magigiting at kayang labanan ang mga kasalanan. Dalangin ko na nawa'y sambitin din ng ating mga anak ang mga salita ni Nephi: "Maaari bang gawin ninyong ako ay manginig sa paglitaw ng kasalanan?"[22] Pinatototohanan ko na nagbayad-sala ang Tagapagligtas para sa mga kasalanan ng sanlibutan[23]—dahil sinabi Niyang gagawin Niya ito—at minamahal Niya tayo nang higit pa sa inaakala nating mga mortal[24]—dahil sinabi Niyang gagawin Niya ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 97.
2. Mosias 5:15.
3. Tingnan sa Jacob 2:9.
4. 1 Nephi 15:24; tingnan din sa Helaman 5:12.
5. Bruce R. McConkie, "Be Valiant in the Fight of Faith," *Ensign,* Nob. 1974, 33, 34.
6. Doktrina at mga Tipan 68:25, 28.
7. Doktrina at mga Tipan 93:40.
8. Santiago 4:7; tingnan din sa Alma 19:33.
9. Alma 53:20–21.
10. Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona*, Mayo 2014, 67.
11. Henry B. Eyring, "Kahandaang Espirituwal: Simulan nang Maaga at Magpatuloy," *Liahona,* Nob. 2005, 37.
12. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 224.
13. Jeffrey R. Holland, "Keeping Covenants: A Message for Those Who Will Serve a Mission," *New Era,* Ene. 2012, 2.
14. Tingnan sa 1 Nephi 13:26–28.
15. Tingnan sa Mosias 18:10.
16. Tingnan sa Daniel 3.
17. Daniel 3:17–18.
18. 2 Nephi 28:30.
19. Joseph B. Wirthlin, "Personal Integrity," *Ensign,* Mayo 1990, 33.
20. Doktrina at mga Tipan 121:45.
21. Hindi kilala.
22. 2 Nephi 4:31.
23. Tingnan sa 3 Nephi 27:14–15.
24. Tingnan sa Juan 15:13.



**Ni Elder Yoon Hwan Choi**
Ng Pitumpu

# Huwag Magpalingun-lingon, Tumingala Ka!

*Ang layunin natin ay anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo, at maisasakatuparan natin ang layuning ito kapag tumingala tayo kay Jesucristo.*

Ang layunin ko ay "anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo."[1] Ito rin ang layunin ninyo. Maisasakatuparan natin ang layuning ito kapag tumingala tayo kay Jesucristo.

Nabinyagan ako kasabay ng aking mga magulang noong ako'y 16 na taong gulang. Ang nakababata kong kapatid na si Kyung-Hwan, na noo'y 14 na taong gulang, ay sumapi sa Simbahan dahil sa aking tiyo na si Young Jik Lee, at inanyayahan kami sa kanyang simbahan. Bawat isa sa 10 miyembro ng aming pamilya ay nabibilang sa iba-ibang simbahan, kaya nga masaya kami na natagpuan namin ang katotohanan at nagnais na ibahagi ang kaligayahang ito na natagpuan namin sa ebanghelyo ni Jesucristo pagkatapos naming mabinyagan.

Ang aking ama ang pinakamasigasig sa amin na matuto at magbahagi ng katotohanan. Gumigising siya noon nang maaga upang mag-aral ng mga banal na kasulatan nang higit sa dalawang oras araw-araw. Halos araw-araw siyang sumasama sa mga missionary pagkatapos ng kanyang trabaho upang dalawin ang aming pamilya, mga kaibigan at kapitbahay. Makaraan ang pitong buwan mula nang kami'y mabinyagan, 23 sa aming pamilya at mga kaanak ang naging miyembro ng Simbahan. Nasundan ito ng isang himala nang mabinyagan ang 130 katao nang sumunod na taon dahil sa gawaing misyonero na isinagawa ng aking ama bilang miyembro.

Mahalaga rin sa kanya ang family history at nakumpleto niya ang walong henerasyon ng aming mga ninuno. Magmula noon, nagbunga nang malaki, sa di mabilang na paraan, ang pagsapi ng aming pamilya sa simbahan na nagsimula sa aking 14 na taong gulang na kapatid, hindi lamang sa mga buhay kundi gayon din sa mga patay. Mula sa sinimulang gawain ng aking ama at ng iba pa, ang aming family tree ay umabot na sa 32 henerasyon, at tinatapos namin ngayon ang gawain sa templo para sa marami naming ninuno.

Namamangha ako ngayon at nakadarama ng labis na kagalakan sa pag-uugnay ng aming mga ninuno at ng aming mga inapo.

Naitala ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang gayon ding karanasan sa Columbus Ohio Temple:

"Habang iniisip ang buhay ng [aking lolo-sa-tuhod, lolo, at ama] habang nakaupo ako sa loob ng templo, napatingin ako sa aking anak na babae, sa kanyang anak na babae, . . . at sa kanyang mga anak, na aking mga apo-sa-tuhod. Bigla kong natanto na nakapagitna ako sa pitong henerasyong ito—tatlong nauna sa akin at tatlong sumunod sa akin.

"Sa sagrado at banal na bahay na iyon sumagi sa isipan ko ang kahalagahan ng napakalaking obligasyon na dapat kong ipasa ang lahat ng natanggap ko bilang pamana mula sa aking mga ninuno sa mga henerasyon na ngayon ay sumusunod sa akin."[2]

Lahat tayo ay bahagi ng isang walang hanggang pamilya. Ang tungkuling ginagampanan natin ay maaaring magsilbing daan tungo sa malaking pagbabago na may positibo o negatibong kauuwian. Nagpatuloy si Pangulong Hinckley, "Kailanman ay huwag *hayaan ang inyong sarili* na maging mahinang kawing sa tanikala ng inyong mga henerasyon."[3] Ang katapatan ninyo sa ebanghelyo ay magpapalakas sa inyong pamilya. Paano natin matitiyak na magiging matibay na kawing tayo ng ating walang hanggang pamilya?

Isang araw, ilang buwan pagkatapos akong mabinyagan, narinig ko ang ilang miyembro na nagsisiraan sa simbahan. Lungkot na lungkot ako. Umuwi ako at sinabi ko sa aking ama na siguro hindi na ako magsisimba. Hindi maganda na makakita ng mga miyembro na nagsisiraan tulad niyon. Matapos makinig sa akin, itinuro sa akin ng aking ama na naipanumbalik na ang ebanghelyo at ito ay perpekto nguni't ang mga miyembro ay hindi pa, siya man at kahit pa ako. Matatag niyang sinabi: "Huwag kang mawalan ng pananampalataya dahil sa mga taong nakapaligid sa iyo, kundi palakasin mo ang iyong ugnayan kay Jesucristo. Huwag magpalingun-lingon, tumingala ka!"

Ang pagtingala kay Jesucristo—ang matalinong payo ng aking ama—ay nagpapalakas sa aking pananampalataya sa tuwing nahaharap ako sa mga hamon ng buhay. Tinuruan niya ako kung paano ipamuhay ang mga turo ni Cristo, tulad ng mga salitang ito: "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot."[4]



Noong namumuno ako sa Washington Seattle Mission, umulan nang maraming araw noong taong iyon. Gayunman, iniutos sa ating mga missionary na lumabas at maghanap ng mga matuturuan kahit umuulan. Madalas kong sabihin sa kanila, "Lumabas kayo sa ulan, tumingala sa langit, ibuka ang inyong mga bibig, at inumin ito! Kapag tumingala kayo, palalakasin kayo upang maibuka ang inyong mga bibig sa lahat ng tao nang walang takot." Isa itong matalinghagang aral para sa kanila na tumingala kapag nahaharap sila sa mga pagsubok kahit tapos na ang kanilang misyon. Pakiusap, huwag subukang gawin ito sa mga lugar na puno ng polusyon.

Habang naglilingkod sa Seattle mission, nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa panganay kong anak na si Sunbeam, na isang pianista. Sinabi niya na binigyan siya ng pribilehiyong tumugtog sa Carnegie Hall sa New York dahil nanalo siya sa isang international competition. Masayang-masaya kami at tuwang-tuwa para sa kanya. Magkagayunman, nang gabing iyon, habang nagdarasal na nagpapasalamat, napagtanto ng aking asawa na hindi namin siya masasamahan sa kanyang pagtugtog at ganito ang kanyang sinabi sa Ama sa Langit: "Ama sa Langit, nagpapasalamat po ako sa pagpapalang ibinigay Ninyo kay Sunbeam. Siyanga po pala, nanghihinayang po ako na hindi ako makakapunta roon. Nakapunta po sana ako kung Inyo pong ibinigay ang pagpapalang ito bago o pagkatapos ng misyong ito. Hindi po ako nagrereklamo, medyo nalulungkot lang po ako."

Pagkatapos na pagkatapos ng dasal niyang ito, narinig niya ang isang malinaw na tinig: "Dahil nasa misyon ka, naibigay sa iyong anak ang pribilehiyong ito. Mas nanaisin mo bang makipagpalit?"

Nagulat ang asawa ko. Alam niya na pagpapalain ang mga anak dahil sa katapatan ng kanilang mga magulang sa gawain sa kaharian ng Panginoon, ngunit ito ang unang pagkakataon na



naunawaan niya nang ganoon kalinaw ang kanyang tungkulin. Sumagot siya agad sa Kanya: "Hindi, hindi po, ayos lang po sa akin na hindi ako makapunta. Hayaan po Ninyong mapasakanya ang pagpapalang iyon."

Minamahal kong mga kapatid, hindi madali para sa atin na madama ang pagmamahal ng Ama sa Langit kapag nagpalingun-lingon tayo gamit ang ating pisikal na mga mata dahil una nating nakikita ang kagipitan, kawalan, pasanin o kalungkutan. Sa kabilang dako, nakikita natin ang mga pagpapala sa kabila nito kapag tayo'y tumitingala. Inihayag ng Panginoon, "Kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay."[5] Lahat kayong gumagawa sa *anumang* uri ng paglilingkod sa Diyos, dapat ninyong malaman na sa pamamagitan ninyo ay naibibigay ang malalaking pagpapala sa kanila na mga nauna sa inyo at sa mga susunod na henerasyon sa inyo.

Ngayong araw na ito, nagpapasalamat ako na makitang marami sa ating mga pamilya ang tapat na tumatahak sa landas ng tipan at nakalulungkot na isipin kapag may mga bakanteng upuan sa ating tabi. Sinabi ni Elder M. Russell Ballard: "Kung pipiliin ninyong maging di-aktibo o iwan ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, saan kayo pupunta? Ano ang gagawin ninyo? Ang desisyon na 'hindi na magsisama' sa mga miyembro ng Simbahan at sa hinirang na mga pinuno ng Panginoon ay may matagalang epekto na hindi palaging nakikita sa ngayon."[6] Hinikayat tayo ni Pangulong Thomas S. Monson na, "Nawa'y piliin natin palagi ang tama na mas mahirap gawin sa halip na ang mali na mas madaling gawin."[7]

Hindi kailanman magiging huli upang tumingala kay Jesucristo. Ang Kanyang mga bisig ay laging bukas para sa inyo. May mga nauna nang henerasyon sa atin at may susunod pa sa atin na umaasang tutularan natin si Cristo upang tayo ay maging walang hanggang pamilya ng Diyos.


Noong ma-release ako sa aking tungkulin bilang stake president, tuwang-tuwa ang mga anak ko na makakasama na nila ako nang mas madalas. Pagkaraan ng tatlong linggo, tinawag ako bilang Pitumpu. Inakala ko noong una na hindi sila masisiyahan, nguni't ang mapagkumbabang sagot ng bunsong anak ko ay, "Daddy, huwag kang mag-alala. Tayo ay isang walang-hanggang pamilya." Napakasimple at malinaw na katotohanan ito! Nag-alala ako nang kaunti dahil nagpalingun-lingon muna ako sa mortal na buhay na ito, pero masaya ang aking anak dahil hindi siya nagpalingun-lingon at sa halip ay tumingala siya na tumitingin sa kawalang hanggan at sa mga layunin ng Panginoon.

Hindi madaling tumingala palagi kapag tutol ang inyong mga magulang sa ebanghelyo, kapag miyembro kayo ng isang maliit na yunit ng Simbahan, kapag hindi miyembro ang asawa ninyo, kapag nag-iisa pa rin kayo sa buhay sa kabila ng lahat ng pagsusumikap ninyo na makapag-asawa, kapag naligaw ng landas ang isang anak, kapag nag-iisang magulang na lamang kayo, kapag dumaranas kayo ng pisikal o emosyonal na mga pagsubok, o kapag biktima kayo ng isang sakuna, at kung anu-ano pa. Manangan sa inyong pananampalataya sa mahihirap na panahong ito. Tumingala kay Cristo upang lumakas, mapanatag, at gumaling. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, "lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa [inyong] ikabubuti."[8]

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ay ating Tagapagligtas at Manunubos. Kapag sinusunod natin ang ating buhay na propeta na si Pangulong Thomas S. Monson, tumitingala tayo kay Jesucristo. Kapag nanalangin tayo at nag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw, at tapat na tumatanggap ng sakramento linggu-linggo, nagkakaroon tayo ng lakas na *palaging* tumingala sa Kanya. Masaya ako na naging miyembro ako ng Simbahang ito at bahagi ng isang walang hanggang pamilya. Nais kong ibahagi ang napakagandang ebanghelyong ito sa iba. Ang layunin natin ay anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo, at maisasakatuparan natin ang layuning ito kapag tumingala tayo kay Jesucristo. Buong pagpapakumbabang pinatototohanan ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 1.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 92.
3. Gordon B. Hinckley, "Keep the Chain Unbroken" (Brigham Young University devotional, Nob. 30, 1999), 3, speeches.byu.edu; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Doktrina at mga Tipan 6:36.
5. Doktrina at mga Tipan 130:21.
6. M. Russell Ballard, "Kanino Kami Magsisiparoon?" *Liahona,* Nob. 2016, 91.
7. Thomas S. Monson, "Mga Pagpili," *Liahona,* Mayo 2016, 86.
8. Doktrina at mga Tipan 100:15.



**Ni Elder Ronald A. Rasband**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Hayaang Patnubayan ng Espiritu Santo

*Ayon sa banal na pagtatalaga, ang Espiritu Santo ay nagbibigay-inspirasyon, nagpapatotoo, nagtuturo, at naghihikayat sa atin na lumakad sa liwanag ng Panginoon.*

Mga kapatid, nalalaman ko, katulad ng lahat sa inyo, na nakikita natin ang pagpapabilis sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ni Pangulong Thomas S. Monson at ng kanyang mensahe ngayong umaga. Pangulong Monson, mahal ka namin, sumasang-ayon kami sa iyo, at palagi ka naming ipinagdarasal, "aming propeta."[1]

Nadama natin ang pagbuhos ng Espiritu ngayong katapusan ng linggo. Nandito man kayo sa malaking bulwagang ito o nanonood sa mga tahanan o nagtipon sa mga meetinghouse sa malalayong panig ng mundo, mayroon kayong pagkakataong madama ang Espiritu ng Panginoon. Pinagtitibay ng Espiritung iyon sa inyong mga puso at isipan ang mga katotohanang itinuro sa kumperensyang ito.

Pag-isipan ang mga salita ng pamilyar na himnong ito:

*Banal na Espiritu;*
*Turo'y katotohanan.*
*Saksi kay Jesucristo,*
*Liwanag sa isipan.*[2]

Nalaman natin mula sa paghahayag sa mga huling araw na binubuo ang Panguluhang Diyos ng tatlong magkakaiba at magkakahiwalay na nilalang: ang ating Ama sa Langit; ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo; at ang Espiritu Santo. Alam natin na "ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit ang Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin."[3]

Nakatuon ang mensahe ko ngayon sa kahalagahan ng Espiritu Santo sa ating mga buhay. Alam ng ating Ama sa Langit na mahaharap tayo sa mga pagsubok, paghihirap, at kaguluhan sa mortalidad; alam Niyang mahihirapan tayong paglabanan ang mga pag-aalinlangan, kabiguan, tukso, at kahinaan. Upang mabigyan tayo ng lakas sa buhay at banal na patnubay, ibinigay Niya ang Banal na Espiritu, isa pang pangalan ng Espiritu Santo.

Ang Espiritu Santo ang nagbibigkis sa atin sa Panginoon. Ayon sa banal na pagtatalaga, Siya ay nagbibigay-inspirasyon, nagpapatotoo, nagtuturo, at naghihikayat sa atin na lumakad sa liwanag ng Panginoon. Mayroon tayong sagradong responsibilidad na matutuhang makilala ang Kanyang impluwensya sa ating buhay at tumugon dito.

Alalahanin ang pangako ng Panginoon: "Ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan."[4] Gustung-gusto ko ang katiyakang iyan. Kalakip ng kagalakang pumupuspos sa ating kaluluwa ang isang pangwalang-hanggang pananaw na iba sa pang-araw-araw na pamumuhay. Dumarating ang kagalakang iyan bilang kapayapaan sa gitna ng paghihirap o pighati. Nagbibigay ito





ng kapanatagan at tapang, naglalahad ng mga katotohanan ng ebanghelyo, at pinatitindi ang pagmamahal natin sa Panginoon at sa lahat ng mga anak ng Diyos. Bagama't napakalaki ng pangangailangan para sa ganoong pagpapala, kinalimutan at tinalikuran ng mundo ang mga ito sa maraming paraan.

Bawat linggo habang tumatanggap tayo ng banal na sakramento, nakikipagtipan tayo na "lagi siyang alalahanin," ang Panginoong Jesucristo, at ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Kapag tinupad natin ang sagradong tipang ito, ipinangako sa atin na "sa tuwina ay [mapapasaatin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin]."[5]

Paano natin gagawin iyan?

**Una,** nagsisikap tayong mamuhay nang karapat-dapat sa Espiritu.

Pinapatnubayan ng Espiritu Santo ang mga yaong "mahigpit sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos sa araw-araw."[6] Tulad ng ipinayo ng Panginoon, dapat nating "isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, at hangarin ang mga bagay na mas mabuti,"[7] sapagkat "ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo."[8] Dapat ay palagi nating sikaping sundin ang mga batas ng Diyos, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, manalangin, dumalo sa templo, at tapat na sundin ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, "pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal at . . . [guma]gawa ng mabuti sa lahat ng tao."

**Ikalawa,** dapat ay palagi tayong handa na tanggapin ang Espiritu.

Ipinangako ng Panginoon, "Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso."[9] Nagsimula kong maunawaan ito noong ako ay bata pang missionary sa Scotch Plains, New Jersey. Isang mainit na umaga ng Hulyo, nadama ko at ng aking kompanyon na hanapin ang isang Temple Square referral. Kumatok kami sa pintuan ng tahanan ni Elwood Schaffer. Mahinahon kaming hindi tinanggap ni Gng. Schaffer.

Nang isasara na niya ang pintuan, nadama kong gawin ang isang bagay na hindi ko pa nagawa ni ginawang muli magmula noon! Inilagay ko ang aking paa sa pintuan at nagtanong, "Mayroon pa kayang iba na maaaring maging interesado sa aming mensahe?" Ang kanyang 16 na taong gulang na anak na babaeng si Marti ay interesado, at taimtim na nanalangin na patnubayan siya isang araw pa lang ang nakararaan. Hinarap kami ni Marti, at kalaunan, nakibahagi ang kanyang ina sa mga talakayan. Silang dalawa ay sumapi sa Simbahan.

Bunga ng pagkakabinyag ni Marti, 136 katao, kabilang ang marami sa kanyang sariling pamilya, ang nabinyagan at gumawa ng mga tipan ayon sa ebanghelyo. Lubos ang pasasalamat ko na nakinig ako sa Espiritu at inilagay ang aking paa sa pintuan noong mainit na araw ng Hulyong iyon. Si Marti at ang ilan sa kanyang mga kapamilya ay narito ngayon.

**Ikatlo,** dapat nating mahiwatigan ang Espiritu kapag dumating ito.

Batay sa karanasan ko, pinakamadalas na nakikipag-usap sa atin ang Espiritu sa pamamagitan ng pagpapadama sa atin. Madarama ninyo ito sa mga salitang pamilyar sa inyo, na may kahulugan sa inyo, na naghihikayat sa inyo. Isipin ang tugon ng mga Nephita habang nakikinig sila sa Panginoon na nananalangin para sa kanila: "At narinig ito ng maraming tao at nagpatotoo; at nabuksan ang kanilang mga puso at naunawaan nila sa kanilang mga puso ang mga salitang kanyang idinalangin."[10] Nadama nila sa kanilang mga puso ang mga salita ng Kanyang panalangin. Ang tinig ng Banal na Espiritu ay marahan at banayad.

Sa Lumang Tipan, nakipagpaligsahan si Elias sa mga saserdote ni Baal. Inasahan ng mga saserdote na maririnig nila ang "tinig" ni Baal na parang kulog at sisindihan ng apoy ang hain na alay nila. Subalit walang tinig, at walang apoy.[11]

Sa iba pang pagkakataon, nanalangin si Elias. "At, narito, ang Panginoon ay nagdaan, at bumuka ang mga bundok sa pamamagitan ng isang malaki at malakas na hangin, at pinagputolputol ang mga bato sa harap ng Panginoon; nguni't ang Panginoon ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay

isang lindol; nguni't ang Panginoon ay wala sa lindol:

"At pagkatapos ng lindol ay apoy; nguni't ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig."[12]

Nakikilala ba ninyo ang tinig na iyon?

Itinuro ni Pangulong Monson, "Habang ipinagpapatuloy natin ang paglalakbay ng buhay, alamin natin ang wika ng Espiritu."[13] Nagsasalita ang Espiritu ng mga salita na nadarama natin. Ang mga damdaming ito ay banayad, isang marahang paghihikayat na kumilos, na gumawa ng isang bagay, na magsalita, na tumugon sa isang tiyak na paraan. Kung kaswal o kampante tayo sa ating pagsamba, malayo at manhid dahil abala tayo sa mga gawain ng mundo, matatagpuan natin ang ating mga sarili na nabawasan ng kakayahang makaramdam. Sinabi ni Nephi tungkol kina Laman at Lemuel, "Manaka-naka ay narinig ninyo ang kanyang tinig; at siya ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay manhid, kung kaya't hindi ninyo madama ang kanyang mga salita."[14]

Noong Hunyo, nasa South America ako para sa isang tungkulin. Puno ang 10-araw na iskedyul namin sa pagbisita sa Colombia, Peru, at Ecuador. Isang malakas na lindol ang kumitil sa daan-daang katao, sumugat sa libu-libong katao, sumira at nagwasak sa mga tahanan at komunidad sa mga lungsod na Portoviejo at Manta sa Ecuador. Nadama kong idagdag sa aming iskedyul ang pagbisita sa mga miyembrong naninirahan sa mga lungsod na iyon. Dahil sira ang mga kalsada, hindi namin tiyak kung makakarating kami roon. Katunayan, sinabihan kami na hindi kami makakarating doon, pero dama pa rin namin ang pahiwatig na pumunta roon. Bunga nito, napagpala kami at nabisita ang dalawang lungsod.

Dahil hindi sila nasabihan nang maaga, inasahan ko na kaunting lider ng priesthood lamang sa lugar na iyon ang makakadalo sa mabilis na inorganisang pagpupulong na iyon. Gayunman, pagdating namin sa bawat stake center nakita naming puno ang mga kapilya hanggang sa entablado sa dulo. Ang ilan sa mga dumalo ay matatag na miyembro ng rehiyon, mga pioneer na matatapat sa Simbahan, hinihikayat ang iba pa na sumama sa kanila sa pagsamba at damhin ang Espiritu sa kanilang mga buhay. Nakaupo sa mga upuan sa harapan ang mga miyembrong nawalan ng mga mahal sa buhay at ng mga kapitbahay dahil sa lindol. Nadama kong magbigay ng isang basbas ng apostol para sa lahat ng dumalo, isa sa mga pinakaunang naibigay ko. Bagama't nakatayo ako sa harapan ng silid na iyon, tila nakapatong ang aking mga kamay sa bawat ulo nila, at nadama ko ang pagbuhos ng mga salita ng Panginoon.

Hindi ito natapos doon. Nadama kong magsalita sa kanila tulad ng ginawa ni Jesucristo noong bumisita Siya sa mga tao sa lupain ng Amerika. "Kinuha [Niya] ang kanilang maliliit na anak . . . at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila."[15] Nasa Ecuador kami, ginagawa ang gawain ng Ama, at ang mga ito ay mga anak Niya.

**Ikaapat**, dapat tayong kumilos sa *unang* pahiwatig.

Alalahanin ang mga salita ni Nephi. "Ako ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat kong gawin. "Gayunman," sinabi niya, "ako ay yumaon."[16]

At ganoon din dapat tayo. Dapat tayong magtiwala sa unang pahiwatig sa atin. Minsan ay nangangatwiran tayo, iniisip kung nakadarama ba tayo ng isang espirituwal na impresyon o kung sariling kaisipan lang natin iyon. Kapag nagsimula na tayong magdalawang-isip, maging magtatlong-isip ukol sa ating nadarama—at lahat tayo ay ginawa iyan—binabale-wala natin ang Espiritu; pinag-aalinlanganan natin ang banal na payo. Sinabi ni Propetang Joseph Smith na kung makikinig kayo sa unang pahiwatig, magiging tama kayo sa siyam na beses mula sa sampung pagkakataon.[17]





Ngayon, isang babala: huwag umasang may mga kamangha-manghang mangyayari dahil tumugon at sumunod kayo sa Espiritu Santo. Tandaan, ginagawa ninyo ang gawain ng marahan at banayad na tinig.

Noong naglilingkod ako bilang mission president sa New York City, kasama ko ang ilan sa ating mga missionary sa isang restawran sa Bronx. Isang bata pang pamilya ang pumasok at umupo malapit sa amin. Tila handa nilang tanggapin ang ebanghelyo. Pinagmasdan ko ang ating mga missionary habang kausap ko sila, pagkatapos ay napansin ko na natapos na sa pagkain ang pamilya at umalis na. Pagkatapos ay sinabi ko, "Mga Elder, may aral tayong matututuhan ngayon. Nakita ninyong pumasok ang isang magandang pamilya sa restawran na ito. Ano kaya ang dapat na ginawa natin?"

Isa sa mga elder ang mabilis na sumagot: "Naisip kong tumayo at lumapit upang makipag-usap sa kanila. May pahiwatig akong nadama, subalit hindi ako sumunod."

"Mga Elder," sabi ko, "dapat lagi tayong kumilos sa unang pahiwatig sa atin. Ang nadama mong pahiwatig ay mula sa Espiritu Santo!"

Ang mga unang pahiwatig ay dalisay na inspirasyon mula sa langit. Kapag nagpapatibay o nagpapatotoo ang mga ito sa atin, kailangan nating alamin kung para sa ano ang mga ito at huwag balewalain ang mga ito. Kadalasan, ito ang Espiritu na nagbibigay-inspirasyon sa atin na tumulong sa isang taong nangangailangan, lalo na sa mga kapamilya at kaibigan. "Gayon . . . [ang] marahan at banayad na tinig, na bumubulong at tumatagos sa lahat ng bagay,"[18] ay pinapatnubayan tayo sa mga pagkakataong magturo ng ebanghelyo, magpatotoo tungkol sa Panunumbalik at tungkol kay Jesucristo, tumulong at magmalasakit, at sagipin ang isa sa mga mahahalagang anak ng Diyos.

Ituring ito bilang ang tinatawag na first responder o unang sumasaklolo. Sa halos lahat ng komunidad ang mga unang sumasaklolo sa isang trahedya, aksidente, o kalamidad ay mga bumbero, pulis, paramediko. Dumarating sila nang may mga babalang ilaw, at idaragdag ko, lubos tayong nagpapasalamat para sa kanila. Ang paraan ng Panginoon ay hindi gaanong nakikita ngunit nangangailangan din ng mabilis na pagtugon. Alam ng Panginoon ang mga pangangailangan ng lahat ng Kanyang mga anak—at alam Niya kung sino ang handang tumulong. Kung ipaaalam natin sa Panginoon sa ating mga panalangin sa umaga na handa tayo, tatawagin Niya tayo para tumulong. Kung tutugon tayo, maraming beses Niya tayong tatawagin at matatagpuan natin ang ating mga sarili na nasa tinatawag ni Pangulong Monson na "paglilingkod sa Panginoon."[19] Tayo ay magiging mga espirituwal na first responder o unang sasaklolo na magdadala ng tulong mula sa kaitasaan.

Kung bibigyang-pansin natin ang mga pahiwatig na darating sa atin, darami ang mga paghahayag sa atin at tatanggap ng mas maraming kaalaman at patnubay mula sa Espiritu. Sinabi ng Panginoon, "Magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng mabuti."[20]

Nawa'y lubos nating pagtuunan ng pansin ang pagtawag ng Panginoon na "magalak, sapagkat akin kayong aakayin."[21] Inaakay Niya tayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nawa'y mamuhay tayo nang malapit sa Espiritu, mabilis na kumikilos ayon sa mga unang pahiwatig sa atin, dahil alam nating nagmula ang mga ito sa Diyos. Pinatototohanan ko ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na gumagabay sa atin, nagbabantay sa atin, at palaging nasa atin, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. "Ang Aming Propeta'y Basbasan Nawa," *Mga Himno,* blg. 18.
2. "Banal na Espiritu," *Mga Himno,* blg. 85.
3. Doktrina at mga Tipan 130:22.
4. Doktrina at mga Tipan 11:13.
5. Doktrina at mga Tipan 20:77.
6. Alma 58:40.
7. Doktrina at mga Tipan 25:10.
8. Helaman 4:24.
9. Doktrina at mga Tipan 8:2.
10. 3 Nephi 19:33.
11. Tingnan sa I Mga Hari 18:17–29.
12. I Mga Hari 19:11–12.
13. Thomas S. Monson, "The Spirit Giveth Life," *Ensign,* Mayo 1985, 70.
14. 1 Nephi 17:45.
15. 3 Nephi 17:21.
16. 1 Nephi 4:6–7.
17. Tingnan sa Truman G. Madsen, *Joseph Smith the Prophet* (1989), 103.
18. Doktrina at mga Tipan 85:6.
19. Thomas S. Monson, "Para Matuto, Para Gawin, Para Maging," *Liahona,* Nob. 2008, 62.
20. Doktrina at mga Tipan 11:12.
21. Doktrina at mga Tipan 78:18.



**Ni Elder L. Whitney Clayton**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Gawin Ninyo ang Anomang sa Inyo'y Kaniyang Sabihin

*Kapag nagpasiya tayong gawin ang "anomang sabihin ng [Diyos]" sa atin, nangangako tayo nang buong katapatan na iaayon sa kalooban ng Diyos ang pag-uugali natin sa araw-araw.*

Ginawa ng Tagapagligtas ang Kanyang unang nakatalang himala sa isang piging ng kasal sa Cana ng Galilea. Naroon din si Maria, ang Kanyang ina; at ang Kanyang mga disipulo. Tila nadama ni Maria na may responsibilidad rin siya para sa ikatatagumpay ng piging. Sa oras ng pagdiriwang, nagkaroon ng problema—naubusan ng alak ang mga nagdaos ng kasalan. Nag-alala si Maria at lumapit siya kay Jesus. Nag-usap sila sandali; at pagkatapos ay bumaling si Maria sa mga tagapaglingkod at sinabing:

"Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin.

"Mayroon nga roong anim na tapayang bato. . . . [Ang mga tapayang ito ay hindi ginagamit na imbakan ng inuming tubig kundi ginagamit para sa seremonyal na mga paghuhugas sa ilalim ng batas ni Moises.]

"Sinabi ni Jesus [sa mga alila], Punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan. At kanilang pinuno hanggang sa labi.

"At sinabi niya sa kanila, Kunin ninyo ngayon, at inyong iharap sa pangulo ng kapistahan. At kanilang iniharap.

"[At tinikman] ng pangulo ng kapistahan ang tubig na naging alak" at namangha na ang pinakamasarap na alak ay naisilbi sa pinakahuling araw ng piging.[1]

Madalas nating maalaala ang pangyayaring ito dahil ang tubig na naging alak ay pagpapakita ng kapangyarihan



ng Diyos—ito ay isang himala. Mahalaga ngang mensahe iyon, subalit may iba pang mahalagang mensahe sa ulat ni Juan. Si Maria ay "mahalaga at piniling nilikha,"[2] na tinawag ng Diyos upang ipanganak, alagaan, at palakihin ang mismong Anak ng Diyos. Walang sinuman sa mundo ang mas nakakakilala kay Jesus kaysa sa kanya. Alam niya ang katotohanan tungkol sa Kanyang mahimalang pagsilang. Alam niyang walang bahid ng anumang kasalanan si Jesus at "hindi siya nangungusap nang tulad ng ibang tao, ni kailangan siyang turuan; sapagkat hindi siya kinakailangang turuan pa ng sinumang tao."[3] Alam ni Maria ang Kanyang pambihirang kakayahang lumutas ng mga problema, kabilang ang paglalaan ng alak para sa piging ng kasal. Di-matitinag ang tiwala niya sa Kanya at sa Kanyang banal na kapangyarihan. Ang kanyang simple at direktang utos sa mga alila ay walang kundisyon, walang alinlangan, walang limitasyon: "Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin."

Si Maria ay isang dalaga nang magpakita sa kanya ang anghel na si Gabriel. Noong una ay "nagulumihanan" siya sa pagbati sa kanya na "totoong pinakamamahal" at "ang Panginoon ay sumasaiyo . . . iniisip sa kaniyang sarili kung anong bati kaya ito." Muling tiniyak sa kanya ni Gabriel na wala siyang dapat na ikatakot—mabuti ang balitang kanyang dala. "[Ipag]lilihi [niya] sa [kanyang] tiyan . . . [ang] Anak ng Kataastaasan" at "manganganak . . . ng isang lalake . . . [na] maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man."

Nagtatakang naibulalas ni Maria, "Paanong mangyayari ito, sa ako'y hindi nakakakilala ng lalake?"

Maikling nagpaliwanag ang anghel at tiniyak sa kanya na "walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan."

Mapagpakumbabang tumugon si Maria na gagawin niya anuman ang iutos ng Diyos, nang hindi hinihinging malaman ang detalye at nang walang pag-aalinlangan sa kabila ng napakaraming tanong tungkol sa mga idudulot nito sa kanyang buhay. Sumunod



siya nang hindi lubos na nauunawaan kung bakit iniutos Niya iyon sa kanya o kung paano mangyayari ang mga bagay-bagay. Tinanggap niya ang salita ng Diyos nang walang pasubali at sa mismong oras na iyon,[4] na kakaunti ang alam sa kung ano ang mangyayari. Nang may simpleng pagtitiwala sa Diyos, sinabi ni Maria, "Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita."[5]

Kapag nagpasiya tayong gawin ang "anomang sabihin ng [Diyos]" sa atin, nangangako tayo nang buong katapatan na iaayon sa kalooban ng Diyos ang pag-uugali natin sa araw-araw. Ang mga simpleng gawa ng pananampalataya tulad ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, regular na pag-aayuno, at pananalangin nang may tunay na layunin ay nagpapalakas sa ating espirituwal na kakayahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng buhay. Sa paglipas ng panahon, ang mga simpleng gawa ng pananampalataya ay nagbubunga ng mga himala. Ang maliit nating pananampalataya ay lumalaki para sa ikabubuti ng ating buhay. Sa gayon, kapag dumating ang mga pagsubok at hamon sa atin, ang pundasyon natin kay Cristo ay magbibigay ng katatagan sa ating kaluluwa. Pinalalakas tayo ng Diyos upang madaig natin ang ating mga kahinaan, dinaragdagan ang ating mga kagalakan, at pinapangyari na ang "lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa [ating] ikabubuti."[6]

Ilang taon na ang nakararaan, nakausap ko ang isang bata pang bishop na nag-uukol ng oras bawat linggo sa pagpapayo sa mga miyembro ng kanyang ward. May mahalagang bagay siyang napansin. Ang mga problemang nararanasan ng mga miyembro ng kanyang ward, ayon sa kanya, ay yaong mga nararanasan ng mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako—mga isyung tulad ng paano magiging masaya ang pagsasama ng mag-asawa; pagsisikap na maibalanse ang mga tungkulin sa trabaho, pamilya, at Simbahan; problema sa Word of Wisdom, trabaho, o pornograpiya; o hindi kumbinsido tungkol sa isang patakaran ng Simbahan o tanong tungkol sa kasaysayan na hindi nila naunawaan.

Madalas na kabilang sa kanyang mga payo sa mga miyembro ng ward ang muling pagtutuon sa mga simpleng gawain na nagpapalakas ng pananampalataya, tulad ng araw-araw na pagbabasa ng Aklat ni Mormon—tulad ng ipinayo ni Pangulong Thomas S. Monson na gawin natin—pagbabayad ng ikapu, at paglilingkod nang tapat sa Simbahan. Gayunman, madalas ay may pagdududa ang tugon nila sa kanya: "Hindi ako sang-ayon sa iyo, Bishop. Alam nating *lahat* na mabuting gawin ang mga bagay na iyon. *Palagi* nating pinag-uusapan ang mga bagay na iyon sa Simbahan. Pero hindi ako sigurado kung nauunawaan mo ako. Ano ang kinalaman ng paggawa sa alinman sa mga bagay na *iyon* sa mga problemang kinahaharap *ko*?"

Magandang tanong ito. Sa paglipas ng panahon, nakita namin ng bishop na iyon na yaong nagsisikap na gawin ang "maliliit at mga karaniwang bagay"[7]—pagsunod sa tila maliliit na paraan—ay nabibiyayaan ng pananampalataya at lakas na higit pa sa pagsunod mismo at, sa katunayan, tila lubos na walang kinalaman sa mga ito. Tila mahirap iugnay ang pagsunod sa araw-araw at ang mga solusyon sa malalaki at mahihirap na problemang nararanasan natin. Ngunit *magkaugnay* ang mga ito. Sa karanasan ko, ang wastong paggawa ng mga maliliit na bagay nang may pananampalataya sa araw-araw ay pinakamainam na paraan para patatagin ang ating sarili sa mga problema ng buhay, anuman ang mga ito. Ang maliliit na gawa ng pananampalataya, kahit na tila hindi mahalaga o wala talagang kaugnayan ang mga ito sa mga partikular na problema na nagpapahirap sa atin, ay tinutulungan tayo sa *lahat* ng ating ginagawa.

Isipin si Naaman, isang "punong kawal ng hukbo . . . sa Siria, . . . malakas na lalake na may tapang," at siya ay may ketong. Nabanggit ng isang tagapaglingkod na batang babae ang tungkol sa isang propeta sa Israel na makapagpapagaling kay Naaman, kaya't naglakbay si Naaman patungong Israel kasama ang isang pangkat ng mga tagapaglingkod, mga kawal, at mga handog sa Israel, hangga't makarating sila sa tahanan ni Eliseo. Ipinaalam kay Naaman ng tagapaglingkod ni Eliseo, hindi mismo si Eliseo, na iniutos ng Panginoon na siya ay "maligo sa [Ilog] Jordan na makapito." Isang simpleng bagay. Marahil naisip ng magiting na mandirigma na ang simpleng tagubiling ito ay hindi makatwiran, karaniwan, o hindi angkop sa kanyang katayuan kaya't nainis siya. Sa madaling salita, walang kabuluhan para kay Naaman ang tagubilin ni Eliseo, kaya "pumihit siya at umalis sa paginit."

Ngunit ang mga lingkod ni Naaman ay lumapit sa kanya at sinabing gagawin niya marahil ang "anomang mahirap na bagay" kung ipagagawa ito sa kanya ni Eliseo. Sinabi nila na dahil maliit na bagay lamang ang ipinagagawa sa kanya, hindi ba niya gagawin ito, kahit hindi niya maunawaan ang dahilan? Pinag-isipang muli ni Naaman kung gagawin niya ito at marahil nang may pag-aalinlangan, ay sumunod at "lumusong . . . at sumugbong makapito sa Jordan" at mahimalang napagaling.[8]

Ang ilang pagpapala sa pagsunod ay dumarating agad; ang iba ay dumarating lamang matapos tayong subukan. Sa Mahalagang Perlas, nabasa natin ang tungkol sa walang humpay na

pagsusumikap ni Adan sa pagsunod sa kautusang mag-alay ng mga hain. Nang tanungin siya ng anghel kung bakit siya nag-aalay ng mga hain, sinabi niya, "Hindi ko batid, maliban sa iniutos sa akin ng Panginoon." Ipinaliwanag ng anghel na ang kanyang mga hain ay "kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama." Subalit tila dumating lamang ang paliwanag na iyon matapos ipakita ni Adan ang kanyang katapatan sa pagsunod sa Panginoon sa loob ng "maraming araw" nang hindi nalalaman kung *bakit* niya kailangang ialay ang mga haing iyon.[9]

Palagi tayong pagpapalain ng Diyos para sa ating matatag na pagsunod sa Kanyang ebanghelyo at katapatan sa Kanyang Simbahan, ngunit bihira Niyang ipakita sa atin kung kailan Niya ito gagawin. Hindi Niya ipinapakita sa atin ang buong pangyayari sa simula. Diyan pumapasok ang pananampalataya, pag-asa, at pagtitiwala sa Panginoon.

Hinihiling sa atin ng Diyos na magtiis kasama Niya—na magtiwala at sumunod sa Kanya. Isinasamo Niya sa atin na "huwag magtalu-talo dahil sa hindi ninyo nakikita." Sinabi Niya sa atin na hindi tayo dapat umasa na masasagot agad tayo o malulutas agad ang mga problema natin. Magiging mabuti ang lahat kapag naging matatag tayo sa panahon ng "pagsubok [sa ating] pananampalataya," mahirap mang tiisin ang pagsubok na iyon o mabagal man ang pagdating ng sagot.[10] Hindi ko tinutukoy ang tungkol sa "bulag na pagsunod"[11] kundi ang tungkol sa lubos na pagtitiwala sa perpektong pagmamahal at perpektong panahon na itinakda ng Panginoon.


Ang pagsubok sa ating pananampalataya ay *palaging* kapapalooban ng pananatiling tapat sa simple at araw-araw na gawa ng pananampalataya. At pagkatapos niyon ay doon lamang Siya mangangako na matatanggap natin ang hinihintay nating kasagutan. At kapag napatunayan natin na handa nating gawin kung ano ang iniuutos Niya sa atin nang hindi nagtatanong ng kailan, bakit, at paano, ay doon pa lamang natin "[a]anihin ang mga gantimpala ng [ating] pananampalataya, at [ating] pagsisikap, at pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis."[12] Ang tunay na pagsunod ay pagtanggap sa mga kautusan ng Diyos nang walang pasubali at sa mismong oras na iyon.[13]



Araw-araw kusa man o anupaman, pinipili nating lahat "kung sino ang [ating] paglilingkuran."[14] Ipinapakita natin ang ating determinasyong maglingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng masigasig na paggawa araw-araw ng mga gawaing nagpapakita ng katapatan. Ipinangako ng Panginoon na papatnubayan Niya tayo sa mga landas na ating tatahakin,[15] ngunit para magawa Niya iyan, kailangan nating maglakad, nagtitiwalang nalalaman Niya ang daan sapagkat Siya "*ang* daan."[16] Kailangan nating punuin nang husto ang sarili nating tapayan. Kapag nagtitiwala at sumusunod tayo sa Kanya, nagbabago ang ating buhay, tulad ng tubig na naging alak. Nagiging higit pa tayo sa kung ano sana ang kinahinatnan na natin. Magtiwala sa Panginoon, at "gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin." Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Juan 2:5–9; tingnan din sa Juan 2:10.
2. Alma 7:10.
3. Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 3:25 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan).
4. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, *Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* (1997), 18.
5. Tingnan sa Lucas 1:26–38.
6. Mga Taga Roma 8:28; Doktrina at mga Tipan 90:24.
7. Alma 37:6.
8. Tingnan sa II Mga Hari 5:1–14.
9. Tingnan sa Moises 5:5–11.
10. Tingnan sa Eter 12:6.
11. Tingnan sa Boyd K. Packer, "Agency and Control," *Ensign,* Mayo 1983, 66–68; Robert C. Oaks, "Believe All Things," *Ensign,* Hulyo 2005, 30–33.
12. Alma 32:43.
13. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, *Christ and the New Covenant,* 18.
14. Josue 24:15.
15. Tingnan sa Mga Kawikaan 3:6.
16. Juan 14:6.



**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Panguluhang Diyos at ang Plano ng Kaligtasan

*Dahil nasa atin ang katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos at sa kaugnayan natin sa Kanila, nasa atin ang pinakamaaasahang gabay at tiyak na kaligtasan sa ating paglalakbay sa mortalidad.*

I.

Ipinahayag sa ating unang saligan ng pananampalataya, "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo." Nakikiisa tayo sa iba pang mga Kristiyano sa paniniwalang ito tungkol sa Ama at Anak at sa Espiritu Santo, ngunit ang paniniwala natin tungkol sa Kanila ay naiiba sa paniniwala ng iba. Hindi tayo naniniwala sa tinatawag ng Kristiyanismo na doktrina ng Holy Trinity. Sa kanyang Unang Pangitain, nakakita si Joseph Smith ng dalawang magkaibang katauhan, dalawang nilalang, na nagpapatunay na ang laganap na paniniwala noon tungkol sa Diyos at sa Panguluhang Diyos ay hindi totoo.



Taliwas sa paniniwala na ang Diyos ay hindi maarok at mahiwaga, naniniwala tayo na ang katotohanan tungkol sa likas na katangian ng Diyos at ang ating kaugnayan sa Kanya ay maaaring mabatid at mahalaga sa lahat ng iba pa sa ating doktrina. Nakatala sa Biblia ang nakaaantig na Panalangin ng Pamamagitan ni Jesus, kung saan inihayag Niya na, "ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3).

Ang pagsisikap na makilala ang Diyos at ang Kanyang gawain ay nagsimula bago pa man ang mortalidad na ito at hindi matatapos dito. Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Matagal pang panahon matapos na kayo ay magdaan [sa] tabing bago ninyo matutuhan [ang lahat ng alituntunin ng kadakilaan]."[1] Pinagbabatayan natin ang kaalamang natamo natin sa premortal na daigdig ng mga espiritu. Kaya upang maituro sa mga Israelita ang likas na katangian ng Diyos at ang Kanyang kaugnayan sa Kanyang mga anak, ipinahayag ng propetang si Isaias, ayon sa nakatala sa Biblia:

"Kanino nga ninyo itutulad ang Dios? o anong wangis ang iwawangis ninyo sa kaniya? . . .

"Hindi ba ninyo naalaman? hindi ba ninyo narinig? hindi ba nasaysay sa inyo mula ng una? hindi ba nasaysay sa inyo bago nalagay ang mga patibayan ng lupa?" (Isaias 40:18, 21).

Alam natin na magkahiwalay at magkaibang mga nilalang ang tatlong miyembro ng Panguluhan. Nalaman natin ito mula sa itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit ang Espiritu Santo ay walang

katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin" (D at T 130:22).

Tungkol sa pinakadakilang katayuan ng Diyos Ama sa Panguluhang Diyos, at gayundin sa kani-kanyang ginagampanan ng bawat personahe, ipinaliwanag ni Propetang Joseph:

"Sinumang nakakita na nabuksan ang langit ay alam na may tatlong personahe sa kalangitan na mayhawak ng mga susi ng kapangyarihan, at may isang namumuno sa lahat. . . .

". . . Ang mga personaheng ito . . . ay tinatawag na unang Diyos, ang Lumikha; pangalawang Diyos, ang Manunubos; at pangatlong Diyos, ang Saksi oTestigo.


"Karapatan ng Ama na mamuno bilang Pinuno o Pangulo, si Jesus bilang Tagapamagitan, at ang Espiritu Santo bilang Testigo o Saksi."[2]

#### II. Ang Plano

Nauunawaan natin ang ating kaugnayan sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos ayon sa inihayag tungkol sa plano ng kaligtasan.

Ang mga tanong tulad ng "Saan tayo nanggaling?" "Bakit tayo narito?" at "Saan tayo pupunta?" ay sinasagot sa tinatawag sa mga banal na kasulatan na "plano ng kaligtasan," ang "dakilang plano ng kaligayahan", o ang "plano ng pagtubos" (Alma 42:5, 8, 11). Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay napakahalaga sa planong ito.

Bilang mga espiritung anak ng Diyos, sa premortal na daigdig, nais nating magkaroon ng buhay na walang hanggan ngunit hindi natin matatamo ito kung hindi tayo mabubuhay sa mundo at magkakaroon ng pisikal na katawan. Upang maibigay ang oportunidad na iyan, pinamunuan ng ating Ama sa Langit ang Paglikha ng daigdig na ito, at dahil inalis sa atin ang alaala ng buhay natin bago tayo isilang sa mundo, mapapatunayan natin na handa tayong sumunod sa Kanyang mga kautusan at tayo ay magkakaroon ng mga karanasan at uunlad sa pamamagitan ng iba pang mga



hamon ng mortalidad. Ngunit kasabay ng buhay sa mundo, at ng ibinunga ng Pagkahulog ng ating unang mga magulang, daranas tayo ng espirituwal na kamatayan na maglalayo sa atin sa presensya ng Diyos, mababahiran tayo ng kasalanan, at mamamatay ang ating katawan. Inasahan na sa plano ng Ama na mangyayari ito at nagbigay ng mga paraan upang madaig ang lahat ng hadlang na iyon.

#### III. Ang Panguluhang Diyos

Ngayong alam na natin ang dakilang plano ng Diyos, talakayin na natin ang kani-kanyang tungkuling ginagampanan ng tatlong miyembro ng Panguluhan sa planong iyan.

Magsimula tayo sa isang turo mula sa Biblia. Sa pagtatapos ng kanyang ikalawang sulat sa mga taga-Corinto, walang alinlangang binanggit ni Apostol Pablo ang Panguluhang Diyos ng Ama, Anak, at Espiritu Santo: "Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipisan [o pakikipag-isa[3]] ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat" (II Mga Taga Corinto 13:14).

Ipinakita sa banal na kasulatang ito sa Biblia ang Panguluhang Diyos na naglalarawan ng tunay at nagbibigay-inspirasyong pagmamahal ng Diyos Ama, at ng mahabagin at nakapagliligtas na misyon ni Jesucristo, at ng pakikipag-isa ng Espiritu Santo.

#### *Diyos Ama*

Nagsimula ang lahat ng ito sa Diyos Ama. Bagama't kaunti lamang ang alam natin tungkol sa Kanya, sapat na ang alam natin para maunawaan ang Kanyang dakilang katayuan, ang ating kaugnayan sa Kanya, at ang Kanyang pamamahala sa plano ng kaligtasan, sa Paglikha, at sa lahat ng iba pang kasunod nito.

Tulad ng isinulat Elder Bruce R. McConkie bago siya mamatay: "Sa pinakadakila at pinakamahalagang kahulugan ng salita, mayroon lamang iisang tunay at buhay na Diyos. Siya ang Ama, ang Pinakamakapangyarihang Elohim, ang Pinakadakilang Nilalang, ang Tagapaglikha at Tagapamahala ng Sansinukob."[4] Siya ang Diyos at Ama ni Jesucristo, at nating lahat. Itinuro ni Pangulong David O. McKay na "ang unang pangunahing katotohanan na itinuro ni Jesucristo ay ito, na sa likod, sa itaas, at saan mang dako ay naroon ang Diyos Ama, Panginoon ng langit at lupa."[5]

Karamihan sa nalaman natin tungkol sa likas na katangian ng Diyos Ama ay mula sa natutuhan natin mula sa ministeryo at mga turo ng Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo. Tulad ng

itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland, isa sa mga pinakamahalagang layunin ng ministeryo ni Jesus ay ang ihayag sa mga tao "kung sino at ano ang pagkatao ng Diyos Amang Walang Hanggan, . . . ihayag at ipaalam nang husto sa atin ang likas na katangian ng Kanyang Ama, na ating Ama sa Langit."[6] Ang Biblia ay naglalaman ng pagsaksi ng mga apostol na si Jesus ay "tunay na larawan" ng pagka-Diyos ng Kanyang Ama (Sa Mga Hebreo 1:3), na lalong naglinaw sa itinuro ni Jesus na "ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama" (Juan 14:9).

Ang Diyos Ama ang Ama ng ating mga espiritu. Tayo ay Kanyang mga anak. Mahal Niya tayo, at lahat ng ginagawa Niya ay para sa ating walang hanggang kapakinabangan. Siya ang may-akda ng plano ng kaligtasan, at sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay nakakamit ng Kanyang plano ang mga layunin nito para sa walang hanggang kaluwalhatian ng Kanyang mga anak.

*Ang Anak*

Sa mga tao, ang pinaka-nakikitang miyembro ng Panguluhang Diyos ay si Jesucristo. Ang doktrinang ipinahayag ng Unang Panguluhan noong 1909 ay naglalarawan sa Kanya bilang "panganay sa lahat ng mga anak ng Diyos—ang unang isinilang sa espiritu, at ang tanging isinilang sa laman."[7] Ang Anak, ang pinakadakila sa lahat, ay pinili ng Ama upang isagawa ang plano ng Ama—na gamitin ang kapangyarihan ng Ama para lumikha ng daigdig na di mabilang (tingnan sa Moises 1:33) at iligtas ang mga anak ng Diyos mula sa kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli at mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Ang dakilang sakripisyong ito ay tunay na matatawag na "sentro ng buong kasaysayan ng tao."[8]

Sa mga natatangi at sagradong pagkakataon na ipinakilala mismo ng Diyos Ama ang Anak, sinabi Niya, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya" (Marcos 9:7; Lucas 9:35; tingnan din sa 3 Nephi 11:7; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Kung gayon, si Jesucristo, ang Jehova, ang Panginoong Diyos ng Israel, ang nangungusap sa mga propeta at sa pamamagitan nila.[9] Ito ang dahilan kung bakit noong nagpakita si Jesus sa mga Nephita matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ipinakilala Niya ang Sarili na "Diyos ng buong sangkatauhan," (3 Nephi 11:14). Ito ang dahilan kung bakit madalas na nakikipag-usap si Jesus sa mga propeta sa Aklat ni Mormon at sa mga Banal sa mga Huling Araw bilang "ang Ama at ang Anak," isang katawagang ipinaliwanag sa inspiradong pagpapahayag ng doktrina ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa 100 taon pa lamang ang nakararaan.[10]



*Ang Espiritu Santo*

Ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos ay ang Espiritu Santo, na tinutukoy din bilang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Panginoon, at ang Mang-aaliw. Siya ang miyembro ng Panguluhang Diyos na tagapagbigay ng personal na paghahayag. Bilang isang personaheng Espiritu (tingnan sa D at T 130:22), Siya ay makapananahanan sa atin at magagampanan ang mahalagang tungkulin Niya bilang tagapaghatid ng mensaheng mula sa Ama at sa Anak para sa mga anak ng Diyos sa lupa. Itinuturo sa maraming banal na kasulatan na ang Kanyang misyon ay patotohanan ang Ama at ang Anak (tingnan sa Juan 15:26; 3 Nephi 28:11; D at T 42:17). Ipinangako ng Tagapagligtas na ituturo sa atin ng Mang-aaliw ang lahat ng mga bagay, ipapaalaala sa atin ang lahat, at papatnubayan tayo sa buong katotohanan (tingnan sa Juan 14:26; 16:13). Samakatwid, ang Espiritu Santo ay tumutulong sa atin na malaman ang pagkakaiba ng katotohanan at kabulaanan, gumagabay sa atin sa mahahalagang desisyon, at tumutulong sa atin na makayanan ang mga hamon sa buhay.[11] Sa pamamagitan din Niya tayo ay pinababanal, ibig sabihin, nililinis at dinadalisay mula sa kasalanan (tingnan sa 2 Nephi 31:17; 3 Nephi 27:20; Moroni 6:4).

IV.

Kaya, paano nakatutulong sa mga hamon natin sa buhay ngayon ang maunawaan ang doktrinang ito na ipinahayag ng langit tungkol sa Panguluhang Diyos at sa plano ng kaligtasan?

Dahil nasa atin ang katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos at sa kaugnayan natin sa Kanila, sa layunin ng buhay, at sa katangian ng ating

walang hanggang tadhana, nasa atin ang pinakamaaasahang gabay at tiyak na kaligtasan sa ating paglalakbay sa mortalidad. Alam natin kung sino ang sinasamba natin at kung bakit tayo sumasamba. Alam natin kung sino tayo at ano ang kahihinatnan natin (tingnan sa D at T 93:19). Alam natin kung sino ang kumilos upang maging posible ang lahat ng ito, at alam natin kung ano ang dapat nating gawin upang matamasa ang mga pinakadakilang pagpapalang darating sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan ng Diyos. Paano natin nalaman ang lahat ng ito? Nalaman natin ito mula sa mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta at sa bawat isa sa atin.

Ang pagtamo sa sinasabi ni Apostol Pablo na "hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo" (Mga Taga Efeso 4:13) ay nangangailangan ng higit pa sa pagtatamo ng kaalaman. Hindi magiging sapat para sa atin na *maniwala* lang sa ebanghelyo; dapat tayong kumilos at mag-isip upang tayo ay *mapabalikloob* nito. Kumpara sa mga institusyon sa daigdig, na nagtuturo sa atin na *alamin* ang isang bagay, ang plano ng kaligtasan at ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naghihikayat sa atin na *maging* isang taong natatangi.

Tulad ng itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson noong nakaraang kumperensya:

"Napakahalaga sa plano [ng kaligtasan] ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kung wala ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, lahat tayo ay maliligaw ng landas. Hindi sapat, gayunman, ang maniwala lamang sa Kanya at sa Kanyang misyon. Kailangan tayong gumawa at matuto, magsaliksik at magdasal, magsisi at magpakabuti pa. Kailangan nating malaman ang mga batas ng Diyos at ipamuhay ang mga ito. Kailangan nating matanggap ang Kanyang nakapagliligtas na mga ordenansa. Sa paggawa lamang nito natin matatamo ang tunay at walang-hanggang kaligayahan. . . .


"Mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa, buong pagpapakumbaba kong pinatototohanan," pahayag ni Pangulong Monson, "ang dakilang kaloob na plano ng ating Ama para sa atin. Ito ay perpektong landas tungo sa kapayapaan at kaligayahan dito at sa mundong darating."[12]



Idaragdag ko ang aking patotoo sa patotoo ng ating mahal na propeta at pangulo. Pinatototohanan ko na tayo ay may Ama sa Langit na nagmamahal sa atin. Pinatototohanan ko na tayo ay may Espiritu Santo, na gumagabay sa atin. At pinatototohanan ko si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas, na ginawang posible ang lahat, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 312.
2. *Mga Turo: Joseph Smith,* 49.
3. Ito ay isang karaniwang kahulugan ng *pakikipisan* nang piliin ang salitang iyan ng mga tagasalin ng King James (tingnan sa *The Oxford Universal Dictionary*, Ika-3 ed., binago [1955], 352).
4. Bruce R. McConkie, *A New Witness for the Articles of Faith* (1985), 51.
5. David O. McKay, sa Conference Report, Okt. 1935, 100.
6. Jeffrey R. Holland, "Ang Kadakilaan ng Diyos," *Liahona,* Nob. 2003, 70.
7. Unang Panguluhan, "The Origin of Man," *Ensign*, Peb. 2002, 26, 29.
8. Tingnan, halimbawa, sa Russell M. Nelson, "Drawing the Power of Jesus Christ into Our Lives," *Liahona,* Mayo 2017, 40; "The Living Christ: The Testimony of the Apostles," *Liahona,* Abr. 2000, 2.
9. Tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* comp. Bruce R. McConkie (1954), 1:27.
10. Tingnan sa First Presidency and Quorum of the Twelve Apostles, "The Father and the Son," *Ensign,* Abr. 2002, 13–18.
11. Tingnan sa Robert D. Hales, "Ang Espiritu Santo," *Liahona,* Mayo 2016, 105–7.
12. Thomas S. Monson, "Ang Perpektong Landas Tungo sa Kaligayahan," *Liahona,* Nob. 2016, 80–81.



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot

*Isantabi natin ang ating takot at sa halip ay mamuhay nang may kagalakan, kapakumbabaan, pag-asa, at lubos na tiwala na kasama natin ang Panginoon.*

Mahal kong mga kapatid, mga kaibigan, malaking pribilehiyo at kasiyahan sa akin na magtipon tayo bilang pandaigdigang Simbahan na pinag-isa ng ating pananampalataya at pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang mga anak.

Lubos akong nagpapasalamat na kasama natin ang ating pinakamamahal na propeta, si Thomas S. Monson. Pangulong Monson, lagi naming susundin ang iyong gabay, payo, at karunungan. Mahal ka namin, Pangulong Monson, at lagi ka naming ipinagdarasal.

Ilang taon na ang nakararaan, noong ako ay stake president pa sa Frankfurt, Germany, isang mabait na kapatid na babae ang malungkot na kumausap sa akin pagkatapos ng isa sa mga miting namin sa stake.



"Hindi ba nakakadismaya?" sabi niya. "Siguro apat o limang tao ang mahimbing na nakatulog habang nagsasalita ka!"

Nag-isip ako sandali at sumagot, "Sigurado ako na ang pagtulog sa simbahan ang isa sa mga talagang nakakapagpalusog na tulog."

Narinig ng asawa kong si Harriet ang pag-uusap na ito at sinabi sa akin kalaunan na isa iyon sa mga pinakamagandang isinagot ko.

### The Great Awakening [Ang Matinding Pagkapukaw]

Ilang daang taon na ang nakararaan sa North America, lumaganap sa iba't ibang dako ng bansa ang isang kilusan na tinawag na "Great Awakening." Isa sa mga pangunahing layunin nito ay pukawin ang mga taong tila tulog pagdating sa mga espirituwal na bagay.

Ang batang si Joseph Smith ay naimpluwensyahan ng mga bagay na kanyang narinig mula sa mga mangangaral na bahagi ng pagkapukaw na ito sa relihiyon. Isa ito sa mga dahilan kaya nagpasiya siyang manalangin nang mag-isa at taimtim na alamin ang kagustuhan ng Panginoon.

Ang mga mangangaral na ito ay madrama at puno ng damdamin kapag nagtuturo, na ang binibigyang-diin ay ang nagniningas na impiyernong naghihintay sa makasalanan.[1] Hindi nakakatulog ang mga tao sa kanilang talumpati—ngunit maaaring magbigay ito sa kanila ng kaunting bangungot. Tila ang layunin at istilo nila ay takutin ang mga tao para sumapi sa kanilang simbahan.

### Pagmamanipula sa pamamagitan ng Pananakot

Noon pa man, pananakot ang kadalasang ginagamit na paraan para mapakilos ang mga tao. Ginagamit ito ng mga magulang sa kanilang mga anak, ng mga amo sa kanilang mga empleyado, at ng mga pulitiko sa kanilang mga botante.

Alam ng mga eksperto sa marketing na epektibo ang pananakot at kadalasang ginagamit ito. Iyan ang

dahilan kaya ipinapahiwatig ng ilang advertisement na kung hindi natin bibilhin ang kanilang breakfast cereal o ang pinakabagong video game o cell phone, posibleng maging miserable ang buhay natin, mamatay nang nag-iisa at malungkot.

Pinagtatawanan natin ito at iniisip na hindi tayo mapapaniwala ng ganyang pagmamanipula, pero kung minsan ay napapaniwala tayo. Ang mas masama, ginagamit natin kung minsan ang gayong mga paraan para pilitin ang iba na gawin ang gusto natin.

Ang mensahe ko ay may dalawang layunin ngayon: Ang una ay hikayatin tayong pagnilayan at alamin kung hanggang saan *natin* ginagamit ang pananakot para hikayatin ang iba—kabilang na ang ating sarili. Ang pangalawa ay para magmungkahi ng mas magandang paraan.

#### Ang Masamang Dulot ng Takot

Una, talakayin natin ang masamang dulot ng takot. Sino ba sa atin ang hindi napilitang kumain nang mas mabuti, magsuot ng seatbelt, mag-ehersisyo pa, mag-ipon ng pera, o magsisi sa kasalanan nang dahil sa takot?

Totoong malaki ang impluwensya ng takot sa mga ikinikilos at inuugali natin. Ngunit ang impluwensyang iyan ay pansamantala lang at mababaw. Hindi lubusang mababago ng takot ang mga puso natin, at hindi ito kailanman magiging dahilan para maging mga tao tayo na nagmamahal sa tama at nagnanais sumunod sa Ama sa Langit.

Ang mga taong takot ay maaaring *sabihin* at gawin ang mga tamang bagay, ngunit hindi nila *nadarama* ang mga tamang bagay. Karaniwang wala silang magawa kundi maghinanakit, at magalit. Sa paglipas ng mga panahon ang mga damdaming ito ay humahantong sa pagdududa, paglaban, at paghihimagsik.

Sa kasamaang-palad, ang lihis na pamamaraang ito sa buhay at pamumuno ay hindi lang nangyayari sa sekular na daigdig. Nalulungkot akong malaman na may mga miyembro ng Simbahan na hindi makatwiran ang pamamahala—ito man ay sa kanilang



tahanan, sa mga tungkulin sa Simbahan, sa trabaho, o sa araw-araw na pakikisalamuha nila sa ibang tao.

Kadalasan, pinupulaan ng mga tao ang mga nang-aapi sa iba, pero hindi nila nakikitang ginagawa rin nila ito. Gusto nilang ipasunod ang kanilang mga di-makatwirang patakaran, at kapag hindi sinusunod ng mga tao ang mga patakarang ito, pinagsasalitaan nila sila, sinasaktan ang damdamin nila, at kung minsan ay pisikal na sinasaktan.

Sinabi ng Paginoon na "kung [tayo ay] . . . [gumagamit] ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan, . . . ang kalangitan ay lalayo [at] ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati."[2]

May mga pagkakataon na natutukso tayong pangatwiranan ang mga kilos at pag-uugali natin dahil mabuti naman ang ating intensyon. Maaaring akalain pa natin na kung kokontrolin, mamanipulahin, at pagsusungitan natin ang iba ay makakabuti pa ito sa kanila. Mali ito, dahil nilinaw ng Panginoon, na "ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil."[3]

#### Mas Mainam na Paraan

Kapag mas nakikilala ko ang aking Ama sa Langit, mas nakikita ko kung paano Niya binibigyang-inspirasyon at pinapatnubayan ang Kanyang mga anak. Hindi siya nagagalit o naghihiganti.[4] Ang Kanyang buong layunin—ang Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian—ay ang gabayan tayo, dakilain tayo, at akayin tayo sa Kanyang kasakdalan.[5]

Inilarawan ng Diyos kay Moises ang Kanyang sarili bilang isang "puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan."[6]

Ang pagmamahal ng Ama sa Langit sa atin na Kanyang mga anak, ay higit pa sa kaya nating maunawaan.[7]

Ang ibig bang sabihin nito ay kinukunsinti o pinalalampas Niya ang mga pag-uugaling salungat sa Kanyang mga utos? Hindi, hindi kailanman!

Ngunit gusto Niyang baguhin hindi lamang ang ating pag-uugali. Gusto Niyang baguhin ang mismong pagkatao natin. Gusto Niyang baguhin ang ating mga puso.

Gusto Niyang magsikap tayo at mahigpit na humawak sa gabay na bakal, harapin ang ating takot, at matapang na humakbang pasulong at paakyat sa makipot at makitid na landas. Gusto Niya ito para sa atin dahil mahal Niya tayo at ito ang daan tungo sa kaligayahan.

Kung gayon, paano hinihikayat ng Diyos ang Kanyang mga anak na sumunod sa Kanya sa ating panahon?

Isinugo Niya ang Kanyang Anak!

Isinugo ng Diyos ang Kanyang

Bugtong na Anak, si Jesucristo, upang ipakita sa atin ang tamang paraan.

Hinihimok tayo ng Diyos sa pamamagitan ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig.[8] Nasa panig natin ang Diyos. Mahal Niya tayo, at kapag tayo ay nadapa, nais Niya na tayo'y tumayo, sumubok na muli, at maging mas matatag.

Siya ang ating gabay at tagapagturo.

Siya ang ating dakila at itinatanging pag-asa.

Nais Niyang hikayatin tayo na manampalataya.

Nagtitiwala Siya na matututo tayo sa ating mga pagkakamali at pipili nang tama.

Ito ang mas mainam na paraan![9]

#### Ano naman ang tungkol sa mga Kasamaan sa Mundo?

Ang isa sa mga paraan na gusto ni Satanas na manipulahin natin ang iba ay ang pagtutuon at pagpapalabis ng kasamaan sa mundo.

Totoong hindi perpekto ang ating mundo noon pa man at kailanman. Napakaraming inosenteng tao na ang nagdusa dahil sa likas na mga pangyayari at sa sadyang kalupitan ng tao. Ang mga katiwalian at kasamaan sa ating panahon ay kakaiba at nakababahala.

Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, mas gusto kong mabuhay sa panahong ito kaysa sa ibang panahon sa kasaysayan ng mundo. Pinagpala tayo nang labis na mabuhay sa panahong ito ng di-mapapantayang pag-unlad, pagkamulat, at kapakinabangan. Higit sa lahat, mapalad tayong mapasaatin ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na nagbibigay sa atin ng kakaibang pananaw sa mga panganib ng mundo at ipinapakita sa atin kung paano maiiwasan o haharapin ang mga panganib na ito.

Kapag naiisip ko ang mga pagpapalang ito, gusto kong lumuhod at magalay ng papuri sa ating Ama sa Langit para sa Kanyang walang hanggang pagmamahal para sa lahat ng Kanyang mga anak.

Hindi ako naniniwala na nais ng Diyos na matakot o magtuon sa mga kasamaan ng mundo ang Kanyang mga anak. "Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan."[10]

Binigyan Niya tayo ng napakaraming dahilan para magalak. Kailangan lang nating makita at mahiwatigan ang mga ito. Madalas ipaalala sa atin ng Panginoon na "huwag [kayong] matakot," na "magalak,"[11] at "huwag kayong mangatakot, munting kawan."[12]

#### Ipaglalaban Tayo ng Panginoon

Mga kapatid, tayo ang "munting kawan" ng Panginoon. Tayo ay mga Banal sa mga huling araw. Nakaugnay na sa ating pangalan ang pangako na umasa sa pagbalik ng Tagapagligtas at ihanda ang ating sarili at ang mundo sa pagtanggap sa Kanya. Samakatwid, paglingkuran natin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa. Gawin natin ito nang may tiwala at nang may pagpapakumbaba, at huwag nating hamakin kailanman ang ibang relihiyon o grupo ng mga tao. Mga kapatid, iniutos sa atin na pag-aralan ang salita ng Diyos at sundin ang tinig ng Espiritu, upang malaman natin "ang mga tanda ng panahon, at ang mga tanda ng pagparito ng Anak ng Tao."[13]

Samakatwid, alam natin ang mga hamon sa mundo, at alam din natin ang mga pagsubok sa ating panahon. Ngunit hindi ibig sabihin niyan na dapat nating pahirapan ang ating sarili o ang iba dahil lagi tayong natatakot. Sa halip na pagtuunan ang bigat ng ating mga pagsubok, hindi ba mas mahalagang magtuon sa walang hanggang kadakilaan, kabutihan, at walang katapusang kapangyarihan ng ating Diyos, magtiwala sa Kanya at maghanda nang may galak ang puso sa pagbalik ni Jesus ang Cristo?

Bilang Kanyang mga pinagtipanang tao, hindi tayo kailangang maparalisa dahil sa takot na may masamang mangyayari. Sa halip, sumulong tayo nang may pananampalataya, tapang, determinasyon, at tiwala sa Diyos sa pagharap natin sa mga darating na hamon at oportunidad.[14]

Hindi tayo mag-isang naglalakbay sa landas ng pagkadisipulo. "Ang Panginoon mong Dios ay . . . yumayaong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pababayaan ka niya."[15]

"Ipakikipaglaban kayo ng Panginoon, at kayo'y tatahimik."[16]

Kapag tayo ay natatakot, maging matapang tayo, manampalataya, at magtiwala sa pangako na "walang armas na ginawa laban sa iyo ay pakikinabangan."[17]

Nabubuhay ba tayo sa ligalig at kaguluhan? Oo, totoo iyan.

Sinabi mismo ng Diyos, "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."[18]

Maipapakita ba natin ang pananampalataya na maniwala at kumilos ayon



dito? Matutupad ba natin ang ating mga ipinangako at mga sagradong tipan? Masusunod ba natin ang mga kautusan ng Diyos kahit sa oras ng mga pagsubok at nasa mahirap tayong kalagayan? Oo, magagawa natin!

Magagawa natin dahil ipinangako ng Diyos na, "Lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti, kung kayo ay lalakad nang matwid ".[19] Kung gayon, isantabi natin ang ating takot at sa halip ay mamuhay nang may kagalakan, kapakumbabaan, pag-asa, at lubos na tiwala na kasama natin ang Panginoon.

#### Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot

Mahal kong mga kaibigan, mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung makadama tayo ng takot o pangamba, o kung matuklasan natin na ang ating pananalita, pag-uugali, o ikinikilos ay nagdudulot ng takot sa iba, idinadalangin ko sa buong lakas ng aking kaluluwa na mawala sa atin ang takot na ito sa tulong ng ibinigay ng langit na panlaban sa takot: ang dalisay na pagibig ni Cristo, sapagkat "ang sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot."[20]

Dinadaig ng sakdal na pag-ibig ni Cristo ang mga tukso na manakit, mamilit, manakot, o mang-api.

Ang sakdal na pag-ibig ni Cristo ay tutulutan tayong lumakad nang may kapakumbabaan, dignidad, at matapang na tiwala sa sarili bilang mga tagasunod ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas. Ang sakdal na pag-ibig ni Cristo ay nagbibigay sa atin ng tiwala na magpatuloy sa kabila ng takot at magtiwala nang lubos sa kapangyarihan at kabutihan ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

Sa ating mga tahanan, pinagtatrabahuhan, mga tungkulin sa Simbahan, sa ating mga puso, palitan natin ang takot ng sakdal na pag-ibig ni Cristo. Papalitan ng pag-ibig ni Cristo ng pananampalataya ang takot!

Ang Kanyang pagmamahal ay tutulong sa atin na makita, magtiwala, at manalig sa kabutihan ng ating Ama sa Langit, sa Kanyang banal na plano, Kanyang ebanghelyo, at Kanyang mga kautusan.[21] Dahil sa pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa ang pagsunod natin sa mga utos ng Diyos ay magiging pagpapala sa halip na pasanin. Ang pagmamahal ni Cristo ay tutulong sa atin na maging mas mabait, mas mapagpatawad, mas mapagmahal, at mas tapat sa Kanyang gawain.


Kapag pinuspos natin ang ating puso ng pag-ibig ni Cristo, mapupukaw ang panibagong espirituwal na kasiglahan sa atin at lalakad tayo nang may galak, tiwala, at sigla sa liwanag at kaluwalhatian ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas na si Jesucristo.

Pinatototohanan ko, tulad ni Apostol Juan na, "Walang takot sa pagibig [ni Cristo]."[22] Mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, lubos kayong kilala ng Diyos. Lubos Niya kayong mahal. Alam Niya kung ano ang nakalaan sa inyo sa hinaharap. Gusto Niya na "Huwag [kayong] matakot, manampalataya . . . lamang"[23] at "[manatili] sa kanyang [sakdal na] pagibig."[24] Ito ang aking dalangin at basbas sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

##### MGA TALA

1. Sina George Whitefield at Jonathan Edwards ang dalawang kilalang halimbawa ng ganitong uri ng mangangaral.
2. Doktrina at mga Tipan 121:37.
3. Mga Taga Galacia 5:22–23.
4. Sa isang pangyayari, pumasok ang Tagapagligtas sa nayon ng mga Samaritano, ngunit hindi tinanggap ng mga tao si Jesus at ayaw Siyang patuluyin sa kanilang nayon. Ikinagalit ito ng dalawa sa Kanyang mga disipulo at nagtanong: "Panginoon, ibig mo bagang magpababa tayo ng apoy mula sa langit, at sila'y pugnawin?" Isinagot ni Jesus ang babalang ito: "[Di ninyo alam kung anong uri ng espiritu mayroon kayo]. [Sapagka't ang Anak ng tao ay hindi naparito para lipulin ang mga tao, kundi para iligtas sila]" (tingnan sa Luke 9:51–56, New King James Version [1982]).
5. Tingnan sa Moises 1:39; tingnan din sa Mga Taga Efeso 3:19.
6. Exodo 34:6.
7. Tingnan sa Mga Taga Efeso 3:19.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41. Tunay nga na kung inaasahan tayo ng Diyos, na Kanyang mga mortal na anak, na pakitunguhan sa ganitong paraan ang isa't isa, Siya—isang perpektong nilalang na nagtataglay ng lahat ng kabutihan—ang magiging huwaran para sa gayong paguugali.
9. Ang Kapulungan sa Langit na ginanap bago ang buhay na ito ay isang napakagandang halimbawa na nagpapakita ng katangian ng Diyos. Inilahad doon ng ating Ama sa Langit ang Kanyang plano para sa ating walang hanggang pag-unlad. Kasama sa mahahalagang bahagi ng planong iyan ang kalayaan o karapatang pumili, pagsunod, at kaligtasan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo. Gayunpaman, nagmungkahi si Lucifer ng kakaibang pamamaraan. Siniguro niya na susunod ang lahat—wala ni isang mawawala. Ang tanging paraan para maisagawa ito ay sa pamamagitan ng pagmamalupit at pamimilit. Ngunit hindi pinahintulutan ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang ganoong plano. Mahalaga sa Kanya ang kalayaang pumili ng Kanyang mga anak. Alam Niya na kailangan tayong magkamali kung talagang gusto nating matuto. At iyan ang dahilan kaya naglaan Siya ng Tagapagligtas, na ang walang-hanggang sakripisyo ay maglilinis sa atin sa kasalanan at magtutulot sa atin na makabalik sa kaharian ng Diyos.

   Nang makita ng ating Ama sa Langit na marami sa Kanyang mga minamahal na anak ang nahikayat ni Lucifer, pinilit ba Niya sila na sundin ang Kanyang plano? Tinakot o pinagbantaan ba Niya ang mga tao na gumawa ng gayong kasamang pagpili? Hindi. Kung tutuusin madali lang patigilin ng ating pinakamakapangyarihang Diyos ang paghihimagsik na ito. Maaari naman Niyang ipilit ang Kanyang kagustuhan sa mga tumiwalag at pasunurin sila. Bagkus, tinulutan Niya ang Kanyang mga anak na pumili para sa kanilang sarili.
10. II Kay Timoteo 1:7.
11. Tingnan, halimbawa, sa Josue 1:9; Isaias 41:13; Lucas 12:32; Juan 16:33; I Ni Pedro 3:14; Doktrina at mga Tipan 6:36; 50:41; 61:36; 78:18.
12. Lucas 12:32.
13. Doktrina at mga Tipan 68:11.
14. Ang payo ni Moises sa mga tao ng kanyang panahon ay angkop pa rin ngayon: "Huwag kayong matakot. . . . Tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon na gagawin sa inyo ngayon" (Exodus 14:13, New King James Version).
15. Deuteronomio 31:6.
16. Exodus 14:14, New King James Version.
17. Isaias 54:17.
18. Juan 16:33.
19. Doktrina at mga Tipan 90:24; tingnan din sa II Mga Taga Corinto 2:14; Doktrina at mga Tipan 105:14.
20. I Ni Juan 4:18.
21. Alalahanin natin na ang Tagapagligtas ay hindi naparito "upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya" (Juan 3:17). Sa katunayan, "Hindi siya gumagawa ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan; sapagkat mahal niya ang sanlibutan, maging ang kanyang sariling buhay ay inialay niya upang mapalapit ang lahat ng tao sa kanya" (2 Nephi 26:24).
22. I Ni Juan 4:18; tingnan din sa I Ni Juan 4:16.
23. Marcos 5:36.
24. Juan 15:10.





Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Tinig ng Babala

*Bagama't damang-dama ng mga propeta ang tungkuling magbabala, tungkulin din ito ng iba.*

Ang propetang si Ezekiel ay isinilang mga dalawang dekada bago nilisan ni Lehi at ng kanyang pamilya ang Jerusalem. Noong 597 BC, sa edad na 25, isa si Ezekiel sa maraming bihag na dinala ni Nabucodonosor sa Babilonia, at maaaring masabi nating ginugol niya ang nalalabi niyang buhay doon.[1] Nasa angkan siya ng mga maytaglay ng Aaronic priesthood, at sa edad na 30, siya ay naging isang propeta.[2]

Sa pag-aatas kay Ezekiel, ginamit ni Jehova ang metapora ng isang bantay.

"Kung pagkakita [ng bantay] ng tabak na dumarating sa lupain, kaniyang hipan ang pakakak, at magbigay alam sa bayan;

"Sinoman ngang makarinig ng tunog ng pakakak, at hindi pinansin kung ang tabak ay dumating at dalhin siya, ang kaniyang dugo ay mapapasa kaniyang sariling ulo."[3]

Sa kabilang dako, "kung makita ng bantay na dumarating ang tabak, at hindi humihip ng pakakak, at ang bayan ay hindi napagbigyang alam, at ang tabak ay dumating, at maghiwalay ng sinoman mula sa gitna nila, . . . ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa kamay ng bantay."[4]

Pagkatapos ay tuwirang sinabi ni Jehova kay Ezekiel, "Sa gayo'y ikaw, anak ng tao, ay inilagay ko na bantay sa sangbahayan ni Israel; kaya't dinggin mo ang salita sa aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila [para sa] akin."[5] Ang babala ay ang talikuran ang kanilang kasalanan.

"Pagka aking sinabi sa masama, Oh masamang tao, ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kaniyang lakad: ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang kasamaan, nguni't ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay.

"Gayon ma'y kung iyong bigyang alam ang masama ng kaniyang lakad upang humiwalay, at hindi niya hiniwalayan ang kaniyang lakad; mamamatay siya sa kaniyang kasamaan, nguni't iniligtas mo ang iyong kaluluwa. . . .

"Muli, pagka aking sinabi sa masama, Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; kung kaniyang iwan ang kaniyang kasalanan, at gawin ang tapat at matuwid; . . .

"Wala sa kaniyang mga kasalanan na kaniyang nagawa na aalalahanin laban sa kaniya; kaniyang ginawa ang tapat at matuwid; siya'y walang pagsalang mabubuhay."[6]

Mahalagang pansinin na ang babalang ito ay angkop din sa mabubuti. "Pagka aking sasabihin sa matuwid na siya'y walang pagsalang mabubuhay; kung siya'y tumiwala sa kaniyang katuwiran, at gumawa ng kasamaan, anoman sa kaniyang mga matuwid na gawa ay hindi aalalahanin; kundi sa kaniyang kasamaan na kaniyang nagawa doon siya mamamatay."[7]

Sa pagsusumamo sa Kanyang mga anak, sinabi ng Diyos kay Ezekiel, "Sabihin mo sa kanila, Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, wala akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kaniyang lakad at mabuhay: manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masasamang lakad; sapagka't bakit kayo mangamamatay, Oh sangbahayan ni Israel?"[8]

Malayo sa pagiging sabik magparusa, hangad ng ating Ama sa Langit at ng ating Tagapagligtas ang ating kaligayahan at nagsusumamong magsisi tayo, lubos na nababatid na "ang kasamaan ay hindi kailanman [naging at magiging] kaligayahan."[9] Kaya si Ezekiel at ang bawat propeta bago at simula noon, na nagpahayag ng salita ng Diyos nang buong puso, ay nagbabala sa lahat ng may kalooban na tumalikod kay Satanas, ang kaaway ng kanilang kaluluwa, at "[piliin ang] kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang



Tagapamagitan ng lahat ng tao."[10]

Bagama't damang-dama ng mga propeta ang tungkuling magbabala, tungkulin din ito ng iba. Katunayan, "nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa."[11] Tayo na nakakaalam na ng dakilang plano ng kaligayahan—at ng kaugnay nitong mga kautusan—ay dapat magkaroon ng hangaring ibahagi ang kaalamang iyan dahil gumagawa ito ng malaking kaibhan dito at sa kawalang-hanggan. At kung itatanong natin, "Sino ang aking kapwa na dapat kong balaan?" tiyak na ang sagot ay matatagpuan sa isang talinghagang nagsisimula sa, "Isang tao'y bumababa sa Jerico na mula sa Jerusalem, at siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan,"[12] at sinundan ito ng iba pa.

Ang pag-iisip sa talinghaga ng mabuting Samaritano sa kontekstong ito ay nagpapaalala sa atin na ang tanong na "Sino ang aking kapwa?" ay naukaugnay sa dalawang dakilang utos: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pagiisip mo; at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."[13] Ang humihikayat na itaas ang tinig ng babala ay pag-ibig—pag-ibig sa Diyos at sa kapwa-tao. Ang magbabala ay ang magmalasakit. Iniutos ng Panginoon na dapat itong gawin "sa kahinahunan at kaamuan"[14] at "sa pamamagitan . . . ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan . . . , at ng hindi pakunwaring pag-ibig."[15] Maaaring agaran ito, katulad ng kapag binalaan natin ang isang bata na huwag isalang sa apoy ang kanyang kamay. Kailangan ay malinaw ito at kung minsan ay may mariing paninindigan. Paminsan-minsan, ang babala ay nagiging isang pagtatama "kapag pinakikilos [tayo] ng Espiritu Santo,"[16] ngunit palaging dahil sa pagmamahal. Saksihan, halimbawa, ang pagmamahal na naghihikayat ng paglilingkod at mga sakripisyo ng ating mga missionary.

Tunay ngang pakikilusin ng pagmamahal ang mga magulang para balaan ang pinakamalalapit nilang "kapwa,"—ang sarili nilang mga anak. Ang ibig sabihin nito ay ituro at patotohanan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Nangangahulugan ito na turuan ang mga bata ng doktrina ni Cristo: pananampalataya, pagsisisi, binyag, at ang kaloob na Espiritu Santo.[17] Nagpaalala ang Panginoon sa mga magulang, "Ipinag-utos ko sa inyo na palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan."[18]



Ang isang mahalagang elemento ng tungkuling magbabala ng mga magulang ay hindi lamang ang ilarawan ang nakalulungkot na bunga ng kasalanan kundi maging ang kagalakan sa pagsunod sa mga kautusan. Alalahanin ang sinabi ni Enos tungkol sa kung ano ang nag-akay sa kanya na hanapin ang Diyos, tanggapin ang kapatawaran ng mga kasalanan, at magbalik-loob:

"Masdan, ako ay humayo upang mangaso sa mga kagubatan; at ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan, *at ang kagalakan ng mga banal,* ay tumimo nang malalim sa aking puso.

"At ang aking kaluluwa ay nagutom; at ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing."[19]

Dahil sa Kanyang walang kapantay na pag-ibig at malasakit sa iba at sa kanilang kaligayahan, hindi nag-atubili si Jesus na magbabala. Sa pagsisimula ng Kanyang ministeryo, "nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit."[20] Dahil alam Niyang hindi paakyat sa langit ang lahat ng landas, iniutos Niya:

"Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok:

"Sapagka't makipot ang pasukan, at makitid ang daan, patungo sa buhay, at kakaunti ang nakasusumpong nito."[21]

Naglaan Siya ng panahon sa mga makasalanan, at sinabi, "Hindi ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi."[22]

Tungkol sa mga eskriba, Fariseo, at Saduceo, matigas si Jesus sa pagsumpa sa kanilang pagkukunwari. Tuwiran ang Kanyang mga babala at utos: "Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga [mapagpanggap]! sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuena, at ng anis at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang

lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya: datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di gawin yaong iba."[23] Tiyak na hindi pararatangan ninuman ang Tagapagligtas na hindi Niya minahal ang mga eskriba at Fariseo—dahil sa kabila ng lahat, Siya ay nagdusa at namatay upang iligtas din sila. Ngunit dahil mahal Niya sila, ayaw Niyang hayaan silang patuloy na magkasala nang hindi sila malinaw na itinatama. Pagpuna ng isang nagmamasid, "Tinuruan ni Jesus ang kanyang mga alagad na gawin ang kanyang ginawa: na tanggapin ang lahat ngunit turuan din sila tungkol sa kasalanan, dahil kung mahal nila ang mga tao, kailangan silang balaan sa mga makasasakit sa kanila."[24]



Kung minsan, ang mga nagtataas ng tinig ng babala ay itinuturing na mapanghusga. Gayunman, isang kabalintunaan na kadalasan, ang mga nagsasabing ang katotohanan ay depende sa pananaw ng tao at ang mga pamantayang moral ay depende sa gusto ng tao ay sila mismong mga sobra kung mamintas sa mga taong ayaw tanggapin ang kasalukuyang itinuturing ng lipunan na "tamang pag-iisip." Tinukoy ito ng isang manunulat na "kultura ng hiya":

"Sa kultura ng pagkakonsensya, alam mong mabuti o masama kang tao batay sa dikta ng iyong konsiyensya. Sa kultura ng hiya, alam mong mabuti o masama kang tao batay sa sinasabi ng mga tao tungkol sa iyo, kung ito ay ikararangal mo o kung itatakwil ka dahil dito. . . . [Sa kultura ng hiya,] ang moralidad ay hindi batay sa mga alituntunin ng tama at mali; batay ito sa pagiging katanggap-tanggap at pagiging katakwil-takwil. . . .

". . . Lahat ng tao ay patuloy na nangangamba sa isang sistema ng moralidad na batay sa pagtanggap o pagtatakwil. Walang permanenteng mga pamantayan, maliban sa pabagubagong pagpapasiya ng mga tao. Ito ay isang kultura ng pagiging sobrang maramdamin, ng pagbibigay ng labis na reaksyon at pagkalito sa kung ano ang tama o mali, kung saan napipilitan ang lahat na magpatangay. . . .

"Ang kultura ng pagkakonsensya ay maaaring malupit, ngunit maaari mo namang kamuhian ang kasalanan at mahalin pa rin ang nagkasala. Pinahahalagahan di-umano sa makabagong kultura ng hiya ang pagtanggap at pagpaparaya, ngunit maaaring walang-awa ito sa mga hindi sang-ayon at sa mga hindi napapabibilang."[25]

Kasalungat nito ang "bato na ating Manunubos,"[26] isang matatag at permanenteng pundasyon ng katarungan at kabutihan. Mas mabuting magkaroon ng di-nagbabagong batas ng Diyos kung saan maaari nating piliin ang ating tadhana kaysa mabihag sa pabagu-bagong mga patakaran at poot ng mga nagkakagulong tao sa social media. Mas mabuting malaman ang katotohanan kaysa "napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat ng hangin ng aral."[27] Mas mabuting magsisi at mamuhay ayon sa pamantayan ng ebanghelyo kaysa magkunwaring walang tama o mali at manghina sa kasalanan at panghihinayang.

Ipinahayag ng Panginoon, "Ang tinig ng babala ay mapapasalahat ng tao, sa pamamagitan ng mga bibig ng aking mga disipulo, na aking mga pinili sa mga huling araw na ito."[28] Bilang mga bantay at disipulo, hindi tayo maaaring walang kilingan sa "[higit na mabuting paraan]."[29] Tulad ni Ezekiel, hindi natin maaaring makita ang pagdating ng espada sa lupain nang "hindi humi[hi]hip ng pakakak."[30] Hindi ito nangangahulugang kakalampagin natin ang pinto ng ating kapitbahay o tatayo tayo sa plasa at sisigaw ng, "Magsisi!" Ang totoo, kapag inisip ninyo ito, nasa atin sa ipinanumbalik na ebanghelyo ang talagang gusto ng mga tao. Kaya ang tinig ng babala ay karaniwang hindi lamang magalang, kundi sabi nga ng Mang-aawit, iyo'y "ingay ng kagalakan."[31]

Bumanggit ang opinion editor ng *Deseret News* na si Hal Boyd ng isang

halimbawa ng masamang paglilingkod na likas sa pananatiling tahimik. Sinabi niya na samantalang nagkakaroon pa rin ng mga "intelektwal na pagtatalo" ang mayayaman sa lipunan ng Amerika tungkol sa ideya ng pagpapakasal, hindi ang mismong pagpapakasal ang pinagtatalunan nila sa kanilang pamumuhay. "'Nagpapakasal at nananatiling kasal ang mayayaman at tinitiyak nila na natatamasa ng kanilang mga anak ang mga pakinabang ng matatag na pagsasama ng mag-asawa.' . . . Gayunman, ang problema ay parang ayaw [nilang] ipangaral ang ginagawa nila." Ayaw nilang "pilitin" ang mga taong talagang nagagamit ang kanilang moral na pamumuno, ngunit "marahil ay panahon na para tumigil ang mga may pinag-aralan at matatatag na pamilya sa pagkukunwaring wala silang pinapanigan at simulang ipangaral kung ano ang ginagawa nila na may kinalaman sa pag-aasawa at pagiging magulang . . . [at] tulungan ang kapwa nila Amerikano na tanggapin ito."[32]

Tiwala kami lalo sa inyo na bagong henerasyon, mga kabataan at young adult na kailangang asahan ng Panginoon para sa tagumpay ng Kanyang gawain sa darating na mga taon, na susuportahan ninyo ang mga turo ng ebanghelyo at mga pamantayan ng Simbahan sa publiko at nang pribado. Huwag pabayaan ang mga tao na tatanggap sa katotohanan na mahirapan at mabigo dahil wala silang alam tungkol dito. Huwag tayong magpadala sa maling paniniwala na tama lang na hayaan na lang natin sila o matakot—matakot na maabala, tanggihan, at kahit na magdusa. Alalahanin ang pangako ng Tagapagligtas:

"Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin.

"Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo."[33]

Sa huli, pananagutan nating lahat sa Diyos ang ating mga pagpapasiya at pamumuhay. Ipinahayag ng Tagapagligtas: "Isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung ang mga yaon ay mabuti o kung ang mga yaon ay masama."[34]

Dahil kinikilala ko ang kapangyarihan ng Panginoon, sumasamo ako sa mga salita ni Alma:

"At ngayon, mga kapatid ko [na lalaki at babae], hinihiling ko mula sa kaibuturan ng aking puso, oo, lakip ang labis na pagkabahala maging sa pasakit, na [inyong] . . . iwaksi ang inyong mga kasalanan, at huwag ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi;

"Kundi ang kayo ay magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Panginoon, at manawagan sa kanyang banal na pangalan, at magbantay at patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi matukso nang higit sa inyong makakaya, at sa gayon ay akayin ng Banal na Espiritu . . . ;

"May pananampalataya sa Panginoon; may pag-asa na kayo ay makatatanggap ng buhay na walang hanggan; may pag-ibig sa Diyos tuwina sa inyong mga puso, upang kayo ay dakilain sa huling araw at makapasok sa kanyang kapahingahan."[35]

Nawa'y masabi nating lahat sa Panginoon tulad ni David, "Hindi ko ikinubli ang iyong katuwiran sa . . . aking puso; aking ibinalita ang iyong pagtatapat, at ang iyong pagliligtas: Hindi ko inilihim ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan sa dakilang kapisanan. Huwag mong pigilin sa akin ang iyong mga malumanay na kaawaan, Oh Panginoon."[36] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Richard Neitzel Holzapfel, Dana M. Pike, at David Rolph Seely, *Jehovah and the World of the Old Testament* (2009), 344.
2. Tingnan sa Ezekiel 1–3; Holzapfel, *Jehovah and the World of the Old Testament*, 344.
3. Ezekiel 33:3–4.
4. Ezekiel 33:6.
5. Ezekiel 33:7.
6. Ezekiel 33:8–9, 14, 16.
7. Ezekiel 33:13.
8. Ezekiel 33:11.
9. Alma 41:10.
10. 2 Nephi 2:27.
11. Doktrina at mga Tipan 88:81.
12. Lucas 10:30.
13. Lucas 10:27.
14. Doktrina at mga Tipan 38:41.
15. Doktrina at mga Tipan 121:41.
16. Doktrina at mga Tipan 121:43.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25.
18. Doktrina at mga Tipan 93:40.
19. Enos 1:3–4; idinagdag ang pagbibigay-diin. Tulad ng ipinahayag ni Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensya anim na buwan na ang nakararaan: "Mahal kong mga kapatid, ang kagalakang nadarama natin ay halos walang kinalaman sa mga sitwasyon natin sa buhay kundi sa pinagtutuunan natin sa buhay. . . . Ang kagalakan ay nagmumula at dahil [kay Jesucristo]. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kagalakan" ("Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan," *Liahona*, Nob. 2016, 82).
20. Mateo 4:17.
21. Mateo 7:13–14.
22. Lucas 5:32.
23. Mateo 23:23.
24. Chris Stefanick, *Absolute Relativism: The New Dictatorship and What to Do about It* (2011), 33.
25. David Brooks, "The Shame Culture," *New York Times,* Mar. 15, 2016, A29.
26. Helaman 5:12.
27. Mga Taga Efeso 4:14. Dapat nating isaisip na maaaring hindi alam ng ilang tao na hangad nating balaan na mapanganib ang kanilang kalagayan. Binanggit ng Panginoon ang marami sa ating panahon nang sabihin Niyang:
    "Sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad:
    "Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay [tunay na] makakita" (Apocalipsis 3:17–18).
28. Doktrina at mga Tipan 1:4; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 1:5.
29. I Mga Taga Corinto 12:31.
30. Ezekiel 33:6.
31. Mga Awit 66:1; 98:4.
32. Hal Boyd, "Hey Progressive Elites! It's Time to Preach What You Practice," *Deseret News*, Okt. 20, 2016, deseretnews.com. Sumipi rin siya mula kay W. Bradford Wilcox na sociologist na mula sa University of Virginia.
33. Mateo 5:11–12.
34. 3 Nephi 27:14.
35. Alma 13:27–29.
36. Mga Awit 40:10-11.



**Ni Elder Joaquin E. Costa**
Ng Pitumpu

# Sa mga Kaibigan at Investigator ng Simbahan

*Kung kayo ay magsisikap na tumanggap ng paghahayag, magpapakumbaba, magbabasa, magdarasal, at magsisisi, mabubuksan ang kalangitan at malalaman ninyo na si Jesus ang Cristo.*

Isang Biyernes ng hapon, Setyembre 16, 1988, sa Vicente López Ward meetinghouse sa Buenos Aires, Argentina, nabinyagan akong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bininyagan ako ng aking napakabuting kaibigan na si Alin Spannaus noong araw na iyon, at masaya ako, magaan ang pakiramdam ko, at sabik akong matuto pa.

Ngayon, gusto kong magbahagi ng ilang aral na natutuhan ko sa aking landas patungo sa binyag—mga aral na sana'y makatulong sa mga nakikinig na hindi miyembro ng Simbahan. Dalangin ko na tulad ko ay maantig din ng Espiritu ang mga puso ninyo.

#### Una, Pakikipagkilala sa mga Missionary

Bakit magiging interesado ang isang taong walang mahihirap na hamon, pangangailangan, o tanong na makilala ang mga missionary at makinig sa mga itinuturo nila? Sa sitwasyon ko, pag-ibig ang dahilan—pag-ibig sa isang babae, si Renee. Umibig ako sa kanya, at gusto ko siyang pakasalan. Iba siya at iba ang mga pamantayan niya kaysa halos lahat ng dalagang kilala ko. Pero umibig ako sa kanya at inalok ko siya ng kasal—at tumanggi siya!

Nalito ako. Akala ko ay kaibig-ibig ako! Guwapo ako, 24 anyos, tapos ng kolehiyo at maganda ang trabaho. Sinabi niya ang mga pangarap niya—na magpakasal lang sa isang lalaking magdadala sa kanya sa templo, na magkaroon ng walang-hanggang pamilya—at tinanggihan niya ang alok ko. Gusto kong ipagpatuloy ang relasyon, kaya pumayag akong makinig sa mga missionary. Magandang dahilan ba ito para kausapin ang mga missionary? Para sa akin, oo.

Nang una kong makausap ang mga missionary, hindi ko naunawaan ang karamihan sa mga sinabi nila, at para sabihin sa inyo ang totoo, hindi ko yata sila masyadong pinakinggan. Hindi ako interesado sa isang bagong relihiyon. Gusto ko lang patunayan na mali sila at magkaroon ng panahon na kumbinsihin si Renee na magpakasal pa rin sa akin.

Ngayon ay may mga anak na ako na nakapagmisyon at nasa misyon, at nauunawaan ko ang mga sakripisyong ginagawa ng mga binata't dalagang ito para maituro ang ebanghelyo ni Jesucristo. Sana ay mas nakinig ako kina Elder Richardson, Elder Farrell, at Elder Hyland, ang mababait na missionary na nagturo sa akin.

Kaya, mula sa unang lesson ko, sinasabi ko sa inyo mga kaibigan at investigator ng Simbahan: *kapag nakilala ninyo ang mga missionary, seryosohin sana ninyo sila; nag-uukol sila ng mahahalagang taon ng kanilang buhay para lang sa inyo.*



**Pangalawa, Pagsisimba**

Noong una akong dumalo sa isang pulong ng Simbahan, marami akong narinig na walang katuturan sa akin. Sino ang mga Beehive? Ano ang Aaronic Priesthood? ang Relief Society?

Kung ngayon lang kayo nakadalo sa isang pulong ng Simbahan at nalilito kayo sa isang bagay na hindi ninyo maunawaan, huwag mag-alala! Wala rin akong alam noon. Pero naaalala ko pa ang mga impresyon, ang damdamin ng kapayapaan at kagalakan na bago sa akin. Hindi ko iyon alam noon, pero ibinubulong ng Espiritu Santo sa mga tainga at puso ko, "Tama ito."

Kaya pahintulutan akong ibahagi ang aral na ito sa isang pangungusap: *kung nalilito kayo, huwag mag-alala; alalahanin ang nadama ninyo; nagmumula iyon sa Diyos.*

**Pangatlo, Pagbabasa ng Aklat ni Mormon**

Pagkaraan ng ilang pakikipag-usap sa mga missionary, hindi ako gaanong sumusulong. Pakiramdam ko ay hindi ko natanggap ang pagpapatibay sa katotohanan ng ebanghelyo.

Isang araw, tinanong ako ni Renee, "Binabasa mo ba ang Aklat ni Mormon?"

Sabi ko, "Hindi." Nakikinig ako sa mga missionary—hindi pa ba sapat iyon?

May luha sa kanyang mga mata na tiniyak sa akin ni Renee na alam niya na ang Aklat ni Mormon ay totoo at ipinaliwanag na kung gusto kong malaman kung totoo ito, ang tanging paraan ay—hulaan ninyo—basahin ito! At pagkatapos ay magtanong!

Magbasa, magbulay-bulay sa inyong puso, at "itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, . . . nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo" (Moroni 10:4) kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, kung ito ang totoong Simbahan.

Kaya ang pangatlong aral, sa isang pangungusap: *Kapag natanggap ninyo ang mga bagay na ito—ang Aklat ni Mormon—at pinayuhan kayong basahin ito at magtanong sa Diyos kung ito ay totoo, sumunod lang kayo!*



**Ang huli, Pagsisisi**

Ang huling karanasang gusto kong ibahagi ay tungkol sa pagsisisi. Nang matapos ko ang lahat ng lesson ng mga missionary, hindi pa rin ako kumbinsido na may kailangan akong baguhin sa buhay ko. Si Elder Cutler, isang binata at kumpyansang missionary na kakaunti ang alam na Spanish, ang nagsabi isang araw, "Joaquin, basahin nating dalawa ang Alma 42, at isasama natin ang pangalan mo habang binabasa natin ito."

Sa isip ko ay kalokohan iyon, pero ginawa ko ang ipinagawa ni Elder Cutler at binasa ko ang talata 1: "At ngayon, [Joaquin,] anak ko, nahihiwatigan ko na kahit paano ay mayroon pang bumabalisa sa iyong isipan, na hindi mo maunawaan." Naku! Kinakausap ako ng aklat.

At binasa namin ang talata 2: "Ngayon masdan, [Joaquin,] anak ko, ipaliliwanag ko sa iyo ang bagay na ito," at pagkatapos ay inilarawan ang Pagkahulog ni Adan.

At pagkatapos sa talata 4: "At sa gayon ating nakikita na may isang panahong ipinagkaloob [kay Joaquin] upang magsisi."

Patuloy kaming nagbasa nang dahan-dahan, talata sa talata, hanggang sa marating namin ang huling tatlong talata. Pagkatapos ay naapektuhan ako ng isang malakas na puwersa. Nagsalita ang aklat *nang tuwiran* sa akin, at nagsimula akong umiyak habang nagbabasa ako, "At ngayon, [Joaquin,] anak ko, hinihiling ko na ang mga bagay na ito ay huwag nang gumulo pa sa iyo, at hayaan na ang iyong mga kasalanan na lamang ang bumagabag sa iyo, sa yaong pangbabagabag na magdadala sa iyo sa pagsisisi" (talata 29).

Natatanto ko ngayon na inasahan kong tumanggap ng paghahayag nang walang ibinibigay na kapalit. Hanggang sa sandaling iyon hindi pa ako talaga nakipag-usap sa Diyos, at parang kahangalan ang ideyang makipag-usap sa isang taong wala roon. Kinailangan kong magpakumbaba at gawin ang ipinagagawa sa akin kahit, sa aking makamundong isipan, parang kalokohan iyon.

Noong araw na iyon, binuksan ko ang aking puso sa Espiritu, ginusto kong magsisi, at magpabinyag! Bago ang sandaling iyon, akala ko ay negatibo ang magsisi na nauugnay lamang sa kasalanan at pagkakamali, pero biglang nag-iba ang pananaw ko rito—na isang bagay ito na positibo na nagbigay-daan sa paglago at kaligayahan.

Narito si Elder Cutler ngayon, at gusto ko siyang pasalamatan sa pagmumulat sa akin. Bawat desisyong nagawa ko sa buhay simula noon ay naimpluwensyahan ng sandaling iyon na nagpakumbaba ako at nagdasal na mapatawad, at naging bahagi ng buhay ko ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo para sa akin.

Kaya ang huling lesson, sa isang pangungusap: *magsisi; walang mas maglalapit sa inyo sa Panginoong Jesucristo kaysa sa hangarin ninyong magbago.*

Mahal kong mga investigator, kaibigan ng Simbahan, kung nakikinig kayo ngayon, malapit na ninyong maranasan ang pinakamalaking kagalakan. Kay lapit na ninyo!

Inaanyayahan ko kayo, nang buong lakas ng puso at mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa: humayo at magpabinyag! Iyan ang pinakamagandang bagay na magagawa ninyo. Babaguhin nito hindi lamang ang inyong buhay kundi maging ang buhay ng inyong mga anak at apo.

Nabiyayaan ako ng Panginoon ng isang pamilya. Pinakasalan ko si Renee, at may apat kaming magagandang anak. At dahil nabinyagan ako, gaya ng propetang si Lehi noong unang panahon, ay maaari ko silang anyayahan na makibahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay, na siyang pag-ibig ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 8:15; 11:25). Matutulungan ko silang lumapit kay Cristo.

Kaya pag-isipan sana ninyo ang mga karanasan ko, at (1) seryosohin ang mga missionary, (2) magsimba at alalahanin ang mga espirituwal na damdamin, (3) basahin ang Aklat ni Mormon at itanong sa Panginoon kung ito ay totoo, at (4) magsisi at magpabinyag.

Pinatototohanan ko sa inyo na kung kayo ay magsisikap na tumanggap ng paghahayag, magpapakumbaba, magbabasa, magdarasal, at magsisisi, mabubuksan ang kalangitan at malalaman ninyo na si Jesus ang Cristo, na Siya ang akin at ang inyong Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder S. Mark Palmer**
Ng Pitumpu

# At Pagtitig sa Kaniya ni Jesus, ay Giniliw Siya

*Anumang oras na madama ninyo na mahirap ang ipinagagawa sa inyo, isipin ang Panginoon na nakatitig sa inyo, minamahal kayo at inaanyayahan kayong sumunod sa Kanya.*

Ilang taon na ang nakalipas, kami ng asawa kong si Jacqui ay tinawag na mamuno sa Washington Spokane Mission. Dumating kami sa misyon na may halong pangamba at pananabik sa responsibilidad na makipagtulungan sa maraming kahanga-hangang batang missionary. Nagmula sila sa maraming iba't ibang kultura at agad na naging parang sarili naming mga anak na lalaki at babae.

Bagama't karamihan ay mahusay ang kalagayan, ang ilan ay nahihirapan sa mataas na inaasahan sa kanilang tungkulin. Naaalala kong sinabi ng isang missionary sa akin, "President, hindi ko gusto ang mga tao." Sinabi naman ng ilan na wala silang hangaring sundin ang mahihigpit na patakaran sa mga missionary. Nag-alala ako at inisip ko kung ano ang maaari naming gawin para mabago ang puso ng ilang missionary na iyon na hindi pa natututuhan ang kagalakang nagmumula sa pagsunod.

Isang araw habang nagmamaneho ako sa kahabaan ng magandang taniman ng trigo sa hangganan ng Washington–Idaho, nakikinig ako sa isang recording ng Bagong Tipan. Habang pinakikinggan ko ang pamilyar na kuwento tungkol sa mayamang binata na lumapit sa Tagapagligtas para magtanong kung ano ang maaari niyang gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan, nakatanggap ako ng di-inaasahan ngunit matinding personal na paghahayag na ngayon ay isa nang sagradong alaala.

Matapos marinig na inisa-isa ni Jesus ang mga kautusan at sumagot ang binata na sinusunod niya ang lahat ng ito mula sa kanyang kabataan, pinakinggan ko ang magiliw na pagtutuwid ng Tagapagligtas: "Isang bagay ang kulang sa iyo: . . . ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at . . . pumarito ka, sumunod ka sa akin."[1] At sa pagkamangha ko, ang narinig ko sa halip ay siyam na salita bago ang mga talatang iyon na tila hindi ko narinig o nabasa kailanman noon. Para bang idinagdag ang mga ito sa mga banal na kasulatan. Namangha ako sa inspiradong pagkaunawang iyon na naihayag sa akin.

Ano ang siyam na salitang iyon na lubos na nakaaantig? Pakinggan para malaman ninyo kung makikilala ninyo



ang tila mga ordinaryong salitang ito, na hindi matatagpuan sa iba pang mga tala sa ebanghelyo ngunit matatagpuan lamang sa Ebanghelyo ayon kay Marcos:

"May isang tumakbong lumapit sa kaniya . . . at siya'y tinanong, Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan?

"At sinabi sa kaniya ni Jesus, . . .

"Nalalaman mo ang mga utos, Huwag kang pumatay, Huwag kang mangalunya, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina.

"At sinabi niya . . . , Guro, ang lahat ng mga bagay na ito'y aking ginanap mula sa aking kabataan.

"*At pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya,* at sinabi sa kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin."[2]

*"At pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya."*

Nang marinig ko ang mga salitang ito, pumasok sa isipan ko ang isang malinaw na larawan ng Panginoon na huminto sandali at *tumitig* sa binatang ito. Ang *pagtitig*—na tulad ng pagtingin na tumatagos sa kanyang kaluluwa, nalalaman ang kanyang kabutihan at gayon din ang kanyang potensyal, pati na rin ang kanyang pinakamatinding pangangailangan.

Na sinundan ng mga simpleng salita—*giniliw siya* ni Jesus. Nakadama Siya ng matinding pagmamahal at pagkahabag sa mabuting binatang ito, at *dahil* sa pagmamahal na ito, at *taglay ang* pagmamahal na ito, ay nag-utos pa si Jesus sa kanya. Nakikinita ko kung ano ang naramdaman ng binatang ito nang mapuspos ng pagmamahal na iyon kahit na napakahirap ng ipinagagawa sa kanya na ipagbili ang lahat ng kanyang pag-aari at ibigay ang mga ito sa mga dukha.

Sa sandaling iyon, alam ko na hindi lamang mga puso ng ilan sa aming mga missionary ang nangangailangan ng pagbabago. Pati na rin ang puso ko. Ang tanong ay hindi na "Paano tuturuan ng nag-aalalang mission president ang isang nahihirapang missionary na kumilos nang mas nararapat?" Sa halip, ang tanong ay "Paano ako mapupuspos ng pagmamahal na katulad ng kay Cristo, upang madama ng missionary ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ko at maghangad na magbago?" Paano ko sila *tititigan* tulad ng pagtitig ng Panginoon sa mayamang binata, na nakikita kung sino talaga sila at kung sino ang maaari nilang kahinatnan, sa halip na ang nakikita lamang ay ang ginagawa nila o ang hindi nila ginagawa? Paano ako magiging higit na katulad ng Tagapagligtas?

*"At pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya."*

Mula sa panahong iyon, kapag nakaupo ako, kaharap ang isang batang missionary na medyo nahihirapan sa pagsunod, sa puso ko ay nakikita ko ngayon ang isang matapat na binata o dalaga na isinakatuparan ang hangarin niyang magmisyon. Pagkatapos lakip ang lahat ng damdamin ng isang mapagmahal na magulang ay nasasabi ko ang:[3] "Elder o Sister, kung hindi kita mahal, wala akong pakialam kung anuman ang mangyari sa iyong misyon. Pero mahal kita, at dahil mahal kita, nag-aalala ako sa kahihinatnan mo. Kaya't inaanyayahan kita na baguhin ang mga bagay na iyon na mahirap para sa iyo at maging taong nais ng Panginoon na kahinatnan mo."

Tuwing iinterbyuhin ko ang mga missionary, nagdarasal muna ako na bigyan ako ng kaloob na pag-ibig sa kapwa at makita ang bawat elder at sister tulad ng pagkakita sa kanila ng Panginoon.

Bago ang mga zone conference, kapag binabati namin ni Sister Palmer nang isa-isa ang mga missionary, hihinto ako sandali at titingnang maigi ang kanilang mga mata, *tinititigan* sila—isang interbyu na walang salita—at pagkatapos ay palagi akong napupuspos ng malaking *pagmamahal* para

sa mga natatanging anak na lalaki at babae na ito ng Diyos.

Natutuhan ko ang maraming aral na nagpapabago ng buhay mula sa napaka-personal na karanasang ito mula sa Marcos kabanata 10. Narito ang apat sa mga aral na ito na pinaniniwalaan kong tutulong sa bawat isa sa atin:

1. **Kapag natutuhan nating tingnan ang ibang tao tulad sa pagtingin sa kanila ng Panginoon, madaragdagan ang pagmamahal natin sa kanila at gayundin ang ating hangaring tulungan sila.** Makikita natin ang potensyal na nasa kanila na malamang na hindi nila nakikita sa kanilang sarili. Sa pamamagitan ng pagmamahal na katulad ng kay Cristo, hindi tayo matatakot na magsalita nang tuwiran, dahil ang "sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot." 4 At hindi tayo kailanman susuko, isinasaisip na ang mga taong pinakamahirap mahalin ang higit na nangangailangan ng pagmamahal.
2. **Walang nangyayaring pagtuturo o pagkatuto kapag ginawa nang may pagkainis o pagkapoot, at hindi magbabago ang mga puso kung wala roon ang pagmamahal.** Ginagawa man natin ang ating tungkulin bilang mga magulang, titser, o lider, ang totoong pagtuturo ay mangyayari lamang kapag ginawa nang may pagtitiwala sa halip nang may pagkukundena. Ang ating tahanan ay dapat maging ligtas na lugar sa tuwina para sa ating mga anak—hindi lugar na puno ng kaguluhan.
3. **Hindi dapat ipagkait ang pagmamahal kapag hindi nagawa ng isang anak, kaibigan, o kapamilya ang ating inaasahan.** Hindi natin alam kung ano ang nangyari sa mayamang binata matapos siyang umalis na nalulungkot, ngunit tiwala ako na mahal pa rin siya nang lubos ni Jesus kahit na ang pinili man niya ay ang mas madaling landas. Marahil kalaunan sa buhay niya, nang natanto niyang walang kabuluhan ang kanyang malaking kayamanan, siya ay nakaalala at kumilos nang ayon sa mga natatanging karanasang iyon noong siya ay titigan, mahalin, at anyayahan ng Panginoon na sumunod sa Kanya.
4. **Dahil mahal Niya tayo, maraming inaasahan ang Panginoon sa atin.** Kung tayo ay mapagkumbaba, tatanggapin natin ang paanyaya ng Panginoon na magsisi, magsakripisyo, at maglingkod bilang patunay ng Kanyang sakdal na pagmamahal para sa atin. Sa huli, ang paanyayang magsisi ay paanyaya rin na tanggapin ang napakagandang kaloob na kapatawaran at kapayapaan. Samakatwid, "huwag mong waling bahala ang parusa ng Panginoon, o manglupaypay man kung ikaw ay pinagwiwikaan niya; sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig."[5]




Mga kapatid, anumang oras na madama ninyo na mahirap ang ipinagagawa sa inyo—ang pagtalikod sa masamang gawi o adiksyon, ang pagsasantabi ng mga makamundong hangarin, ang pagsasakripisyo ng paboritong aktibidad dahil araw ng Sabbath, ang pagpapatawad sa taong nagkasala sa inyo—isipin ang Panginoon na *nakatitig* sa inyo, *minamahal* kayo, at inaanyayahan kayo na gawin ito at *sumunod sa Kanya.* At pasalamatan Siya para sa lubos na pagmamahal Niya sa inyo kaya inaanyayahan Niya kayo na mas magpakabuti pa.

Pinatototohanan ko ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at inaasam ang araw na yayakapin Niya ang bawat isa sa atin, *tititigan* at pupuspusin ng Kanyang sakdal na *pagmamahal.* Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Marcos 10:21.
2. Marcos 10:17–21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Tingnan sa 1 Nephi 8:37.
4. I Ni Juan 4:18.
5. Sa Mga Hebreo 12:5–6.



**Ni Elder Gary E. Stevenson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Paano Kayo Tinutulungan ng Espiritu Santo?

*Ang Espiritu Santo ay nagbababala, ang Espiritu Santo ay nagpapanatag, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo.*

Isang Lunes ng gabi hindi pa katagalan, kami ng asawa kong si Lesa ay bumisita sa isang nagsisimula pa lang na pamilya sa aming komunidad. Habang naroon kami, inanyayahan kami ng pamilya na huwag munang umalis para makasama sa family home evening, at sinabing naghanda ng lesson ang kanilang siyam na taong gulang na anak. Siyempre hindi kami umuwi!

Kasunod ng pambungad na awitin, panalangin, at mga bagay ukol sa pamilya, nagsimula ang siyam-na-taong-gulang sa pagbasa ng isang makabuluhang tanong na kasama sa isinulat niyang lesson: "Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo?" Ang tanong na ito ay nagpasimula ng makabuluhang talakayan ng pamilya nang magbahagi ang lahat ng mga ideya at nalalaman nila. Humanga ako sa paghahanda ng lesson ng aming titser at sa kanyang napakagandang tanong, na paulit-ulit kong pinag-isipan.

Mula noon, palagi kong itinatanong sa aking sarili, "Paano ka tinutulungan ng Espiritu Santo?"—isang tanong na lalong mahalaga para sa mga batang Primary na magwawalong taong gulang at naghahandang mabinyagan at para sa mga batang kabibinyag pa lamang at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Mahalaga rin ito sa libu-libong bagong binyag.

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin, lalo na ang mga batang Primary, na isipin, "Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo?" Sa pagninilay ko sa tanong na ito, agad kong naalala ang isang karanasan noong bata pa ako. Ikinuwento ko ito kay Elder Robert D. Hales matapos akong tawagin sa Korum ng Labindalawang Apostol at isinama niya ito sa artikulo ng magasin ng Simbahan na isinulat niya tungkol sa aking buhay.[1] Marahil narinig na ng ilan sa inyo ang kuwentong ito, ngunit maaaring marami pa ang hindi nakarinig nito.

Noong 11 taong gulang ako, naghiking kami ng tatay ko isang araw ng tag-init sa kabundukan malapit sa bahay namin. Habang paakyat si Itay sa matarik na daan, lumundag-lundag ako sa malalaking bato sa gilid ng daan. Binalak kong akyatin ang isang malaking bato at sinimulan kong akyatin ang tuktok nito. Habang paakyat ako sa tuktok ng malaking bato, nagulat ako nang sunggaban ako ni Itay sa sinturon ko at hinila ako pababa, sinabing, "Huwag kang umakyat sa batong iyan. Manatili lang tayo sa daan."

Makalipas ang ilang sandali, nang tumingin kami sa ibaba mula sa itaas ng daan, nagulat kami nang makita namin ang isang malaking rattlesnake na nagpapaaraw sa tuktok mismo ng malaking batong gusto kong akyatin.

Kalaunan, habang pauwi kami, alam kong hinihintay ni Itay na magtanong ako ng: "Paano po ninyo nalaman na may ahas doon?" Kaya nagtanong ako, at ang tanong ko ay nauwi sa paguusap tungkol sa Espiritu Santo at kung paano tayo matutulungan ng Espiritu Santo. Hindi ko na nalimutan kailanman ang natutuhan ko noong araw na iyon.

Nakita ba ninyo kung paano ako tinulungan ng Espiritu Santo? Walang hanggan ang pasasalamat ko dahil nakinig ang tatay ko sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu Santo, dahil iniligtas nito ang aking buhay.

### Ang Alam Natin tungkol sa Espiritu Santo

Bago natin pag-isipan pang mabuti ang tanong na "Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo?" pag-aralan nating muli ang ilan sa naihayag ng Panginoon tungkol sa Espiritu Santo. Marami tayong matatalakay na walanghanggang katotohanan, ngunit ngayo'y tatlo lamang ang pagtutuunan ko.

Una, ang Espiritu Santo ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Nalaman natin ang katotohanang ito sa unang saligan ng pananampalataya: "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo."[2]

Pangalawa, ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu, ayon sa paglalarawan sa makabagong banal na kasulatan: "Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit

ang Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin."[3] Ibig sabihin ay may katawang espiritu ang Espiritu Santo, di-tulad ng Diyos Ama at ni Jesucristo, na may pisikal na katawan. Nililinaw rin ng katotohanang ito ang iba pang pangalang ibinigay sa Espiritu Santo at pamilyar sa atin, kabilang ang Banal na Espiritu, Espiritu ng Diyos, Espiritu ng Panginoon, Banal na Espiritu ng Pangako, at ang Mang-aaliw.[4]

Pangatlo, natatanggap ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Ang ordenansang ito, pagkatapos ng binyag, ay nagpapamarapat sa atin para sa palagiang pagsama ng Espiritu Santo.[5] Upang maisagawa ang ordenansang ito, ipinapatong ng mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang kanilang mga kamay sa ulo ng indibiduwal,[6] tinatawag siya sa kanyang pangalan, binabanggit ang awtoridad ng kanilang priesthood, at sa pangalan ng Tagapagligtas ay kinukumpirma siyang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at sinasambit ang mahalagang pariralang ito: "Tanggapin mo ang Espiritu Santo."

#### Paano Kayo Tinutulungan ng Espiritu Santo?

Sa simpleng pagrerebyu sa tatlong mahahalagang katotohanan tungkol sa Espiritu Santo, babalik tayo sa unang tanong natin: "Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo?"

#### *Ang Espiritu Santo ay Nagbibigay ng Babala*

Tulad sa ikinuwento kong karanasan noong bata pa ako, matutulungan kayo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng maagang pagbibigay ng babala sa inyo sa mga pisikal at espirituwal na panganib. Natutuhan kong muli ang kahalagahan ng pagbibigay ng babala ng Espiritu Santo habang naglilingkod ako noon sa Area Presidency sa Japan.

Sa panahong ito, magkasama kami sa gawain ni President Reid Tateoka ng Japan Sendai Mission. Bilang bahagi ng kanyang karaniwang gawain sa mission, pinlano ni President Tateoka na magkaroon ng miting para sa mga missionary leader sa southern zone ng kanyang mission. Ilang araw bago ang miting, nagkaroon ng impresyon si President Tateoka, isang damdamin sa kanyang puso, na anyayahan ang *lahat* ng mga missionary sa zone na iyon sa miting sa pamumuno, sa halip na ang maliit na bilang lamang ng mga lider na elder at sister.

Nang ibalita niya ang balak niyang gawin, ipinaalala sa kanya na ang miting na ito ay hindi para sa lahat ng missionary kundi para sa mga mission leader lamang. Gayunpaman, isinantabi niya ang karaniwang plano para sundin ang impresyon na nadama niya, at inanyayahan niya sa miting ang lahat ng missionary na naglilingkod sa ilang lungsod sa may baybaying-dagat, kabilang na ang lungsod ng Fukushima. Sa itinakdang araw, Marso 11, 2011, samasamang nagtipon ang mga missionary para sa malaking mission meeting sa loob ng lungsod ng Koriyama.

Sa oras ng miting, isang lindol na may 9.0-magnitude at tsunami ang tumama sa rehiyon ng Japan kung saan naroon ang Japan Sendai Mission. Ang nakakalungkot, maraming lungsod sa may baybaying-dagat—kabilang ang mga lungsod na pinanggalingan ng mga missionary na nagtipon—ay nawasak at maraming buhay ang nasawi. At ang lungsod ng Fukushima ay nanganib sa kasunod na insidente na may kaugnayan sa nuclear power plant.

Bagama't napinsala ng lindol ang meetinghouse kung saan nagmimiting ang mga missionary nang araw na iyon, dahil sa pagsunod sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo, sina President at Sister Tateoka at lahat ng missionary ay magkakasamang nakaligtas. Ilang milya ang layo nila sa panganib at sa pananalasa ng tsunami at nuclear fallout.

Kapag sinunod ninyo ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo—ang mga impresyon ay kadalasang marahan at banayad—maliligtas kayo, nang hindi nalalaman ang tungkol dito, mula sa espirituwal at temporal na panganib.



Mga kapatid, tutulungan kayo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagbibigay ng babala sa inyo, tulad ng ginawa Niya sa aking ama at kay President Tateoka.

### *Ang Espiritu Santo ay Nagbibigay ng Kapanatagan*

Upang patuloy na masagot ang tanong na "Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo?" alamin natin ang Kanyang ginagampanan bilang Mang-aaliw. Ang mga hindi inaasahang pangyayari sa ating buhay ay nagdudulot ng kalungkutan, pasakit, at kabiguan. Gayunpaman, sa gitna ng mga pagsubok na ito, ginagampanan ng Espiritu Santo ang isa sa Kanyang mahahalagang tungkulin—bilang Mang-aaliw, na sa katunayan ay isa sa Kanyang mga pangalan. Ang mga salitang ito na nagbibigay ng kapayapaan at kapanatagan mula kay Jesucristo ay naglalarawan sa sagradong tungkuling ito: "Ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man."[7]

Para lalo pang maipaliwanag ito, ikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa isang pamilya na may limang anak na lalaki na lumipat sa isang maliit na komunidad mula Los Angeles ilang taon na ang nakararaan. Ang dalawang mas nakatatandang anak ay nagsimulang maglaro ng sports para sa kanilang paaralan kasama ang mga kaibigan, lider, at coach—marami sa mga ito ay matatapat na miyembro ng Simbahan. Ang pagkakaibigang ito ay nakatulong at humantong sa pagpapabinyag ni Fernando, ang panganay, at ng kanyang nakababatang kapatid.

Kalaunan lumipat ng tirahan si Fernando, at doon niya ipinagpatuloy ang kanyang pag-aaral at paglalaro ng football sa kolehiyo. Pinakasalan niya sa templo ang kanyang naging kasintahan sa high school na si Bayley. Nang matapos nina Fernando at Bayley ang kanilang pag-aaral, masaya nilang inasam ang pagsilang ng kanilang unang anak—isang sanggol na babae. Ngunit noong tinutulungan sina Fernando at Bayley ng kanilang mga pamilya sa kanilang pagbabalik, ang sasakyang



minamaneho ni Bayley sa freeway kasama ang kanyang kapatid na babae ay malagim na naaksidente na kinasangkutan ng maraming sasakyan. Nasawi si Bayley at ang kanyang anak na hindi pa naisisilang.

Napakatindi man ng sakit na nadama ni Fernando, pati rin ng mga magulang at kapatid ni Bayley, halos kaagad din nilang nadama ang matinding kapayapaan at kapanatagan. Ang Espiritu Santo bilang Mang-aaliw ay talagang tinulungan si Fernando na makayanan ang napakatinding pagdadalamhating ito na hindi mailarawan. Patuloy na ipinadama ng Espiritu ang kapayapaan na naging dahilan upang patawarin at mahalin ni Fernando ang lahat ng sangkot sa nakalulunos na aksidenteng iyon.

Tinawagan ng mga magulang ni Bayley ang kapatid nitong lalaki na naglilingkod bilang missionary noong mangyari ang aksidente. Kalaunan ay inilarawan niya sa isang liham ang kanyang nadama nang ibalita sa kanya ang masamang nangyari sa kanyang mahal na kapatid: "Humanga ako sa katatagan ng inyong tinig sa gitna ng matinding pagsubok. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. . . . Ang naiisip ko lang ay wala na ang kapatid ko sa pag-uwi ko. . . . Napanatag ako ng inyong matatag na patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang plano. Ang espirituwal at payapang damdamin iyon na halos magpaiyak sa akin kapag nag-aaral at nagtuturo ako, ang siyang pumuspos sa aking puso. Ako ay napanatag at napaalalahanan ng mga bagay na alam ko na."[8]

Tutulungan kayo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapanatagan sa inyo, tulad ng ginawa Niya kay Fernando at sa pamilya ni Bayley.

### *Ang Espiritu Santo ay Nagpapatotoo*

Ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo at sumasaksi rin sa Ama at sa Anak at sa lahat ng katotohanan.[9] Ang Panginoon, sa pagsasalita sa Kanyang mga disipulo, ay nagsabing: "Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, . . . [ay] magpapatotoo [siya] sa akin."[10]

Upang mailarawan ang mahalagang ginagampanan ng Espiritu Santo bilang tapagpatotoo, itutuloy ko ang kuwento nina Fernando at Bayley. Kung natatandaan ninyo, ikinuwento ko na si Fernando at ang kanyang kapatid ay nabinyagan, ngunit hindi ang kanyang mga magulang at tatlong mas nakababatang kapatid. At, sa kabila ng maraming paanyaya na magpaturo sa mga missionary sa nakalipas na mga taon, hindi nila ito tinanggap.

Sa masakit na pagpanaw ni Bayley at ng kanyang anak na hindi pa naisisilang, napakalungkot ng pamilya ni Fernando. Hindi tulad ni Fernando



at ng pamilya ni Bayley, hindi nila madama ang kapanatagan o kapayapaan. Hindi nila maunawaan kung paano nakayanan ng kanilang sariling anak, pati ng pamilya ni Bayley, ang kanilang matinding kapighatian.

Kalaunan, naisip nila na ang bagay na mayroon ang kanilang anak at wala sila ay ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, at ito marahil ang pinagmumulan ng kanyang kapayapaan at kapanatagan. Matapos nilang maunawaan ito, inanyayahan nila ang mga missionary na ituro ang ebanghelyo sa kanilang pamilya. Bunga nito, nagkaroon sila ng sariling patotoo tungkol sa dakilang plano ng kaligayahan, na nagdala sa kanila ng matinding kapayapaan at kapanatagan na hinahanap nila.

Dalawang buwan matapos pumanaw si Bayley at ang kanilang hindi pa naisisilang na apo, ang mga magulang at dalawa sa nakababatang kapatid ni Fernando ay nabinyagan, nakumpirma, at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Ang bunsong kapatid ni Fernando ay inaasam ang kanyang binyag kapag walong taong gulang na siya. Pinatototohanan ng bawat isa sa kanila na ang Espiritu, ang Espiritu Santo, ay nagpatotoo sa katotohanan ng ebanghelyo, na naging dahilan ng pagkakaroon nila ng hangaring magpabinyag at tumanggap ng Espiritu Santo.

Mga kapatid, tutulungan kayo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa inyo tulad ng ginawa Niya sa pamilya ni Fernando.

#### Buod

Ngayon ay ibuod natin ang mensahe. Natukoy na natin ang tatlong ipinahayag na katotohanan na nagbigay sa atin ng kaalaman tungkol sa Espiritu Santo. Na ang Espiritu Santo ay pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos; ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu, at ang kaloob na Espiritu Santo ay natatanggap sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Natukoy rin natin ang tatlong sagot sa tanong na "Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo?" Ang Espiritu Santo ay nagbababala, ang Espiritu Santo ay nagpapanatag, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo.

#### Pagiging Karapat-dapat Upang Mapanatili ang Kaloob

Sa inyo na naghahandang mabinyagan at makumpirma, sa inyong mga bagong miyembro, o matagal nang miyembro, mahalaga sa ating pisikal at espirituwal na kaligtasan na panatilihin natin ang kaloob na Espiritu Santo. Magagawa natin ito sa pagsisikap na sundin ang mga kautusan, pagdarasal nang mag-isa at kasama ang pamilya, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pagsisikap na magkaroon ng pagmamahal at pagpapatawaran sa pamilya at sa mga mahal sa buhay. Dapat nating panatilihing dalisay ang ating isip, kilos, at salita. Dapat nating sambahin ang ating Ama sa Langit sa ating tahanan, simbahan, at, kung maaari, sa banal na templo. Manatiling malapit sa Espiritu, at ang Espiritu ay mananatiling malapit sa inyo.

#### Patotoo

Magtatapos ako sa pagbibigay ng paanyaya at ng matibay kong patotoo. Inaanyayahan ko kayo na mas lubos na ipamuhay ang mga salita na madalas awitin ng mga bata sa Primary, mga salita na tiyak kong alam nila: "Dinggin, tinig na maraha't banayad. Dinggin, bulong ng Espiritu."[11]

Mahal kong mga kapatid, mga bata at matatanda, inihahayag ko ang aking patotoo na may buhay na mga banal na nilalang na bumubuo ng Panguluhang Diyos—ang Diyos Ama, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo. Pinatototohanan ko na ang isa sa mga pribilehiyong tinatamasa natin bilang mga Banal sa mga Huling Araw na nabubuhay sa kaganapan ng panahon ay ang kaloob na Espiritu Santo. Alam ko na *tinutulungan at tutulungan* kayo ng Espiritu Santo. Idaragdag ko rin ang aking natatanging patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ginagampanan bilang ating Tagapagligtas at Manunubos at sa Diyos na ating Ama sa Langit. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Robert D. Hales, "Elder Gary E. Stevenson: Isang Maunawaing Puso," *Liahona,* Hunyo 2015, 14.
2. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1.
3. Doktrina at mga Tipan 130:22.
4. Tingnan sa Mosias 18:13; Alma 5:46; 9:21; Doktrina at mga Tipan 88:3.
5. Tingnan sa 1 Nephi 13:37; 2 Nephi 31:12; Doktrina at mga Tipan 121:46.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:33.
7. Juan 14:16.
8. Personal na liham, Dis. 18, 2016.
9. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 10:15; 2 Nephi 31:18; Jacob 4:13.
10. Juan 15:26.
11. "The Still Small Voice," *Children's Songbook,* 107.



**Ni Elder C. Scott Grow**
Ng Pitumpu

# At Ito ang Buhay na Walang Hanggan

*Kilala kayo ng Diyos at inaanyayahan Niya kayong kilalanin Siya.*

Nagsasalita ako sa inyo, na bagong henerasyon—mga kabataan at young adult, single o may-asawa—kayo na mga magiging lider ng Simbahang ito. Sa kabila ng lahat ng kasamaan, kaguluhan, takot, at kalituhan sa daigdig ngayon, nagsasalita ako sa inyo ngayon tungkol sa karingalan at pagpapala ng pagkakilala sa Diyos.

Maraming itinurong katotohanan si Jesucristo na nagpapaliwanag sa plano ng kaligayahan ng Ama at sa inyong lugar dito. Magpopokus ako sa dalawa sa mga ito para tulungan kayong maunawaan ang inyong *identidad* bilang anak ng Diyos at malaman ang inyong *layunin* sa buhay.

Una: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."[1]

Pangalawa: "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."[2]

Mangyaring tandaan ninyo ang mga katotohanang ito—itinuturo ng mga ito kung *bakit*—habang sinisikap kong ilarawan kung *paano* ninyo at nating lahat, makikilala ang Diyos.

#### Kilalanin Siya sa Pamamagitan ng Panalangin

Mga batang kaibigan, masisimulan nating makilala ang Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

Noong Abril 7, 1829, ang 22-taong-gulang na si Oliver Cowdery ay nagsimulang maging tagasulat para sa 23-taong-gulang na si Joseph Smith. Bata sila noon—gaya ninyo. Humiling si Oliver ng katibayan mula sa Diyos tungkol sa Panunumbalik at sa kanyang gawain dito. Bilang sagot, natanggap niya ang sumusunod na paghahayag:

"Masdan, iyong nalalaman na ikaw ay nagtanong sa akin at aking nilinaw ang iyong pag-iisip. . . .

"Oo, sinasabi ko sa iyo, upang iyong malaman na wala nang iba pa kundi Diyos lamang ang nakaaalam ng iyong mga saloobin at hangarin ng iyong puso. . . .

". . . Kung nagnanais ka ng karagdagang katibayan, ipako mo ang isipan sa gabing ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso. . . .

"Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan . . . ? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?"[3]

Kapag nagdarasal *kayo* nang may pananampalataya, madarama ninyo ang pagmamahal ng Diyos dahil nangungusap ang Kanyang Espiritu sa *inyong* kaluluwa. Kahit pakiramdam ninyo ay nag-iisa kayo o hindi kayo nakakatitiyak, kayo ay hindi nag-iisa sa mundong ito. Kilala *kayo* ng Diyos, nang personal. Sa inyong pagdarasal, *Siya* ay makikilala ninyo.

#### Kilalanin Siya sa Pamamagitan ng Pag-aaral ng Banal na Kasulatan

Sa pag-aaral ninyo ng banal na kasulatan, hindi lamang ninyo nalalaman ang *tungkol* sa Tagapagligtas, kundi talagang *makikilala* ninyo Siya.

Noong Abril 1985, si Elder Bruce R. McConkie ay nagsalita sa pangkalahatang kumperensya—13 araw lang bago siya namatay. Nagtapos siya sa ganitong patotoo:

"Isa ako sa Kanyang mga saksi, at darating ang araw na dadamhin ko ang mga marka ng pako sa Kanyang mga kamay at paa at babasain ng aking mga luha ang Kanyang mga paa.

"Ngunit pagdating ng araw na iyon ay hindi madaragdagan ang *alam* ko ngayon na Siya ang Makapangyarihang Anak ng Diyos, na Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos, at na dumarating ang kaligtasan sa at sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang dugo at sa wala nang iba pang paraan."[4]

Ang mga nakarinig sa pagsasalita ni Elder McConkie noong araw na iyon ay hindi kailan man nalimutan ang nadama namin noon. Nang simulan niya ang kanyang mensahe, inihayag niya kung *bakit* napakamakapangyarihan ng kanyang patotoo. Sabi niya:

"Tungkol sa kamangha-manghang mga bagay na ito, gagamitin ko ang sarili kong mga salita, bagama't maaari ninyong isipin na ito ay mga salita sa banal na kasulatan. . . .

"Totoo na unang ipinahayag ng iba ang mga ito, ngunit *sa akin na ang mga ito ngayon*, sapagkat ang Banal na

Espiritu ng Diyos ay nagpatotoo sa akin na ang mga ito ay totoo, at ngayon ay parang inihayag na sa akin ng Panginoon ang mga ito sa unang pagkakataon. Kung kaya't *narinig* ko na ang Kanyang tinig at *alam* ko na ang Kanyang salita."[5]

Habang inaaral at pinagninilayan ninyo ang mga banal na kasulatan, maririnig din ninyo ang tinig ng Diyos, malalaman ang Kanyang mga salita, at makikila Siya. Ihahayag ng Diyos ang Kanyang walang hanggang mga katotohanan sa iyo. Ang mga doktrina at alituntuning ito ay magiging bahagi ng kung sino kayo at mababanaag sa mismong kaluluwa ninyo.

Bukod pa sa ating personal na pag-aaral, ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan bilang pamilya ay mahalaga.

Sa aming tahanan nais naming matutuhan ng aming mga anak na makilala ang tinig ng Espiritu. Naniniwala kaming nangyari iyan nang pag-aralan namin ang Aklat ni Mormon araw-araw bilang pamilya. Napalakas ang aming patotoo nang pag-usapan namin ang mga sagradong katotohanang ito.

Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ang nagiging daluyan ng Espiritu para personal kaming maturuan. Sa pag-aaral ninyo ng mga banal na kasulatan araw-araw, nang nag-iisa at kasama ang inyong pamilya, matututuhan *ninyong* makilala ang tinig ng Espiritu at makikilala ninyo ang Diyos.



#### Kilalanin Siya sa Pamamagitan ng Pagsunod sa Kanyang Kalooban

Bukod sa ating pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, kailangan nating sundin ang kalooban ng Diyos.

Ang Tagapagligtas ang ating perpektong halimbawa. Sinabi Niya, "Bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin."[6]

Nang magpakita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa mga Nephita, sinabi Niya, "Masdan, ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan; at ako ay uminom sa mapait na sarong ibinigay ng Ama sa akin, at niluwalhati ang Ama sa pagdadala ko ng mga kasalanan ng sanlibutan, na kung saan aking binata *ang kalooban* ng Ama *sa lahat ng bagay* magbuhat pa sa simula."[7]

Ginagawa *natin* ang kalooban ng Ama sa paggalang sa ating mga tipan, pagsunod sa mga kautusan, at paglilingkod sa Diyos at sa ating kapwa-tao.

Kami ng asawa kong si Rhonda, ay may mga magulang na karaniwang tao lamang—malamang katulad ng inyong mga magulang. Ngunit ang isang bagay na gustung-gusto ko sa mga magulang namin ay ang inilaan nila ang kanilang buhay sa paglilingkod sa Diyos, at tinuruan nila kaming gayon din ang gawin.

Noong ilang taon pa lang nakakasal ang mga magulang ni Rhonda, ang kanyang 23-taong-gulang na ama ay tinawag na maglingkod sa full-time mission. Iniwan niya ang kanyang bata pang asawa at kanilang 2-taong-gulang na anak na babae. Pagkatapos ay tinawag ang kanyang asawa na maglingkod na kasama niya sa huling pitong buwan ng kanyang misyon—at naiwan ang kanilang anak sa pangangalaga ng mga kamag-anak.

Makalipas ang ilang taon, at may apat nang anak, lumipat sila sa Missoula, Montana, para makapag-aral sa unibersidad ang kanyang ama. Gayunman, ilang buwan pa lang sila doon nang tawagin nina Pangulong Spencer W. Kimball at Elder Mark E. Petersen ang aking biyenan na maging unang pangulo ng bagong likhang Missoula stake. Siya ay 34 anyos lamang noon. Isinantabi muna niya ang pag-aaral

sa unibersidad nang hangarin niyang gawin ang kalooban ng *Panginoon* — hindi ang kanyang sariling kalooban.

Ang *aking* mga magulang ay naglingkod din sa templo nang higit sa 30 taon—si Itay ay isang sealer, si Inay ay isang ordinance worker. Naglingkod din silang magkasama sa limang full-time mission—sa Riverside, California; Ulaanbaatar, Mongolia; Nairobi, Kenya; Nauvoo Illinois Temple; at sa Monterrey Mexico Temple. Sa Mexico ay nagsikap silang mabuti na pag-aralan ang bagong wika, na hindi madali para sa edad na 80 anyos. Ngunit hinangad nilang gawin ang kalooban ng Panginoon sa halip na gawin ang mga nais nila sa buhay.

Para sa kanila, at sa lahat ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo na may dedikasyon, inuulit ko ang mga salita ng Panginoon kay propetang Nephi, na anak ni Helaman: "Pinagpala ka, . . . sa yaong mga bagay na ginawa mo . . . nang walang kapaguran . . . , [dahil] hindi mo inalintana ang sarili mong buhay, kundi sinunod ang aking kalooban, at sinunod ang aking mga kautusan."[8]

Sa hangarin *nating* gawin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng matapat na paglilingkod sa Kanya at sa ating kapwa-tao, nadarama natin ang Kanyang pagsang-ayon at tunay na nakikilala natin Siya.

#### Kilalanin Siya sa Pamamagitan ng Pagiging Tulad Niya

Sinasabi sa atin ng Tagapagligtas na ang pinakamainam na paraan para makilala ang Diyos ay sa pagiging *tulad* Niya. Itinuro niya: "Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko."[9]

Ang pagiging marapat ay kailangan sa pagiging katulad Niya. Iniutos ng Tagapagligtas, "Pabanalin ang inyong sarili; oo, dalisayin ang inyong mga puso, at linisin ang inyong mga kamay . . . upang akin kayong gawing malinis."[10] Sa simula ng pagtahak sa landas ng pagiging tulad Niya, nagsisisi tayo at natatanggap ang Kanyang pagpapatawad, at nililinis Niya ang ating kaluluwa.

Para tulungan tayo sa pagprogreso natin tungo sa Ama, ibinigay ng Panginoon sa atin ang pangakong ito: "Bawat kaluluwa na tatalikod sa kanyang mga kasalanan at lalapit sa akin, at mananawagan sa aking pangalan, at susunod sa aking tinig, at susunod sa aking mga kautusan, ay makikita ang aking mukha at *malalaman* na ako na nga."[11]

Sa ating pananalig sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, nalilinis tayo ng Tagapagligtas, pinagagaling tayo, at binibigyan tayo ng kakayahang *makilala* Siya at maging *tulad* Niya. Itinuro ni Mormon na, "Manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, . . . upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita tayo ay magiging *katulad* niya."[12] Sa pagsisikap nating maging katulad ng Diyos, magagawa Niya sa atin ang higit pa sa magagawa natin sa ating sarili.

#### Kilalanin Siya sa Pamamagitan ng Pagsunod sa mga Guro

Para matulungan tayo sa ating pagsisikap, binigyan Niya tayo ng mga huwaran at mentor o guro. Nais kong ibahagi ang nadama ko minsan sa isa sa aking mga guro na si Elder Neal A. Maxwell. Palagi niyang hinahangad na sundin ang kalooban ng Ama sa kanyang pagsisikap na maging katulad ng Diyos.

Mahigit 20 taon na ang nakalipas, ibinahagi niya sa akin ang damdamin niya matapos malaman na may kanser siya. Sabi niya sa akin, "Gusto kong makasama sa team, sa panig na ito [ng tabing] o sa kabila. Ayaw kong basta nakaupo lang. Gusto kong makipaglaro."[13]

Nang sumunod na ilang linggo, atubili siyang humiling sa Diyos na pagalingin siya; gusto lang niyang gawin ang kalooban ng Diyos. Ipinaliwanag ng kanyang asawang si Colleen na ang unang daing ni Jesus sa Getsemani ay, "Kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito." Noon lamang sinabi ng Tagapagligtas na, "Gayon may huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa *ibig mo*."[14] Hinikayat niya si Elder Maxwell na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas, na humingi ng kaginhawahan at *pagkatapos* ay pasakop sa kalooban ng Diyos, na siya namang ginawa niya.[15]

Matapos magdusa sa matindihan at nakapanghihinang gamutan sa loob halos ng isang taon, lubos at ganap siyang nabalik sa "pakikipaglaro." Naglingkod pa siya nang mahigit sa pitong taon.

Nagkaroon ako ng ilang assignment na kasama siya sa mga sumunod na taong iyon. Nadama ko ang kanyang kabaitan, awa, at pagmamahal. Nasaksihan ko ang dagdag na espirituwal na pagdadalisay sa kanyang patuloy na pagdurusa at paglilingkod sa pagsisikap niyang maging katulad ng Tagapagligtas.

Ang *pinakamabuting* huwaran at mentor o guro, na mapamamarisan nating lahat, ay ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, na



nagsabing, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko."[16] "Pumarito ka, sumunod ka sa akin."[17]

Mga bata kong kapatid, ang pagkilala sa Diyos ay panghabambuhay na mithiin. "At ito *ang* buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala *[namin]* na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."[18]

"Hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? . . . Lakas-ng-loob, mga [bata kong kaibigan]; at, humayo sa pananagumpay!"[19]

Kilala *kayo* ng Diyos at inaanyayahan Niya kayong kilalanin *Siya*. Manalangin sa Ama, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, hangaring gawin ang kalooban ng Diyos, sikaping maging katulad ng Tagapagligtas, at sundin ang mga matuwid na guro. Sa paggawa nito, *makikilala ninyo* ang Diyos at si Jesucristo, at magmamana kayo ng buhay na walang hanggan. Ito ang imbitasyon ko sa inyo bilang inorden na saksi Nila. Sila ay buhay. Mahal Nila kayo. Ito ang patotoo ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Juan 3:16.
2. Juan 17:3.
3. Doktrina at mga Tipan 6:15–16, 22–23.
4. Bruce R. McConkie, "The Purifying Power of Gethsemane," *Ensign,* Mayo 1985, 11; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Bruce R. McConkie, "The Purifying Power of Gethsemane"; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Juan 6:38.
7. 3 Nephi 11:11; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. Helaman 10:4.
9. 3 Nephi 27:27.
10. Doktrina at mga Tipan 88:74.
11. Doktrina at mga Tipan 93:1; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Moroni 7:48; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. Tingnan ang katulad na mga pahayag sa Bruce C. Hafen, *A Disciple's Life: The Biography of Neal A. Maxwell* (2002), 19.
14. Mateo 26:39; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. Tingnan sa Bruce C. Hafen, *A Disciple's Life,* 15.
16. Juan 14:6.
17. Mateo 19:21.
18. Juan 17:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. Doktrina at mga Tipan 128:22.



**Ni Elder Benjamín De Hoyos**
Ng Pitumpu

# Nang ang Ating Liwanag ay Maging Isang Sagisag sa mga Bansa

*Ang ebanghelyo ng Tagapagligtas at ang Kanyang ipinanumbalik na Simbahan ay nagbibigay sa atin ng maraming pagkakataon para ang ating liwanag ay maging bahagi ng dakilang sagisag sa mga bansa.*

Maraming taon na ang nakalipas, noong seminary teacher pa ako, narinig ko ang isa sa mga kasamahan na hiniling sa kanyang mga estudyante na pag-isipan ang tanong na ito: Kung nabuhay kayo noong panahon ng Tagapagligtas, bakit sa palagay ninyo susundin ninyo Siya bilang isa sa Kanyang mga disipulo? Narating nila ang konklusyon na ang mga sumusunod sa Tagapagligtas ngayon at sinisikap na maging Kanyang mga disipulo ay malamang na ganoon din ang gagawin noon.

Simula noon, pinag-isipan ko ang tanong na iyon at ang kanilang konklusyon. Madalas kong naiisip kung ano kaya ang madarama ko kung narinig ko mismo ang Tagapagligtas nang sabihin Niya ang Sermon sa Bundok:

"Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago.

"Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay.

"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:14–16).

Nakikinita ba ninyo kung ano ang maaaring nadama ninyo kung narinig ninyo ang tinig ng Tagapagligtas? Sa katunayan, hindi natin kailangang makinita ito. Naging palagian nang karanasan natin ang marinig ang tinig ng Panginoon dahil kapag naririnig natin ang tinig ng Kanyang mga lingkod, tinig na rin Niya ito.

Noong 1838, sa isang mensaheng katulad ng ibinigay sa Sermon sa Bundok, ipinahayag ng Panginoon ang sumusunod sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith:

"Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.



"Katotohanang sinasabi ko sa inyong lahat: Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa" (D at T 115:4–5).

Ang ating panahon ay talagang pambihira kaya ipinakita pa ito sa isang pangitain kay propetang Isaias; nakita at nagpropesiya din siya tungkol sa araw na ito ng Pagpapanumbalik ng Simbahan ni Jesucristo at sa layunin nito, na nagsasabing, "At siya'y maglalagay ng pinakawatawat sa mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel, at pipisanin ang mga nangalat ng Juda mula sa apat na sulok ng lupa" (Isaias 11:12).

Sa konteksto ng banal na kasulatan, ang watawat, o sagisag, ay isang bandila kung saan pumapalibot ang mga tao nang may iisang layunin. Noong unang panahon, ang sagisag ay nagsisilbing lugar kung saan nagkakaisa ang mga sundalong nakikidigma. Sa masimbolong pananalita, ang Aklat ni Mormon at ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay mga sagisag sa lahat ng bansa. (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "sagisag," scriptures.lds.org.)

Walang duda na ang isa sa mga dakilang sagisag nitong mga huling araw ay ang napakagandang pangkalahatang kumperensyang ito, kung saan ang dakilang gawain at plano ng ating Ama sa Langit na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39) ay patuloy na ipinapahayag.

Ang patuloy na pagdaraos ng pangkalahatang kumperensya ay isa sa mga pinakadakilang patunay sa katotohanan na tayo bilang mga Banal sa mga Huling Araw ay "naniniwala . . . sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin [tayo] na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9).

Kung gayon, ano ang inihayag ng Panginoon kay Pangulong Thomas S. Monson na kailangan nating patuloy na gawin upang ang ating liwanag ay maging sagisag para sa mga bansa? Ano ang ilan sa mahahalagang bagay na kailangang gawin sa napakagandang sandaling ito ng pagtatayo ng Sion at pagtitipon ng Israel?

Palaging inihahayag ng Panginoon ang Kanyang kalooban sa atin nang "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" (2 Nephi 28:30). Kaya nga hindi tayo dapat magulat sa tila maliliit na bagay dahil sa simple at paulit-ulit ang mga ito, dahil pinayuhan na tayo ng Panginoon, sinasabing "pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, at ipahiram ang tainga sa aking mga payo, sapagkat matututo sila ng karunungan; sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan" (2 Nephi 28:30).

Nagpapatotoo ako na sa pag-aaral ng "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" at sa pakikinig sa payo ng ating mga lider, magkakaroon tayo ng langis para sa ating mga ilawan na paraan para makapagbigay tayo ng liwanag sa iba gaya ng utos sa atin ng Panginoon.

Bagamat marami tayong magagawa para maging liwanag at sagisag sa iba, gusto kong magpokus sa tatlong ito: gawing banal ang araw ng Sabbath;



pabilisin ang gawain ng kaligtasan sa magkabilang panig ng tabing; at pagtuturo sa paraan ng Tagapagligtas.

Ang liwanag na pinag-uusapan natin ay nagmumula sa katapatan natin sa pagpapabanal sa araw ng Sabbath, sa Simbahan gayundin sa tahanan; ito ang liwanag na lalong nagliliwanag kapag nanatili tayong walang bahid-dungis mula sa mundo; ito ang liwanag na nagmumula sa pag-aalay ng ating sakramento sa Kanyang banal na araw at pagbibigay papuri sa Kataas-taasan—lahat ng ito ang daan para laging mapasaatin ang Kanyang Espiritu. Ito ang liwanag na lalong nagniningning at nakikita kapag umuwi tayo na may nadaramang kapatawaran na binanggit ni Pangulong Henry B. Eyring sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre nang sabihin niyang: "Sa lahat ng biyayang mabibilang natin, ang pinakadakila sa ngayon ay ang pakiramdam na napatawad tayo habang nakikibahagi tayo ng sakramento. Mas nakadarama tayo ng pagmamahal at pagpapahalaga sa Tagapagligtas, na ginawang posible na malinis tayo mula sa ating mga kasalanan" ("Pasasalamat sa Araw ng Sabbath," *Liahona*, Nob. 2016, 100).

Kapag pinapanatili nating banal ang araw ng Sabbath at tumatanggap ng sakramento, hindi lang tayo nalilinis, kundi ang ating liwanag ay patuloy na lumiliwanag pa.

Lalong nagniningning ang ating liwanag sa pag-uukol at paglalaan ng panahon sa paghahanap ng mga pangalan ng ating mga ninuno, pagdadala ng kanilang pangalan sa templo, at pagtuturo sa ating pamilya at sa iba na gawin din ang gayon.

Itong sagradong gawain sa templo at family history na ibinabahagi natin sa mga Banal kapwa sa magkabilang panig ng tabing ay lalo pang sumusulong sa patuloy na pagtatayo ng mga templo ng Panginoon. Ngayon na ang mga templo ay may espesyal na iskedyul para sa mga grupo ng pamilya na dumarating na dala ang sarili nilang mga family name card, kami ng asawa ko ay nagkaroon ng napakagandang karanasan sa paglilingkod namin sa templo kasama ang aming mga anak at apo.

Kapag nakakahanap at dinadala natin ang mga pangalan sa templo at tinuturuan din ang iba kung paano gawin ito, sama-sama tayong nagliliwanag bilang watawat o sagisag.

Ang matuto kung paano magturo na katulad ng Tagapagligtas ay isa pang paraan na maaari tayong bumangon at magliwanag. Nagagalak akong kasama ng lahat ng natututong magturo sa paraan ng Tagapagligtas. Hayaang basahin ko ang nasa pabalat ng bagong manwal sa pagtuturo: "Ang layunin ng bawat guro ng ebanghelyo—bawat magulang, bawat gurong pormal na tinawag, bawat home teacher at visiting teacher, at bawat alagad ni Cristo, . . . ay ituro ang dalisay na doktrina ng ebanghelyo, sa pamamagitan ng Espiritu, upang matulungan ang mga anak ng Diyos na mapatatag ang kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at maging mas katulad Niya" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* [2016]).

Sa ngayon, libu-libo sa ating matatapat na guro ang nagliliwanag habang natututo silang magturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas. Sa kontekstong ito, ang bagong teacher council meeting ay isang paraan para magbangon at magliwanag kapag nagtitipon ang mga estudyante na nakapalibot sa sagisag ng doktrina ni Cristo, dahil "ang susi sa pagtuturo na katulad ng Tagapagligtas ay mamuhay na katulad ng Tagapagligtas" (*Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 4).

Habang nagtuturo at natututo tayong lahat sa Kanyang paraan at nagiging mas katulad Niya, ang ating liwanag ay lalong nagniningning at hindi maitatago at nagiging sagisag sa mga naghahanap ng liwanag ng Tagapagligtas.

Mahal kong mga kapatid, hindi natin dapat at hindi kailangang itago ang ating liwanag. Iniutos sa atin ng Tagapagligtas na hayaang magningning ang ating liwanag tulad ng isang bayan na natatayo sa isang bundok o tulad ng liwanag na nagmumula sa lalagyan ng ilaw. Sa paggawa natin nito, luluwalhatiin natin ang ating Ama sa Langit. Ang ebanghelyo ng Tagapagligtas at ang Kanyang ipinanumbalik na Simbahan ay nagbibigay sa atin ng maraming pagkakataon para ang ating liwanag ay maging bahagi ng dakilang sagisag sa mga bansa.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang liwanag na dapat nating ipakita, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Pundasyon ng Pananampalataya

*Ang pakiusap ko ay gumawa tayo ng mga sakripisyo at magkaroon ng pagpapakumbabang kailangan upang mapatatag ang mga pundasyon ng ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.*

Napakaganda ng pangkalahatang kumperensyang ito. Talagang napalakas tayo. Kung mayroon mang pangunahing layon ang pangkalahatang kumperensya, iyon ay patatagin ang pananampalataya sa Diyos Ama at sa ating Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo.

Ang mensahe ko ay tungkol sa mga pundasyon ng pananampalatayang iyon.

Ang mga personal na pundasyon, tulad ng maraming makabuluhang adhikain, ay karaniwang dahan-dahang naitatatag—paisa-isang patong, paisa-isang karanasan, paisa-isang hamon, paisa-isang hadlang, at paisa-isang tagumpay. Ang pinakamahalagang pisikal na karanasan ay ang unang paghakbang ng isang sanggol. Napakaganda nitong masdan. Ang nakakatuwang hitsura ng mukha—na pinaghalong determinasyon, galak, pagkagulat, at tagumpay—ay talagang pambihira.

Sa pamilya namin, may isang pangyayari na katulad nito na kakaiba sa lahat. Noong apat na taong gulang ang bunso naming anak na lalaki, pumasok siya sa bahay at masayang ibinalita sa pamilya nang buong pagmamalaki: "Kaya ko nang gawin ang lahat ngayon. Kaya ko nang magtali, kaya ko nang magpaandar, at kaya ko nang mag-zipper." Nauunawaan namin na sinasabi niyang kaya na niyang itali ang sintas ng sapatos niya, kaya na niyang paandarin ang kanyang Big Wheel na traysikel, at kaya na niyang i-zipper ang kanyang coat. Tumawa kaming lahat ngunit natanto namin na para sa kanya ay napakalaki na ng nagawa niya. Akala niya'y talagang malaking tao na siya.

Ang pisikal, mental, at espirituwal na pag-unlad ay maraming pagkakatulad. Ang pisikal na pag-unlad ay madaling makita. Nagsisimula tayo sa paghakbang ng sanggol at umuunlad bawat araw, bawat taon, lumalaki at nahuhubog para maabot ang ating pinakahustong pisikal na pangangatawan. Magkakaiba ang pag-unlad ng bawat tao.

Kapag nanonood tayo ng pagtatanghal ng magaling na atleta o musikero, madalas nating sabihin na ang taong iyon ay puno ng talento, na karaniwang totoo. Ngunit ang pagtatanghal ay batay sa mga taon ng paghahanda at pagpapraktis. Ang isang kilalang manunulat na si Malcolm Gladwell, ay tinawag itong batas ng 10,000 oras. Nalaman ng mga researcher na ang ganito katagal na pagpapraktis ay kinakailangan sa atletiks, musikal na pagtatanghal, kahusayan sa akademiya, kahusayan sa trabaho, medikal o legal na pagkabihasa, at iba pa. Sinasabi ng isa sa mga bihasa sa pananaliksik na ito na "ang sampung libong oras





ng pagpapraktis ay kailangan para makamit ang antas ng pagkadalubhasa na may kaugnayan sa pagiging isa sa pinakamagagaling sa mundo—sa anumang bagay."[1]

Kinikilala ng karamihan na para makamit ang pinakamahusay na magagawa ng kanilang katawan at isipan, ang ganoong paghahanda at praktis ay kailangan.

Sa kasamaang-palad, sa daigdig na lalong nagiging sekular, hindi na masyadong pinapansin ang espirituwal na pag-unlad na kailangan para maging higit na tulad ni Cristo at maitatag ang mga pundasyon na humahantong sa matatag na pananampalataya. Madalas tayong nakatuon sa mga sandali ng espirituwal na pag-unawa. Ito ay mahahalagang pagkakataon kung kailan ay nalalaman nating pinatotohanan ng Espiritu Santo ang espesyal na espirituwal na mga ideya sa ating puso at isipan. Nagagalak tayo sa mga pangyayaring ito; hindi dapat mawala ang mga ito sa anumang paraan. Ngunit para sa matatag na pananampalataya at para palaging makasama ang Espiritu, walang makakapalit sa tuluy-tuloy na pagsunod ng mga indibidwal na maihahalintulad sa pag-unlad ng katawan at kaisipan. Umuunlad tayo mula sa mga karanasang ito, na kung minsan ay maikukumpara sa unang paghakbang ng sanggol. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng banal na pangako sa sagradong mga sacrament meeting, pag-aaral ng banal na kasulatan, panalangin, at paglilingkod kapag tinawag. Sa isang papugay sa obituwaryo para sa ama ng 13 anak, nakasaad doon na ang kanyang "katapatan sa araw-araw na panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan ay nakaimpluwensya nang malaki sa kanyang mga anak, kaya nagkaroon sila ng di-natitinag na pundasyon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo."[2]

Ang isang karanasan ko noong 15 anyos ako ay naging isang pundasyon para sa akin. Buong giting na sinikap na matapat kong ina na tulungan akong maitatag ang mga pundasyon ng pananampalataya sa aking buhay. Dumalo ako sa sacrament meeting, Primary, pagkatapos ay sa Young Men at seminary. Binasa ko ang Aklat ni Mormon at palagi akong nagdarasal nang mag-isa. Noong panahong iyon ay isang mahalagang pangyayari ang naganap sa aming pamilya nang pinag-iisipan ng mahal kong kuya ang potensyal na matawag sa mission. Ang kahanga-hanga kong ama, na di-gaanong aktibong miyembro ng Simbahan, ay gustong ipagpatuloy ng kuya ko ang kanyang pag-aaral at huwag nang magmisyon. Naging dahilan ito ng pagtatalo.

Sa kakaibang pakikipag-usap sa kuya ko, na limang taon ang tanda sa akin at nangunguna sa talakayan, nagpasiya kami na ang desisyon niya kung magmimisyon nga ba siya ay nakadepende sa tatlong bagay: (1) Banal ba si Jesucristo? (2) Totoo ba ang Aklat ni Mormon? (3) Si Joseph Smith ba ang propeta ng Pagpapanumbalik?

Sa taimtim kong pagdarasal nang gabing iyon, pinagtibay sa akin ng Espiritu ang katotohanan ng tatlong tanong na ito. Naunawaan ko rin na halos bawat desisyong gagawin ko sa buong buhay ko ay ibabatay sa mga sagot sa tatlong tanong na iyon. Partikular na naisip ko na kailangan ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Sa paglingon sa nakaraan, natanto ko na, higit sa lahat, dahil sa nanay ko, ang mga pundasyon ay naroon para matanggap ko ang espirituwal na pagpapatibay nang gabing iyon. Ang kuya ko, na mayroon nang patotoo, ay nagdesisyong magmisyon at nakuha sa huli ang suporta ng aming ama.

Ang espirituwal na patnubay ay natatanggap kapag kinakailangan, sa takdang oras ng Panginoon at ayon sa Kanyang kalooban.[3] Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, ay isang napakagandang halimbawa. Tiningnan ko kamakailan ang unang edisyon ng Aklat ni Mormon. Natapos ni Joseph Smith ang pagsasalin noong siya ay 23 taong gulang. May kaunti tayong nalalaman tungkol sa proseso at sa mga kasangkapang ginamit niya sa pagsasaling iyon. Sa unang paglilimbag noong 1830, isinama ni Joseph ang isang maikling paunang salita at sa simple at malinaw na paraan ay sinabing isinalin ito "sa kaloob at kapangyarihan ng Diyos."[4] Paano naman ang mga tulong sa pagsasalin—ang Urim at Tummim, ang mga bato ng tagakita? Kailangan ba ang mga iyon, o tulad iyon ng mga gulong na pansanay sa bisikleta hanggang sa maipakita ni Joseph ang pananampalatayang kailangan para tumanggap ng mas direktang paghahayag?[5]

Kung paanong ang pag-uulit at patuloy na pagsisikap ay kailangan upang magkaroon ng kakayahan ang katawan at isipan, gayundin sa mga espirituwal na bagay. Tandaan na tinanggap ni Propetang Joseph ang tanging bisitang si Moroni, nang apat na beses na dala ang pare-parehong mensahe bilang paghahanda sa pagtanggap ng mga lamina. Naniniwala ako na ang partisipasyon linggu-linggo sa mga sacrament meeting ay may espirituwal na implikasyon na hindi natin lubusang nauunawaan. Ang regular na pagninilay sa mga banal na kasulatan—sa halip na paminsan-minsan lang na pagbabasa nito—ay kayang palitan ang mababaw na pagkaunawa ng napakaganda at nakapagpapabagong-buhay na pag-iibayo ng ating pananampalataya.

Ang pananampalataya ay alituntunin ng kapangyarihan. Hayaang ilarawan ko: Noong bata pa akong missionary, isang magaling na mission president[6] ang nagturo sa akin sa napakagandang paraan ng kuwento na nasa Lucas 8 tungkol sa babaing inaagasan ng dugo sa loob ng 12 taon at inubos ang lahat ng kanyang kabuhayan sa mga doktor na hindi makapagpagaling sa kanya. Hanggang sa ngayon ay isa ito sa mga paborito kong talata.

Maaalala ninyo na nanalig siya na kung mahihipo lamang niya ang laylayan ng damit ng Tagapagligtas, siya ay gagaling. Nang magawa niya iyon, agad siyang gumaling. Ang Tagapagligtas, na naglalakad kasama ang Kanyang mga disipulo, ay nagsabing, "Sino ang humipo sa akin?"

Sumagot si Pedro na lahat sila, na sama-samang naglalakad, ay nasasanggi sa Kanya.

"At . . . sinabi ni Jesus, . . . May humipo sa akin, sapagka't naramdaman ko na may umalis na bisa sa akin."

Ang salitang-ugat para sa *bisa* ay madaling maisasalin bilang "kapangyarihan." Sa Spanish at Portuguese, isinasalin ito bilang "kapangyarihan." Ngunit gayunman, hindi siya nakita ng Tagapagligtas; hindi Siya nakatuon sa kanyang pangangailangan. Ngunit gayon na lang ang pananampalataya niya kaya ang paghipo sa laylayan ng damit ay gumamit ng kapangyarihang magpagaling ng Anak ng Diyos.

At sinabi ng Tagapagligtas sa kanya, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa."[7]

Pinag-isipan ko ang kuwentong ito simula noong ako ay maging isang adult. Natanto ko na ang ating personal na mga dalangin at pagsamo sa mapagmahal na Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo ay makapagdudulot ng mga pagpapala sa ating buhay nang lampas sa kakayahan nating makaunawa. Ang mga pundasyon ng pananampalataya, ang uri ng pananampalataya na ipinakita ng babaing ito, ang dapat pakamithiin ng ating puso.

Gayunman, ang mga unang pundasyon ng pananampalataya, kahit pa may espirituwal na pagpapatibay, ay hindi nangangahulugang hindi tayo mahaharap sa mga hamon ng buhay. Ang pagbabagong-loob sa ebanghelyo ay hindi nangangahulugan na malulutas ang lahat ng problema.

Ang mga naunang kasaysayan ng Simbahan at nakatalang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ay




naglalaman ng mga halimbawa ng pagtatatag ng mga pundasyon ng pananampalataya at pagharap sa mga hindi inaasahang mga pagbabago at hamon na hinaharap ng lahat.

Ang pagkumpleto ng Templo ng Kirtland ay isang pundasyon para sa buong Simbahan. Kasama ito ng mga espirituwal na pagbuhos, mga paghahayag ng doktrina, at panunumbalik ng mahahalagang susi para sa patuloy na pagtatatag ng Simbahan. Tulad ng sinaunang mga Apostol sa araw ng Pentecostes, nakaranas ang maraming miyembro ng kagila-gilalas na mga espirituwal na karanasan na may kaugnayan sa paglalaan ng Templo ng Kirtland.[8] Ngunit, tulad sa ating sariling buhay, hindi ito nangangahulugan na hindi sila mahaharap sa mga hamon o paghihirap sa pagsulong. Hindi alam ng mga miyembrong ito na mahaharap sila sa krisis sa pananalapi ng Estados Unidos—ang panic of 1837—na susubok mismo sa kanilang kaluluwa.[9]

Isang halimbawa ng mga hamon na nauugnay sa krisis na ito sa pananalapi ay naranasan ni Elder Parley P. Pratt, isa sa mga dakilang lider ng Pagpapanumbalik. Siya ay orihinal na miyembro ng Korum ng Labindalawang

Apostol. Sa unang bahagi ng 1837, ang mahal niyang asawang si Thankful, ay namatay habang ipinanganganak ang kanilang panganay na anak. Sina Parley at Thankful ay halos 10 taon nang kasal, at nanlumo siya sa pagkamatay ni Thankful.

Makalipas ang ilang buwan, natagpuan ni Elder Pratt ang kanyang sarili sa isa sa mga pinakamahirap na panahon na naranasan ng Simbahan. Sa gitna ng krisis sa bansa, ang mga lokal na isyu sa ekonomiya—pati na ang pagbili ng lupa sa murang halaga para maipagbili ito kalaunan sa malaking halaga at mga paghihirap ng institusyon sa pananalapi na itinatag ni Joseph Smith at ng iba pang mga miyembro ng Simbahan—ay lumikha ng di-pagkakasundo at pagtatalo sa Kirtland. Ang mga lider ng Simbahan ay hindi palaging matalino sa paggawa ng mga temporal na desisyon sa kanilang buhay. Nalugi nang malaki si Parley at pansamantala ay nakaalitan si Propetang Joseph.[10] Sumulat siya ng matinding pambabatikos kay Joseph at nagsalita laban sa kanya sa pulpito. Kasabay nito, sinabi ni Parley na patuloy siyang naniniwala sa Aklat ni Mormon at sa Doktrina at mga Tipan.[11]

Nawala kay Elder Pratt ang kanyang asawa, kanyang lupain, at kanyang tahanan. Si Parley ay umalis patungong Missouri nang hindi sinasabi kay Joseph. Habang nasa daan, hindi inaasahang nakatagpo niya ang kapwa niya mga Apostol na sina Thomas B. Marsh at David Patten na pabalik sa Kirtland. Nadama nila ang malaking pangangailangan na maibalik ang pagkakasundo sa Korum at hinikayat si Parley na bumalik na kasama nila. Natanto niya na walang higit na nawalan kundi si Joseph Smith at ang pamilya nito.

Hinanap ni Parley ang Propeta, tumangis, at ikinumpisal ang nagawa niyang pagkakamali. Sa mga buwan matapos mamatay ang kanyang asawang si Thankful, si Parley ay "nalulukuban ng madilim na ulap" at nadaig ng mga takot at pagkabigo.[12] Dahil alam ni Joseph kung paano makibaka sa oposisyon at tukso, "tahasang pinatawad" niya si Parley, ipinagdasal at binasbasan ito.[13] Si Parley at ang iba pa na nanatiling tapat ay nakinabang sa mga hamon na dumating noon sa Kirtland. Nadagdagan ang kanilang karunungan at naging mas magiging at matuwid. Ang karanasang ito ay naging bahagi ng mga pundasyon ng kanilang pananampalataya.

Ang kahirapan ay hindi dapat ituring na hindi pagkalugod ng Panginoon o pagbawi ng Kanyang mga pagpapala. Ang pagsalungat sa lahat ng bagay ay bahagi ng apoy na nagpapadalisay upang ihanda tayo para sa walang hanggang tadhanang selestiyal.[14] Noong si Propetang Joseph ay nakapiit sa Liberty Jail, ang mga salita ng Panginoon sa kanya ay naglalarawan ng lahat ng uri ng hamon—kabilang na ang mga pagdurusa, mga maling paratang—at nagtatapos sa:

"Kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.

"Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa kanilang lahat. Ikaw ba'y nakahihigit sa kanya?"[15]

Ang Panginoon, sa tagubiling ito kay Joseph Smith, ay nilinaw din na batid na ang kanyang mga araw at hindi iyon mababawasan. Nagwakas ang Panginoon, "Huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan."[16]

Kung gayon, ano ang mga biyaya ng pananampalataya? Ano ang nagagawa ng pananampalataya? Halos walang katapusan ang listahan:

Ang ating mga kasalanan ay mapapatawad dahil sa pananampalataya kay Cristo.[17]

Kasindami ng may pananampalataya ang may pakikipag-ugnayan sa Banal na Espiritu.[18]

Ang kaligtasan ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangalan ni Cristo.[19]

Tumatanggap tayo ng lakas batay sa ating pananampalataya kay Cristo.[20]

Walang makapapasok sa kinaroroonan ng Panginoon maliban sa mga taong nahugasan ang kanilang kasuotan sa dugo ni Cristo dahil sa kanilang pananampalataya.[21]

Ang ating mga dalangin ay sinasagot ayon sa pananampalataya.[22]

Kung walang pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng himala sa kanila.[23]

Sa huli, ang ating pananampalataya kay Jesucristo ang pundasyong





kailangan para sa ating walang hanggang kaligtasan at kadakilaan. Gaya ng itinuro ni Helaman sa kanyang mga anak, "Tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan . . . , na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak."[24]

Nagpapasalamat ako sa pagpapatatag ng mga pundasyon ng pananampalataya na nagmula sa kumperensyang ito. Ang pakiusap ko ay gumawa tayo ng mga sakripisyo at magkaroon ng pagpapakumbabang kailangan upang mapatatag ang mga pundasyon ng ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ibinibigay ko ang aking tiyak na patotoo sa Kanya, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Malcolm Gladwell, *Outliers: The Story of Success* (2008), 40. Binabanggit niya ang sinabi ng neurologist na si Daniel Levitin.
2. Obituary of Bryant Hinckley Wadsworth, *Deseret News,* Ene. 15, 2017, legacy.com/obituaries/deseretnews.
3. Tingnan sa 2 Nephi 28:30. Hindi tayo tumatanggap ng buong kaalaman tungkol sa paksa o sa lahat ng alituntuning kaugnay nito. Dumarating ang mga ito kapag kinakailangan: taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin.
4. Sa unang edisyon ng Aklat ni Mormon, na inilimbag noong 1830, isinulat ni Propetang Joseph Smith na, "Ipinaaalam ko sa inyo na nagsalin ako sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos" (tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon [1830]). Kasama sa sumunod na mga edisyon ng Aklat ni Mormon ang katulad na pahayag: "Ang mga lamina ay ipinagkaloob kay Joseph Smith, na siyang nagsalin sa mga ito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos" (tingnan sa pambungad ng Aklat ni Mormon [2013]).
5. Ginunita ni Orson Pratt na maraming beses siyang naroon nang isinasalin ni Joseph Smith ang Bagong Tipan at nagtaka siya kung bakit wala nang ginamit na kasangkapan si Joseph sa prosesong iyon. "Tumingala si Joseph, na para bang nabasa nito ang nasa isip niya, at ipinaliwanag na binigyan siya ng Panginoon ng Urim at Tummim noong wala pa siyang karanasan sa Diwa ng inspirasyon. Ngunit ngayon ay [mas humusay] na siya at nauunawaan na niya ang pagkilos ng Diwang iyon, at hindi na niya kailangan ang tulong ng kasangkapang iyon" ("Two Days' Meeting at Brigham City, Hunyo 27 at 28, 1874," *Millennial Star,* Ago. 11, 1874, 499; tingnan din sa Richard E. Turley Jr., Robin S. Jensen, and Mark Ashurst-McGee, "Joseph the Seer," *Liahona,* Okt. 2015, 10–17).
6. Ang mission president ay si Elder Marion D. Hanks, na General Authority din noon.
7. Tingnan sa Lucas 8:43–48.
8. Tingnan sa Mga Gawa 2.
9. Tingnan sa Mosias 2:36–37; tingnan din sa Henry B. Eyring, "Kahandaang Espirituwal: Simulan nang Maaga at Magpatuloy," *Liahona,* Nob. 2005, 38: "Kaya nga, ang mabigat na pagsubok ng buhay ay ang makita kung diringgin at susundin natin ang mga utos ng Diyos sa kabila ng mga pagsubok sa buhay. Hindi ito pagtitiis sa bagyo, kundi pagpili ng tama habang humahagupit ito. At ang trahedya ng buhay ay ang hindi pagpasa sa pagsubok na iyon, at dahil dito'y maging hindi karapat-dapat na bumalik nang may kaluwalhatian sa ating tahanan sa langit."
10. Tingnan sa Terryl L. Givens at Matthew J. Grow, *Parley P. Pratt: The Apostle Paul of Mormonism* (2011), 91–98; pambungad ng tomo at pambungad ng bahagi 5 *The Joseph Smith Papers, Documents, Volume 5: October 1835–January 1838*, ed. Brent M. Rogers at iba pa (2017), xxviii–xxxi, 285–93.
11. Tingnan sa "Letter from Parley P. Pratt, 23 May 1837," sa *The Joseph Smith Papers, Documents, Volume 5: October 1835–January 1838*, 386–91.
12. Tingnan sa "History of John Taylor by Himself," 15, sa Histories of the Twelve, 1856–1858, 1861, Church History Library; Givens at Grow, *Parley P. Pratt,* 101–2.
13. Tingnan sa *The Autobiography of Parley P. Pratt,* ed. Parley P. Pratt Jr. (1874), 183–84.
14. Tingnan sa 2 Nephi 2:11.
15. Doktrina at mga Tipan 122:7–8.
16. Doktrina at mga Tipan 122:9.
17. Tingnan sa Enos 1:5–8.
18. Tingnan sa Jarom 1:4.
19. Tingnan sa Moroni 7:26, 38.
20. Tingnan sa Alma 14:26.
21. Tingnan sa 3 Nephi 27:19.
22. Tingnan sa Moroni 7:26.
23. Tingnan sa Eter 12:12.
24. Helaman 5:12.



# Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

*Isiping gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang pasimula sa iyong personal o pampamilyang pag-aaral.*

**Para sa mga Bata**

- Pahina 86: Inanyayahan tayo ni Pangulong Thomas S. Monson na basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw, na ipinangako na, "Ipapakita ng Espiritu Santo ang katotohanan nito sa inyo." Bukod pa sa sarili mong pag-aaral, maaari mong kagawiang basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw kasama ang iyong pamilya. Maaari ka ring magsadula ng mga tagpo o maglaro para maalaala mo ang mahahalagang talata at kuwento. Magpunta sa friend.lds.org at tingnan ang mga magasin ng 2016 *Liahona* para sa mga kuwento sa Aklat ni Mormon, reading chart, at iba pa.
- Pahina 117: Ikinuwento ni Elder Gary E. Stevenson kung paano nakinig ang tatay niya sa Espiritu Santo at naligtas siya mula sa isang ahas. Itanong sa mga magulang mo kung maaari ninyong talakayin sa pamilya ang tanong na, Paano kayo tinutulungan ng Espiritu Santo? Magbahagi ng mga pagkakataon na nabigyan ka ng Espiritu Santo ng babala, kapanatagan, o patotoo. Maaari mo pa nga itong isulat at gawing aklat.
- Pahina 87: Itinuro ni Sister Joy D. Jones na maaari kang maghandang gumawa ng mga banal na tipan kalaunan sa pagkatutong tumupad sa mga pangako ngayon. Magtakda ng isang mithiin at mangakong tuparin ito. Sabihin sa isang kaibigan na subaybayan ka para matiyak na tinutupad mo ang iyong pangako.
- Pahina 90: Ibinahagi ni Elder Yoon Hwan Choi ang ilang payo ng kanyang Ama: "Huwag magpalingun-lingon, tumingala ka!" Kung minsa'y nagagambala tayo at nalilimutan nating magtuon sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Kaya paalalahanan mo ang sarili mo na tumingala ka! Maaari kang magsabit ng isang larawan ni Jesus sa kuwarto mo. Lumabas at tumingin sa kalangitan. Tumahimik ng isang sandali araw-araw para isipin ang Ama sa Langit at si Jesus at madama ang Espiritu.

**Para sa mga Kabataan**

- Mga pahina 93 at 117: Naitanong mo na ba sa iyong sarili: Paano ko palaging makakasama ang Espiritu Santo? Paano ko makikilala ang Espiritu Santo? Paano ako tinutulungan ng Espiritu Santo? Sinagot nina Elder Ronald A. Rasband at Gary E. Stevenson ang mga ito at ang marami pang ibang tanong. "May sagradong responsibilidad tayo na matutong kilalanin ang kanyang impluwensya sa ating buhay at tumugon dito," sabi ni Elder Rasband. Paano mo tutugunan ang responsibilidad na iyan?
- Pahina 33: Binanggit ni Elder Ulisses Soares ang bahagi ng talata sa banal na kasulatan na tema ng Mutwal: "Humingi nang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan. Sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila" (Santiago 1:6). Paano mo maiiwasang mag-alinlangan? Magsimula sa pagpapalakas ng iyong pananampalataya kay Jesucristo. Mag-aral pa tungkol sa Kanya. Alalahanin ang mga pagkakataon na nadama mo ang Kanyang pagmamahal at kapayapaan.
- Mga pahina 86 at 9: Inanyayahan tayo ni Pangulong Thomas S. Monson, "Kung hindi ninyo binabasa ang Aklat ni Mormon araw-araw, mangyaring gawin ninyo ito." At itinanong ni Sister Carol F. McConkie: "Isinasantabi ba natin ang telepono, ang



walang-katapusang listahan ng mga gagawin, ang mga alalahanin ng mundo? Ang pagdarasal, pag-aaral, at pagsunod sa salita ng Diyos ay nag-aanyaya sa Kanyang nakalilinis at nakagagaling na pagmamahal sa ating kaluluwa." Magplano ng oras araw-araw na magbasa ng Aklat ni Mormon at maglagay ng paalala sa iyong planner o sa iyong telepono.

**Para sa mga Young Adult**

- Pahina 62: Ano ang mga mithiin mo sa buhay? Ang mga mithiin para sa iyong propesyon, pamilya, at maging sa sports at mga libangan ay mabuti, ngunit "dapat umakma ang ating pinakadakila at pinakamahahalagang mithiin sa walang-hanggang plano ng Ama sa Langit," pagtuturo ni Elder M. Russell Ballard. Paano mo iaayon ang mga plano mo sa plano ng Ama sa Langit para sa iyo? Paano ka mas makatutuon sa mithiing mamuhay nang walang hanggan sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo?
- Pahina 39: Sa mga unang araw ng taong ito, inanyayahan ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga young adult na "iukol ang bahagi ng [kanilang] panahon bawat linggo para pag-aralan *ang lahat* ng sinabi at ginawa ni Jesus ayon sa nakatala sa [mga banal na kasulatan]" ("Mga Propeta, Pamumuno, at Batas ng Diyos" [pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Ene. 8, 2017], broadcasts.lds.org). Inulit niya ang paanyayang ito sa pangkalahatang kumperensya bilang isa sa apat na mahahalagang bagay sa paghugot sa lakas ng Tagapagligtas sa ating buhay. Pag-aralan ang mensahe ni Pangulong Nelson upang malaman kung paano mo magagamit ang "lakas na sapat sa pagharap sa mga pasanin, balakid, at mga tukso sa ating panahon."
- Mga pahina 100 at 26: Gusto mo ba ng mapa para sa buhay mo? Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks, "Dahil nasa atin ang katotohanan tungkol sa Panguluhang Diyos at sa kaugnayan natin sa Kanila, sa layunin ng buhay, at sa katangian ng ating walang hanggang tadhana, nasa atin ang pinakamaaasahang gabay at tiyak na kaligtasan sa ating paglalakbay sa mortalidad." Itinuro niya at ni Elder Weatherford T. Clayton na ang kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan ay makakatulong sa ating mga hamon ngayon. Pag-aralan ang kanilang mga mensahe at tanungin sa Ama sa Langit kung paano makapagbibigay ng patnubay ang mga walang-hanggang katotohanan sa iyong buhay.
- Pahina 104: Ang takot ay makahihikayat, ngunit itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na ang takot ay "hindi ito kailanman magiging dahilan para maging mga tao tayo na nagmamahal sa tama at nagnanais sumunod sa Ama sa Langit." Paano magiging "panlaban na hinirang ng langit" ang dalisay na pag-ibig ni Cristo sa iyong mga takot?

**Para sa Matatanda**

- Pahina 86: Kapag pinag-aralan at pinagnilayan natin nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson na, "maririnig natin ang tinig ng Espiritu, mapaglalabanan ang tukso, madaraig ang pag-aalinlangan at pangamba, at tatanggap ng tulong ng langit sa ating buhay." Sa iyong sarili at sa iyong pamilya, mithiing basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw.
- Pahina 39: Makibahagi sa hamong ibinigay ni Pangulong Russell M. Nelson sa mga young adult (tingnan sa "Para sa mga Young Adult" sa itaas). Paano mo maiaangkop ang hamong ito sa iyong sarili at sa iyong pamilya? Talakayin ang mga pagpapalang nagmumula sa pag-aaral ng iba pa tungkol sa Tagapagligtas.
- Mga pahina 93 at 117: Habang binabasa ninyo ang mga mensahe nina Elder Ronald A. Rasband at Elder Gary E. Stevenson, maghanap ng mga paraan upang laging sumaiyo ang Espiritu at kung paano ka tinutulungan ng Espiritu. Tukuyin ang



mga paraan para lalo pang madama ang Kanyang impluwensya sa iyong buhay.
- Mga pahina 39 at 62: Hinikayat nina Pangulong Russell M. Nelson at Elder M. Russell Ballard ang mga miyembro na pag-aralan ang "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol" (tingnan sa loob ng pabalat sa harap). Sinabi ni Elder Ballard, "Maglagay ng kopya kung saan ninyo ito makikita, at mag-ukol ng oras na repasuhin ang bawat pahayag na nasa inspiradong patotoo na ito tungkol kay Cristo." Bilang pamilya, basahin ang "Ang Buhay na Cristo" at talakayin ang natutuhan ninyo.
- Mga pahina 127 at 97: Itinuro ni Elder Quentin L. Cook na ang pundasyon ng ating pananampalataya ay "dahan-dahang naitatatag—paisa-isang patong, paisa-isang karanasan, paisa-isang hamon, paisa-isang hadlang, at paisa-isang tagumpay." Sabi ni Elder L. Whitney Clayton, "Ang wastong paggawa ng maliliit na bagay nang may pananampalataya sa araw-araw ay pinakamainam na paraan para patatagin ang ating sarili sa mga problema ng buhay, anuman ang mga ito." Ano ang magagawa mo bawat araw na magpapatatag sa pundasyon ng iyong pananampalataya? ■

## Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

*Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang mga numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.*

| Tagapagsalita | Kuwento |
|---|---|
| **Neil L. Andersen** | (58) Sa pangitain nakita ni Pangulong David O. McKay ang Tagapagligtas at ang mga taong "dumaig sa sanlibutan." Nagkaroon ng sakit sa bato si Elder Bruce D. Porter ngunit dinaig niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang pagmamahal sa Tagapagligtas. |
| **David A. Bednar** | (67) Tinulungan ni David A. Bednar ang isang nalulungkot na returned missionary. |
| **Mark A. Bragg** | (36) Iniligtas ng mga bumbero ang mga painting ni Jesucristo mula sa nasusunog na stake center. |
| **M. Joseph Brough** | (23) Pinakinggan ng ama ni M. Joseph Brough ang matalinong payo ng kanyang ina. Noong bata pa si M. Joseph Brough, hinangad niyang malaman ang kalooban ng Ama sa Langit habang naghahanda siyang ipamigay ang kanyang aso. Sa templo, nalaman ni M. Joseph Brough na nagmamalasakit sa kanya ang Ama sa Langit. |
| **Linda K. Burton** | (12) Matapos maparalisa ang kanyang asawa, si Drusilla Hendricks na ang nagtaguyod sa kanyang pamilya. Pinaglingkuran ng isang Relief Society president ang iba habang nakikipaglaban siya sa kanser. |
| **Gérald Caussé** | (75) Dahil sa seminary, nataas ng ranggo ang 30-taong-gulang na si Gérald Caussé. Humanap ng paraan ang mga miyembro ng ward para makapaglingkod ang isang binatilyo. |
| **Yoon Hwan Choi** | (90) Itinuro ng ama ni Yoon Hwan Choi sa kanya na, "Huwag magpalingun-lingon, tumingala ka." Nabiyayaan si Sunbeam Choi habang naglilingkod sa misyon ang kanyang mga magulang. Ang pagtawag kay Yoon Hwan Choi sa Pitumpu ay nangahulugan ng mas kaunting oras para sa kanyang pamilya, ngunit masaya ang kanyang anak dahil sila ay "isang walang hanggang pamilya." |
| **L. Whitney Clayton** | (97) Pinayuhan ng isang bata pang bishop ang mga miyembro ng ward na may problema na maging abala sa pagpapakita ng mga simpleng gawa ng pananampalataya. |
| **Weatherford T. Clayton** | (26) Nakita ni Weatherford T. Clayton ang galak na hatid ng isang bagong silang na sanggol sa ina nito. Nang mamatay ang kanilang ina, napanatag ang dalawang anak na babae dahil sa kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas. |
| **Quentin L. Cook** | (127) Ang apat-na-taong-gulang na anak ni Quentin L. Cook ay "kaya nang gawin ang lahat ngayon." Noong bata pa si Quentin L. Cook, tumanggap siya ng espirituwal na patunay tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa pananatiling tapat sa kabila ng paghihirap, naragdagan ang karunungan at kabutihan ni Parley P. Pratt. |
| **Bonnie H. Cordon** | (6) Hiniling ng batang apo ni Bonnie H. Cordon na magbasa pa ng mga banal na kasulatan. Ang kapayapaang nadama ni Bonnie H. Cordon mula sa panalangin ng kanyang ina ay naghikayat sa kanya na magtiwala sa Panginoon. Sa paglilingkod sa iba, tumanggap ng lakas at tapang isang pasyenteng may kanser na makayanan ang kanyang karamdaman. |
| **Valeri V. Cordón** | (55) Noong bata pa si Valeri V. Cordón, nakita niya na napagpala ang kanyang pamilya dahil sa pagbabayad ng ikapu. |
| **Joaquin E. Costa** | (112) Samantalang nakikinig sa mga talakayan ng missionary, nagpakumbaba si Joaquin E. Costa at nakita niya na pagsisisi ang landas tungo sa paglago at kaligayahan. |
| **Henry B. Eyring** | (15) Tinulutan ng mapagkumbabang mga miyembro sa Austria na liwanagan ng Espiritu Santo ang kubol na pinagdausan nila ng sacrament meeting. Tinulungan ng Espiritu Santo si Henry B. Eyring na makita ang kanyang magulong anak na lalaki tulad ng pagtingin ng Diyos dito.<br>(19) Kahit ang pinakamahusay na teknolohiya ay hinding-hindi mapapalitan ang personal na paghahayag.<br>(82) Nagtiwala si Henry B. Eyring sa pangako na ang Espiritu ay mapapasapuso niya at dadalhin siya ng mga anghel habang naglilingkod siya bilang maytaglay ng priesthood. |
| **C. Scott Grow** | (121) Ang mga magulang at biyenan ni C. Scott Grow ay naglingkod sa mga misyon. Nasaksihan ni C. Scott Grow ang espirituwal na kadalisayan ni Elder Neal A. Maxwell. |
| **Joy D. Jones** | (87) Tinupad ng isang nakatatandang kapatid ang pangako niya sa kanyang mga magulang na hindi tuksuhin ang kanyang limang-taong-gulang na kapatid. |
| **Carol F. McConkie** | (9) Tinulungan ng isang 13-taong-gulang na Beehive class president sa Ghana ang kanyang mga kaibigan sa paggawa ng kanilang mga gawaing-bahay para makasimba sila. |
| **Russell M. Nelson** | (39) Tinupad ng isang Laurel ang kanyang pangakong makibahagi sa stake Relief Society meeting kahit inalis siya sa statewide competition. |
| **S. Mark Palmer** | (114) Noong mission president si S. Mark Palmer, natutuhan niyang "titigan" ang mga missionary at mahalin sila gaya ng pagmamahal ng Ama at ng Anak. |
| **Ronald A. Rasband** | (93) Noong full-time missionary si Ronald A. Rasband, iniharang niya ang kanyang paa sa pinto upang hindi ito magsara. Nadama ni Elder Ronald A. Rasband na bisitahin at basbasan ang mga miyembro ng Simbahan sa Ecuador pagkatapos ng isang lindol doon. Noong siya ay mission president, hinikayat ni Ronald A. Rasband ang mga missionary na sumunod sa unang mga pahiwatig. |
| **Dale G. Renlund** | (29) Sa *Les Misérables,* ang habag na ipinadama ng isang bishop ay naghikayat kay Jean Valjean na baguhin ang kanyang buhay. Noong tinedyer pa si Dale G. Renlund sa Europe, nakaranas siya ng pananakot at pagpula. |
| **Gary B. Sabin** | (52) Tiniis ng isang Boy Scout ang lamig ng gabi. Tumatayong muli ang isang inflatable punching bag dahil "matatag na nakatayo iyong tao sa loob." Tinuruan ng ama ni Gary B. Sabin ang dalawang kasamahan sa barko na humanga sa kanyang mabuting halimbawa. |
| **Ulisses Soares** | (33) Pinanariwa ng isang full-time missionary ang kanyang pangako na masigasig na paglingkuran ang Diyos matapos niyang malaman na namatay ang kanyang kapatid na babae. |
| **Gary E. Stevenson** | (117) Humanga si Gary E. Stevenson sa family home evening lesson ng isang siyam-na-taong-gulang na bata. Dahil sa pahiwatig, nakaligtas ang batang si Gary E. Stevenson mula sa isang rattlesnake. Ang pahiwatig sa mission president ay nagligtas sa mga missionary mula sa isang lindol sa Japan. Tumanggap ng kapanatagan ang mga miyembro ng pamilya mula sa Espiritu Santo kasunod ng isang malagim na aksidente sa sasakyan. |
| **Dieter F. Uchtdorf** | (104) Nagalak si Dieter F. Uchtdorf sa pagtatapos ng Madrid Spain Temple kahit hindi siya naanyayahan sa paglalaan nito. Sinabi ni Pangulong James E. Faust kay Dieter F. Uchtdorf na huwag "paapekto" sa papuri ng mga miyembro ng Simbahan. Pinayuhan ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. ang mga bagong lider na sundin ang ikaanim na patakaran. Nagboluntaryo ang isang dating stake president na linisin ang kalat na naiwan ng mga kabayo sa parada sa lungsod. |



## Elder Taylor G. Godoy

*General Authority Seventy*

Makalipas ang ilang taon sa kanyang propesyon, si Elder Taylor G. Godoy ay kinailangang gumawa ng mahalagang desisyon na magkakaroon ng malaking epekto sa kanyang buhay.

Nagtatrabaho siya noon bilang dentista, pinag-iigi ang kanyang trabaho, at umaasa na balang-araw ay makapagturo ng dental surgery. Ngunit isang minamahal at pinagkakatiwalaang priesthood leader ang nag-anyaya sa kanya na magtrabaho sa Seminaries and Institute.

Ang pag-iwan sa lumalagong propesyon ay kakatwang desisyon para sa bata pang dentista, na sinang-ayunan noong Abril 1, 2017, bilang General Authority Seventy. Nagtaka ang marami sa kanyang mga kasamahan kung paano niya nakayang iwan ang kanyang propesyon.

"Pero alam ko na iyon ang tamang desisyon," sabi niya. Gayon katapat na katiyakan ang naglalarawan sa convert ng Simbahan. Ang pagtulong sa iba na tuklasin at mahalin ang ebanghelyo ay napatunayang isang tiyak na oportunidad at pagpapala sa buhay.


Sa kanyang propesyon sa edukasyon sa Simbahan, nagtrabaho si Elder Godoy bilang institute teacher, coordinator, director, at country director. Nitong huli, siya ang South America Northwest Seminaries and Institutes area director.

Si Taylor Guillermo Godoy Atanacio ay isinilang sa Lima, Peru, noong 1968, kina Taylor Godoy at Adalzahinda Atanacio. Namatay ang kanyang ama noong siya ay bata pa, at ang kanyang minamahal na amain na si Elias Rebaza ang nagpalaki sa kanya. Sumapi si Elder Godoy sa Simbahan noong 17 anyos siya.

Pagkatapos maglingkod sa Peru Lima North Mission, bumalik siya sa kanyang bayang sinilangan sa Arequipa. Doo'y naging kaibigan niya ang dalagang si Carol Pacheco. Ang kapwa convert ay ikinasal noong Mayo 31, 1994, sa Lima Peru Temple. Dalawa ang anak nila.

Si Elder Godoy ay nagtamo ng bachelor's degree sa dentistry mula sa Catholic University of Santa Maria noong 1993 at ng master's degree sa administration mula sa Technical University of Madrid noong 2006.

Naglingkod siya bilang bishop, high councilor, stake president, area public affairs director, at Area Seventy. ■



## Elder Joni L. Koch

*General Authority Seventy*

Si Elder Joni Luiz Koch ay ikalawang henerasyong miyembro ng Simbahan mula sa Brazil. Binisita ng kanyang mga magulang na sina Luiz at Etelca Gascho Koch ang iba't ibang lokal na simbahan noong mga unang taon ng kanilang pagsasama para maghanap ng espirituwal na katotohanan.

Ilang oras matapos mag-alay ng taos-pusong panalangin ang kanyang ina at mangakong sundin ang Diyos, dumating ang mga missionary sa pintuan ng kanyang mga magulang. Wala pang anim na buwan, nabinyagan sila.

Isinilang noong 1962, lumaki si Elder Koch sa Joinville, Santa Catarina, Brazil. Ang impluwensya ng mga pinuno ng Simbahan, tulad ng isang masigasig na Primary teacher, isang bishop na parang ama sa mga miyembro, at isang magiting na stake president, ay nakatulong sa kanya na tapat na mangakong ipamuhay ang ebanghelyo.

Pagkatapos ng kanyang full-time mission sa Brazil São Paulo North Mission, nag-aral ng statistics si Elder Koch sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA. "Sa isang biyahe pabalik sa Brazil, binisita ko ang ward ng isang kaibigan, kung saan ko nakilala ang mapapangasawa ko," sabi ni Elder Koch. "Nilapitan niya ako at tinanong kung may asawa na ako." Pagkaraan ng walong buwang malayuang ligawan—at 15 araw lamang aktuwal na nagkasama—pinakasalan niya si Liliane Michele Ludwig noong Abril 26, 1988, sa São Paulo Brazil Temple. Sila ay may dalawang anak.

Nang makatapos ng pag-aaral sa BYU at magtamo ng executive master of business administration degree, nagtrabaho si Elder Koch sa international logistics. Sa loob ng 25 taon, nagtrabaho siya sa iba't ibang kumpanya hanggang sa tawagin siyang maglingkod nang full-time para sa Simbahan.

Si Elder Koch ay naglingkod bilang bishop, stake president, at Area Seventy. Naglilingkod siya bilang pangulo ng Mozambique Maputo Mission nang tawagin siya bilang General Authority Seventy.

"Ang aking patotoo ay unti-unting tumatag sa paglipas ng panahon sa pamamagitan ng espirituwal na mga karanasan na natanggap ko sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo," sabi ni Elder Koch. "Ang Aklat ni Mormon ay isa sa mga pangunahing elemento sa lakas ng aking patotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo, sa Kanyang Simbahan, at kay Propetang Joseph Smith." ■



## Elder Adilson de Paula Parrella

*General Authority Seventy*

Noong walong taong gulang si Elder Adilson de Paula Parrella, sinimulang turuan ng mga missionary ang kanyang pamilya tungkol kay Propetang Joseph Smith at sa Panunumbalik ng ebanghelyo.

"Kahit noong bata pa ako, wala akong alinlangan na talagang nakita ni Joseph Smith ang Diyos at si Jesucristo," sabi ni Elder Parrella, na sinang-ayunan noong Abril 1, 2017, bilang General Authority Seventy. "Hindi ko kailanman pinagdudahan iyon mula noon."

Si Elder Parrella ay isinilang noong 1962 sa Guarujá, Brazil, sa baybayin ng Atlantic malapit sa São Paulo, kina Fioravante at Vany de Paula Parrella.

Bawa isa sa dalawang kuya niya ay nakapagmisyon. Ang mga halimbawa nila at ng mapagmahal na bishop na si Angelino Borges de Freitas, na nagturo sa kanya kung paano maging isang Aaronic Priesthood holder, ang nagpaningas sa hangaring maglingkod siya sa full-time mission. Pinagtibay sa kanya ng paglilingkod sa misyon "ang katotohanan ng Diyos at ng Kanyang Anak at na tayong lahat ay anak ng Diyos."

Matapos maglingkod sa Brazil Porto Alegre Mission, nagaral si Elder Parrella sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA, kung saan siya nagtamo ng bachelor's degree in communication at master of business administration degree. Nagtrabaho siya bilang managing director sa Kodak Polychrome Graphics at bilang kasosyo sa Korn Ferry International. Nitong huli kasosyo siya sa Caldwell Partners.

Pinakasalan niya si Elaine Finholdt noong Disyembre 1988 sa São Paulo Brazil Temple. Sila ay may limang anak na lalaki.

Si Elder Parrella ay naglingkod bilang branch president, bishop, high councilor, counselor sa stake presidency, Area Seventy, at pangulo ng Brazil Belo Horizonte Mission mula 2009 hanggang 2012.

Simula nang makilala niya ang mga missionary, ang kanyang buhay ay naging isang paglalakbay upang maunawaan ang nadama niya noong siya ay walong taong gulang. Ang pagsisimba, patuloy na pagkatuto mula sa mga salita ng Diyos, at pagsisikap na sundin ang mga kautusan ay nakatulong na palawakin ang kanyang pananaw mula sa sulyap ng katotohanang ibinigay sa kanya noong bata pa siya. "Talagang ito ang kaharian ng Diyos sa lupa," wika niya. ■



## Elder John C. Pingree Jr.

*General Authority Seventy*

"Ang aking patotoo ay nabuo sa paglipas ng panahon, unti-unti, sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga sagot sa mga panalangin, pagdama sa Espiritu habang nagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagsisisi, at paglilingkod sa Panginoon," sabi ni Elder John C. Pingree Jr., na sinang-ayunan noong Abril 1, 2017, bilang General Authority Seventy.

Isinilang noong 1966 sa Salt Lake City Utah, USA, kina Carmen at John C. Pingree Sr., utang niya ang lahat sa katapatan ng kanyang mga magulang sa pagtulong na hubugin ang kanyang buhay.

"Kinabukasan matapos akong isilang, sinulatan ako ng aking ama," sabi ni Elder Pingree. "Itinabi niya ang liham na iyon, at kalaunan, nang paalis na ako para sa full-time mission, ipinadala niya ito sa akin. Ang sulat ay may ilang pahina ng kanyang patotoo at mga aral na gusto niyang matutuhan ko sa aking buhay. Habang binabasa ko ito, pinatotohanan sa akin ng Espiritu na ang naituro sa akin ng mga magulang ko tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo."

Naglingkod si Elder Pingree sa Massachusetts Boston Mission, kung saan Espanyol ang salita.

Nagtamo siya ng mga degree sa English at political science mula sa University of Utah at master of business administration degree mula sa Harvard Business School. Pinakasalan niya si Anne Pugsley noong Marso 1990, at mayroon silang limang anak.

Nakatuon ang malaking bahagi ng kanyang propesyon sa pagtulong sa iba. Naging pangulo siya ng isang medical humanitarian aid organization at bise-presidente sa dalawang health care company.

Naging pangulo siya ng Texas Houston Mission mula 2011 hanggang 2014 at naglingkod bilang Area Seventy, stake president, bishop, elders quorum president, at institute at seminary teacher.

"Sabi ng Panginoon, 'Kung iyong nanaisin, ikaw ang magiging daan upang magawa ang maraming kabutihan sa salinlahing ito' (D at T 11:8)," sabi ni Elder Pingree. "Para sa akin, sinasabi ng Panginoon, 'Magagamit kita para makagawa ng kaunting kabutihan sa buhay ng ibang mga tao, kung papayagan mo ako.' Kung maghahanap tayo ng mga oportunidad, gagamitin tayo ng Ama sa Langit upang pagpalain ang ibang tao." ■



## Elder Brian K. Taylor

*General Authority Seventy*

Si Brian King Taylor ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 1, 2017.

Si Elder Taylor ay isinilang noong 1964 sa Ogden, Utah, USA, kina Lowell Moon at Marie King Taylor. Lumaki siya sa kalapit na Kaysville, pang-apat sa limang anak na napakahilig sa pangingisda at sa sports.

Ang kuya niyang si Craig ay nakakuha ng basketball scholarship sa Utah State University sa Logan, Utah, at nagsikap na magpasiya kung magmimisyon o magpapatuloy sa kanyang pag-aaral sa kolehiyo.

"Isang gabi sa hapunan sinabi ko [sa kanya], 'Hey, kung magmimisyon ka, magmimisyon ako,'" paggunita ni Elder Taylor. Sa huli ay nagmisyon din ang magkapatid, at napunta si Elder Taylor sa Spain Seville Mission.

Bago siya nagmisyon, naglaro si Elder Taylor sa Brigham Young University basketball team mula 1982 hanggang 1984 kasama si Devin G. Durrant, na kasalukuyang naglilingkod bilang miyembro ng Sunday School General Presidency.

Nakilala rin niya ang mapapangasawa niyang si Jill Featherstone sa BYU. Nagtuturo ito noon sa Gospel Doctrine class sa kanyang student ward. Sa paanyaya ng kanyang kapatid na lalaki, bumisita si Elder Taylor sa klase ni Jill at nagkakilala sila. Nauwi iyon sa pag-iibigan, at ikinasal sila noong Abril 30, 1987, sa Salt Lake Temple. Sila ay may pitong anak.

Si Sister Taylor ang tanging anak na babae sa pitong anak nina Elder Vaughn J. Featherstone, emeritus General Authority, at Sister Merlene Featherstone. "Talagang mababait sila," sabi ni Elder Taylor sa kanyang mga biyenan. "Agad kong nadama na mahal nila ako."

May bachelor's degree mula sa BYU, nakapagtayo si Elder Taylor ng ilang negosyo, kabilang na ang isang kumpanyang nagdisenyo ng software para mai-coordinate ang mga emergency call sa pagitan ng mga ahensya ng pampublikong kaligtasan.

Naglingkod siya bilang institute teacher, high councilor, ward Young Men president, stake president, at, nang tawagin siya sa Pitumpu, bilang pangulo ng Texas Dallas Mission. ■



## Elder Taniela B. Wakolo

*General Authority Seventy*

Inilaan na ni Elder Taniela Biu Wakolo ang bawat araw ng kanyang buhay sa paglilingkod sa Panginoon mula nang binyagan siya noong Marso 1994.

Isinilang noong 1967 sa maliit na isla ng Lomaloma, Lau, Fiji, kina Taniela Vosa at Temalesi Buadromo Wakolo, si Elder Wakolo ang bunso sa anim na anak. "Lumaki ako sa isang napakaabang tahanan, pero mayaman kami sa pagmamahal sa isa't isa," wika niya.

Sa edad na 12, umalis si Elder Wakolo sa bahay ng kanyang mga magulang para mag-aral sa boarding school na may mahigit 500 kabataang lalaki, na edad 12 hanggang 19. "Napakagandang training ground iyon para sa akin," wika niya. "Dito ako natuto ng disiplina sa sarili."

Idineyt niya si Anita Herberta Moimoi, isang bagong convert, nang mahigit isang taon. Ikinasal sila noong Agosto 22, 1987, sa Suva, Fiji.


Ang conversion ay hindi dumating nang magdamag para kay Elder Wakolo, at sa unang walong taon ng pagsasama nilang mag-asawa, nakausap niya ang maraming missionary. "Natapos ko ang mga talakayan [ng missionary] nang apat na beses sa loob ng walong taon," sabi niya. "Naka-24 na missionary ako."

Isang simpleng tanong mula sa isa sa mga missionary na iyon tungkol sa pangalan ng Simbahan ang nagpabago ng kanyang isip tungkol sa pagpapabinyag. "Kailangang ipangalan ang Simbahan sa may-ari nito," sabi niya. "Iyon na ang sagot para sa akin."

Si Elder Wakolo at ang kanyang asawa ay ibinuklod sa Nuku'alofa Tonga Temple noong 1995. Dalawa ang anak nila.


Agad sinundan ng mga pagkakataong maglingkod ang kanyang binyag. Dalawang linggo matapos siyang mabinyagan, tinawag siya sa ward Young Men presidency at pinagturo sa seminary kasama ng kanyang asawa. Wala pang isang taon pagkaraan, tinanggap niya ang tawag na maglingkod bilang branch president. Kalaunan ay naglingkod siya bilang counselor sa stake presidency, stake president, at Area Seventy. Nang tawagin siya bilang General Authority Seventy, siya ang nangungulo sa Arkansas Little Rock Mission.

Si Elder Wakolo ay nag-aral ng management at public administration at nagtamo ng master's degree sa management. Nitong huli, naging manager siya sa Fiji Service Center ng Simbahan. ■



## Jean B. Bingham

*Relief Society General President*



## Sharon Eubank

*Unang Tagapayo,*
*Relief Society General Presidency*

Nakapanirahan na sa iba't ibang lugar sa Estados Unidos, pinasasalamatan ni Sister Jean B. Bingham kung paano naglalaan ng matatag na impluwensya ang ebanghelyo sa mga pagbabago sa kapaligiran.

Isinilang noong 1952 sa Provo, Utah, USA, kina Robert at Edith Joy Barrus, lumaki siyang kasama ang anim na kapatid na babae at dalawang kapatid na lalaki. Nag-aral siya ng elementarya sa Texas at Minnesota, USA, at nagtapos ng high school sa New Jersey. Silang magkakapatid lamang ang mga estudyanteng LDS sa kanilang mga paaralan hanggang sa lumipat sila sa New Jersey, kung saan natuwa siyang matuklasan na kaklase niya ang isang batang babaeng mula sa kanyang bagong ward.

Matapos silang makasal ni Bruce Bingham sa Provo Utah Temple noong Disyembre 22, 1972, lumipat sila sa Illinois para makapagpatuloy si Bruce sa pag-aaral.

Dalawa ang naging anak nina Brother at Sister Bingham, at inaangkin din nilang sarili nilang mga anak ang iba pang inampon nila. Nakatanggap siya ng associate degree sa family living, at noong nasa high school ang bunsong anak nila, muli siyang nag-aral at nagtamo ng master's degree sa pagtuturo.

Ang unang tungkulin ni Sister Bingham sa Relief Society ay dumating matapos lang niyang isilang ang kanyang panganay. "Tinawag akong magturo ng mga lesson sa mother education. Napakagandang pagkakataon niyon upang matuto sa mga halimbawa ng ibang kababaihan at maging sa manwal."

Si Sister Bingham ay naglakbay nang malawakan noong miyembro siya ng Primary general board at bilang counselor sa Primary General Presidency. Nakita niya ang mga hamon at pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan sa mga lugar sa buong mundo.

Umaasa siya na makikita ng kababaihan ng Relief Society ang kabutihan sa bawat isa. "Nakatutuksong ihambing ang ating sarili sa iba, na walang magandang ibubunga at taliwas sa nais ng Ama sa Langit para sa atin." Sabi niya tinutulungan ng Relief Society ang bawat babae na maunawaan kung sino siya sa kawalang-hanggan. "Kapag itinuon natin ang ating buhay kay Jesucristo, alam natin talaga kung sino tayo," wika niya. ■

Bilang bagong empleyado sa LDS Humanitarian Services, nasaksihan ni Sharon Eubank ang hirap, lungkot, at dalamhati kaya nahirapan siyang kumilos. Sa pamamagitan ng panalangin, naunawaan niya na bagama't matutulungan niya ang Panginoon na pangalagaan ang Kanyang mga anak, hindi niya kayang pigilan ang kalungkutan. "Si Jesucristo ang namamahala. Siya ang magpapasan nito. Sila ay Kanyang mga tao, at dinidinig at sinasagot Niya ang kanilang mga dalangin." Ang sagot na iyon ang nagpabago sa kakayahan niyang tumulong at maglingkod.

Makalipas ang mga taon, si Sister Eubank, bilang direktor ng LDS Charities—ang organisasyong pangkawanggawa ng Simbahan—ay naghatid ng tulong at nagtaguyod ng pag-asa sa sarili sa mga taong nangangailangan sa buong mundo.


Sinang-ayunan noong Abril 1, 2017, sa Relief Society General Presidency, magpapatuloy siya sa kanyang tungkulin bilang direktor ng LDS Charities. May "malaking ugnayan" ang LDS Charities sa Relief Society, kung saan ang mga miyembro ng Relief Society General Presidency ay umuupo sa board of directors para sa LDS Charities, paliwanag niya. Palalakasin ng kanyang mga responsibilidad sa dalawang organisasyong iyon ang ugnayang iyon.

Isinilang noong 1963 sa Redding, California, USA, si Sharon ang panganay sa pitong anak nina Mark at Jean Eubank. Lumaki sa Bountiful, Utah, USA, si Sister Eubank ay tumira sa isang 10-akreng (4 ha) lupain kung saan namitas ang mga bata sa pamilya Eubank ng apricots, nagkumpuni ng mga pandilig, at nagkaroon ng malapit na access sa kabundukan ng Utah.

Natanggap ni Sister Eubank ang kanyang bachelor's degree sa English at history mula sa Brigham Young University sa Provo, Utah, at naglingkod siya sa Finland Helsinki Mission.


Bukod sa trabaho niya sa Welfare Department ng Simbahan, nagtrabaho si Sister Eubank sa Capitol Hill sa Washington, D.C., USA, naging kasosyo sa isang maliit na negosyo, at tumira sa ibang bansa sa Japan at France.

Bawat pagkakataon ay isang "hakbang ng pananampalataya" na tumulong sa kanya na matutuhan ang mga kasanayang ginagamit niya ngayon, nagtulot na makilala niya ang mababait na tao sa loob at labas ng Simbahan, at nagpadama sa kanya ng pagmamahal at pagpapahalaga sa maraming kultura, wika, at pagkain sa mundo. ■



## Reyna I. Aburto

*Pangalawang Tagapayo,*
*Relief Society General Presidency*



## Cristina B. Franco

*Pangalawang Tagapayo,*
*Primary General Presidency*

Isinilang si Sister Reyna I. Aburto sa Managua, Nicaragua, kina Noel Blanco at Delbi Cardoza noong 1963. "Palaging masigasig sa pagtatrabaho ang mga magulang ko para matustusan ang mga pangangailangan namin," sabi ni Sister Aburto. "Napakasaya ng kabataan ko."

Lagpas ng hatinggabi noong Disyembre 23, 1972, noong siya ay siyam na taong gulang, isang lindol ang tumama sa Managua. "Nakaligtas ako dahil may isang piraso ng muwebles sa likuran ko, pero naipit ang mga binti ko." Nang marinig ang sigaw niya at ng kanyang ina, nagdatingan ang mga kapitbahay para hilahin sila palabas mula sa gumuhong bahay na yari sa adobe. Sa guho, natagpuan nila ang bangkay ng kanyang kuya sa kamang katabi ng kanya. "Ang materyal na mga pag-aari ay pansamantala lamang, pero ang mahalaga ay ang ating pamilya," wika niya.

Noong siya ay 21 anyos, nandayuhan si Sister Aburto sa Estados Unidos kasama ang kanyang pamilya. Habang naninirahan sa San Francisco, California, ipinakilala siya sa mga missionary at nagpasiya siyang magsimba. "Pagpasok na pagpasok ko sa gusaling iyon, nadama ko ang Espiritu. Stake conference noon, at nadama ko na ang bawat mensahe ay para sa akin," wika niya. Nabinyagan siya noong 1989.

Sa panahong ito nakilala niya si Carlos Aburto, at naging magkaibigan sila. Patuloy silang nagsulatan, kahit noong lumipat na si Sister Aburto sa Orem, Utah. Nakasal sila noong Mayo 8, 1993, sa Jordan River Utah Temple. Tatlo ang anak nila.

Si Sister Aburto, na sinang-ayunan noong Abril 1, 2017, sa Relief Society General Presidency, ay nagtrabaho sa industriya ng pagsasalin nang mahigit 25 taon, pati na sa Novell Inc. at Lemoine International. Silang mag-asawa ay may sarili na ngayong maliit na translation agency. Nag-aral siya ng industrial engineering sa Central American University sa Managua, Nicaragua, nang apat na taon at nagtamo ng associate degree sa computer science mula sa Utah Valley State College noong 1997.

Si Sister Aburto ay naglingkod sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan, kabilang na ang pagiging miyembro ng Primary general board mula 2012 hanggang 2016. ■

Sa murang edad, nalaman ni Sister Cristina B. Franco na kung may tanong siya, maaari siyang lumapit sa Ama sa Langit sa panalangin para sa sagot.

"Naaalala ko na lumapit ako sa nanay ko noong 11 anyos ako o mahigit pa at nagtanong sa kanya tungkol sa doktrina," sabi niya. "Sinagot niya ang tanong ko pero sabi niya sa akin, 'Hindi mo kailangang paniwalaan ang sinabi ko.' Kaya nagdasal ako at nagtanong sa aking Ama sa Langit kung totoo iyon."

Sinagot ang kanyang panalangin, at magmula noon alam na niya na may isa siyang Ama sa Langit na mahal siya at sasagot sa kanyang mga panalangin.

Sinang-ayunan noong Abril 1, 2017, sa Primary General Presidency, si Cristina Beatriz Fraga ay isinilang noong 1958 kina Hugo R. at Maria A. Godoy Fraga sa Buenos Aires, Argentina.

Noong tatlong taong gulang siya, kumatok ang mga missionary sa pinto ng kanyang mga magulang. Matapos mag-aral at magsimba nang mga walong buwan, sumapi ang mag-asawa sa Simbahan at nagsimulang palakihin ang kanilang pamilya sa ebanghelyo. Sa Primary nakilala niya si Rodolfo C. Franco, isang bata na kalauna'y naging matalik niyang kaibigan.

Noong siya ay 18, lumipat ang pamilya ni Sister Franco sa Utah, USA. Noong panahong iyon, gusto na nilang pakasal ni Rodolfo, pero kinailangang maglingkod si Rodolfo sa militar ng Argentina sa maikling panahon. Nagsulatan ang dalawa, at nang matapos ng lalaki ang kanyang paglilingkod sa militar, ikinasal sila noong Disyembre 15, 1978, sa Salt Lake Temple. Tatlong lalaki ang anak nila.

Sa pagsunod sa mga yapak ng ama ni Sister Franco, na isang relohero, nagtrabaho ang mag-asawa sa isang tindahan ng relo at orasan sa Salt Lake City nang halos tatlong dekada.

Nakapaglingkod na si Sister Franco sa maraming katungkulan sa Simbahan. Naglingkod siya sa Primary general board mula 2005 hanggang 2010 at, nang tawagin siya sa Primary General Presidency, naglilingkod siya kasama ang kanyang asawa na namumuno sa Argentina Resistencia Mission. ■



# Mga Bagong Tinawag Ibinalita

Sa pangkalahatang kumperensya, ibinalita ang pagtawag ng anim na bagong General Authority Seventy, isang bagong Relief Society General Presidency, at ang muling pag-organisa ng Primary General Presidency.

Tinawag na maglingkod bilang General Authority Seventy sina Elder Taylor G. Godoy, Elder Joni L. Koch, Elder Adilson de Paula Parrella, Elder John C. Pingree Jr., Elder Brian K. Taylor, at Elder Taniela B. Wakolo.

Si Jean B. Bingham ay maglilingkod bilang Relief Society General President, kasama sina Sharon Eubank bilang Unang Tagapagayo at Reyna I. Aburto bilang Pangalawang Tagapagayo. Bago siya tinawag, naglilingkod si Sister Bingham bilang Unang Tagapayo sa Primary General Presidency. Ibinalita na si Bonnie H. Cordon, na naglilingkod noon bilang Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency, ang bagong Unang Tagapayo, kasama si Cristina B. Franco bilang Pangalawang Tagapayo.

Ang mga talambuhay ay matatagpuan simula sa pahina 135. Ibinalita rin ang tinawag na 36 na mga Area Seventy (tingnan sa pahina 44). ■

# Layunin ng Relief Society

Na-update na ng Relief Society ang mga pananalita sa pahayag na layunin nito. Nakasaad na ngayon doon na, "Ang Relief Society ay tumutulong na ihanda ang kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan kapag naragdagan ang kanilang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala; palakasin ang mga indibiduwal, pamilya, at tahanan sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan; at sa pakikiisa sa pagtulong sa mga nangangailangan."

Ang pahayag ay nagpapakita ng karagdagang mga ideya na tutulong sa mga babaeng Banal sa mga Huling Araw na maunawaan ang banal na pagkatao, walang-hanggang gawain, at layunin ng bawat babae sa Relief Society. ■

# Limang Bagong Templo

Ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson ang planong magtayo ng lima pang templo, sa sumusunod na mga lungsod:

**Brasília, Brazil.** Ang Brasília Brazil Temple ang magiging ika-10 templo sa Brazil, kabilang na ang anim na templong gumagana at tatlong iba pa na ibinalita o kasalukuyang itinatayo. Bukod sa Estados Unidos at Mexico, mas maraming Banal sa mga Huling Araw (mahigit 1.3 milyon) ang nakatira sa Brazil kaysa alinmang bansa. Ang Brazil ay may humigit-kumulang 211 milyong populasyon.

**Kalakhang Maynila, Pilipinas.** Ang templong ito ang magiging pangalawa sa Manila at pang-apat sa Pilipinas. Halos 750,000 mga Banal sa mga Huling Araw ang nasa Pilipinas, na may 104 milyong populasyon.

**Nairobi, Kenya** Ang templo ay maglilingkod sa mahigit 30,000 mga miyembro sa eastern Africa, kabilang na ang 13,000 mga miyembro sa Kenya, na may 48 milyong populasyon. Magiging walo na ang mga templong gumagana, kasalukuyang itinatayo, o ibinalita sa Africa.

**Pocatello, Idaho, USA.** Ang Pocatello Idaho Temple ang magiging ikaanim na templo sa Idaho, isang estado na may tinatayang 450,000 mga Banal sa mga Huling Araw at may 1.7 milyong populasyon.

**Saratoga Springs, Utah, USA.** Ang templong ito ay makikita sa isa sa pinakamabibilis lumaking area sa Utah at ang magiging ika-18 templo sa estado. Ang Utah, kung saan naroon ang headquarters ng Simbahan, ay may 2.1 milyong miyembro, at may populasyon sa estado na mga 3.1 milyon.

Dahil sa limang templong ibinalita ay magiging 182 templo na ang kabuuang bilang ng gumaganang mga templo (155) at mga templong ibinalita o kasalukuyang itinatayo/sumasailalim sa renobasyon (27) sa ibang mga bansa.

Simula noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2016, ang Fort Collins Colorado Temple, Star Valley Wyoming Temple, at Hartford Connecticut Temple sa USA ay nailaan na, at ang Suva Fiji Temple ay nailaan nang muli.

Ang mga paglalaan sa hinaharap ay nakaplano ayon sa nakasaad sa ibaba:

| TEMPLO | PETSA NG PAGLALAAN |
|---|---|
| Paris France | Mayo 21, 2017 |
| Idaho Falls Idaho (USA) | Hunyo 4, 2017 (muling paglalaan) |
| Tucson Arizona (USA) | Agosto 13, 2017 |
| Meridian Idaho (USA) | Nobyembre 19, 2017 |
| Cedar City Utah (USA) | Disyembre 10, 2017 |

Tapos na ang groundbreaking para sa Winnipeg Manitoba Temple (Canada), Kinshasa Democratic Republic of the Congo Temple, Barranquilla Colombia Temple, Arequipa Peru Temple, at Rio de Janeiro Brazil Temple.

Dapat ding banggitin na, habang patuloy ang pagtatayo ng Rome Italy Temple, inilagay ang mga estatwa ni Jesucristo at ng orihinal na Labindalawang Apostol sa visitors' center, at ipinatong ang isang estatwa ni anghel Moroni sa taluktok nito. ■

*Maghanap ng mga update at impormasyon sa* **temples.lds.org.**

# Landas Tungo sa Edukasyon

Ibinalita na ng Unang Panguluhan ang paglikha ng isang bagong global higher education organization sa Simbahan, na tinatawag na BYU–Pathway Worldwide. Ang bagong organisasyon ay magsisimulang patakbuhin sa Mayo 1, 2017. Bibigyan ng organisasyon ng mga oportunidad na makapag-aral ang mga taong hindi nagkaroon ng ganitong pagkakataon.

"Ang Pathway ay isang tulay sa mundo ng online college education at isang landas tungo sa mga oportunidad para sa matagumpay na kabuhayan," sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. ■

*Tingnan ang iba pang impormasyon sa* **pathway.lds.org.**







# Patuloy ang Pagmiministeryo ng mga Apostol sa Buong Mundo



*Paikot sa kanan mula sa kaliwang itaas: Kausap ni Elder Bednar ang mga miyembro ng Simbahan sa Pilipinas; kausap ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga miyembro ng Chamber of Deputies (ang mababang kapulungan ng Mexican Congress) para talakayin ang kalayaang pangrelihiyon; isang bantog na pagtitipon ng mga pinunong Mormon at Judio mula sa USA ang dumalaw sa Israeli prime minister na si Benjamin Netanyahu; binati ni Elder Stevenson ang isang dalagang naglilingkod bilang tagapayo sa isang For the Strength of Youth conference sa Uruguay; dumalo ang mga tinedyer sa isang live broadcast kasama sina Elder Holland at Pangulong Eyring sa Palmyra, New York, USA; binati nina Elder at Sister Renlund ang kababaihan sa isang pulong sa Tonga; binisita ni Elder Rasband ang isang cancer hospital ng mga bata sa Guatemala City, Guatemala.*

Ang mga propeta at apostol ay patuloy na nagmiministeryo sa buong mundo (tingnan sa D at T 107:23). Nitong huling anim na buwan:

Sa Face to Face broadcast na nagmula sa **Palmyra, New York, USA,** hinikayat nina Pangulong Henry B. Eyring at Elder Jeffrey R. Holland ang mga kabataan ng Simbahan na magkaroon ng sariling patotoo. "Halina't alamin para sa inyong sarili na ang mga bagay na ito ay totoo," sabi ni Pangulong Eyring.

Sa **Mexico,** ipinakilala si Pangulong Russell M. Nelson sa mga pambansang Chamber of Deputies (ang mababang kapulungan ng Kongreso), at pinuri ang Simbahan sa kabutihang nagagawa nito sa pagtatanggol sa kalayaang pangrelihiyon at sa pagpapalakas sa mga pamilya. Kinausap din ni Pangulong Nelson ang mga miyembro at missionary at sinabi na ang mga miyembro "ay aktibong puwersa para sa kabutihan sa kanilang komunidad."

Sa **Arizona, USA,** hinikayat Elder Dallin H. Oaks ang lahat ng miyembro ng Simbahan na ipagtanggol ang kalayaang pangrelihiyon. (Tingnan ang iba pang impormasyon sa **religious freedom.lds.org.**)

Nagsalita si Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa mga miyembro ng Parleys Creek (Swahili) Branch sa **Salt Lake City, Utah, USA.** Marami sa mga miyembro ng branch ang mga refugee mula sa mga bansang African, at si Pangulong Uchtdorf mismo ay dalawang beses naging refugee. "Laging tandaan na saanman tayo naroon, naroon ang ebanghelyo," sabi niya.

Dumalo sina Elder M. Russell Ballard at D. Todd Christofferson sa seremonya ng pagluluklok sa bagong bishop ng Roman Catholic Diocese ng Salt Lake City at tinanggap ito sa komunidad.

Sa **Holy Land,** sumama sina Elder Holland at Elder Quentin L. Cook sa isang delegasyon ng mga pinuno ng mga Banal sa mga Huling Araw at ng matataas na pinuno ng mga Judio mula sa USA na nagtipon sa isang makasaysayang lugar sa **Jerusalem** upang itakda ang ika-175 anibersaryo ng paglalaan ni Elder Orson Hyde (1805–78) ng Korum ng Labindalawang Apostol sa lupain bilang isang lugar ng pagtitipon para sa mga Judio.

Kinausap din ni Elder Holland ang mga miyembro at missionary sa **Japan, Korea,** at **Guam,** kung saan "muli naming tiniyak sa kanila ang isang [magandang] kinabukasan," sabi niya. Napansin niya na ang mga live nationwide broadcast ng mga debosyonal ay "nagbigay sa atin ng pinakamalayong posibleng maaabot ng ating mensahe," na nakikipag-ugnayan sa libu-libong miyembro.

Sa **New York, USA,** nakilahok si Elder David A. Bednar sa isang forum tungkol sa pag-aasawa, na sinasabi na ang isa sa mga dakilang gawain sa ating panahon—isa na kung saan ay dapat magkaisa ang mga komunidad ng magkakaibang pananampalataya—ay ang tulungan ang mga tao na maunawaan ang tunay na kahulugan at layunin ng pag-aasawa.

Habang kausap ang mga Banal sa mga Huling Araw sa **Japan** at **Korea** sinabi ni Elder Bednar na ang Simbahan ay nakararanas ng mabagal ngunit matatag na paglago sa Asia. "Hindi mo mapipigilang humanga sa kasigasigan, kabutihang-loob, at katapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw na ito," sabi niya. Nagsalita rin si Elder Bednar sa libu-libong miyembro ng Simbahan at tinuruan ang mga missionary sa 7 sa 21 mission ng Simbahan sa **Pilipinas.**

Sa **Mexico,** pinayuhan ni Elder Neil L. Andersen ang mga miyembro ng Simbahan na daigin ang mga balakid na humahadlang sa kanila sa pagdalo sa templo, paggalang sa araw ng Sabbath, at pagpapatatag sa mga ugnayan ng pamilya. Hinikayat niya sila na mas lubos na anyayahan ang Tagapagligtas sa kanilang buhay.

Binisita ni Elder Quentin L. Cook ang **Pilipinas** 20 taon pagkaraang maglingkod siya roon bilang bagong tawag na General Authority. Sinabi niya na dumoble na ang laki ng Simbahan sa Pilipinas simula noon. "Kung saan may mga branch," sabi niya, "ngayon ay may mga stake na. Ang mga batang kilala natin noon ay returned missionaries na ngayon. Ang returned missionaries ay mga stake president na ngayon. Kahanga-hangang makita ang paglago ng Simbahan."

Sa **Bolivia** at **Peru,** pinayuhan ni Elder Cook ang mga miyembro na magtuon sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Sinabi niya na ang mga kabataan at young single adult doon ay bukod-tangi at nagpapakita ng pagmamahal sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli.

Sa **Africa West Area,** sinabi ni Elder Gary E. Stevenson na ang pagbisita niya ay nagbigay ng oportunidad na magmuni-muni tungkol sa pagmamahal at galak na natatagpuan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ebanghelyo, sa kabila ng "mga hamon at paghihirap" na kinakaharap sila.

Kalaunan, sa **Uruguay, Chile,** at **Argentina,** nagsalita si Elder Stevenson sa isang For the Strength of Youth conference. Sinabi niya na marami sa mga kabataan "ang nagpapasiyang magmisyon at manatiling matatag sa kanilang mithiing makasal sa templo at . . . [magtamo ng] mas mataas na edukasyon."

Pinayuhan ni Elder Ronald A. Rasband ang mga miyembro at missionary sa **Central America Area** na manatiling tapat sa kanilang mga tipan at umasa sa Panginoon sa oras ng kaguluhan. Binisita niya ang isang cancer hospital ng mga bata sa **Guatemala,** naghatid siya ng mahalagang pananalita sa isang symposium tungkol sa kalayaang panrelihiyon na itinaguyod ng Simbahan sa **El Salvador,** at kinausap ang pangulo ng **Nicaragua.**

Sa **Tonga,** kinausap ni Elder Dale G. Renlund ang reyna at iba pang mga miyembro ng royal family. Binisita rin niya ang **Australia** at **New Zealand,** kung saan hiniling sa kanya ng mga miyembro na iparating ang kanilang pagmamahal kay Pangulong Thomas S. Monson. ■


*Ang mga bagong impormasyon tungkol sa pagmiministeryo ng mga pinunong ito ng Simbahan ay matatagpuan sa kani-kanilang Facebook page at sa* **prophets.lds.org.**


# Mas Mahuhusay na Missionary, Mas Mahuhusay na Guro

Sa isang pandaigdigang brodkast, halos 71,000 elders at sisters sa 422 mission ang tumanggap ng training kung paano maging mas mahuhusay na missionary at mas mahuhusay na guro. Ang mga pagbabagong inaprubahan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ay ibinalita bilang bahagi ng training. Isang bagong daily schedule ang magtutulot ng mas malaking kaluwagan sa paggamit ng mga missionary ng kanilang oras at mas nababagay sa lugar na kanilang pinaglilingkuran.

Ang layunin ng mas flexible na schedule ay para tulungan ang mga missionary na maragdagan ang nagagawa nila araw-araw, magtakda ng mas inpiradong mga mithiin, magplano nang mas mabisa, maging mas malusog, at gamitin ang kanilang kalayaan upang gumawa ng mabubuting desisyon kung paano higit na gugugulin ang kanilang panahon. Tutulutan din sila nitong magtrabaho sa mas mahabang panahon.

Ang isa pang pagbabagong ipinahayag ay ang pagbabawas ng bilang ng "key indicators" na ginagamit ng mga missionary para iulat ang pag-unlad sa kanilang gawain. Pinaalalahanan ang mga missionary na lahat ng alituntunin sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay mahalaga at dapat gamitin. ■





# Mga Bagong Produkto at Resources

Narito ang buod ng mga bagong produkto at resources na inilabas ng Simbahan kamakailan.

*Mga kuwento sa mga banal na kasulatan at mga aklat na kukulayan.* Upang makahikayat ng pansarili at pampamilyang pag-aaral, naglabas ang Simbahan ng bagong resources ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan, simula sa isang serye ng mga aklat na kukulayan na dinisenyo para sa mga batang edad 2–8. Ang mga libreng PDF version ay nasa **scripturestories.lds.org,** at maaaring orderin ang mga printed version sa **store.lds.org** at sa mga Distribution Services center.

Ang mga aklat na kukulayan ay isasalin sa mga wikang may LDS edition ng mga banal na kasulatan. Ang isinaling mga version ay makukuha sa buong taon ng 2017, simula sa Spanish, Portuguese, French, Japanese, Korean, Chinese (tradisyunal), German, Russian, at Italian.

*Mga Banal na Kasulatan.* Ibinalita na ng Unang Panguluhan ang isang bagong pagsasalin ng triple combination ng mga banal na kasulatan sa French, na makukuha sa **écritures.lds.org** at sa Gospel Library mobile app. Kasama sa pagsasalin ang munting pagbabago sa pananalita sa isa sa mga panalangin sa sakramento. Ibinalita rin nila na isang pagsasalin ng triple combination sa Croatian ang makukuha online. Ang mga printed edition ng triple combination sa Croatian, Russian, at Icelandic ay idinagdag na rin kamakailan.

*Tulong sa mga pamilyang may miyembrong dumaranas ng pagkaakit sa kaparehong kasarian.* Upang matulungan ang mga miyembro na tumugon nang buong ingat at taimtim kapag naaakit sila sa kaparehong kasarian sa sarili nilang pamilya, sa ibang mga miyembro ng Simbahan, o sa ibang lugar, kasama sa resources ang bagong site na **mormonandgay.lds.org** at ang isang updated Gospel Topic tungkol sa pagkaakit sa kaparehong kasarian (sa Ingles), kabilang na ang mga madalas itanong at mga turo ng Simbahan.

*Updated Gospel Library app.* Ang app, na ginagamit ng mga miyembro sa buong mundo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, mga mensahe sa kumperensya, at iba pang mga materyal, ay nag-release kamakailan ng isang mahalagang update kapwa para sa iOS at sa Android. Sa version 4, ang mga pantulong sa pag-aaral ay mas madaling maunawaan, ang mga feature at functionality ay mas pinag-isa, at may bagong video tutorial. Dahil annotatable na ngayon ang lahat ng content, maaari kayong mag-highlight, magdagdag ng mga komentaryo, mag-link, mag-tag, at mag-ayos ng lahat ng content sa notebook. Maaari kayong mag-annotate sa mga video, mga chapter heading sa banal na kasulatan at mga tulong sa pag-aaral, mga listahan sa iba't ibang lesson manual, mga himno at awitin sa Primary, at iba pa.

*Updated LDS Tools app.* Pinadadali ng version 3.2.0 ng LDS Tools mobile app ang pagdalo sa templo. Tinutulutan ng karagdagang mga feature ang mga miyembro na makita ang templong naka-assign sa kanila, mahanap ang limang pinakamalalapit na templo, kontakin ang isang templo o alamin kung kailan ito naka-iskedyul na magsara, at mapaalalahanan bago mag-expire ang kanilang recommend. ■

## Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas

"Nais nating lahat na magturo na katulad ng pagtuturo ni Jesus," sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang pandaigdigang brodkast para sa mga guro noong Nobyembre 5, 2016. "Ang kanyang tagubilin ay simple at tuwiran at makapangyarihan."

Sinabi ni Elder Holland na ang resource na *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* ay tumutulong na mapagbuti ang pagtuturo sa Simbahan. Gayon din ang mga teacher council meeting at new-teacher orientation, na tinalakay sa brodkast. Ang brodkast ay makukuha sa 10 wika sa **teach.lds.org,** pati na ang sari-saring video at iba pang mga materyal para palakasin ang pagtuturo. ■



# ANG MAG-ANAK

## ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

### Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Amang Walang Hanggan at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang potensiyal na maging magulang bilang mag-asawa. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos sa Kanyang mga anak na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Ipinapahayag din namin na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. "Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon" (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos, at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ama at ina—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, ang kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

Kami ay nagbababala na ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nang-aabuso ng asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

Kami ay nananawagan sa mga responsableng mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan.

*Ang pagpapahayag na ito ay binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang bahagi ng kanyang mensahe sa General Relief Society Meeting na ginanap noong Setyembre 23, 1995, sa Salt Lake City, Utah.*



"Nabubuhay tayo sa panahong puno ng matinding kaguluhan at kasamaan. Ano ang poprotekta sa atin mula sa kasalanan at kasamaan na laganap sa mundo ngayon?" tanong ni Pangulong Thomas S. Monson sa Ika-187 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. "Inihahayag ko na ang matibay na patotoo tungkol sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at sa Kanyang ebanghelyo ang tutulong sa paggabay sa atin patungo sa kaligtasan. . . . Hinihikayat ko ang lahat na pag-aralan at pag-nilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw.

"Kapag ginawa natin ito, maririnig natin ang tinig ng Espiritu, mapaglalabanan ang tukso, madaraig ang pag-aalinlangan at pangamba, at tatanggap ng tulong ng langit sa ating buhay."

TAGALOG
4 02144 45893 6

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW